Mr. Popular meets Miss Nobody

by pinkyjhewelii

Completed


MR. POPULAR
meets
MISS
NOBODY
PINKYJHEWELII

Table of Contents

1. Mr. Popular Meets Ms. Nobody
2. Chapter 1 ?
3. Chapter 2 ?
4. Chapter 3 ?
5. Chapter 4 ?
6. Chapter 5 ?
7. Chapter 6 ?
8. Chapter 7 ?
9. Chapter 8 ?
10. Chapter 9 ?
11. Chapter 10 ?
12. Chapter 11 ?
13. Chapter 12 ?
14. Chapter 13 ?
15. Chapter 14 ?
16. Chapter 15 ?
17. Chapter 16 ?
18. Chapter 17 ?
19. Chapter 18 ?
20. Chapter 19 ?
21. Chapter 20 ?
22. Chapter 21 ?
23. Chapter 22 ?
24. Chapter 23 ?
25. Chapter 24 ?
26. Chapter 25 ?
27. Chapter 26 ?
28. Chapter 27 ?
29. Chapter 28 ?
30. Chapter 29 ?

31. Chapter 30 ?
32. Chapter 31 ?
33. Chapter 32 ?
34. Chapter 33 ?
35. Chapter 34 ?
36. Chapter 35 ?
37. Chapter 36 ?
38. Chapter 37 ?
39. Chapter 38 ?
40. Chapter 39 ?
41. Chapter 40 ?
42. Chapter 41 ?
43. Chapter 42 ?
44. Chapter 43 ?
45. Chapter 44 ?
46. Chapter 45 ?
47. Chapter 46 ?
48. Chapter 47 ?
49. Chapter 48 ?
50. Chapter 49 ?
51. Chapter 50 ?
52. Chapter 51 ?
53. Chapter 52 ?
54. Chapter 53 ?
55. Chapter 54 ?
56. Chapter 55 ?
57. Chapter 56 ?
58. Chapter 57 ?
59. Chapter 58 ?
60. Chapter 59 ?
61. Chapter 60 ?
62. Chapter 61 ?

63. Chapter 62 ?
64. Chapter 63 ?
65. Chapter 64 ?
66. Chapter 65 ?
67. Chapter 66 ?
68. Chapter 67 ?
69. Chapter 68 ?
70. Chapter 69 ?
71. Chapter 70 ?
72. AUTHOR'S NOTE
73. TAKE NOTE

Mr. Popular Meets Ms. Nobody

Alam mo ba yung feeling na, para kang **NOBODY**?

It means, hindi ka sikat, hindi ka mayaman, hindi ka super sexy at super ganda, hindi ka maganda manamit, hindi rebonded ang buhok mo at sa ukay-ukay lang nabibili ang mga gamit at damit mo?

Hindi naman mahirap maging nobody, ang mahalaga may isa ka pa rin namang mapapanghawakan na mayroon ka, iyon ang katalinuhan at kabaitan.

Nobody's perfect sabi nga nila. Pero may mga taong makaasta ay perpekto sila, kung sabagay buhay nila iyon. Just mind your own life.

Kung isa ka mang nobody, anong mararamdaman mo kung ang isang perfect guy ay ma-hooked sayo? Well, let see.

Let the magic begin.

Chapter 1 ?

Chelsea POV

First day of class. Boring.

Actually, hindi ako excited. Sino ba naman ang ma-e-excite kung alam mong pagdating mo sa school, lalait-laitin ka lamang ng mayayamang students? Hayyyyss!

Bakit ba may mga ganoong tao?

Oo nga pala, hindi pa ako nagpapakilala.

Ako nga pala si Chelsea Torres. 17 years old. Freshmen. Business Management Course. Only child. Ulila.

Actually tama yung nabasa niyo, ulila na ako. Doon ako nakatira sa Tita Yolly ko pero kapalit niyon, nagsa-sideline din ako ng mga work na pwede para may pang-tustos ako sa pag-aaral. Hindi naman kasi kayang sagutin iyon ng Tita ko. Hindi naman sila mayaman. May maliit lang silang karenderya kung saan tumutulong ako kapag walang pasok.

May isa siyang anak. Si Charisse, medyo hindi kami magkasundo. Kesyo asungot daw ako sa bahay nila. Ang arte ng lola niyo, tsss!

By the way, mag-aaral nga pala ako sa isang sikat at mayamang school, ang Shin-Woo University.

Pero bago kayo magtaka kung bakit ako doon mag-aaral, let me clear this, isa po akong dakilang scholar.

Madami akong pinag-exam-an na schools na tumatanggap ng scholars at yun nga, sa swerte ko nakapasok ako sa SWU.

Akalain mong ang isang tulad ko na mahirap lang ay makakapasok na rin sa wakas sa isang exclusive school!

Kyaaaa~ I am so eggzoited.

Oopps! Kanina pa pala ako nagkukwento, male-late na'ko.

Binilisan ko ng maglakad hanggang makarating sa SWU. Walking distance lang naman ang layo nung school sa bahay, imagine niyo nalang mula ortigas hanggang guadalupe. Haha malayo-layo din. No choice, tipid ako sa baon. Tricycle lang kasi yung dumadaan sa street namin.

Lumapit ako sa guard at itinanong kung saan banda yung Room 102. Dun kasi yung room ko. Hindi pa naman ako pamilyar sa school na'to kasi super laki niya as in! Malaki pa siya sa tatlong mall na pinagsama-sama.

Isa pa, wala pa akong kakilala kahit isa rito kasi bago palang ako. Sana magkaroon man ako ng kaibigan kahit mahirap lang ako.

"Ateng guard, san po yung room 102?"

"Estudyante ka ba rito?" Masungit yung pagkakatanong ni ateng guard na mukhang naghilamos ng harina sa kapal ng make-up.

"Opo." Magalang kong sagot.

"Baka naman niloloko mo lang ako? Hindi mo ba alam itong pinuntahan mo? Shin-Woo University 'to iha, mayayaman ang estudyante rito." Tumawa pa si ateng guard. Sarap pektusan nito.

"Alam ko po. Scholar po ako dito." Pagkasabi ko inabot ko yung assessment ko sa kaniya. Pasalamat siya hindi ko pinalamon sa kaniya ung papel. Kainis kasi.

Mahirap nga ako pero hindi naman ako papayag na maliitin lang ng kung sino. Isa akong palaban na babae!

"Ang swerte mo. Ayan, diretsuhin mo yang hagdan paakyat tapos kaliwa. Makikita mo na yung number sa may pinto ng room." Masungit pa rin si ateng guard.

Hmm! Sungit nito. Gawin kong tinapay mukha mo eh.

Wala nga pala kaming uniform dito. Kaya nga malamang pumunta na naman ako ng ukay-ukay para makabili ng pang-itaas. Nakakahiya naman kung ulit-ulit ang damit ko.

Sa wakas nakita ko na rin ang room ko. Pagpasok ko, lahat ng atensiyon nasa akin. Wait, may dumi ba ako sa mukha?

Para tuloy akong manginginig sa titig ng mga 'to. Para silang living monsters.

"And who the hell are you?" Mataray na tanong sakin nung babaeng mukhang maldita na nakaupo sa may first row. Para siyang si ateng guard, wagas kung maka-make-up.

"Student." Sagot ko. Student naman talaga ako. Saka, huwag nya kong ini-english-english ha! Anong akala niya sakin? Bobo? Hello. Matalino kaya ko kahit mahirap lang ako.

She gasp tapos tumayo pa siya na parang di makapaniwala. "Oh, really? I can't believe it! Paano ka naging student dito? You're like a maid." Nagtawanan ang buong klase.

Aba, aba! Namumuro na tong babaeng 'to ah. Wag nyang sabihing mayaman siya eh hindi ko na sya papatulan?

Hindi ko muna pinansin iyon at tuloy tuloy ako pumasok at umupo sa huling row.

Pagkaupo ko, kakaiba na naman ang tingin nila sakin. Masama.

Kinalbit ako nung babaeng nasa unahan ko, "Reserve seats yan." Sabi nya tapos tinuro ung nakasulat sa tatlong bakanteng upuan kasama na ung inuupuan ko ngayon. Nakalagay, r*eserve seats.*

May ganong effect pala dun? Nilibot ko ang tingin. May ilan pang bakante pero ang sasama naman ng tingin nila.

Kinalbit ulit ako nung girl sa unahan ko. "Dito ka nalang sa tabi ko."

Waaa, ang ganda niya. Nakangiti pa siya sakin. Ang swerte ko naman pala at may mabait pang nilalang sa room na ito.

Lumipat na ako ng upuan sa tabi niya. "Uy, salamat ah." Sabi ko.

She smiled again. "It's okay. By the way, I'm Janna."

"Ako naman si Chelsea. Salamat talaga ha?"

"Alam mo, huwag mo nalang pansinin ang sinasabi nila." Tinuturo niya ung nagtaray sakin kanina.

"Wag ka din papayag na inaapi ka. Okay?" Paalala pa niya.

Natuwa naman ako sa sinabi niya. "Oo naman! Ako yata si Chelsea Torres!"

Tumawa si Janna. "Nakakatuwa ka naman Chelsea."

"Hehe," gawin ba akong clown?

Natigil ung kwentuhan namin nung dumating na yung prof. "Goodmorning everyone! I know, familiar na ako sa ibang narito since dito din sa SWU nag-highschool ang iba. At ang iba, newbie palang. Kaya mas mabuti if you'll introduce yourself one by one."

Hala? Papakilala pa? Kahiya.

Tumayo na yung maarteng nagtaray sakin kanina. "Hello, I know you know me guys, one of the most popular student here in school, I'm Angel Sabina, who owns the beauty of a real angel."

Aba't, ang kapal din ng mukha ng bruha. Wew! Natapos na ang first row ng biglang nagsigawan ang buong klase except yata samin ni Janna at ng mga boys.

May tatlong lalaki palang papasok sa classroom namin at nang makita ko sila, it's WOW! Ulam!

Saang planeta nanggaling ang nag-gagwapuhang mga lalaking ito? Oh my dyi talaga!

"I love you Kyle!"

"I love you Lance!"

"I love you Adrian!"

Yan ang sigaw ng mahaharot kong classmate. Sabagay, diko naman sila masisisi. Habang nakatingin ako sa kanila papasok sa room, parang slow motion effect tapos kumikinang. Parang si edward cullen lang. Hakhak.

Ang iingay pa rin ng girls dito hanggang makaupo sila sa hulihan. So kanila pala yung reserved seats sa likod ko.

Teka? Sa likod ko? Kyaaaaa! Nahiya ako bigla. Aysss! Never pa'ko na-inlove pero ngayon palang ako namangha ng bongga sa beauty ng isang lalaki.

Habang nakatingin ako sa kanila, hindi ko maiwasang sabihin sa isip ko na, *Hmmm, yummy!*

Haha. Nescafe lang?

"Now, continue class. Tama na ang hiyawan." Sabi nung prof.

Ako naman hawak hawak ko pisngi ko para mapigilang tumingin sa likod. My golly! Dalaga na talaga ako, nakerengkeng na ako.

Hindi ko namalayan si Janna na pala nagsasaita.

"Hi guys. I'm Janna Ruiz. Hope we'll all be friends. I hate maarte, so bitches, back off."

Natawa naman ako sa mataray niyang pakilala. Hehe. Palaban rin 'tong si Janna. Ako na pala.

Hindi pa ako nagsasalita, nakikisabat na sila.

"Boo!"

"No need to introduce yourself bitch!"

"She's like a maid, god!"

"Is she really a student here?"

"Paano yan nakapasok dito?"

"Ang dungis dungis niya."

Wow ha! Sabihan nakong mahirap pero yung madungis, hindi ko mapapalampas. "Excuse me lang ha. Ako si Chelsea Torres. Para sabihin ko sa inyong lahat, scholar po ako kaya nakapasok ako sa school na ito. Isa pa, oo mahirap lang ako, hindi kasingganda ng suot niyo ang suot ko, pero hindi ako madungis."

Tahimik silang lahat.

Tumingin ako sa mataray na si Angel na pasimuno sa lahat. "At ikaw, sa ugali mong iyan, mas madungis ka pang tingnan sakin. Tingnan mo nga yang mukha mo, ilang kilong harina ba nilagay mo diyan? Sobrang puti pero yung braso mo hindi naman ganon kaputi, pantay-pantay din pag may time."

Nagtawanan ang buong klase lalo na ang mga lalaki. Si Angel naman parang umuusok na ang ilong sa galit.

Ngumiti ako. "Kaya kahiya-hiya man sa inyo, hayaan niyo kong mag-aral dito dahil nagsisikap ako para sa sarili ko. Kaya kung ako sa inyo, sa halip na kalandian at pagpapaganda ang inaatupag niyo, mag-aral na lang kayo."

Huminga ako ng malalim at tumingin sa prof. "Sorry po Ma'am kung masyadong mahaba ang speech ko. Thank you po."

Umupo na ako at nagulat ako ng nagpalakpakan ang iba kong classmate kasama na si Janna na ngiting-ngiti sakin.

"I like your power girl! Ang bongga mo." Niyakap pa niya ko.

"Nakakainis kasi sila."

"Hayaan mo na sila okay? From now on, we're friends na kaya lagi na tayong magkasama."

Nagulat naman ako sa sinabi ni Janna. Nakakahiya.

"Hindi ba nakakahiya."

"Ano ka ba? Wala pa din naman akong friend dito, hindi din naman ako dito nag-highschool. Pero dito ako nag-elementary. Isa pa, hindi ko feel ang maaarte nating classmate kaya every breaktime, sakin ka sasama. Okay?"

"E, sige."

Nakakatuwa naman si Janna, ang swerte ko talaga! Bukod sa nakapasok ako sa isang sikat na school, nagkaroon pa ako ng kaibigan na maganda at mabait. Hindi siya mapagmataas kahit mayaman siya. Nagdaldalan na lang kami.

Nagtataka nga ako bakit hindi nagpakilala yung tatlong guwapong lalaki sa huli. Ay ewan!

Chapter 2 ?

Kyle POV

Hay salamat. Natapos din ang klase, breaktime na. We're heading to canteen. Kasama ko ang mga kaibigan kong si Lance at Adrian.

Nagsasawa nako sa tilian ng mga babae. Kanina sa room, nakakabingi silang lahat.

"Hey, man! Ang astig ni Ms. Tweety girl kanina sa room."

Napatingin naman ako kay Adrian. "Sinong tweety girl?"

"Yung Chelsea yung name. Yung naka-t-shirt na tweety bird ang print." Paliwanag ni Adrian.

"At talagang natandaan mo pa ang suot na damit." Sabi ni Lance.

Napailing na lang ako sa kanila. Ano namang astig ron? Pare-pareho lang silang mga babae.

"Isa siyang matapang na babae." Sabi pa ni Adrian

Nakarating na kami dito sa canteen. Syempre may sarili din kaming mesa kaso may nakaupo. Aba, pinag-iinit ang ulo ko.

"Teka, si tweety girl!" Natutuwa pa si Adrian. Mukhang wala lang dito kung may maupo sa mesa namin.

"Excuse me, alam mo ba kung kanino itong inuupuan mo?" Serysoso kong tanong.

Lumingon lingon pa sya. Ignoranteng babae. "Ito?"

"Common sense please."

"May nagmamay-ari na ba nito? Sa tingin ko wala naman."

"Ah, tweety girl. Mesa kasi namin yang inuupuan mo. Kaya if you don't mind, lipat ka nalang sa iba." Sabi ni Adrian.

Anong klaseng approach yun? Dapat galit. Paano to masisindak sa kanila? Talaga naman, oo!

"Get out of this table!" Sigaw ko.

Halata namang nagulat tong babae na'to. Pero agad namang napalitan ng pagkainis ang mukha niya.

"Hoy, wala kang karapatang basta na lang akong sigawan ng ganyan! Hindi porket gwapo ka ay hindi kita papatulan. Sayang ang ka-guwapuhan mo kung ganyan naman ang ugali mo."

Anong sabi niya? Pinapainit nito ang ulo ko ah!

"What did you say?"

"What did you say, what did you say ko mukha mo. Nauna ako rito kaya hindi ako aalis dito."

Ngumisi ako. "Hindi mo ba ako kilala?" Hamon ko sa kaniya.

"Ang alam ko lang, kayo ang tinitilian ng mga babae sa buong school. Guwapo lang kayo pero wala naman kayong sinabi pagdating sa academics."

Nagtawanan pa sina Adrian at Lance, ang putek ng mga 'to!

Talagang sinisira nito ang araw ko ah? "Talaga bang sinusubukan mo ako?"

"Tama na yan Kyle." Awat ni Adrian.

Hindi ko siya pinansin. Tiningnan ko lang sya ng masama at inihampas ang kamay ko sa mesa. "So I will introduce myself to you miss nobody, ako lang naman si Kyle Shin-Woo."

"So?" Nakataas pa ang kilay nitong babaeng to.

"Ako lang naman ang unico ijo ng may-ari ng school na ito."

Halatang nagulat siya sa sinabi ko. Walang sabi-sabi bigla na lang syang tumakbo palayo at palabas ng canteen.

Tumawa ako. "Takot pala eh."

"Sobra ka naman Kyle. Ang cute pa naman ni tweety girl." Sabi ni Adrian. Ito kasi ang goodboy saming magkakaibigan. Kami ni Lance, medyo harsh talaga.

"If you find her cute, i don't care." cute na ba ang lagay nun? wala naman akong nakitang kakaiba sa kaniya.

Naupo na kami at inutusan ko ng umorder si Adrian ng pagkain namin.

Oo nga pala, di pa pala ako nagpapakilala. Ako si Kyle Shin-Woo, full korean ako pero dito ako lumaki sa pinas. 18 years old na ako at pamilya ko ang may-ari ng Shin-Woo University. Only child ako, sobrang busy din kasi sa mga business ang Papa ko.

Aminado ako, mayabang ako, harsh magsalita, ala-supremo dahil wala akong kinatatakutan dito sa school, ni professor o guard, takot lahat sakin. Nagagawa ko kasi lahat ng gusto ko dito sa school maliban lang ang umabsent dahil talagang malalagot ako kay Papa. Di bale na daw na gumawa ako ng kalokohan basta wag sa pag-aaral.

Mula kindergarten dito na ko pumasok kaya kilalang kilala na kaming magkakaibigan dito. Bukod kasi ako ang captain ball at star player ng tigers, ako pa ang hearthrob prince.

Si Lance Abellano at Adrian Buenavista ang mga kaibigan ko dito at kasama rin sila sa team ng tigers. Marami pa akong kaibigan, buong team ng tigers, nasa sampu kami, lagi ko lang kasama sina Adrian at Lance dahil kaming tatlo lang ang magkakatulad ang course. Yung iba, iba-iba na.

May sarili kaming tambayan dito, syempre hiningi ko sa papa ko. Isa siyang malaking room na may sala set, dining set, tapos may mga gadgets at indoor games. Tambayan yun ng buong tigers.

Andito na pala food namin. Makakain na para makabalik na sa klase.

Chelsea POV

Kyaaa! Hingal na ako sa pagtakbo. Hindi ko na nahintay si Janna na umoorder ng pagkain kanina sa canteen.

Pano ba naman, bigla bigla na lang susulpot yung Kyle na yun. Daig pa niya ang dragon pag nagalit.

Gwapong gwapo pa naman ako sa kanila, masama pala ugali. So dissapointed! Buti pa yung isa, yung mukhang koreano na tinawag akong tweety girl na may higlights yung buhok niya ng violet. Teka, pede ba yun sa school? Sabagay, mayayaman kasi.

Pero hindi pala dapat yun ang iniisip ko. Nalaman ko kasi na kanila pala ‘tong school. Paktay na 'ko nito! Ano ng mangyayari sakin? Aysss, bakit kasi ang tapang kong sumagot kanina.

Sana malimutan nya ko, naku dapat magpalit nako ng hairstyle bukas. Baka mamaya, paalisin nya ko sa school na’to. Jusko!

"Hoy, chelsea!"

"Jusko naman, Janna wag ka namang mang-gulat." Napahawak pako sa dibdib ko.

Takot ko ba naman dun sa Kyle na yun. Baka mamaya pinapa-hunting nako nun.

"Bakit bigla ka nalang umalis sa mesa? Pagdating ko dun, sina Kyle na ang andun."

Kumunot 'yung noo ko kasi kilala niya yung mukhang dragon na lalaki na yun. "Kilala mo yung mukhang dragon na yun?"

"Sino? Si Kyle?" Tumatawa pa siya habang sinasabi yan.

"Oo. Kilala mo nga sya?"

"Sino ba namang hindi makakakilala sa anak ng may-ari ng school? Diba nga dito ako nag-elementary? Kaklase ko sila nung elementary. Lumipat lang ako sa japan nung highschool. Tapos lipat ulit dito."

Naku! Totoo ngang anak siya ng may-ari ng school. Paano na ang scholarship ko? Oh my gulay!

"Ibig sabihin ba, kilalang kilala mo na sya?"

"Medyo lang kasi nakakapansinan ko naman sila."

"Kasi.. Nasigawan ko at natarayan ko siya kanina. Natatakot ako na baka tanggalin nya ko dito sa school." Natatakot na talaga ako.

Naku naman, mataas pa ang pangarap ko. Hindi ko mapapag-aral ang sarili ko kung hindi ako scholar. Yung pambaon ko nga at extra pera, nakukuha ko lang yun sa kung anu-anong sideline ko. Yung pagtulong ko kasi sa karenderya ng tita ko, kapalit na nun ang pagtira ko ng libre sa bahay nila.

"Hindi naman siguro gagawin yun ni Kyle. Though, marami talaga syang kalokohan at may pagka-demonyito, hindi ka naman niya siguro paaalisin sa school ng basta-basta lang."

"Janna natatakot ako."

"Ano ka ba! Hello, nakilala kitang matapang na babae that's why I like you."

Oo, tama. Matapang ako diba? Bakit ako matatakot sa kaniya? May katwiran naman ako kanina. Ano bang alam ko dun sa mesang pag-aari pala nilang magkakaibigan? Ah, basta ipaglalaban ko ang karapatan ko! Hindi ako matatakot!

Chapter 3 ?

Chelsea POV

Maaga akong pumasok.

Hindi ko kasi nagawa 'yung mga assignment ko kagabi, 24hours kasi 'yung karenderya ni Tita Yolly. Siyempre alangan namang hindi ako tumulong.

Alas-dos na nga ng madaling araw ako nakatulog eh. Isama mo pa ang mga lamok na bakunang-bakuna na sa dugo ko, hindi tuloy ako nakatulog ng matindi-tindi.

Pag talaga ako naging presidente ng Pilipinas, i-ba-ban ko 'yang mga lamok na 'yan dito sa pinas. Ahehehe.

Hikab dito, hikab doon habang naglalakad ako.

“Ay kabayo!!”

Nagulat ako ng may bumusina ng sobrang lakas. Napatingin ako sa kotseng tumigil sa may tabi ko.

Talaga namang nag-iinit ang ulo ko. Sabi nga nila, inisin mo na ang lasing, wag lang ang bagong gising.

Lumapit ako sa kotse at kinatok. Tinted yata, hindi ko makita ang tao sa loob eh.

"Hoy, kung akala mo natatakot ako sa'yo, huh! nagkakamali ka. Kaya kung sino ka man, lumabas ka dyan at ipaliwanag mo sakin kung bakit kailangan mo akong businahan ng ganoon kalakas. Isulat mo sa one whole sheet of yellow pad!"

Ay bakit ko sinabi yun? Feeling teacher ako. Gano’n kasi teacher ko nung highschool. Nahawa na tuloy ako.

Namaywang ako. Aba, ayaw na ayaw kong binabastos ako.

Slow motion na bumaba ang bintana ng kotse. And the moment na bumaba na ng bonggang-bongga ang bintana niyon, bigla akong napatingin sa langit at napahiling na maging invisible ako.

Kyaaa! Sa dinami-dami naman ng lalaking mambabastos sakin ng ganito kaaga, bakit siya pa? Juskoday!

"Anong sabi mo? Mag-explain ako at isulat ko sa one whole yellow pad?"

Ayan na, lumalabas na ang pagka-dragon niya. Nag-ngingitngit yung panga niya, golly!

"Hehe, joke lang naman yun. Ito naman hindi na mabiro. Nagpa-practice lang akong maging teacher."

Nag-peace sign ako sa kaniya para effective. At kung iniisip niyo na si Kyle yung lalaking naka-kotse, oo tama kayo! Siya nga.

"As far as I know, Business Management ang course natin at hindi Education. Pinaglololoko mo ba ako?"

Akalain ko bang siya yun?

"Sorry." sarkastiko kong sabi.

Mukha kasi itong pinaglihi sa sama ng loob, palagi na lang galit.

"Akala mo ba nakalimutan mo na ang ginawa mo sakin kahapon?"

Hala, paktay na talaga! Natandaan pa rin niya? Hindi, huwag kang matakot Chelsea, wala kang nagawang mali! "Sa pagkakaalam ko, wala naman akong nagawang mali kahapon."

Siyemre tapang-tapangan ang peg ko. Baka mamaya, sunggaban na lang ako nito bigla at ipakain sa buwaya eh.

Ngumisi si Kyle dragon. "Really? You don't remember?"

Nag-pose pa ako na parang nag-iisip. "Wala talaga akong maalala. Teka, nauntog yata ako kagabi, hala! May amnesia yata ako. Teka, sino nga ba ako?"

Gusto ko ng matawa sa pinagsasasabi ko. Langya naman kasing Kyle na'to, daig pa ang papatay ng tao kung makatingin.

Nasapo niya ang noo niya. "Ang laki din ng sapak mo sa ulo 'no? Hindi mo maalala? Sige, kakausapin ko nalang si Papa mamaya para sabihing may umalipustangan ng pagkatao ko at kung maaari ay ipatanggal sa school."

Hanla? Napakalupit naman ng Kyle na'to. Umalipustangan talaga ang term? OA naman nito. Kainis!

Hinawakan ko ang ulo ko. "Wait, wait, naaalala ko na. Yes! Magaling na'ko, wala na akong amnesia!"

"Crazy girl."

"Hoy, sinong baliw?"

"Baka ako?" sarkastiko niyang sabi.

Tumingin ako sa relo ko, malapit na akong ma-late, hanubayan! "Eh, kyle ano bang kailangan mo sa'kin? Male-late na kasi ako." bait-baitan effect ako.

"Later, 3pm. Hanapin mo yung room na may nakasulat sa pinto na TIGERS. Malapit sa gym. Pag hindi ka pumunta, you're dead!"

Pagkasabi niya nun, pinaharurot niya yung kotse niya. Walanjo sa usok!

"Ikaw na ang maganda ang kotse!" sigaw ko. Malamang lang hindi na niya narinig.

Haysss! Ano ba tong pinasok kong gulo? Nung highschool wala namang katulad ni Kyle. Bakit ngayon pa? Naman talaga oh.

Paktay talaga ako nito. Bakit n’ya ko pinapupunta sa room na may tigers na nakasulat? Hanla? Baka may mga nakakulong dun na tigers? Pag pumasok ako do’n, for sure lalapain ako ng bonggang-bongga? Hanla talaga. I'm dead! What to do?

Kyle POV

Akala mo, matatakot mo'ko? Sino ka sa akala mo. Isa ka lang nobody.

Pagkapaharurot ko ng sasakyan, hindi ko maiwasang matawa nang maalala ko yung mga sinabi nung nobody na yun. Para siyang may sapak. Lakas ng tama. Kesyo nagka-amnesia tapos gagaling agad? Baliw talaga yun.

Teka? Bakit ako natatawa sa kaniya? Erase, erase! Inis ako sa kaniya, akala niya palalampasin ko ng gan'on gan'on na lang ang ginawa niya sakin? In her dreams.

Pagka-parada ko sa parking lot ng school, dumiretso ako sa tambayan. Maaga pa naman.

"Oh, kyle aga mo?"

Tiningnan ko ng masama si Adrian, "Masama?"

"Hindi naman. Nanibago lang."

Umupo ako sa couch. "May tinuruan lang ako ng leksyon."

Tumakbo papalapit sakin si Adrian. "Sino?"

"Si tweety girl mo."

Tweety girl pang nalalaman, nakakasuka sila.

"Ano? Anong ginawa mo sa kaniya? Wag mong sabihing binugbog mo siya? Sobra ka naman yata Kyle? Hindi yun tama."

Ano bang pinagsasasabi nitong si Adrian?

"Baliw ka ba? Kelan pa ako nambugbog ng babae? May iba akong naisip na ipagawa sa kaniya para makaganti man lang sa pinagsasasabi nya sakin kahapon."

"Ano naman yun?"

Ito talagang si Adrian, kalalaking tao tsismoso. "You'll find out later."

Humanda ka sakin nobody, tingnan lang natin kung hanggang saan ang tapang mo.

?

Chelsea POV

"Janna, I'm dead!"

Hingal na hingal pa akong pumasok ng room. Buti na lang after 123456789 years, nakaupo na ako ulit

dito sa upuan ko.

"Huh? I think, you're still alive. You can speak and you're here..."

Anak naman ng tinapa, pilosopohin ba ako?

"No, hindi 'yun ang ibig kong sabihin. Kanina, tinigilan ako ni Kyle, galit na galit siya sakin."

Hindi ko na alam kung anong iisipin ko.

Kumunot yung noo niya. "Anong ginawa niya sa'yo?"

Huminga muna ako ng malalim bago nagsalita. "Sabi niya mamayang 3pm, pumunta ako sa room na may nakasulat na tigers sa pinto. Jannnnaaaa! I'm dead na talaga, lalapain ako ng mga tigers dun. Pag hindi ako pumunta dun, siguradong patatalsikin na ako sa school na'to!"

Nawala ako sa pagmo-moment dahil sa lakas ng tawa ni Janna. Badtrip 'to.

"Anong nakakatawa?"

Tumingin siya sakin na mukhang papatay na sa kakatawa. Adik talaga nito. "Kasi.. kasi.."

Hanla, hindi makapasalita dahil sa kakatawa. Nambubuwisit ba 'to?

"Hoy.." niyugyog ko na ang balikat niya. Baka mamaya maubusan na'to ng hininga sa kakatawa eh.

"Wait, I will calm myself first Chelsea." para ‘tong hindi babae kung makatawa.

Sige, mamaya 'pag bumaho alam na. Mauutot na'to kakatawa eh.

"Ano na?"

Kapag ganitong may iniisip ako, mainipin talaga ako.

"Natawa ako sa tiger thingy mo na 'yon. Don't you know? Kyle is the basketball captain of this university and their team is Tigers. Hindi iyon tulad ng iniisip mo na kwarto ng mga tigre. Oh my god Chelsea, you really make me laugh." tumawa na naman sya.

Clown lang, ganoon?

Badtrip lang, kanina pa ako isip ng isip tungkol d'on tapos 'yon lang pala 'yon. Kala ko katapusan ko na mamaya eh.

"Oh, laughing with ugh!" nagtataray na naman si Angel na lumapit sa may upuan namin ni Janna.

"You don't care." mataray ding sagot ni Janna. Si Janna pa ba? Eh isa rin 'tong saksakan ng taray pero mabait.

"I'm not talking to you. I'm talking with, what I’m gonna call you? A maid?"

Napatayo ako sa sinabi niya. Ako maid? Aba, nag-iinit na naman ang dugo ko ah.

"Sinong sinasabihan mong mukhang maid?" sigaw ko.

Tumaas ang kilay ni Angel na nakatingin sa'kin. Pinasadahan pa ako ng tingin. Bruha talaga.

"Sino pa ba? Ikaw lang naman ang walang ka-taste-taste sa pananamit. That's like a rug. Ang dumi mong tingnan."

Pagkatao ko na yung inaapi niya ha?

"So katulong pala ang tingin mo sa'kin? Kung gano'n, pakiabot nga ang pang-mop at mailampaso ang mukha mo sa sahig."

Sa tingin ba niya hahayaan ko siyang tapakan ang pagkatao ko? Hindi porket mahirap ako, huh!

"What?" nandidilat na ang mata niya.

"Isa pa, anong sabi mo? Nadudumihan ka sa pananamit ko? Parang basahan? Eh sa ugali at pagkatao mo, hindi ka nadudumihan? Baka gusto mong ipalinis sa'kin, tutal maid naman ang tingin mo sakin. Buong puso kong lilinisin 'yang pagkatao mo, gusto mo gamitan ko pa ng Tide powder?"

"Huh! You crazy bitch!" nagwalk-out na si Angel na mukhang devil, bow!

Napatingin naman ako kay Janna na tawa na naman ng tawa. Adik talaga 'to. Yung iba naming classmate, natatawa din. Ano ba tingin nila sa'kin? Clown?

"That was.... speechless ako!" sabi ni Janna na patuloy sa pagtawa.

Umupo na lang ako. Napansin ko na lang na nakaupo na pala sa likuran ang tatlong unggoy, este sina Kyle pala. At as expected, masama ang tingin sa'kin ni Kyle, para akong lalamunin ng buo. Hello, tao po ako. Buti na lang hindi siya nagsasalita.

"Tweety girl, you’re really great!"

Kumunot yung noo ko, Tweety girl? Bakit? "Ha?"

"Hehe, I'm Adrian. 'yong tweety girl, yun kasi ang suot mong damit kahapon."

Ah yun pala, so ngayon bakit hindi barney ang tawag niya sa'kin? Eh, barney na t-shirt ang suot ko. Php35 lang bili ko dito sa ukay-ukay.

Teka, buti pa 'to mabait hindi katulad ni Kyle.

"I'm Chelsea."

Ngumiti ulit siya. Aysss, why so guwapo?

"Tama iyan, huwag ka paaapi! Fighting!"

Nakakatuwa naman 'tong si Adrian. Approachable siya hindi tulad ni Kyle at 'yung isa pa nilang kasama na laging tahimik. Hindi kaya ito natutuyuan ng laway? O baka pipi lang? Haha, joke lang.

Andiyan na pala ang prof. Aral muna.

Chapter 4 ?

Chelsea POV

Time check: 2:50 pm na. Vacant kasi namin ngayon. Actually kanina pang 2pm. Hanggang 4 yung vacant namin tapos may isa pa akong klase na pang 4 to 5pm. Kinakabahan na ako.

Lakad.
Lakad.
Lakad.

Arghhh! Nasaan na ba yung room na may nakasulat na Tigers sa pinto? I saw the gym, hanep sa laki! Parang araneta ang peg, chos!

Naglakad-lakad pa'ko ng konti hanggang sa makita ko nga ang isang may kalakihang room na may itim na pinto at may nakasulat na “TIGERS”. So, may sarili pala silang room gano'n? Sosyal sila huh!

Huminga muna ako ng malalim bago kumatok. Agad naman nagbukas 'yon, and guess what? Isang gwapong nilalang ang nagbukas niyon. Napansin ko 'yong pagkunot ng noo niya.

“May kailangan ka Miss?”

“Pinapupunta ako ni Kyle dito.” kalma lang ang boses ko.

Dumilat pa ang masingkit-singkit nyang mata. “Whoah! Iba na pala ang taste ni Kyle sa mga babae?”

Aba't? Ano daw?

“Sino ba 'yan Jerome?” tanong ni Adrian

“Uyy, tweety girl, ikaw pala 'yan. Hinihintay ka na ni Kyle sa loob.”

Ngumiti ako kay Adrian, talaga namang napakabait ng isang 'to.

Pumasok na'ko sa loob kasunod nina Adrian at 'yung singkit na lalaki na Jerome yata ang pangalan. Nagulat ako pagpasok ko, para akong pumasok sa isang living room na puno ng gadgets. Paano nagkaroon nito sa school? Kung sabagay, kapag ba naman anak ka ng may-ari ng school. Kung nagulat man ako sa dami ng gadgets sa loob, mas ikinagulat ko ang ilang piraso ng ulam, este ilang lalaki pala na ngayon ay nakatingin na sa'kin lahat.

WOW! Ulam...

My gulay, lahat sila guwapo! Saang planeta galing ang mga ito?

“Maaga ka pa ng 4 minutes.” sabi ni Kyle

Sumimangot ako, anong gusto niya late ako?

“Sabihin mo na kung anong gusto mong sabihin, nagmamadali ako.” sabi ko

“Whoa! Kyle, new girlfriend?” sabi nung lalaking naka-black jersey.

“Tumigil ka nga Ken. Alipin ko 'yan.” sabi ni Kyle.

“Anong alipin pinagsasasabi mo dyan ha Kyle?” pinag-iinit nito ang dugo ko, paano nya nasabi na alipin ako?

“Matawagan nga si Papa” sabi ni Kyle habang hawak ang cellphone.

“Sabi ko nga, alipin mo ako.”

Kailangan ba talagang ipanakot 'yon?

O_O adrian
O_- lance
O_O jerome
O_O ken

At ang tatlo pang lalaki na diko pa kilala, O_O!

“ALIPIN KA TALAGA?”

Ouch, nabingi naman ako d'on. Sabay sabay ba namang sigaw. Tumango na lang ako.

Lumapit agad sakin si Adrian, “Tweety girl, paano ka niya naging alipin?”

“Hoy Adrian, tigilan mo nga 'yan. Narinig nyo namang lahat, alipin ko 'yan kaya pwede bang lumabas muna kayong lahat dahil may pag-uusapan kaming importanteng mahalaga.” sabi ni Kyle

“Importante na, mahalaga pa.” komento ni Lance.

“Hoy Kyle baka pagsamantalahan mo lang si tweety girl.” sabi ni Adrian.

“Para sabihin ko sayong ugok ka, may taste naman ako!” sigaw 'yan ni Kyle.

Kapal nito. “Hello? Para sabihin ko din sa'yo, may taste din naman ako!”

Nagtawanan ang ilang kaibigan nila at nagsilabasan na. Pinunong-pinuno ang dating ni Kyle. Talagang napasunod niya ang mga yun?

“Basta tweety girl, wag mong hahayaang pagsamantalahan ka niya ha? Sigaw ka lang kaso hindi ka namin maririnig. Manyak pa naman 'yang si Kyle.” sabi ni Adrian bago kumaripas ng takbo palabas.

Ano daw?

“Humanda ka sa'kin mamaya Adrian!” sigaw ni Kyle.

Tumahimik ang paligid.

“Ano ba Kyle? Nabibingi na'ko sa katahimikan. Magsalita ka naman? Ano bang kailangan mo sa'kin?”

Hindi ko na napigilang basagin ang katahimikan. Para kasing timang, hindi na nagsasalita.

Lumapit siya sa desktop at may kinuha sa ibabaw ng printer. Lumapit siya sakin dala ang isang bondpaper.

“Oh, basahin mo.”

Kumunot naman ang noo ko.

CONTRACT

I hereby certify that the statements and information in this application form are true and correct to the best of my knowledge and belief, and I authorize the University of Southern California to investigate all statements or other information contained in this application form and any attachments submitted with it, unless I have stated in writing to the contrary.

Ano daw? Teka wala ng kadugtong.

“Hoy Kyle, ano ba'to? Nag-copy-paste ka lang yata sa google nito eh.”

Halata namang nagulat siya kaya hinablot niya sakin yung papel. “Hindi ito!” sigaw niya tapos may kinuha pa siyang isang papel sa may printer. Ano ba yun? Baliw lang.

“Eto 'yon.”

Binasa ko na ulit. Lintek kasing Kyle 'to gagawa lang ng kontrata, copy paste pa. May University of Southern California pang nakalagay. BALIW!

So eto na yung totoo, binasa ko siya at ito ang nakasulat.

CONTRACT OF AGREEMENT

AKO SI CHELSEA TORRES AY NANUNUMPANG PAGSISILBIHAN SI KYLE SHIN-WOO SA LOOB NG 1OO DAYS.

LAHAT NG IUTOS NIYA AY SUSUNDIN KO. HINDI AKO PWEDENG MAGREKLAMO, DAHIL ONCE NA MAGREKLAMO AKO AY TATAWAGAN NIYA AGAD-AGAD ANG PAPA NIYA PARA PATALSIKIN AKO SA SCHOOL.

ANUMANG ORAS AY MAAAARI NIYA AKONG TAWAGAN AT UTUSAN NG WALANG SAMA NG LOOB.

ANG KONTRATANG ITO AY KAPALIT NG PAG-AALIPUSTANGAN KO SA PAGKATAO NIYA. NANUNUMPA AKONG WALANG MAKAKAALAM NG TUNGKOL SA KONTRATANG ITO MALIBAN SA TIGERS.

DAHIL NAPAKABUTING TAO NI KYLE, BIBIGYAN NIYA AKO NG 5 THOUSAND A DAY. PERO KAPAG HINDI KO SINUNOD ANG ISA MANG UTOS NIYA AY AKO ANG MAGBABAYAD SA KANIYA NG 5 THOUSAND A DAY.

NOTED. OCTOBER 2013.

SIGNED BY: **VERIFIED BY:**

CHELSEA TORRES **KYLE SHIN-WOO**

“KYLE! Ano 'to????”

“Nabasa mo naman 'di ba? Kontrata 'yan bilang alipin.”

What the...? Alam ba niya ang ginagawa niya?

“Hindi tama 'to!” giit ko.

Sinong tao ang papayag na maging alipin ng isang Kyle na sumobra ang yabang at bilib sa sarili?

“Sige, madali naman akong kausap. Tatawagan ko lang si Papa."

"Teka, wala naman akong sinasabing hindi ako pumapayag. Ito naman..”

Ano daw sabi ko? Ayyyyyssshhhh! Bakit ba lagi niyang panlaban 'yong pagpapaalis niya sa'kin sa school? Ano ba namang buhay 'to oh!

“Now, sign it.”

“Bakit ba kailangan pa nito?”

“Para hindi mo ako matakbuhan. Hindi mo kilala ang binangga mo miss nobody. Ako ang dakilang si Kyle, walang sinuman ang maaaring kumalaban sa'kin.”

May sapak yata sa utak 'tong Kyle na'to. Badtrip.

“Nag-sorry na naman ako 'di ba?”

Parang hindi ko matanggap na maging alipin niya ko in 100 days? Halos tatlong buwan din 'yon, my golly! Para na rin akong pumuntang impyerno.

“What is sorry if the damage is done?” sabi niya.

“Wow ha, hay naku ewan ko sa'yo Kyle!!!!!”

NAG-IINIT NA NAMAN TALAGA ANG DUGO KO.

What to do? Wala rin akong nagawa kung hindi pirmahan 'yong lintek na kontrata na 'yon. Tutal may 5 thousand a day naman ako. Panggastos ko din 'yon. Malaking pera na 'yon. Iisipin ko na lang na ang pagiging alipin ko kay Kyle ay sideline ko para hindi sumama ang loob ko.

Ano ba 'tong pinasok ko?

“Pipirma ka din pala eh. Ayan pumirma na din ako. Bukas ang simula ng kontrata. 'Wag na wag mong susubukang pagtaguan ako dahil malalagot ka sa'kin.”

“OO na!”

“Akina ang cellphone number mo.”

“Ha?”

“Cellphone number mo. Bingi ka ba?”

“Wala naman akong cellphone eh?”

Baliw ba siya? Hindi muna magtanong kung may cellphone ako, number agad? Rush hour? Sa hirap kong 'to, maiisipan ko pa bang bumili ng cellphone?

Napakamot siya sa ulo niya. “Anong klaseng nilalang ka, wala ka man lang cellphone????”

“Hello, mahirap lang po ako?”

“Buwisit! Umalis ka na nga!”

“Whatever.”

“May sinasabi ka?”

Binigyan ko siya ng fake smile. “Hindi po.”

“BUKAS HUMANDA KA NA.”

Tumango lang ako saka dumiretso palabas. Hay salamat, nakahinga rin sa wakas. Anong kontrata ba kasi 'yon. Hay, ayos lang 'yan Chelsea, may 5k ka naman a day. 'Yon nalang iisipin ko.

Pero parang 'di ko parin masikmurang pagsisilbihan ko ang Kyle na 'yon. Ang sama talaga ng ugali nya.

Makapunta na ngang room. Talaga namang nag-iinit ang dugo ko. Ang malas, malas ko!

?
Kyle POV

“ANO ba 'yon? Nilalang na walang cellphone? Ganoon na ba talaga siya kahirap? Mahirap pa siya sa pulubi ah?”

Mag-isa na lang ako dito sa tambayan. Napatingin ako sa kontrata. Mula bukas, may slave na'ko.

Sarap naman talaga ng buhay ko 'pag may alipin na'ko.

Kasalanan niya 'yon, pagkatapos niya akong kalabanin, yan ang bagay sa kaniya. Hay! Kailangan ko palang pumuntang mall. Ibibili ko na rin ng cellphone ang baliw na babaeng 'yon. Paano ko naman kasi siya matatawagan kung wala siyang cellphone.

Buti sana kung alien kami, antenna lang, nakakapag-communicate na.

“Kyle!”

“O bakit?”

Problema nitong si Adrian?

“Anong ginawa mo kay tweety girl?” Aba, parang inis pa 'to sa'kin ah? Wag mo sabihing ipagtatanggol pa nito ang nobody na 'yon?

“Hoy Kyle, kinakausap kita?”

Pinalamon ko sa kaniya ang kontrata. Este, binigay pala. “Ayan, basahin mo. Wag kang maingay, iidlip muna ako.”

Nahiga na'ko sa sofa at naidlip saglit. One hour pa bago ang klase.

Kasarapan na ng tulog ko nang sumigaw si Adrian.

“HOY KYLE, ANO NAMAN 'TO????”

“Ay putek!” muntik na'kong mahulog sa sofa.

“Anong kontrata 'to?”

“Nabasa mo naman 'di ba?”

“Pero bakit?”

“Yan ang kabayaran sa pagsasalita niya ng hindi maganda sa'kin.”

Sumama ang tingin ni Adrian. “Napakasama mo naman Kyle.”

“Matagal na. Parang di mo naman ako kilala.”

Minsan nga basta basta na lang akong nanununtok, takot sa'kin guidance eh. Minsan naman, 'pag may nagsalita sa'kin ng hindi maganda, pinatatalsik ko agad sa school. Ganoon ako kasama, aminado naman ako.

Wala eh, ito talaga ako eh. PUSONG BATO ako.

“Oo na. Pero sana 'wag mo masyadong pahihirapan si tweety girl.”

“Concern ka masyado sa baliw na 'yon.”

“Gusto ko lang 'yong fighting spirit niya.”

Kumunot yung noo ko, anong nakain ng ugok na'to?

“Ewan ko sa'yo Adrian, hayaan mo muna akong matulog.”

Napikit na lang ulit ako. Mukhang tinamaan si Adrian sa nobody na 'yon ah?

Chapter 5 ?

Chelsea POV

Kararating ko lang dito sa bahay. Nilibot ko ng tingin ang kabuuan ng kwarto ko.

Maliit lang 'to pero may single bed naman kahit papaano. May maliit din akong table sa gilid ng kama kung saan nakapatong ang picture ko kasama sina Mama at Papa.

5years old kasi ako no'n nang maaksidente sila at namatay.

Napatingin ako sa damitan ko. Pinaglumaang cabinet ng pinsan kong si Charisse. Wala pang sampu ang damit ko, pulos galing pa sa ukay ukay. Ang doll shoes ko naman na lumang-luma na nag-iisa lang na ginagamit ko pampasok.

Ganito na ba talaga ako kahirap? Tiningnan ko ang coin purse ko. 50 pesos nalang pala ang laman.

Dapat pala sa sabado ipaglaba ko na ulit si Aling Telma para magkaroon ako ng 300 pesos.

Pero teka, hindi ba't tinaggap ko na 'yung kontrata ni Kyle na maging alipin nya? At ang pagkakatanda ko, base dun sa kontrata, 5k a day babayaran ako ni Kyle. Kyaaaa!

Ibig sabihn pwede na'kong hindi maglaba sa sabado. Pero itutuloy ko pa din ang paggawa ng mga project ng classmate ko. 500 din 'yun. Syempre mayayaman classmate ko eh.

Ganon na kasi gawain ko nung highschool pa.

Hay, mas mabuting isipin ko na nga lang na sideline ko lang ang pagiging alipin kay Kyle. No choice naman, kesa matanggal ako sa skul.

Napatingin ako sa pinto ng may kumatok dun.

Binuksan ko yun at mabungaran si Charisse.

"Wala ka bang balak na tumulong sa baba?" Mataray na pagkakasabi niya.

Ang tinutukoy nya ay ang karenderya.

"Bababa na ako. May gagawin lang akong saglit na assignment."

Talaga namang may assignment pako. Para kahit mapuyat ako mamaya eh, ayos lang.

"Assignment! Pwee! Porket sa SWU ka nag-aaral, masyado ka ng mayabang."

Aba, aba?

"Wala akong pinagmamayabang sa'yo, Charisse."

Tinaasan niya ko ng kilay. "Tse, bilisan mo na dyan at sumunod ka na sa baba!"

Umalis na ang bruha. Ang init talaga ng dugo sa'kin ng babaitang 'yun.

?

Charisse POV

Ay nako! Nakakainis talaga yang Chelsea na 'yan!

Porke ba nakapasok siya sa exclusive school na SWU, pa-importante na sya?

Ewan, basta ako alam ko makakapasok din ako do'n! Sabi ni Mama, hinihintay lang niya ang padalang pera ng Lolo ko na nasa America. Ako kasi ang unang apo nila sa father side ko.

Bale yang si Chelsea, sa mother side ko sya pinsan. Kaya nga pinatira yan ni Mama dito sa'min. Kung 'di lang sya ulila eh! Hay.

Ako nga pala si Charisse Alano. 17 yrs old. HRM sa San Agustin College. Private school din pero maliit lang ang tuition. Hindi naman kasi ako pumasang makakuha ng scholar.

'Yang si Chelsea, sinwerte lang talaga 'yan.

Minsan, nagkakayayaan kami ng mga barkada ko na tumambay sa labas ng SWU, andun kasi ang ultimate crushes namin. Ang guguwapo kaya ng students do'n kaya nga lalong uminit ang dugo ko kay Chelsea kasi dun siya nakapasok. Kainis!

"Charisse, tumulong ka na dito."

"Opo 'ma!"

?

Chelsea POV

Umaga na naman at as usual, puyat na naman ako kagabi. Pero at least nakagawa na 'ko ng assignments ko.

Nagsimula na akong maglakad papasok.

Lakad
Lakad
Lakad

"Pttttppppp!" Wag ka, busina yan ng kotse. Haha!

Hindi ko na kailangang lumingon. Alam ko na kung sino ang talipandas na bumusina ng malakas. Isang tao lang naman ang kilala kong ganon.

Pagtingin ko tama nga ako. Si Kyle.

"Problema mo?" Tanong ko.

"Ipapaalala ko lang na simula na ngayon ang kontrata mo."

"Alam ko." tingin naman nito sa'kin, ulyanin?

Nagsimula na'ko ulit maglakad.

"Hoy, hoy!" sigaw ni Kyle.

Lumingon ako sa kaniya. "Bakit na naman? Huwag mong sabihing pasasakayin mo pa ako dyan sa kotse mo, kakahiya naman."

Try lang, baka pasakayin nga ko.

"Kapal ng mukha mo. Oh!"

May hinagis siyang paperbag na maliit buti nasambot ko. "Ano 'to?

"Wala ka bang mata?"

Sabi ko nga. Wala talagang modo ang taong 'to. Pagtingin ko kinuha ko yung box na nasa paperbag at mas nagulat ako nong makita kong cellphone yun.

"Para san 'to?"

Nagtaka man ako ay para akong na-excite dahil first time kong magkakaroon ng cellphone. Ni hindi pa nga ako marunong gumamit nito.

"Paano kita matatawagan kung may kailangan akong iutos sa'yo? Common sense nga!"

Ito talagang si Kyle ang hilig manigaw. Badtrip!

"Isang tawag ko lang, sagutin mo agad. Kung hindi, patay ka sa'kin."

Ayan na naman ang pananakot nya. Aish. Ayun pinaharurot na naman ang kotse nya at kumain na naman ako ng usok niya. Napatingin ako sa box ng cellphone. iphone 4s ang nakalagay. Touchscreen daw. Ano bang malay ko sa cellphone. Mukhang mamahalin 'to ah. Parang napanood ko na 'to sa commercial. Binalik ko muna sa paperbag yung cellphone. Isang tao lang naman makakatulong sa'kin.

Papaturo ako mamaya kay Janna.

?

Janna POV

Kani-kanina pa'ko nakaupo dito sa upuan. Maaga naman ako palagi. Super aga naman kasi lagi ng driver. Ayt, kainis.

By the way. I'm Janna Ruiz. 17 yrs old. Business Management. I'm half japanese, half filipina. Ang pamilya ko ay may-ari ng malalaking malls. At ako naman, may sarili na'kong boutique ng kikay stuffs. Minsan nga maisama dun si Chelsea.

Nasaan na ba yung si Chelsea. I'm so damn bored. Ayoko namang kumausap ng iba naming classmate dito. Pwe! Ang aarte, mas feel ko si Chelsea. Super natural lang. I like her.

Napatingin ako sa pinto at nakita ko si Chelsea na hinihingal na naman. Paano ba naman, naglalakad lang papasok. Gano'n ba talaga sya kahirap? Kawawa siya. Kaya nga natutuwa ako dahil 'di sya pumapayag na inaapi lang sya.

"Janna!"

Nakangiti siyang bumati sakin tapos umupo na sya sa tabi ko.

"O?"

"May sasabihin ako." sabi ni Chelsea

"Ano yun?" Ano kayang sasabihin nito. Baka tungkol na naman kay Kyle.

Eto talagang si Kyle sarap pektusan eh. Masyadong mayabang at bully.

"Lumapit ka dito, ibubulong ko lang."

Lumapit naman ako sa kaniya.

"Promise me, wala kang pagsasabihan nito. Mula ngayong araw na'to alipin na'ko ni Kyle kapalit ng pagsasalita ko ng hindi maganda sa kaniya."

"What?"

Napasigaw naman ako. Alipin? Gago 'tong si Kyle.

"Huwag ka maingay. Kapag kasi hindi ako pumayag, patatalsikin nya ko sa school."

"Di ka dapat pumayag." Binatukan ko sya.

"Aray naman Janna."

"Engot ka talaga. Dapat di ka pumayag."

"Ayos lang yun. Parang sideline ko na din kasi bibigyan naman nya ko ng 5k a day. Hehe." nakatawa pa si Chelsea.

Natuwa pa ang bruha. Adik talaga 'to.

"Eh, eto nga binigyan nya ko ng cellphone para daw pag may iuutos sya sakin matawagan nya ko."

Tiningnan ko yung cellphone na bigay daw ni Kyle. Aba, Iphone 4s ha.

Napansin ko na nag-iba ekspresyon ng mukha ni Chelsea.

"Janna.."

Nagtaka naman ako. "Bakit?"

"Please turuan moko dyan. Hindi ako marunong. Hindi ko din alam pano yan buksan."

Natawa naman ako dun. For real? Hindi talaga sya marunong? Kung sabagay mahirap kasi 'tong si Chelsea.

Pero at least may phone na sya.

"Sige sure!"

Binuksan ko na yung box at tinuro sa kaniya yung pindutan pag bubuksan niya. Tinuro ko na din paano magtext o sumagot ng tawag. Tapos sinave ko na din number ko. Kung anu ano pa yung tinuro ko, pati paggamit ng camera.

Pinagpraktis ko pa siya. Tinatawagan ko number nya tapos sasagutin nya. Madali naman siyang matuto.

Matalino naman kasi sya. Ignorante lang sa ibang bagay kasi nga mahirap lang sya. I understand her naman. Naaawa nga 'ko sa kaniya kasi wala na siyang family.

"Ang galing mo, marunong kana."

Nag-blush pa siya. Ang cute! Kahit naman hindi siya maganda manamit eh, she's really beautiful and innocent naman. Plain shirt at pants lang kasi lagi nyang suot. Maipag-shopping nga 'to mamaya.

She's like my bestfriend na dahil magaan talaga ang loob ko sa kanya.

?

Chelsea POV

"Thank you ng madami Janna."

Nakakatuwa naman. Marunong na ako agad gumamit ng phone. Ang ganda ng cellphone ko. Kulay white sya tapos touchscreen pa.

Ignorante talaga ako. Buti mabait talaga si Janna.

"Ikaw pa. Teka, mamayang paglabas natin, sama ka sa'kin sa mall ha."

"Nge, eh wala akong pera."

Honestly, never pako nakapasok ng mall. Maniwala man kayo o hindi, yun ang totoo. Hanggang palengke at ukay-ukay lang ako. At sa lahat ng kainang sikat, sa jollibee palang ako nakakakain no'ng nag-graduate na kami nung highschool, treat nung isa kong classmate.

"You don't need money. Ako ang bahala sa'yo. Okay?"

"Pero Janna.."

"Subukan mong tumanggi, hindi na kita friend."

Lupit mo naman Janna. No choice. Sasama ako sa kaniya.

?

Kyle POV

Breaktime na at hindi ko makita si nobody. Nasaan na ba yun? Tinawagan ko ang cp nyang binigay ko. Siangot naman agad.

[Sino 'to?]

Amp! Bobo naman nitong babae na'to. Naka-save na dun number ko ah.

"Hindi ka ba marunong tumingin sa cellphone mo? Si Kyle 'to!!"

[Uy kyle bakit?]

"Pumunta ka dito sa tambayan. Pero bago yun, bumili ka muna ng pizza sa canteen."

[50 pesos nalang pera ko Kyle.]

Paki ko kung 50 nalang? Mahirap talaga. Psh

"Kapag hindi mo nagawa ang utos ko, bibigyan mo ako ng 5k baka nakakalimutan mo."

Anong akala nya? Porke mahirap siya, maaaawa ako sa kaniya? Kailangan nya ko sundin.

[Ang sama mo!]

"Gwapo ako."

Engot talaga 'tong babae na'to.

[Kyle utang na loob, wala talaga akong pera.]

Paawa pa. Potek.

"Tatawag ako sa canteen. Kunin mo nalang yung pizza. No need to pay. Bilisan mo. Within one minute, kailangan nandito kana dahil kung hindi, you're dead."

Binabaan ko na sya ng phone at tumawag sa canteen. Hay, pasalamat tong babae na'to mabait pa'ko.

Makapag-count-down na nga.

?

Chelsea POV

Ays! Binabaan ako ng tawag. Bastos talaga yung Kyle na yun. Tumakbo na'ko papuntang canteen para kunin yung pizza. Sabi naman nya bayad na yun. Totoo naman kasing wala akong pera kundi 50.

"Ate, yung pinapakuha po ni Kyle na pizza."

Ngumiti si ate na bantay sa canteen. "Kaya mo ba?"

Hehe, patawa naman tong si ate. Para pizza lang eh. "Opo naman."

Maya-maya. Muntik ng malaglag ang eyeball ng mata ko ng makita yung pizza na pinakuha ni Kyle.

Walong pizza na magkakapatong. Walang hiya talaga yung Kyle na yun!

Aarrrghh!

Pagdating ko dito sa tambayan nina Kyle.

Ibinagsak ko ung pizza sa table. "Ayan na'po! Infairness ang gaan nya ha." Sarkastiko kong sabi.

Eh, ginawa akong delivery boy ng kumag na'to. Chelsea, kalma lang. 5k din yan.

"Late ka ng 1 minute." Sabi ni Kyle

Namaywang ako. "1 minute lang yun Kyle! Big deal?"

Hindi ko na naman maiwasang magtaray. Ugali kasi nitong Kyle na'to.

"Napagod ka ba tweety girl?" tanong ni Adrian

Oh, sweet naman ni Adrian.

"Hindi naman." Sagot ko

Kinikilig ako deep inside. Hehe.

"Psh." Sumimangot si Kyle.

"May iuutos ka pa po kamahalan?" tanong ko

"Magbukas ka ng pizza at paglagay mo ako sa plate."

Katulong? Psh. Kainis talaga 'to. Hindi nako nagsalita. Binilisan ko nalang kumuha ng plate dun sa may mini kitchen nila tapos nilagyan ko ng pizza.

"Kamahalan ayos na, puwede na ba akong umalis?"

Kumagat ng pizza si Kyle. "Ikuha mo'ko ng coke in can sa ref."

Mabilis naman akong kumuha. Ako na uto-uto.

5k din yan!

"Eto na'po kamahalan."

Gusto ko na syang tusukin ng tinidor sa mata. Argh!

"Hoy Kyle, tama na yan." Sabi ni Lance

Aba nagsasalita pala 'tong si Lance. Hehe. Si Adrian ayun, busy sa pagcocomputer.

Di nako pinapansin?

"Hayaan mo ako. Slave ko sya diba?". Sagot ni Kyle

"Madami pa namang bukas." Reklamo ni Lance.

Napangiti naman ako sa inakto ni Lance.

Lalo tuloy siyang guma-gwapo sa paningin ko.

"Ikaw," sabi ni Lance

"Ako?" Tinuro ko pa sarili ko.

"Baka ako?"

Pilosopo rin pala ang isang 'to. Pektusan kaya kita Lance?

"Huwag lang ngingiti-ngiti dyan. Di kita pinagtatanggol. Gusto ko lang na paalisin ka na dito ni Kyle dahil naaasiwa ako sa presensya mo."

Ano daw? Yun sabi nya ng wala man lang emosyon.

"Anong sabi mo?"

"Do I need to repeat?" tanong ni Lance

Ikaw na lalaki ka, ahhhh! Sarap mo kutusan. Mana ka sa kaibigan mo!

"No need. Kyle. Aalis na ako. Naaasiwa na daw si Lance."

Diniinan ko talaga ang word na naaasiwa. Badtrip 'tong mga to.

"Sandali. Eto, gawin mo muna 'to saglit. 5 items lang naman yan."

Tiningnan ko yung papel. Yun ung assignment namin sa trigo. Aissshh! Ako pa sasagot. Lintek naman.

Nilabas ko nalang yung sakin at kinopya ko. Mabilis ko na ngang sinulat yung sagot. "Tapos na."

Tumayo na ako. Napansin kong dinukot ni Kyle ung wallet nya.

At

At..

$_$

Pera!

"Ayan 5k yan. Sweldo mo ngayong araw. Mabait pa'ko ngayon. Bukas, ihanda mo na sarili mo."

Kinuha ko ung 5k. Syempre sweldo ko yun sa sideline ko bilang alipin niya. Ba't pa'ko mahihiyang kunin.

Automatic akong nag-smile. "Salamat!"

Tumakbo nako palabas pagkasabi nyon. Yey! May 5k ako. Walang kahirap-hirap.

Hulog ka pa rin ng langit kahit papaano Kyle! Hehe. Pera 'to e. Kelangan ko 'to.

Saya-saya!

Lalalalalalalala..

Chapter 6 ?

Chelsea POV

Andito kami ngayon ni Janna sa mall. Tulad nga ng sabi niya kanina, sa ayaw at gusto ko dapat akong sumama

Brutal din 'tong babae na'to eh. Na-a-amaze ako sa nakikita ko. Ganito pala ang itsura ng mall sa loob. Ang ganda. Ang daming tinda.

Wow talaga.

"Happy?" tanong ni Janna

Tumango lang ako. Nag-de-daydream na'ko ng bigla akong hilahin ni Janna.

"Oy, oy, teka."

Pagkatapos akong hilahin ng Janna na'to, tumigil kami sa isang boutique ng mga damit at shoes. Super kakamangha. Pumasok kami. Ang daming damit ang kinuha ni Janna tapos itinatapat nya sakin.

"Bakit mo tinatapat sakin?"

Ngumiti siya. "Para sa'yo 'to."

Ano daw?

"Hanla, wala akong pambayad sa daming 'yan."

Paano ba naman lampas sampu na yata ang pinagkukuha niya. Dire-diretso pa din sya sa pagkuha ng damit na pang-itaas. Ang gaganda nga eh. Pang-mayaman.

"Okay na. Bottom naman." Sabi ni Janna

Etong babae na'to ang hilig manghila.

"Anong size ng bewang mo?" tanong niya.

Bakit? Hanla? Masyado ng madami 'tong nakukuha n'ya. Jusko, 5k lang ang meron ako.

"Eh, Janna tama na, wala akong pambayad."

Sumimangot si Janna.

"Ano ngang size mo."

Hanla?

"Eh, 25."

Kung makatingin naman 'tong si Janna para akong lalamunin ng buo eh. Kuha na naman siya ng kuha.

May pantalon
Tokong
Shorts

Ayyy, ang dami na.

"Done! Shoes naman." Masiglang sabi ni Janna.

Shoes? Ang grabe naman nitong si Janna.

Waaaa. Wala nga 'ko pambayad.

"Anong size ng paa mo?" mga tanong talaga ni Janna eh.

Ayan na nman 'yung pamatay na tingin niya.

"6."

Anong gagawin ko? Shop-aholic yata 'tong si Janna. Wagas eh. Ang dami niyang pinagkukuha.

Mga doll shoes.

Iba't ibang kulay at style.

Kung tutuusin ang gaganda nila. Kaso wala akong malaking pera. Yung 5k ko mukhang malalagas ngayon. Napakakawawa ko namang nilalang.

Sinubukan kong tumingin sa shoe rack ng sapatos tapos pagtingin ko sa price,

7,999.00 pesos?

Langya!

Sapatos lang 'yon ah? Ano 'yon gawa sa ginto?

Teka..

Ibig sabihin, 'yung pinagkukuha ni Janna.

Hanla? Paktay.

"Done!" sigaw ni Janna

Ngiting-ngiti siya sa'kin.

"Let's go sa counter."

Para akong napako sa kinatatayuan ko.

"Janna.."

"Oh?"

"Wala akong pambayad d'yan. Ang dami-dami masyado niyan."

Mangiyak-ngiyak na'ko dito. Tumawa si Janna.

Nagawa pang tumawa ng bruha.

"Who told you na kailangan mong bayaran ang mga ito?" sabi ni Janna

"Ah eh, ibig sabihin ikaw ang magbabayad? Hanla, 'wag na kakahiya."

Kakahiya naman kung siya ang magbabayad. Baka masabihan pa'ko nito ng gold digger.

"At sino din nagsabi sa'yo na ako ang magbabayad?"

Nge?

"Eh sino?"

“Pag-aari namin ang mall na'to. At itong boutique na'to, sa'kin 'to."

Ano daw? Sa kaniya? Ganoon ba siya kayaman? My gulay!

"Kaya 'wag kang mag-worry. Ipapalagay lang natin sa paperbags 'to sa counter. No need to pay."

Sinenyasan ni Janna 'yong sales lady.

"Pakibalot na ang lahat ng 'to." Inutusan ni Janna 'yong clerk.

"Yes Ma'am." Sagot nung Sales lady.

Napaupo ako sa upuan dito.

"Problem?" tanong ni Janna

"Nakakahiya sa'yo."

"Ano ka ba? That's my treat. Basta promise me na isusuot mo na 'yang mga new dress mo tomorrow ha?"

Aissshh Ang bait talaga nitong si Janna. Lumapit na sa'min 'yong clerk tapos inabot sa'min 'yong sampung paperbag na malalaki. Grabe talaga 'tong si Janna. Pagkasakay namin sa kotse niya, napahinga ako ng malalim.

"Janna."

"Yep?"

"Thank you sa mga 'to."

"Wala 'yon. I considered you as my bestfriend kaya ‘wag kang mahihiya sa’kin."

"Bestfriend?"

"Yeah."

Ang bait nya talaga. Ang ganda pa. "Salamat talaga."

Hindi pa din ako makapaniwala na ipinamili nya ko ng ganito kadami. Bigla tuloy akong na-excite na tingnan lahat 'to. Kanina 'di ko naman tinitingnan kasi si Janna na ang namimili.

"Saan address mo. Hahatid na kita. Masyadong madami ang mga 'yan."

Tatanggi sana ako. Kaso tama, madami masyado.

"Sa bla bla bla…"

Ayun hinatid nga nya ko. Pagdating ko sa bahay, dumiretso ako sa kwarto ko. Isa-isa kong tiningnan yung mga binili sa mall.

Waaaa! Ang gaganda. Yung tela, pangmayaman.

Cotton!

Hehe.

First time ko 'to.

Napatingin ako sa price tag nung isang damit.

3,999.75 ?

Wagas naman. Yung mga damit ko 35 pesos lang. Grabe.

Pinagtatanggal ko na yung mga price tag. Hindi ko na nga tinitingnan kasi nahihilo lang ako sa mahal. Yung mga doll shoes, ang gaganda. Maganda suot ko bukas. E'di mapapabilang na'ko sa mga taga SWU? Hindi na ako magmumukhang maid. Ang laki ng utang na loob ko kay Janna.

Pero teka hindi pala dapat makita lahat 'to ni Charisse. Siguradong maiinggit 'yon. Baka kung ano pang isipin nila kung saan galing ang mga 'to. Inihanger ko na 'yong mga bago kong damit. Yung mga luma tinupi ko nalang at nilagay sa ilalim na drawer. Pambahay ko nalang yun.

Yung mga doll shoes, may 6 pairs 'to eh. Ilalagay ko sa ilalim ng kama ko. May mga box naman eh. Nakakatuwa talaga.

Krrrrinnnggggggg!

Wag ka, ringtone ng iphone ko yan. Haha. Bigla ko namang sinagot. Kasi nalimutan ko may phone na pala ako.

"Hello?"

[Pumunta ka dito sa bahay.]

Si Kyle 'to. Nag-uutos eh.

Pero ba't ako pupunta sa bahay nila?

"Pero.."

[Walang pero-pero basta pumunta ka ngayon din.]

"Kyle naman.."

[Itetext ko sa'yo address. Bilisan mo! Mag-taxi ka na.]

toot toot

Binabaan nya 'ko. Bastos talaga 'yon. Hanla naman. Tutulong pa'ko sa karenderya. Anong sasabihin ko? Aishhh. Bawal tumanggi kasi.

At mag-taxi daw ako? Wala nga akong pera. Teka..

May 5k nga pala ako.

Ahehehehe.

Tiningnan ko 'yong wallet ko na hello kitty.

Napa-smile ako kasi may laman na siya. Iipunin ko 'to. For future matters.

Naks! English 'yon.

Tenenenenen!

Wag ka, message tone ko 'yan.

Tiningnan ko text ni Kyle. Adress ng bahay nila. Naman. Binilisan ko na. Paglabas ko, nagdouble lock ako ng kwarto ko. Mahirap na. Pakialamera pa naman si Charisse.

“Tita, punta lang po akong sideline."

“Sige mag-ingat ka.”

Mabait tlaga 'tong si Tita.

Tumakbo ako palabas.

Ayun, taxi.

"Taxi!!"

Ahehe, F na F ko.

First time.

?

Kyle POV

Ang tagal naman ng babaeng 'yon. Aish. Sabi ko magtaxi. Ang tagal pa din.

"Young master eto na po 'yong pinakuha niyo."

Si butler 'yon.

"Lagay mo lang d'yan."

Pinakuha ko kasi ng walis at basahan. Paglilinisin ko ng kwarto ko si nobody. Para naman worth it yung 5k. Nakakaswerte siya ha. Tumunog 'yung intercom ko.

"Young master, andito na 'po siya." Guard yun sa main gate. Sinabihan ko na naman sila na 'pag may dumating, sabihan ako.

"Papasukin niyo dito sa kwarto ko."

Maya-maya may kumakatok na. Binuksan ko.

"Ano bang kailangan mo?"

Nakasimangot pa 'to.

"Pasok."

Nauna na'ko pumasok. Napalingon ako sa kaniya.

Niyayakap nya ang sarili niya.

"Kyle 'wag.."

Ano daw? Baliw talaga 'tong babae na'to!

"Anong sinasabi mo dyan?"

"Madami pa'kong pangarap. Bata pa'ko."

Nilapitan ko siya. Palapit ng palapit.

"Kyle.."

Baliw talaga 'to. Sarap nito kutusan.

"Aray naman!"

Binatukan ko nga. Adik ba naman. Kung anu-ano sinasabi. Baliw!

"Kapal ng mukha mo. Di kita type."

Sumimangot pa 'to. "Di din kita type! Hmmp! Ano bang problema kamahalan?"

"Linisin mo kwarto ko."

"Hanla."

"Aangal? 5k"

Tinawanan ko sya.

"Hanla nga, lilinisin ko na."

Lalo akong natawa. Baliw talaga 'to. Ayun nagsimula na syang maglinis. Makapag-youtube nga muna. Suot headset.

Maximum volume.

?

Chelsea POV

Grabe talaga 'tong si Kyle. Di lang talaga ako makatanggi eh. Aish. Kanina para akong malulula sa laki ng bahay nina Kyle. Mansyon pala.

Superb!

Akala ko sa TV lang yung mga mansiyon na bahay. Meron pala sa real life. At itong kwarto ni Kyle, ang laki. Black and white 'yong theme color. Ang ganda ganda. Malaki pa 'to sa bahay ni Tita. Imagine, kwarto lang 'to. Astig!

"Hoy nobody, anong tinutunganga mo dyan? Bilisan mo nga!"

Sinimangutan ko siya. Sama talaga nito. Tinuloy ko paglilinis. Hindi naman ganon kadami kalat. Magulo lang. For example, 'yong bola ng pambasketball nasa kama. Yung damit niya nasa sahig.

Burara.

Nagsimula na akong maglinis.

Hingal
Punas pawis.

"Tapos na!" Sigaw ko. Ay salamat natapos din. Kapagod din ah.

"Good." Sabi ni Kyle

"Pwede na'ko umalis?"

"Ipaggawa mo muna ako ng assignment."

Aish! Asa na lang sa'kin? Kainis! Kinuha ko na 'yong filler niya at sinagutan assignment. Buti isa lang, trigo. Mahina 'to malamang sa math.

Habang ginagawa ko assignment niya. Diko maiwasang tumingin kay Kyle na nasa harap ng desktop nya.

Gwapo talaga sya.

Maputi
Mukhang korean.
May lahi siguro 'to
Yung buhok niya mejo mahaba konti, bagsak!
Daig pa ni-rebond.
May highlights yun na blonde.
Bagay sa kaniya.

Unlike yung mga trying hard jejemons na kung makakulay ng buhok, wagas. Haha yung tipong ang itim itim ng balat nila tapos kukulayan ng blonde ang buhok.

Ang dungis kaya. Sorry pero real talk! Ahehe. Peace jejemons!

Ang tangos pa ng ilong nitong si Kyle
Ang kinis ng mukha.
Ano kayang sabon gamit nito?
Gumagamit kaya 'to ng glutathione?
Puti talaga eh.

Yung katawan nya tama lang.

Matangkad siya.

Aish, Kyle... Gwapo ka talaga. Kaso ugali mo, hindi gwapo.

Pero kung tutuusin

PERFECT na si Kyle.

Mayaman
Gwapo
Sikat

Siya na talaga!

"Hoy tapos ka na ba?"

Sinigawan pa'ko ng kumag.

"Oo! Makakaalis naba ako kamahalan?"

May kinuha siyang something.

$__$

Pera?

"Ayan, talent fee mo ngayon. Dahil sinabi ko kanina na free ka na tapos inutusan pa kita."

Aba, mabait pala 'to.

"10k yan."

Ano? 10k? Kyaaaaa! Instant yaman ako nito 'pag nagkataon.

"Thank you."

Ngiting aso na'ko. Haha kapag ba ganitong laging may bayad, aba! Sisipagin ako. Arg, pasalamat ka Kyle mahirap ako. Hmp!

"Alis na!"

Walang modo talaga 'tong lalaking 'to. Makaalis na nga. Paglabas ko ng kwarto. Hanla? Saan ang daan pababa? Kyaaaa! Naliligaw ako. Ang laki kasi ng mansyon na'to.

Aish.

Chapter 7 ?

Chelsea POV

Umaga. Kanina pa'ko dito sa kwarto. Pano ba naman. Parang nahihiya ako. First time kong magsuot ng mamahaling damit.

Kyaaaaa!

Pinili kong suotin 'yung pantalon tapos blouse na kulay pink. May collar siya tapos may print sa gitna na CAT. Cute talaga nito.

Yung doll shoes na pink na may ribbon 'yung ginamit ko. Ready na'ko. Nakakapanibago talaga. Pero ang sarap sa pakiramdam.

Sinuklay ko na 'yong wavy kong buhok at nag-pony. Mamaya pala, pupunta akong mall. Bibili ako ng magandang bag pack. Pasira na kasi 'tong bagpack ko. Highschool pa 'to eh. 150 pa bili ko dito kaya iningatan ko talaga. Tutal may talent fee naman ako kay Kyle kagabi.

Saya naman. Makakabili na din ako ng ilang school supplies. Isang notebook, isang ballpen, ilang piraso ng yellow pad lang kasi laman ng bag ko. Ahehe.

Lakad
Lakad
Lakad

After 1235456789 hours, nakarating din sa SWU.

|||||||||||||| ||||||||||||||

Wag ka. Gate ng school yan.

Huminga muna 'ko ng malalim bago pumasok ng room. Dapat confident ako. Si Chelsea kaya ako.

"Oh, look who's here." Sabi na nga ba, hindi lilipas ang araw na hindi ako mapapansin nitong si Angel.

Pektusan ko na talaga 'to. Hindi nalang ako kumibo. Diretso ako sa upuan ko.

"See! Ang cute cute mo Chelsea. Bagay sa'yo ang suot mo." Puri ni Janna

Galak na galak.

Pag-upo ko, lumapit naman si Angel.

"Wow, saan ka naman naka-sideline at puro bago ang suot mo? O baka naman nagnakaw ka?" sabi ni Angel.

Aba aba. Pwede ko syang palampasin pero ang sabihan akong nagnakaw? Nyeta. Suntukan na lang! Tumayo ako. "Pag ba may bago, nagnakaw agad?"

Tiningnan ko sya ng masama.

"Malay ko ba? Hindi natin alam." Sagot ni Angel

Arte magsalita ang bruha.

"Alam mo Angel. Kung wala kang magawa sa buhay mo, humanap ka ng pwede mong pagka-abalahan kaysa makialam ka sa may buhay ng may buhay!"

Pinag-iinit nito ang dugo ko ah. Feeling pretty na nga 'ko sa new get-up ko tapos kung anu-ano pang sasabihin. Panira ng araw.

"Wala kang karapatang pagsabihan ako ng gusto kong gawin. Miss maid!" sigaw ni Angel

Ayan na naman tayo sa maid thingy. Banatan ko kaya 'to?

"Maid maid ka na naman dyan! Kaunti nalang lalampasuhin na talaga kita."

Mabait akong tao pero 'pag ginaganun ako? Naku! Asahan mo, lalaban ako.

"Ay, natatakot ako!" Nag-act pa sya na parang natatakot.

Aish.

"Chelsea, mabuti pa wag mo ng pansinin 'yan. You're just wasting your time!" Mataray na sabi ni Janna.

Sinamaan pa ng tingin si Angel.

"Ay! Mas natatakot na'ko." Arte ni Angel

May sapak yata 'to eh. Sa sobrang inis ko, sinenyasan ko si Janna na pahiram ng lipstick. Buti na-gets niya. Inabot nya sa kamay ko habang nakikipagtagisan ako ng tingin kay Angel na mukhang harina ang mukha.

Ngumiti muna ako.

"Angel, may ibubulong ako sa'yo." Malambing kong sinabi 'yan.

Ahehe.

May balak eh.

"What?"

"Lika, lapit ka." Uto uto naman talaga. Lumapit nga ang bruha.

Yun na yung pagkakataon ko. Mabilis kong binuksan ang lipstick at ginuhitan ang pisngi nya. Nyahahahah.

"What the...!"

Nagsisisigaw na si Angel.

?

Adrian POV

Papasok na kami ng room. Pero napatigil kami nina Kyle at Lance nang makita ang eksena nina Chelsea at Angel. Ganito kasi 'yun.

Lumapit si Angel kay Chelsea. Para kasing may ibubulong eh tapos bigla nalang ginuhitan ni Chelsea si Angel ng lipstick yata 'yun sa mukha.

"You witch! Damn you!" sigaw ni Angel

Galit na galit si Angel. Si Chelsea naman nakangisi pa.

Ibang klase talaga si Chelsea. Lakas ng fighting spirit. Natutuwa talaga ako sa kaniya. Ang cute cute pa nya. Simple lang. Walang ni katiting na make up sa mukha. Yung lips nya halatang natural 'yung pagkapula. Kaunting ayos lang sya, siguradong magmumukha syang prinsesa.

Totoo nyan.

Crush ko sya.

Gusto ko 'yung pagiging palaban nya. Saka angelic nung mukha nya. Mukhang inosente. Nakakainis lang kasi ginawa syang slave ni Kyle. Wala kasi 'yung pinapatos. Walang awa. Pero mabait sya. Wala lang talagang modo.

Sssshhh. Hindi ko sinisiraan si Kyle.

Inawat ko si Angel nung nakita kong susugurin nya si Chelsea. Feeling knight in shining armor ako. Hahaha. Para sikat!

"A-Adrian.." Halatang nagulat si Angel kasi hawak ko na ang braso nya.

Hindi naman ako basta tutunganga at panonoorin silang nag-aaway. May puso ako.

Goodboy pa'ko.

Wala pong bisyo.

Magalang.

Gwapo.

Cute.

Ako na nagbubuhat ng sarili kong bangko. Haha. Eh bakit, totoo naman.

"Stop fighting!" Sigaw ko.

English 'yan mga dudes. Naglakad sina Lance at Kyle.

"Pabayaan mo sila." Sabi ni Lance sabay upo na.

"Don't mind their business." Sabi naman ni Kyle sabay upo din.

Hoy, mga gago, goodboy ako!

"A-Adrian can't you see, sinaktan ako ni Chelsea."

T___T Angel
-____- Chelsea

Gusto kong matawa sa mga 'to.

"OA mo masyado." Bulyaw ni Chelsea.

Mga away talaga ng babae 'di maintindihan eh.

"Look how rude she is, Adrian. Huhuhu."

Ito namang si Angel halatang nag-iinarte. Ayoko pa naman sa maarte. Parang si Chelsea. Astig. At hindi maarte. Smiling face pa.

Kinikilig ako amputa!

?
Kyle POV

Nagkaklase. Siyempre boring. Hindi ko na nalaman pa'no natapos ang away nina nobody at ni Angel. Ba't ko naman sila aawatin. Ginusto nila 'yun eh.

Ito namang si Adrian pa-goodboy. Sabagay. Type yata talaga nitong mokong na'to si nobody eh. Walang taste.

Wala akong magawa.

Burong-buro na'ko dito sa trigo. Nose bleed na'ko. Bakit ba kailangan pang pag-aralan 'yang mga numbers letters na 'yan sa trigo? Magagamit ko ba 'yan sa pang-araw-araw? Hindi naman 'di ba?

(+), (-), (x), (/)

Yan lang ang alam kong kailangan sa buhay. Plus, Minus, Multiply at Divide. Dami pang ka-epalan. Kinalbit ko si nobody gamit ang G-tech kong ballpen.

Oops, mahal yan. Mayabang ako eh.

Tumingin naman sya.

"O?"

"Patawanin mo'ko."

Nanlaki naman 'yung mata nya. Haha. Mga expression talaga nito nakakatawa eh. Hindi man lang na-conscious sa itsura nya.

"Sabi ko patawanin mo ako. Nabobored na'ko." sabi ko.

“Mamaya after class." Mahina yung pagkakasabi nya niyan.

Takot sa prof. Di ako takot dyan. "Ngayon na." pilit ko.

Dinilatan nya ko lalo ng mata.

"Nakikita mo bang may klase?"

Aba, tinatarayan ako.

"5k."

Yan ang magic word ko. Gets na nya yan. Haha lumaki na ang butas ng ilong nya sa galit.

"Ano?"

Naiinip na'ko. May karapatan akong utusan sya. May kontrata yata kami.

"Wait. Oo na."

Aba pumayag. Haha. Ano kayang gagawin nito. Wish ko lang mapatawa nya 'ko ng ganoon kadali.

Tumalikod muna siya. At nagulat ako ng bigla syang humarap sa'kin na ikinatawa ko bigla ng malakas.

“HAHAHAHAHHAHAHAHHAHAHHAHAHAHAHAHHA"

Mga kaklase ko tinginan. Haha pa'no ba naman ako hindi matatawa. Itsura ni nobody mukhang unggoy. Pinalobo nya yung pisngi niya tapos tinaas ang dalawang tenga nya tapos pinalaki pa butas ng ilong nya. Yung mata pa nya na nanlalaki din.

Laughtrip ako dito.Hahaha. Bagay sa kanya 'yun.

"Mr. Shin-Woo what's the matter?" Tanong ng prof.

Ngumisi ako. Maluha-luha na'ko sa pagtawa eh

"I just saw a girl monkey a while ago."

Nagtawanan yung mga classmate ko. Hindi naman nila gets. Mga baliw. Si nobody naman parang walang nangyari. Nakatuon yata sa papel nya sa table nya.

Haha. Pero astig, napatawa agad nya ko.

?

Chelsea POV

Grabe makatawa si Kyle kanina. Parang wala ng bukas eh. Bigla ba naman akong utusan na patawanin sya. Sa wala akong ibang naisip eh. Kaya nag-pose nalang ako as monkey. Buti nga hindi sya

napapagalitan ng prof.

Kung sabagay. Takot yata sa kanya prof eh. Anak ba naman ng may-ari ng school. Kanina nga pala muntik na talaga kaming magsabunutan ni Angel. Buti umawat si Adrian.

Hehe. Kakilig! Ang bait nya talaga. Paarte effect pa si Angel. Buti dumating na prof kaya natigil kami. Panigurado gaganti 'yung bruha na 'yun sakin.

Andito kami ni Janna sa garden. May bench and tables kasi dito na gawa sa bato. Nagpahatid kasi si Janna sa driver nya ng food.

Galing Mcdo. Sarap siguro talagang maging mayaman. Nahihiya na nga 'ko kay Janna. Ang dami na nyang nabigay sa'kin.

"Kain ka na." sabi ni Janna.

Pinagbukas pa nya ako ng shake shake fries. Alam ko 'no? Syempre nakasulat sa lagayan eh. Haha. Di pa kaya ako nakakakain sa mcdo. Nakikita ko lang sya.

"Ang dami naman nito Janna."

Paano ba naman. Dalawa lang kami.

May chicken and rice
May fries.
May ice cream
May coke pa na may ice cream sa ibabaw. Coke float daw tawag sabi ni Janna.
May chicken burger pa.
May spaghetti pa.

Patatabain ako ng matindi ni Janna eh

"Treat ko yan eh. Saka if ever di natin maubos, iuwi mo nalang. Pwede pa yan pang-dinner mamaya."

Wow! Talaga? Pwede ko daw iuwi? Aish.Ang swerte ko rin talaga. Andyan si Janna. Siya ang nagpapaparanas sakin ng mga bagay na hindi ko pa nararanasan. Hirap din kasing maging mahirap tapos ulila kapa kaya need mong magtrabaho para sa sarili mo.

Kain

Nguya

Kain

Kain

Nguya

Lunok

Inom

DIGHAY.

Argh. Busog na'ko.

Thanks God!

"Thank you Janna sa lunch ha?"

Ngumiti sya sakin. "Ikaw pa."

Bago kami bumalik ng room, binalik namin sa plastic yung natira namin na hindi nakain. Iuuwi ko. May pangdinner nako. Ang bait sa'kin ni God. Siguro ito 'yung time na maranasan ko na yung mga bagay na diko naranasan. Diko man lang kasi na-enjoy pagkabata ko. Trabaho agad kahit bata pa.

Sa sweldo ko ba namang 5k a day kay Kyle tapos may 10k pa pag talent fee, siguradong magagawa ko ang mga bagay na di ko magawa non dahil wala akong pera.

Katulad ng makapunta sa amusement park. May entrance fee kasi kaya di ako makapasok dun dati. Pati yung makabili ng kumpletong gamit para sa school. Yung notebook at ballpen ko kasi dun ko lang nabili sa tig-sa-sampu na tiangge.

Paubos na nga agad isang notebook sa dami ng lecture.

"Janna. San ako makakabili ng mga school supplies? Yung dun sa kumpleto." Tanong ko

Sorry, ignorante lang.

"Sa National Bookstore sa loob ng mall. Kumpleto dun." Sagot ni Janna

"Ah sige sige."

National Bookstore pala. Pupunta ako mamaya. Shopping time. First time!

Krrrrrrriiiinngggg!

Sinagot ko agad iphone ko na nasa bulsa ng pantalon ko.

"Kyle."

[Nasaan ka?]

"Nasa puso mo. Haha." Sarap din pag-trip-an 'tong si Kyle.

[Baliw! Pinaglolololoko mo ba ako?]

Highblood? "Ito naman di na mabiro. Bakit ba?"

[Pumunta ka dito sa room. Bilisan mo! Ipaggawa mo ako ng essay sa philippine history.]

toot toot

Ay putek. Ba't kaya di nya ko kuning tuitor 'noh? Aish. Binilisan ko nalang pabalik ng room. Janna, may

dadaanan pa daw eh.

Takbo!

?

Kyle POV

Tapos na 'yong tawag ko kay nobody pero parang kinakabahan ako. Bakit kasi nya sinabi yun. Aish!

Nasa puso mo..

Nasa puso mo..

Nasa puso mo..

Nasa puso mo..

Tangina. Bakit ba apektado ako? Biro lang yun! Bwisit. Lagot sa'kin yang nobody na yan. Kasalanan nya 'to.

Tch.

Chapter 8 ?

Chelsea POV

Kanina habang wala pa ang prof sa last subject, nilista ko na yung mga bibilhin kong school supplies.

Eto listahan ko.

Red Ballpen
Black Ballpen
Yellow Pad
Bond Paper
Colored Paper
Pencil
Eraser
Sharpener
Notebooks
Crayon
Ruler
Manila Paper
Folder
Plastic Cover
Sliding Folders

Ayan. Dami kong bibilhin. May project kasi. Buti nalang may pera ako. Hehe. Inayos ko na gamit ko. Uwian na eh.

4pm kasi labas ko.

"Hoy nobody."

Naku naman. May iuutos na naman panigurado 'tong Kyle na'to. "Ano?"

Try ko magsungit. Ahaha.

"Sumama ka sa'kin sa mall ngayon."

Ano? Mall? Eh pupunta naman talaga ako do'n eh? Pero bakit nya ko niyayaya? "Bakit? May lakad ako."

"5k."

Ayan na naman ang magic word nya. Badtrip 'to.

"Bakit ba kasi?"

Naiinis ako. Excited pa naman ako mag-shopping sa National Bookstore.

"Marami akong bibilhin sa National Bookstore." Sabi nya.

Eh? Pareho kami ng pupuntahan? Sabagay may project nga kasi kami.

"Ano namang kinalaman ko d'on?"

Pwede naman na sya nalang eh. Para bibili lang.

"Pagkatapos bumili, iuuwi mo 'yon dahil igagawa mo ako ng project." sabi ni Kyle

Lechugas!

“Ako pa gagawa ng project mo?”

Anak naman ng teteng oh!

"Talent fee." Sabi ni Kyle

$___$

Tumataginting na 10k ang talent fee. Kyaaaa. Hindi ko uurungan yan. Ahahaha.

"O, tara? Ano pang tinatayo-tayo mo dyan?"

Sinakbit ko na bag ko at nauna ng maglakad.

Lakad

Lakad

Dito kami parking lot.

Buti buhay pa'ko.

Mamamatay na'ko sa sama ng tingin ng mga estudyanteng nadadaanan namin kanina eh. Pa'no ba naman, kasabay ko maglakad si Kyle. Medyo nauuna pala sya ng konti. Ba't ba ang dami nitong fans kahit masama ang ugali? Aish.

"Get in." Kyle

"Ha?"

"Nobody, kailangan ko pabang tagalugin?"

Init ng ulo. Saka bakit ba nobody tawag nito sa'kin? Banatan kita sa lungs eh.

"Oo na. Sasakay na."

Narinig ko singhapan ng mga babaeng nasa may parking. Pa'no ba naman eh sumakay nga ko sa kotse ng kamahalan.

"Sino sya?"

"Oh my god! Don't tell me pinatulan sya ni prince Kyle?"

"Katapusan na ng mundo!"

"Anong meron sa babaeng yan?"

"Ginayuma niya ang prince natin."

Yan. Sari-saring sinasabi ng mga babae dun. Parang mga engot. OA magreact. Para nakasakay lang sa kotse, girlfriend agad? Aish.

Lalandi.

?
Kyle POV

Dito na kami sa National. Sinama ko si nobody para iuwi na din nya. Syempre sya gagawa ng project ko. Para san pa at slave ko sya? Tatanggi pa nga kanina.

Buti napapayag ko dahil sa talent fee. Mukhang pera 'tong si nobody. Ang dami na namin nabili. Kasi bumili na rin sya ng mga gamit nya. Nagulat nga ako kasi may mga ballpen at notebook pa.

Wala pa ba syang gamit? Ako puro coloring materials lang at illustration board para sa project. Dahil mabait naman ako, ako nalang magbabayad ng lahat pati yung kay nobody.

Wala man akong puso, mabait pa din ako.

Haha. Joke lang. Hindi ako mabait. Galante lang talaga ako. Wala na kasing mapaggamitan ng pera.

"Kyle ako na ang magbabayad nitong sa'kin." Sabi ni nobody

"Ako na. Kawawa ka naman. Mahirap ka pa naman."

Nang-aasar kong sinabi yan sa kaniya. Nag-pout sya.

Shit. Teka. Bakit parang..

Parang kakaiba yung na-feel ko. Shit, bakit parang naku-cute-an ako sa kanya pag nagpa-pout sya?

Erase.

Erase.

Hindi sya cute. Isa syang nobody. Aish! Binayaran ko na lahat. Potek naman!

"Hoy Kyle baka gusto mo'kong tulungang bitbitin ang mga 'to?" sabi ni nobody

"Slave kita di ba? Wala kang karapatang utusan ako." Sagot ko.

Babae man siya, slave ko pa din sya. Buhatin mo mag-isa!

"So rude."

Napatingin ako kay nobody. "May sinasabi ka?"

"Wala. Sabi ko ang gwapo mo."

Halata namang fake smile. Batukan ko 'to eh. Napahawak ako sa bandang puso ko. Iba talaga eh. Nasosobrahan na yata ako sa kape, ninenerbyos nako.

Pero teka?

Di naman ako nagka-kape.

Chapter 9 ?

Chelsea POV

Aish. Ilang araw na din ang lumipas..As always. Alipin pa din ako ni Kyle.

Utos dito, utos doon.

Wagas eh. Sabado ngayon at balak kong maglaba ng madudumi kong damit. Buhat ko na 'yung madudumi kong damit para sana pumunta sa labahan kaso..

Krrrrriiinnnnngggg!

Alam na! "Hello?"

[Pumunta ka sa bahay ngayon na.]

"Busy ako." Naku naman. Hindi pwedeng hindi ako maglaba eh.

[5k.]

toot toot

Bastos na nilalang. Kesyo 5k, 5k. Aish! Kainis talaga! Makapunta na nga! As if naman may choice ako.

Naku, Kyle namumuro ka na.

?

Kyle POV

Ang tagal naman ni nobody. Wag mo sabihing hindi siya pupunta? Lintik lang ang walang ganti. Napatingin ako sa pinto. May kumatok eh.

"Pasok!" sigaw ko.

Andito pa din ako sa harap ng desktop. Nanunuod sa youtube ng kung anu-ano.

"Problema mo na naman?"

Aba si nobody dumating. Takot pala sa 5k. Akala nya ha.

"Dito ka lang maghapon. Maglilinis ka, mag-aayos, gagawa ng assignment ko at aaliwin mo'ko dahil bored na'ko."

Trip ko 'tong gawing clown ngayon eh.

"Wow ha? Nilulubos mo yata ang pagiging alipin ko." Sarkastiko niyang sabi tapos tumuloy na sya dito sa kwarto ko.

Naupo sya sa couch. Ako naman nakatingin lang sa kaniya. "Hindi ka pa maglilinis?" tanong ko.

Nag-pout siya. Aish. Bakit kailangan pang mag-pout? Potek. Bigla tuloy akong nailang. Bwisit!

"Maglinis ka na nga!" sigaw ko saka sinuot ulit ung headset.

Bakit ba kasi ganito nararamdaman ko?

?

Adrian POV

Kabababa ko lang ng kotse ko. Andito ako kina Kyle. Boring kasi sa bahay kaya tatambay muna ako dito. Dire-diretso na'kong pumasok sa loob kasi kilala na naman ako dito. Dito nako sa harap ng pinto ng kwarto ni Kyle. Hindi ko na naman kailangang kumatok.

Pagbukas ko..

Chelsea? Bakit siya narito sa kwarto ni Kyle?

"Adrian?" banggit ni Chelsea

"Uyy.." sabi ko.

Naglilinis pala siya ng kwarto ni Kyle. Ito talagang si Kyle pahirap. Kala ko sa school lang slave, pati pala sa bahay. Eh ang dami dami naman nilang maid, hindi dun ipagawa. Kawawa naman si crush.

"Tss. Bakit ka andito?" tanong ni Kyle.

Parang masama pa ang loob niya na pumunta ako ah? Banatan ko kaya 'to? Hehe joke lang.

"Bored ako eh." Sagot ko.

Lumapit ako kay Chelsea. Binulungan ko siya. "Pagpasensyahan mo na si Kyle."

Nag-pout siya. Naman! Lalo siyang naging cute.

"Sanay na'ko dyan kay kamahalan." Sabi ni Chelsea.

Natutuwa talaga ako sa kaniya. Ligawan ko kaya? Siyempre joke lang. Crush lang naman, ligaw agad? Goodboy ako.

Napansin ko pawisan na si Chelsea kahit aircon naman ang kwarto ni Kyle. Aha! May panyo ako. Dinukot ko ang panyo ko sa bulsa ng short ko. Tapos pinunasan ko noo ni Chelsea .

O__O Chelsea
-___O Kyle

Hehe.

^____^ Ako

"Adrian.." Parang nahihiya si Chelsea.

"Napansin ko lang na pawisan kana kaya kita pinunasan." Nakangiting sabi ko.

"Ah okay." Mukha pa ding nahiya si Chelsea

Nagtuloy-tuloy sya sa paglilinis. Si Kyle babad na naman sa youtube.

"Ay, natapos din!" sigaw ni Chelsea.

Napatingin naman ako kay crush. Ayun tapos na. Makulit na nga lang 'to. Bored na'ko talaga eh.

"Crush." Tawag ko.

Nagba-blush ba'ko? HAHA

-___O Kyle
_____ Chelsea

"Anong sabi mo Adrian?" tanong ni Chelsea.

Aysus! Gusto talagang ultin. "Sabi ko crush." Nag-smile ako sa kaniya.

Si Kyle nakita ko sa peripheral vision ko na pasimpleng nakatingin samin. Tsismoso.

"B-Bakit?" Nauutal pa yata si crush.

"Kasi crush kita kaya mula ngayon, crush na itatawag ko sa'yo." Paliwanag ko.

Yan ang tinatawag na confident.

Gwapo ko eh.

?
Chelsea POV

"Kasi crush kita kaya mula ngayon, crush na itatawag ko sa'yo."

Hanla? Seryoso ba si Adrian? Crush daw nya ko? Ehhhhhhhhhhhhhhhh!

Wag!!! Kinikilig ako eh... Acheche!

Parang impossible namang magka-crush 'to sakin. Ang gwapo siya, mayaman tapos sikat sila sa school. Tapos ako, ordinaryong tao lang. Baka pinagti-trip-an lang ako.

"Adrian, wag mo naman akong pag-trip-an."

Eh kasi... Baka maniwala ako. Hehe. Nakerengkeng na talaga ako. Dalaga na'ko!

Magsasalita pa sana ako kaso hindi ko naman in-expect yung gagawin ni Adrian.

TSUP!

O_____O

Kyaaaaaaa! Did he..

Did he...

Did he kissed me?

Oh my God!

Oopppss...Kalma lang. Sa pisngi lang naman ako kiniss ni Adrian. Hehe. Pero kahit na, kyaaaa!!!

"KYAAAAAAAAAAAAAAAAA!! Adrian, bakit mo ako hinalikan??"

Ngumiti lang si Adrian sa'kin. Lakas makaloko nito. Pepektusan na kita dyan

Aish!

"Sabi mo kasi nanti-trip lang ako. Eh crush naman talaga kita. Napatunayan ko na. Maniniwala ka na?"

So totoo nga? Hanla? Kinikilig na naman ako. Shemay!

"Oo na lang. Psh."

Suko na'ko.

Baka kasi pag nagsalita pako, baka kung ano pa gawin ni Adrian. Pero, crush nya ko talaga daw eh?

Kiligmuch!

?
Kyle POV

Sarap batukan 'tong dalawang 'to. Ano ako, invisible man? Dito pa naglandian sa kwarto ko. At sa harap ko. Parang di man lang ako napansin.

Aish.

Ito talagang si Adrian. Ito namang si nobody, obvious na obvious na kinikilig. Sabunutan ko 'tong babaeng 'to. Makapag-youtube na nga lang. Hiyang-hiya naman ako sa dalawang 'to.

Kwarto ko 'to eh.

MAXIMUM VOLUME
??

Chapter 10 ?

Chelsea POV

Ayt. Puyat na naman ako.

Hikab

Lakad

Lakad

Lakad

Pppppfffffttt..

Busina yan. Napatingin ako sa kotseng tumigil. Hindi kay Kyle Aish, as if naman inaabangan ko si Kyle.

Kumunot noo ko. Kanino namang kotse 'to? Bumusina ulit 'yun kaya lumapit ako.

Si Adrian? Bakit?

"Sakay ka na crush!" yaya ni Adrian.

My gulay! Why so gwapo ba.

"Eh, wag na Adrian, nakakahiya." Sabi ko.

Syempre konting delikadesa muna. Haha

"Nah. Kaya nga ako dumaan dito para sa'yo." Sabi ni Adrian.

Oh that smile! Naman Adrian. Huwag ka mang-akit. Baka magpa-akit ako

Charot!

"Kaya ko ng maglakad. Sige na." Tanggi pa din ako.

Kahit papano may hiya pa din ako 'no! Bumaba si Adrian sa kotse nya tapos lumapit sakin.

"Ayaw mo talagang sumakay?" tanong ni Adrian.

Eh... sasagot pa sana ako ng biglang..

Bnuhat ako! Kyaaaaaaaa!

"Hoy, ibaba mo ako!"

Para akong timang na sigaw ng sigaw hanggang maisakay nya ko sa kotse niya.

Goosebumps!

Ano ba naman 'tong si Adrian? Grabe. Can't imagine na magagawa nya 'yun.

Pero ..

Kinilig ako. Haha.

"Gusto mo pa idaan kita sa santong paspasan." Sabi ni Adrian.

Pinaandar na nya ang kotse nya. Amp! Kinikilig ako.

"Lagi ka lang naglalakad papuntang school?" seryosong tanong ni Adrian.

Hindi niya inaalis ang tingin sa daan. Syempre baka mabangga pa kami

Hehe.

"Oo, malapit lang naman eh." Sabi ko

"Medyo malayo pa din. Kaya pala ang laki na ng muscles sa binti mo." Sabi ni Adrian.

Napahawak ako bigla sa binti ko. Tatawa-tawa pa 'tong si Adrian. Pektusan ko 'to eh.

"Aish."

Alam ko di naman ako ganoon kaganda at ka-sexy pero marunong din ako ma-conscious 'no?

"Mabuti pa, araw-arawin ko na ang sundo sa'yo niyan." Biglang sabi ni Adrian.

Ano daw? "Ha?"

Hanla bakit naman niya ko susunduin ng araw-araw? Boyfriend lang ang peg? 'Nak naman ng teteng! Kinikilig na naman ako.

"Para mapigilan na ang paglaki ng muscles dyan sa binti mo."

Seryoso ba talaga 'tong si Adrian? So talagang malaki na nga nag maskels ko sa binti? Waaaaaa.

?

Adrian POV

"Para mapigilan na ang paglaki ng muscles dyan sa binti mo."

Syempre kailangan ko ng dahilan. Hindi ko pa nga napapansin ang binti niya eh. Lagi naman kasing naka-pantalon Ahaha. Gumagawa lang ako ng dahilan para masundo ko siya lagi. Wala lang. Gusto ko eh.

Lalo na ngayon na nalaman kong araw-araw siyang naglalakad. Baka mamaya may bumastos pa sa kaniya.

Crush ko siya kaya po-protektahan ko siya

Yan ang goodboy! Ahehehhe.

"Huwag na, Adrian."

Ayan na naman siya sa huwag na.

"Sa ayaw at gusto mo, dadaanan kita palagi dito. Classmate naman tayo eh."

Seryoso ako ngayon. Feeling ko kasi kailangan ko siyang i-protect lalo na kay Kyle. Gago pa man din yung si Kyle. Lakas man-trip. Yayain ko nga 'to mamayang manood ng practice namin ng Tigers.

Ipapakilala ko rin siya sa team as my friend. Hindi as slave ni Kyle Ang gaan gaan talaga ng pakiramdam ko sa kaniya Aish kung ma-inlove man ako sa kaniya, hindi ko pipigilan ang sarili ko.

“Adrian naman.."

Sumilay ako saglit kay Chelsea. Hala? Nagba-blush? Ang cute! Ang pula ng pisngi niya. Hehe.

Lalo pa siyang namula. Kasi naman pula yung blouse niya. Bagay sa kaniya.

"Basta wala kang magagawa." Tumawa ako pagkasabi niyan.

Ting!!!!

Wag ka, sound effect 'yan. May bright idea kasi ako.

?

Kyle POV

Sa school..

Himala. Hindi sumabay sa'min si Adrian papunta dito sa room. Baka na-late 'yun ng gising.

"Kyaaaaaa!!!!!!!!!!!"

"Bakit sila magkasabay ni prince Adrian?"

"Oh my golly!"

"Shocks!"

Napatingin naman ako sa mga kaklase namin specially girls. Kung maka-react kasi wagas. Teka, si Adrian daw? Pagtingin ko sa may pinto,

Nanlaki mga mata ko.

Magkasabay sina nobody at Adrian? Anong meron? Aba 'tong si Adrian. Slave ko 'yan eh. Tch. Itong si nobody sarap batukan eh. Gustung-gusto! Aish. Bwisit.

"Hanep si Adrian, naporma na." puna ni Lance.

Tiningnan ko siya ng masama pero di ako nagsalita.

"Oh, Oh bakit ganyan ka makatingin?" tanong ni Lance.

"WALA!" sigaw ko.

Ewan ko ba, bakit ba ako naiinis? Eh kasi sabay sila, eh slave ko 'yang si nobody. Tama, naiinis ako kasi slave ko 'yan. Wala siyang karapatang matuwa. Aish.

"Hanep ka Adrian ah?" sabi ni Lance.

Kauupo lang ni Adrian sa tabi namin. Sa halip na sumagot si Adrian, ngumiti lang sya. Hwag mong sabihing seryoso 'tong ugok na 'to?! Dumating na yung prof.

Sabay kaming napatingin ni Lance kay Adrian nung nag-raise hand siya.

"Yes Mr. Buenavista?" sabi ng prof.

"Ma'am, can I sit beside Ms. Torres?" tanong ni Adrian.

Ano daw? At talagang lilipat pa siya ng upuan?

"Sure Mr. Buenavista. You can sit beside her. Mr. Lopez, lipat ka na lang ng ibang upuan." Sabi nung prof.

"Kyle okay ka lang?" tanong ni Lance.

Tuwang tuwa si ugok na tumabi kay nobody. Tch. Kunwari pa, kinikilig naman 'tong si nobody Paparusahan kita mamaya, makita mo!

"Hoy Kyle." Tawag ni Lance.

"Ayos lang ako."

Pero sa totoo hindi ko alam ba't inis na inis ako.

“Eh, bakit punit punit na yang papel mo?" tanong ni Lance.

Napatingin naman ako sa papel ko sa ibabaw ng desk.

Ba't punit punit na'to?

"Apektado ka ba Kyle?" tanong ulit ni Lance.

Ako apektado?

HINDI.

"Hindi 'no! Hindi lang talaga matibay ang papel na'to."

(?-_-) Lance

Anong sabi ko?!

Chapter 11 ?

Chelsea POV

Breaktime..

"Crush, tara sa tambayan. Dun na tayo mag-breaktime." Yaya ni Adrian

Ano ba naman 'tong si Adrian. Crush lang ba talaga ko nito. Well, katabi ko na sya ngayon dito sa room. Bale pinagigitnaan nila ako ni Janna. Ewan ko ba dyan.

"Eh, sabay kami ni Janna eh. Saka, nakakahiya sa kamahalan."

Kamahalan = Kyle

"Hindi yan. Isama mo nalang si Janna. Matagal ko na 'yang kilala. Elementary pa."

Tumingin sya kay Janna. "Di ba Janna?"

Kumunot yung noo ko kay Janna kasi naman para syang namumutla na ewan.

"Janna, may sakit ka ba? Namumutla ka." Tanong ko.

Syempre worried ako.

"Ah, hindi. Hindi. Wala 'to. He-he. " Nauutal na sagot ni Janna.

Alanganin pa yung tawa nya.

"Ano na?" Si Adrian parang naiinip na.

Eh kasi naman eh.

"Nobody tama si Adrian. Dun ka sa tambayan mag-breaktime para naman mapagsilbihan mo ako. Bilisan mo dyan. Sumunod ka na." sigaw ni Kyle.

Langyang Kyle bigla-bigla nalang magsasalita tapos kung maka-utos wagas!

Pagsisilbihan daw.

Psh.

"Oh narinig mo na ang kamahalan mo. Tara dali." Sabi ni Adrian.

Wala na akong nagawa. Paano ba naman hinila na'ko ni Adrian. Buti automatic yung isa kong kamay at nahila ko din si Janna. Awkward naman kasi kung ako lang. Saka kami lagi ni Janna ang magkasabay mag-break eh. Hindi ko naman siya syempre hahayaang mag-isa lang. Andito na kami sa tambayan ng tigers.

At raaawwwwrrrr! Ang dami ngang tigers!

Ang gugwapo. Yung iba nakita ko na last time. Madami pala sila.

"Hoy nobody ikuha mo ako ng graham sa ref." utos ni Kyle.

Panira naman 'to ng moment.

"Janna. Pagsilbihan ko lang ang kamahalan ko ha. Kwentuhan muna kayo ni Adrian."

Hindi ko magets si Janna. Namumutla talaga eh.

"Adrian, ikaw muna bahala kay Janna. Tinatawag na'ko ng kamahalan." Sabi ko.

"Sige ba."

Aish. Adrian ang gwapo mo na, ang bait mo pa, ang friendly mo pa.

IKAW NA!

Kumuha ako sa ref ng graham. Wow lang ha! Ang daming laman ng ref nila. May cake pa. Eh samantalang ako, kapag may birthday lang ako nakakatikim ng cake. Dito, pangmeryenda lang nila. Mayaman nga naman. Lumapit ako kay Kyle para ibigay 'yung graham na nilagay ko sa platito.

"Anong gagawin ko dyan?" tanong ni Kyle.

Aba? Di ba pinakuha ako ng ugok na'to?

"Sabi mo po ikuha kita ng graham kamahalan."

Konting timpi pa Chelsea!

Inhale

Exhale

"Oo nga." Sagot ni Kyle.

Yun naman pala eh. Ano bang nginangawa nitong si Kyle? Sabihin niyo lang, talagang babanatan ko na'to sa lungs! Promise!

"O bakit mo tinatanong kung anong gagawin mo dyan? Malamang kakainin."

Nakakapag-pilosopo ako ng wala sa oras eh.

"Alam kong kakainin yan. Subuan mo ako."

Ano?

"SUBUAN???" sigaw ko.

Exaggerated ba?

Ito kasing si Kyle eh. Napapasigaw ako rito. Langya.

"Naks, Kyle pa-simple ah!" sabi nung isang tigers. Alam ko Ken name niya eh.

"Style mo Kyle." Sabi nung isa ring tiger.

Napatingin ako kay Kyle na nakangisi sa'kin. What's with him?

"Subuan mo na ako dali." Pagsusungit ni Kyle.

Seriously? For real? "Eh, Kyle..."

Baka mamaya nanti-trip lang 'to eh.

"Hindi ba't alipin kita? Kaya pagsilbihan mo ako. Dali!" makapag-utos talaga si Kyle eh.

Seryso talaga sya?

"Hoy Kyle may mga kamay ka kaya hindi ka na dapat subuan ni Tweety girl." Sabat ni Adrian.

My knight in shining armor.

"Huwag kang makialam Adrian, slave ko 'to baka nalilimutan nyo. Kaya iuutos ko sa kaniya kung ano ang gusto ko." Sabi ni Kyle

Desidido talaga magpasubo? Napansin ko parang naiinis na si Adrian.

Naku, baka magkainitan pa. "Fine," sabi ko. Mabuti na 'yun, Slave naman nya ko talaga. Baka mamaya mag-away pa sila ni Adrian.

"Crush.." si Adrian.

"Okay lang Adrian." Sabi ko agad.

Aish. Pasalamat ka talaga Kyle.

?

Kyle POV

Eh bakit ba sila nakikialam? Gusto ko magpasubo eh. Para saan pa at nag-alipin ako? Mukhang naiinis na nga sa'kin si Adrian. Masyado siyang concern kay nobody.

Aish. Boyfriend ka ba? Kung maka-react!

Nakaupo na ngayon sa tabi ko si nobody dito sa couch.

"Oh," si nobody.

Tinutukoy niya yung graham. Susubuan na kasi niya ako.

Ngumuya ako ng masarap.

Sarap naman talaga 'pag may alipin.

"Isa pa.."

Ang sarap ng graham

"Tss." Umingos pa si nobody.

"Are you mocking at me?" tanong ko. Para kasing may binubulong-bulong pa eh.

Napapa-english ako eh. Sa halip na sumagot, sinaksak niya sa bibig ko 'yung kutsara.

"Aray naman, papatayin mo ba ako nobody?" Sinigawan ko siya.

Ito namang si nobody pa-inosente.

"Patay agad?" sarkastikong sabi ni nobody.

Namimilosopo na'tong babaeng 'to ah. "Pinipilosopo mo ba ako?"

Sumimangot siya which I find it cute. Ahhh! Hindi. Hindi siya cute.

"BUSOG NA AKO." Kumakabog na naman ang dibdib ko. Langya

Nakatingin lang siya sakin. Naksimangot pa.

"IKUHA MO NGA AKO NG MINERAL!" Napapasigaw tuloy ako ng wala sa oras.

Takbo tuloy agad si nobody sa ref. Haha. Pero ano ba 'tong nararramdaman ko. Badtrip.

Chapter 12 ?

Chelsea POV

5

4

3

2

1

TEEENNNGGGGGGG!

Yes, uwian na.HAHA. Nag-countdown lang ako para maiba naman. Boring kasi 'yung last subject, PHILOSOPY OF MAN.

Aish!

"Crush."

Napatingin ako kay Adrian Oo si Adrian. Siya lang naman ang tumatawag sa'kin ng crush eh.

“Uyy.."

Binalik ko 'yung tingin ko sa gamit ko kasi inaayos ko pa.

"Sama ka sa'kin." Sabi ni Adrian.

Ano daw?

"Ha?"

"Sabi ko sama ka sa'kin. Nuod ka ng practice namin sa court." Yaya ni Adrian.

Waaaaa! Never ko pa na-try manood ng practice ng basketball. Pang-LIGA lang yung napapanood ko. Sasama ba ako? Eh baka may iutos sakin si kamahalan.

"Kung si Kyle ang iniisip mo, wag kang mag-alala kasama siya sa practice."

Ay oo nga pala. Siya nga pala team captain. Shunga ko talaga.

“Sige, sige!"

Si Janna nga pala nauna na. Ewan ko ba dun. May sakit yata? Pero sabi niya okay lang siya.

"Sige."

Wala naman kaming assigments eh. Natutuwa talaga ako dito kay Adrian, super gentlemen niya. Tapos ang bait bait pa. Opposite ni Kyle.

Naglalakad na kami papuntang gym. Nung makarating kami dito sa loob, namangha ako. Ang ganda ng court.

At...

At ang daming tigers nga!

Sila yung nasa tambayan kaninang breaktime

"Hi Chelsea." Si Ken.

Kumaway lang ako.

"Hoy nobody, bakit ka andito?" sigaw naman ni Kyle.

Panira talaga lagi ng moment 'tong si Kyle "Niyaya ako ni Adrian. Nagpapalit lang siya ng damit sa CR. Masama ba?" tanong ko. Ako pa ang susungitan nito.

"Tss."

Aba tinalikuran ako. Hmmp! Susuntukin ko na sana eh.

Hehe.

"Ikaw pala si Chelsea." sabi nung lalaking gwapo din.

Hello..." nakangiting sagot ko.

"I'm Drei."

Nagsilapitan pa yung iba.

"I'm Lyndon."

"I'm Jerome, kilala mo na'ko."

"I'm Luke."

"I'm Cavill."

"I'm Oliver.

"And last but not the least, I'm Kit."

Nakakatuwa naman sila. Ang ga-gwapo na, ang babait pa.

"Hello sa inyong lahat. I'm Chelsea."

Nag-ngitian sila.

Kyaaaaaaa!!

Nanghihina na ang tuhod ko. Bakit ang gu-gwapo niyo?

"Back to practice! Ano pang tinutunganga nyo dyan?" Sigaw yan ni Kyle.

Panira talaga Aish.

?

Kyle POV

Ano ba talagang balak ni Adrian? Nagiging close na yata sila ni nobody ah. Aba, aba biglang naglapitan ang team kay nobody. Lakas makahatak nitong si nobody.

Tss.

"Back to practice! Ano pang tinutunganga nyo dyan?" Sinigawan ko sila.

Nag-iinit ang ulo ko. Si nobody naman ayun naka-pout. Kutusan ko 'tong babaeng 'to. Gustung-gustong pinapalibutan eh. Napansin kong lumapit na si Adrian kay nobody. Nagpaalam yata na magpa-practice na. Naupo siya sa isa sa bench. Nagsimula yung practice. Pahinga muna ako. Sila muna. Napatingin ako kay nobody. Ewan ko ba ba't di ko mapigilang mapatingin sa kaniya.

Focus na focus ang tingin niya kay Adrian. Bawat galaw nakasunod ang tingin. Aish!

"Hoy nobody!" Sinigawan ko nga

"Oh, bakit?"

Galit pa yata. "Kunin mo 'yong mga towel ng team sa may locker."

Utusan ko muna 'to kesa tingin lang ng tingin kay Adrian. Nag-pout na naman siya.

"OPO!!!"

Masama pa yata ang loob. Alipin ko siya eh, Bakit ba? Maya-maya natapos din ang practice. Nang mapalingon ako kay nobody parang hindi ko nagustuhan ang nakita ko.

Pinupunasan niya ng pawis sa likod si Adrian. Si Adrian naman ngiting-ngiti. Sarap pag-untugin. Hilig maglandian sa harap ko.

"Hoy nobody!" Tinawag ko siya para sira ang moment nila.

HAHA! AKO PA BA??

"Bakit po kamahalan?" tanong ni nobody

Masunurin. "Punasan mo likod ko. Pawis na pawis nako 'oh!" tinuro ko pa yung tumutulong pawis ko sa noo.

Sumimangot siya. As always.

"Wala ka bang kamay?" nakasimangot na sabi ni nobody

Ginagalit ba'ko ng babaeng 'to? Bakit si Adrian? Wala bang kamay? Bakit ba minsan ang bait ng babaeng 'to, minsan ang sungit.

"5k."

Syempre magic word.

"Ay nako Kyle. Akina nga." Sabi ni nobody

Inagaw pa niya towel, walang ka-sweet-sweet. Masama pa loob! Pinunasan na niya likod ko. Woooh! Sarap sa pakiramdam.

Hehe.

Napatingin ako kay Adrian at iba ang tingin niya sa'kin. Selos? Eh, wala eh. ALIPIN ko 'to.

?

Janna POV

Nakakainis. Kailangan ko pa tuloy magdahilan kanina kay Chelsea na may lakad pa. Ang totoo kasi niyan.

Malaki ang pagka-gusto ko kay Adrian. Oo, since elementary naging crush ko na siya Super bait kasi nya. Super gentlemen. Lagi pa niya ko pinagtatanggol sa mga nang-aaway sa'kin non.

At nakaclose ko naman siya non kasi katabi ko siya sa upuan. Ang tagal na. Lumipas na ang highschool pero hanggang ngayon, gusto ko pa din pala siya. Kahit sa Japan ako nag-highschool hidni ko pa rin naiiwasang i-stalk ang FB profile niya.

Kung dati super cute niya,

Ngayon, super gwapo na. Lalo tuloy akong na-i-inlove. Nagiging close na yata sila ni Chelsea pero no hard feelings naman. Mabait naman kasi talaga si Chelsea. Nahihiya lang ako talaga kay Adrian kaya halos mamutla ako 'pag nakakaharap sya. Di bale, mas okay na ring maging friend ko ulit siya.

Ayoko namang aminin sa kaniyang may gusto ako sa kaniya. I will pretend na lang na hindi ako apektado sa presensiya niya.

Sana kaya ko!

Chapter 13 ?

Chelsea POV

Alas sais na pala. Nanuod pa kasi ako practice nina Adrian. Speaking of Adrian, natutuwa talaga ako sa kaniya.

Hehe.

Nag-i-insist nga na ihatid ako. Sabi ko lang may dadaanan pa'ko.

Dito ako mall. Tinawagan kasi ako ni Janna na magkita kami. Naglalakad ako dito sa loob. Hinahanap ko si Janna. Ay, ayun!

"Janna!"

Lumingon siya agad then she smiled at me.

"Tara dali."

Yung totoo Janna? Bakit ang hilig mo manghila? Tumigil kami dito sa beauty section ng department store.

"Anong gagawin natin dito?" Tanong ko kay Janna.

Curious ako. Wala kasi akong hilig sa mga ganito.

"Ibibili kita. Dapat matuto kang gumamit ng mga 'to." Sabi ni Janna.

What? Ako gagamit? Hindi nga ko sanay. Wala naman kasi akong pambili dati. Ngayon may pera na'ko pero diko alam ano bibilhin kasi dina ko familiar sa mga ganito. Yung sahod ko nga pala kay Kyle na 5k a day, napag-usapan namin na every friday nalang nya bigay. Bale 25k siya.

Ayos. Kaya dapat pakabait ako kay Kyle. Kahit minsan gusto ko na siyang lunurin sa sumusulak na tubig. Joke lang. Ang galante lang talaga ni Kyle.

Mayaman eh.

Tagal ko na pala nakatunganga. Nakabili na agad si Janna.

Lakad

Lakad

Lakad

Nakarating kami sa food court. Umupo kami at pinakita ang mga binili sa'kin.

Ang dami at ang gaganda. Ang bilis nya yatang mamili kanina eh ang dami nito?

“Sakin lahat 'to?" I asked her amazingly.

"Yeah." Janna smiled at me.

Mas excited pa'to sakin na gamitin ang mga binili nya. Eto yung list na binili nya sakin:

Extract Papaya Lotion
Eskinol
Ponds Whitening Cream
Tender Care Powder
Iwhite
Loreal Foundation
Loreal lipstick
Loreal eye pencil
Loreal eye brow
Loreal cream
PH care
BB Cream
Make up remover
Wipes

Kyaaaa! Hindi ako pamilyar sa mga 'to. Kung nagtataka kayo ba't ko nasabi yung list, pwes nakatingin kasi ako sa receipt.

Haha. Pero nang tingnan ko 'yung price, nahiya na naman ako kay Janna.

"Janna di naman ako marunong gumamit ng mga 'to."

Pero kung tutuusin na-e-excite ako sa mga binili ko. Sa kwarto ko kasi, tanging polbo lang ang nakapatong sa side table ko ang ginagamit ko. As in yun lang.

Sa palengke ko pa yun nabili. Hindi naman ako marunong mag-ayos.

"Tuturo ko sa'yo lahat yan okay? Buti pa sama ka sa bahay ngayon." Sabi ni Janna

Hanla? Baka mamaya may ipagawa si Kyle. Init pa naman ng ulo nung kumag na 'yun.

"Wait. Tawagan ko muna si Kyle." Sabi ko

Dinukot ko na iphone ko sa bulsa ng pantalon ko.

"Parang boyfie ha? Kailangang magpaalam muna?" Janna gave me a weird smile.

Adik 'tong si Janna.

"Hello Kyle."

[Kelan ka pa nagkaroon ng karapatan na tawagan ako?]

Psh. PMS? Sungit eh.

"Itatanong ko la---"

Toot toot

Ay tae! Bastos. Binabaan ako? Problema nun? Wala talagang modo.

Nag-dial ulit ako.

"Kyle, wag na wag mong ibababa!"

[You're disturbing me! ---*Who's that ba Kyle?]*

Ano yun? Husky voice ng babae? Malanding boses?

Yuuuuucccckkkk!

Si Kyle may ginagawang kababalaghan. Kaderder! Ignorante man ako, siyempre gets ko naman yun.

"Ge Kyle. Bye."

[Kyle!!!! End that call.]

Hindi ko na nahintay magsalita si kyle. Malamang naaabala ko nga sila. Nadidiri ako. Haha. Lalaki naman kasi siya. Nature na nila yun. Nasa itsura naman ang maging playboy.

Ay naku.

Ibig sabihin free ako ngayon. Busy sya eh. Pero..

Nadidiri ako tlaga. Ahahaha.

"Ano yun?" Janna asked me with her confused look.

"Ah, wala. Wala. Tara na?" Niyaya ko na si Janna.

Ayoko isipin yung narinig ko. Nadidiri talaga ako. Eeeeewwwww!

?

Kyle POV

Andito kami sa bar. Nagkayayaan tigers eh. Akala ko nga yayayain pa ni Adrian si nobody. Pag nagkataon, uutusan ko lang syang umuwi na. Masyado pa syang ignorante.

Haha. Pulaero ako eh. Naiinis nako sa mga babae dito. Kanina pa yaya ng yaya magsayaw. Di ako marunong saka alak ang pinunta ko dito. Hindi babae.

Ang tigers kanina pa nagsasayawan at nag-e-enjoy kasama ang mga babae. Aish. Napatingin ako sa cellphone ko.

Nobody calling..

Aba, at ano namang nakain nito at tinawagan ako?

[Hello Kyle.]

"Kelan ka pa nagkaroon ng karapatan na tawagan ako?"

Syempre masungit ako. Haha. 'Nak ng teteng palapit na naman si KC. Kanina pa'ko nilalandi nito eh. Di ko sya type.

[Itatanong ko la---]

End call

Pinatay ko na. Kunwari masungit.

Tumunog ulit cellphone ko

Nobody calling..

Ulit? Ano bang kailangan nitong babaeng 'to?

[Kyle, wag na wag mong ibababa!]

"You're disturbing me!"

Sinigawan ko na sya. Epal kasi. Patawag-tawag pa. Bakit hindi si Adrian ang tawagan nya?

“Who's that ba Kyle?" si KC habang nilalandi ako. Husky voice pa sya. Nang-aakit.

Para namang napakaganda nya. Kapal kapal ng make up.

[Ge Kyle. Bye.]

Tingnan mo 'to tatawag-tawag tapos ge daw? Baliw.

"Kyle!!!! End that call." KC shouted at me.

"Wala kang karapatang sigawan ako!" sigaw ko.

Badtrip 'tong babaeng 'to. Feeling ba nya boyfried nya ko?

"Sorry Kyle. I just want you to notice me." Sabi ni KC.

"Sorry din pero hindi kita type. And please? Stop lingering around me? Nahihilo na ako sa'yo. Ayokong makita yang mukha mong parang hinilamos sa harina!"

Pagkasabi ko nyan lumabas na'ko ng bar. Ayoko na. Uuwi nako.

Chapter 14 ?

Kyle POV

Sa bahay..

Medyo hilo ako. Nakainom eh. Pagpasok ko sa kwarto ko, napaupo talaga ako sa hilo. Aish. Buti nakauwi pako ng ayos. Dinukot ko cellphone ko sa bulsa ng pantalon ko.

Dialling Nobody..

[At bakit naman?]

Ayos pambungad ah. Pektusan ko kaya 'tong babae na ito? “Pumunta ka dito sa bahay.” utos ko.

Kailangan ko ng alipin. Bakit ba kasi ngayon ko lang naramdaman yung pagkahilo.

[Busy ako]

Aba choosy.

“5k”

[Kainis ka Kyle! Kanina tinatawagan kita tapos ngayon tatawag ka!]

Galit pa? Tae naman. “5minutes. Pag wala ka pa, you’re dead!” Pinatay ko na tawag.

Bwisit! Pag ganitong nahihilo na talaga ako eh
Sinandal ko muna ang ulo ko sa head rest ng couch ko Maya-maya napatingin ako sa relo, 6 minutes na. Wala pa din ang baliw na 'yun.

Tok Tok

“Pasok!” sigaw ko

Nahihilo talaga ako Pagbukas ng pinto, slow motion akong tumingin kay Nobody

O_____O

Teka? Si nobody ba 'to? Lasing na ba talaga ako? Hindi na ako nakakakilala? Umiling-iling ako. Si nobody 'to eh.

“Aray!!” paano ba naman, binatukan ako.

“Ano bang nangyayari sa'yo? Para kang timang kung makatingin dyan.”

Si nobody nga? Hala. Nag-iba itsura. Gumanda. Aish! Bakit ko ba yan pinupuri?

“Lasheng ako.”

Iba na salita ko. Hehe.

“Halata nga. Bakit mo ba 'ko pinapunta dito?” iritadong sabi ni nobody.

“Teka muna, bakit parang nagbago itsura mo?”

Nagtataka talaga ako. Pinagmasdan ko siya. Parang may powder tapos may ma-black sa mata niya e. Tapos naka-lipstick.

Ang bango pa niya.

“Inayusan ako ni Janna eh. Panira ka talaga ng moment.” sabi ni nobody

Kung maka-reklamo talaga 'to walang patawad.

“Hoy, wala kang karapatang magreklamo.”

Nahihilo ako.

“Sabi ko nga.”

Wala pa akong inuutos pero napansin kong iniimis-imis nya yung mga kalat.

" Hoy nobody!”

Tinawag ko siya. Humarap naman siya agad.

Ang ganda talaga nya!

“Ano?!” sigaw ni nobody.

“Bakit ba highblood ka?”

Wala naman akong ginagawang masama. Pag si Adrian, laging nakangiti. BIAS. Ako amo niya eh.

“Open mo facebook ko tapos accept mo lahat ng friend request.”

HAHA. Wala akong maisip na iutos eh. Gusto ko lang naman talaga siyang papuntahin.

Ewan ko ba sa sarili ko.

“Adik ka ba Kyle? Hindi ako marunong mag-facebook!”

Ano daw?

“Anong klaseng nilalang ka ba talaga?”

Putek. Hindi marunong mag-FB? Seriously?

“Sorry mahirap lang.” sarkastiko niyang sabi sabay pout.

POUT

POUT

POUT

Wag kang gumanyan. Tch. Naku-cute-an ako eh. “Anong silbi mo? Facebook lang di mo pa magawa?!” napapasigaw tuloy ako eh

Hilo pako niyan.

“ANO BANG MAGAGAWA KO KUNG HINDI AKO MARUNONG MAG-FACEBOOK?”

Sige sigawan kami. Ang layo namin sa isa't isa oh.

“WALANG KWENTANG ALIPIN!”

Pagkasabi ko nyan, biglang lumapit sakin si nobody at...

“Aray naman!!!!!!”

Piningot ako sa tainga. NOBODY! Namumuro kana!

“Yan dapat sa'yo! Matuto ka ngang gumalang sa babae.” sigaw ni nobody saka tinuon ulit pansin sa pag-aayos ng kalat

Napahawak ako sa tainga ko, masakit yun ah. Aish. Pasalamat ka may tama ako ngayon. Patay ka sakin bukas!

?

Chelsea POV

Nakatulog na ang ugok. Saan ba yan galing at nalasing? Parang kanina lang may kasamang babae tapos ngayon lasheng? Aish, nahahawa na ako kay Kyle.

Lasing pala.

Hindi lasheng.

Naimis ko na lahat ng kalat. Napatingin naman ako kay Kyle na nakasandal lang sa couch. Nilapitan ko sya. Gigisingin ko na sana kaso napa-stop naman ako kasi napatitig ako sa mukha niya Guwapo talaga siya eh. Super gwapo as in. Titig lang ako sa mukha nya

Ang kinis kinis...

Parang naka-lipstick, ang pula ng lips eh. Bawat parte ng mukha nya tinitingnan ko. Hindi sya nakakasawang titigan.

Mula noo

Ilong

Pisngi

Mata

Pilikmata

Labi

O_____O

"Tutunawin mo ba 'ko?"

Kyaaaa! Nagising si Kyle. Lapit na lapit pa naman mukha ko. Nakakahiya! Napaurong na lang ako at tumakbo palabas ng kwarto nya. Nakakahiya talaga. Ang lakas ng kabog ng dibdib ko! Makauwi na nga!

Ayoko harapin si Kyle. Masyado ba akong obvious sa pagtitig kanina? Ohmygulay! Nagtutulug-tulugan lang ba ang kumag na 'yun? Aish. Ano ba 'yan!

Palabas na sana ako ng main door ng mapatingin ako sa iphone ko.

May nagtext eh.

From: Kamahalan
Bumalik ka ditto sa kwarto ko. In 10 seconds at wala ka pa, tatawagan ko si Papa. Alam mo na.

Amputek! Automatic akong napatakbo pabalik ng kwarto ni Kyle. Badtrip. Nahihiya na nga ako dahil sa pagtitig ko kanina sa kaniya. Bahala na nga Binuksan ko na 'yung pinto, walang katok katok

Pero pagbukas ko..

O_____O

Kyaaaaaaa!!!!! Sinara ko ulit yung pinto. Ano ba naman 'yan Kyle!

Bakit..

Bakit..

Bakit naka-boxer lang sya at topless?? Inosente pa ang mga mata ko, my golly! Agad naman akong napatingin sa pinto ng bumukas yun at iniluwa si Kyle na ngayon ay naka-wardrobe na.

“Pasok.”

Hanla? Niyakap ko ang sarili ko. Kasi naman habang sinasabi nya yun, pupungay-pungay pa mata nya.

“Kyle, wag..”

Naku, may balak pa yata 'tong si Kyle sakin. Lasing pa naman ang isang ito.

“Pasok.” ulit nya

Hanla? Pumasok daw ako talaga. Ayaw… Lalo kong niyakap ang sarili ko.

“ARAY NAMAN KYLE!!”

Tae, binatukan ako.

“Ano bang iniisip mo? Kailangan ko pa bang ulitin? MAY TASTE NAMAN AKO!” Kyle said as he enter his room.

Sorry naman. Akala ko pagsasamantalahan nya 'ko eh. Pero, teka…

“HOY KYLE! MAY TASTE DIN NAMAN AKO 'NO!”

Hmp! Akala niya kung sino siyang gwapo.

“Bilisan mo na lang dyan. Imasahe mo ulo ko.” Utos ni kyle pagkatapos ay sumandal ulit siya sa couch.

I-masahe?

“Hindi ako marunong.” Kunwari lang. Hehe natatamad ako. Baka mamaya mapatitig na naman ako sa mukha niya. Kakahiya kaya.

Ikaw kaya mahuli ng lalaking nakatitig ka sa mukha niya? AWKWARD diba?

“ANO BA TALAGANG KLASENG NILALANG KA?”

Ayan na, sumisigaw na naman siya. Nakalunok yata 'to ng megaphone eh. Nag-pout lang ako.

Ehhhh kasi naman.

“USELESS SLAVE!”

Ako useless? Aba, aba. Para na rin nyang sinabing sinasayang nya lang binabayad sa'kin ah? Kahit kailan hindi ako naging useless! Lumapit ako sa kaniya at sinimulang masahihin ang ulo niya.

Pagkatapos, hindi ko napigilan ang sarili kong iuntog ang ulo niya sa pader dahil sa sobrang inis ko. Nagdugo yung ulo ni Kyle tapos nawalan siya ng malay at nalagutan na ng hininga. Syempre joke lang yun. Imagination ko lang yun.

Minamasahe ko pa din siya. Aba, mukhang sarap na sarap ang kumag ah. Syempre magaling yata ako mag-masahe, sideline ko din 'to sa matatanda sa kapitbahay namin eh.

Ilang minuto na rin ang lumipas at napansin kong nakatulog na talaga si Kyle. Masakit siguro talaga ulo nito, sabagay naglasing kasi.

Kawawa naman sya. Nag-iwan na lang ako ng note sa kaniya bago umalis.

Chapter 15 ?

Kyle POV

Maaga akong nagising. Napahawak agad ako sa bandang ulo ko kasi ang sakit. Aish. Teka, si nobody kaya? Andito siya kagabi eh. Hindi man lang nagpaalam sa'kin. Sumigaw ako sa intercom.

“BUTLER! Gutom na ako!”

Alam ko after 5 minutes dadating na din ang pagkain. Takot nalang sa'kin ng mga tauhan dito sa mansion. Oo nga pala, kung mapapansin niyo. Palagi akong mag-isa, I mean oo madaming katulong pero sa family, ako lang lagi dito.

Patay na si Mama, 5 years old palang ako no'n. Yun ang sabi ni Papa, sa abroad na daw namatay si Mama eh? Pero kahit kailan, hindi ko nakita yung bangkay niya. Ayaw daw kasi ipakita sa'kin ni Papa, ewan ko lang kung bakit. Si Papa naman busy lagi sa kompanya namin.

Ako eto, taga-waldas ng kayamanan namin. Ito nalang kasi kasiyahan ko. Lahat ng gusto ko nakukuha ko.

Dati, malungkot talaga ang buhay ko. Pero ngayon natuto akong sumaya kahit mag-isa lang. May mga kaibigan naman ako. Ewan ko nga kung bunga yun ng pagiging salbahe ko ngayon. But I’m proud to be.

Salbahe na kung salbahe.

Walang modo na kung walang modo

Pusong bato man o bastos ang itawag nila sa’kin, WALA AKONG PAKIALAM.

Buhay ko 'to. Walang pwedeng makialam maliban sa tatay ko.

Bago pa 'ko maiyak sa pagda-drama, dumating na rin si Butler kasunod yung waiter dala ang pagkain ko. Tama, may waiter ako dito. Taga-hatid ng pagkain ko. Madalas kasing dito ako kumakain sa kwarto ko.

Paano ba naman. Sampung tao yata ang kasya sa dining table namin tapos mag-isa lng akong kakain, masyadong alone. Kaya dito na lang.

Napatingin ako kay Butler kasi parang natatawa siya.

“Anong nakakatawa?” sigaw ko.

Itinuro niya yung bandang noo ko. Napatingin naman ako at napahawak sa noo ko. May post-it note sa noo ko, kulay pink pa. Putekk! Alam ko na sino gumawa nito.

“Umalis na nga kayo!” sinigawan ko yung dalawa.

Nang makalabas na sila, tiningnan ko kung anong nakasulat sa post-it notes.

Dear Kamahalan,

Umuwi na ako. Hindi na ako nagpaalam dahil tulo laway kayo kung matulog. Nahiya naman akong abalahin kayo sa paglalaway.

Nagmamahal,
ALIPIN.

AAISHHHH! Baliw talaga ang babaeng yun! Hindi naman tumutulo laway ko pag natutulog ah? Pinapainit niya ang ulo ko. Buwisit.

Tinuon ko nalang pansin ko sa pagkain ko tapos pumunta ako sa desktop. Habang kumakain, nagcheck muna ako ng facebook.

FRIEND REQUEST (2,456)
MESSAGES (874)
NOTIFICATION (9,451)

Langya naman.

Ka-o-open ko lang nung isang araw ganito na agad kadami? Putek naman. Tiningnan ko wall ko. Kaya pala ang daming notifications. Puro daming post sa wall ko ng kung sinu-sinong babaeng diko kilala. Karamihan taga-school.

Naaalala ko si nobody. Talaga bang hindi siya marunong mag-FB? Ignorante talaga. Nagcheck muna ako saglit ng message. Baka may importante eh.

Scroll

Scroll

Scroll

Oops, balik.

May isang message na nakakuha ng attention ko. Walang picture at ang name lang nya ay Anonymous.

Anonymous
I miss you Kyle. Soon.

Ano daw? Sino naman kaya 'yun? Bago pa ako mag-isip napatingin ako sa oras sa desktop. Ay shit! Male-late pa'ko.

?
Chelsea POV

As usual, sakay ako sa kotse ni Adrian. Gusto niya din ako ihatid pag-uwi kaso nagdadahilan na lang ako kasi kakahiya din saka mas gusto ko sabayan si Janna pauwi. Sabi nga ni Janna, girls bonding.

Lagi nya ko sinusundo. Ang bait nya talaga. Baka mamaya, ma-in-love pa'ko sa kaniya. Kyaaa! Crush ko na nga sya eh.

“Okay ka lang?” Adrian asked me

Kumunot noo ko. “Oo naman.”

Bakit naman nya tatanungin kung okay lang ako? Wala naman nangyaring kakaiba? Adik 'tong si Adrian.

“Hindi ka ba masyadong nahihirapan kay Kyle?” he asked seriously.

Teka, may problema ba o concern lang sya? Sabagay alam naman kasi niya gaano kasama ugali ng kaibigan niya. Hehe.

“Hindi naman. Actually, swerte ko pa din kasi sumasahod naman ako sa kaniya. At least nakakapagtuon na'ko sa pag-aaral. Hindi ko na kailangang magside-line sa iba. Hindi naman mahirap mga utos ni Kyle.” Paliwanag ko.

“Good for you. Matanong ko lang, where’s your parent? Bakit kailangang magtrabaho ka pa?” seryoso pa din si Adrian.

“They’re gone. Ulila na ako. Sa Tita ko na ako lumaki. Wala rin akong kapatid. Kaya nga, binubuhay ko sarili ko. Pasalamat nga ako kay Tita kasi pinatira nya ko sa bahay nila, pero kapalit nun, tutulong ako sa karenderya anytime. Kahit pa mapuyat ako, ayos lang.”

Aish parang ayoko ng usapan namin. Baka maiyak pa'ko nito eh.

“Bakit hindi ka umupa?”

“Ang mahal mahal kaya kung uupa ako ng bahay. Kaya pagtityagaan ko na rin dun sa Tita ko.” Tumawa pa'ko para mag-cool-down naman.

Super seryoso ng usapan namin eh.

“Malaki naman bayad sa'yo ni Kyle di ba?” diretso lang ang tingin niya sa daan habang nagda-drive.

“Kahit na, masyado akong maraming pangangailangan. Isa pa, hindi naman pang-habambuhay ang pagiging slave ko kay Kyle, after almost 3 months, matatapos na kontrata. Ibig sabihin, wala na ulit akong pera. Kung uupa ako, paano na ako makakabayad diba? Hindi naman kakayanin yun ng mga sideline ko kasi simpleng sideline lang napapasok ko.”

Tama naman naisip ko eh. Kung aalis ako ngayon kay Tita at mangungupahan, mababayaran ko naman pero after 3 months, wala na'ko pambayad kasi hindi nako su-swelduhan ni Kyle nun dahil tapos na kontrata.

“Kelan birthday mo?”

Napatingin ako sa kaniya. Iba usapan tapos bigla-bigla tatanungin birthday ko? Kelan nga ba?

“October 25.” Mabilis kong sagot.

Saglit siyang nag-isip. “Next next week na pala yun.”

“Next next week na ba? Hehe. Ewan, di naman ako excited sa birthday ko.”

Nalungkot ako bigla. Never pa'ko nag-celebrate ng birthday ko. Yung tipong may handa tulad ng iba? Lagi lang akong pumupunta sa puntod ng magulang ko. Magdadala lang ako ng ensaymada na nabibili ko sa palenge saka softdrinks. Yun na, dun na'ko maghapon.

Ni hindi ko pa nga naranasang makatanggap ng gift. Kahit sina Tita, hindi naaalala birthday ko. Hindi naman makapal mukha ko para ipagsigawan pa sa kanila 'pag birthday ko.

Minsan nga inggit talaga ako kay Charisse kasi kahit maliit na salo-salo, may handa pa din sya at may cake pag birthday niya.

“Bakit naman?” Parang di siya makapaniwala.

“Wala naman kasi akong pera. Wala na din akong magulang para ipaghanda ako. He-he!”

Kakaiba si Adrian. Parang ang lalim ng iniisip.

“Ah okay. Andito na tayo sa school.”

Napatingin ako sa bintana ng kotse. School na pala agad kami. Sabagay, lapit lang naman.

?

Adrian POV

Andito na kami sa school. Pinauna ko na si Chelsea sa room kasi sabi ko dadaan pa'ko sa tambayan.

Seriously, naaawa ako kay Chelsea. Napakalungkot pala ng buhay niya. Swerte pa rin ako. May pera ako, may magulang at masaya ang buhay samantalang siya..

Tch. Napapailing na lang ako. Pero lalo akong humanga sa kaniya kasi sa halip na maging alone siya at maging malungkot, nakukuha pa rin niyang ngumiti.

Isa siyang palaban na babae.

Ting!

May naisip ako. Hehe. Sana sa naisip ko, mapasaya ko si Chelsea kahit isang araw lang. I don’t want to see her sad. Mas okay na 'yung lagi siyang masaya at nakangiti.

Mas bagay sa kaniya ang maging jolly person. Isa kasi yun sa nagustuhan ko sa kaniya.

Abangan mo Chelsea, papasayahin kita!

Chapter 16 ?

Kyle POV

Kapapasok lang namin dito sa room nina Lance. Napansin ko si nobody, naka-ub-ob sa desk niya. Si Janna, wala pa. Si Adrian naman parang timang na pinapanood si nobody.

Ting!

Kinalog-kalog ko yung upuan ni nobody at in instant nagising siya.

"Ano ba?" Sigaw niya.

"Kyle, ano ka ba naman." Sita sakin ni Adrian.

Hindi ko pinansin si Adrian bagkus ay tumingin ako kay nobody at nginitian siya ng nakakaloko.

"ANONG NGINGITI-NGITI MO DYAN?" Sigaw niya.

Highblood 'tong si nobody.

"Ikuha mo ako ng coke in can sa tambayan."

Utusan ko ng mawala ang antok. Haha

"Seriously Kyle?" Hindi makapaniwala si nobody sa utos ko. Akala yata nito binibiro ko siya.

Tss.

"Mukha ba akong hindi seryoso? Dalian mo, nauuhaw na'ko!" Sigaw ko sa kaniya.

Nag-uusok na ang ilong nya sa inis. Hindi ko tuloy mapigilan matawa.

"Ang sama mo talaga!" Sigaw nya sabay takbo palabas. Susunod din pala, dami pang sinasabi.

"Lakas ng trip mo Kyle." Pinagtatanggol na naman nitong si Adrian si nobody.

Ngumisi lang ako saka sumandal sa upuan.

?

Chelsea POV

Takbo

Takbo

Takbo

Hingal na hingal ako ng makarating dito sa tambayan ng tigers. Takbuhin ko ba naman mula room hanggang dito?

Arghhh! Ang salbahe ni Kyle. Hindi naman nya ko inuutusan ng ganito dati. Yung tipong magmamadali ka kasi baka mamaya dumating na yung prof.

Di naman ako tulad nila. Di ako pwedeng mag-skip ng klase dahil natatakot akong matanggal ang scholar ko. Mas nakakadagdag pa ng inis ko yung pagtawa ni Kyle kanina. Buwisit na lalaking yun! Pasalamat sya friday ngayon, suswelduhan nya ko mamaya. Akala nya malilimutan ko ha.

Pagpihit ko ng pinto, open pala. Walang tao. May mga klase din siguro ang ibang tigers. Dumiretso ako sa ref para kumuha na nung inutos ni kamahalan.

Nanlaki mga mata ko.

Grabe talaga ang daming pagkain. Sarap tumambay dito. Umiling-iling ako kasi naman naiinggit ako. Sabagay may pera pala ako mamaya, ma-i-treat nga ang sarili ko. Kakain ako sa mall.

Gusto ko sana mag-grocery ng kung anu-ano kaso baka makita naman ni Charisse mainggit pa at baka pag-isipan pa'ko ng masama. Nasabihan na kasi ako nun dati na baka daw nagnakaw na'ko. Sakit kaya. Porke nakabili lang ako ng tig-50 na relo? Nagnakaw na agad? Ito ngang iphone ko di ko nilalabas pag nasa bahay. Pag nasa kwarto lang ako. Lagi ko na din nila-lock yung kwarto ko kasi ang dami dun na bigay ni Janna eh. Bigla tuloy ako napaisip sa sinabi ni Adrian kaninang umaga. Bakit di pako mangupahan.

Pag kasi umupa ako ng bahay malaya na'ko. Makakabili ako ng kung anu-anong gamit ko na hindi nangangamba na baka pag-isipan ako ng masama nina Tita. Kaso, wala naman akong permanenteng trabaho saka nag-aaral lang ako. Iipunin ko nalang yung sweldo ko kay Kyle para in the future, pagkatapos ng kontrata ko sa kaniya, may pera pako. Sa bahay, nahihiya nga ko umupo sa salas, kailangan lagi akong may ginagawa. Nakakahiya kayang tumunganga. Kaya ang totoo, tulog lang yung pahinga ko.

Ngayon nga lang ako nakaka-enjoy kasi may bestfriend nako na mabait. Lagi nya ko sinasama gumala. Nakakatuwa talaga yung si Janna. Tumakbo nako ulit pabalik sa room.

Takbo

Takbo

Takbo

Dito nako sa pinto. Hingal na hingal ako grabe. Buti wala pa si Ma'am. "Kamahalan, eto napo." Sarkastiko kong sabi kay Kyle na napakaganda ng pagkakaupo.

"Ang tagal mo." Reklamo nya.

"Hoy Kyle akala mo hindi ako napagod?" Kainis 'to. Pag ako nabuwisit, arrgghhh! Pepektusan talaga kita.

"Crush, tama na yan. Upo ka na dito." Awat ni Adrian

Ay nako. "Pasensya na kamahalan ha? Buti nalang talaga may mga tao pa ding mababait dito." Mataray

kong sabi bago bumalik sa upuan ko. Di ko pa nahuhupa ang inis kay Kyle nang lumapit naman sa'kin si Angel.

Anong karapatan mong sigawan si Prince Kyle namin?" Mataray na sabi ni Angel. Napatingin ako kay Kyle. Ngiting-ngiti pa dahil sa pagtatanggol ng so-called fans nya.

"Ano ring karapatan mong pagsalitaan ako nyan?" Binalik ko sa kanya ang tanong. Pag ganitong inis ako, nakooo! Wala akong sinasanto.

"Aba't! FYI, si Prince Kyle ang unico ijo ng may-ari ng SWU. Baka gusto mong mapatalsik sa school na'to? Mahirap ka pa naman."

Hindi nga pala nila alam na slave ako ni Kyle kapalit ng hindi pagpapatalsik sakin dito sa school.

"Alam kong mahirap ako. Kailangan pang ipagsigawan?"

"Mahirap ka naman talaga eh?" Mataray nyang sagot.

"Ah ganon? Oo mahirap ako, alam ko yun. Eh ikaw, alam mo bang saksakan ka ng pangit?" sabi ko.

Nag-iinit na talaga ang dugo ko.

Humawak si Angel sa mukha nya. "What did you say? Ako pangit? Are you kidding me? At sa tingin mo, maganda ka ha?" Sabi ni Angel, dinukot pa mini mirror nya sa bulsa at tiningnan ang mukha.

Buti hindi siya natakot sa hitsura nya. Hinawakan ako sa kamay ni Adrian. It means na tumigil na'ko. Pero hindi ako papatalo dito sa bruhang 'to.

I sighed and shout. "WALA AKONG SINASABING MAGANDA AKO. ANG SABI KO LANG, ANG PANGIT MO!"

Sigaw talaga yan ha. Nagtawanan ang klase pati si Adrian. Sayang wala si Janna, kung hindi mas kawawa sa'min to. Absent kasi eh. Family matters daw.

Oops, di pa ko tapos.

Lumaki na butas ng ilong ni Angel sa inis. "At eto pa, at least ako natural ang mukha. Pero ikaw, retokada na, pudpod pa ng make-up! Inagawan mo pa ang clown ng posisyon!"

Naupo nako. Si Angel ayun nagtatakbo sa mga friends nyang mga bruhilda at masama ang tingin sa'kin.

Nadako naman tingin ko kay Kyle. Paano ba naman, wagas makatawa. Nakahawak pa sa tiyan. Si Lance naman, NO COMMENT. Aish, mahulog ka sana dyan sa upuan mo!

"Nice one crush! Bilib talaga ako sa'yo." Nakangiting sabi ni Adrian sakin.

Nag-apir pa kami. Hehe katuwa talaga tong si Adrian.

"Kaya hindi kita tinulungan eh, kasi alam kong kaya mo na. Wag kang papatalo lagi ha?"

Kiligmuch! Ang gwapo ni Adrian habang sinasabi yun.

"Fighting!" sabi n Adrian.

Yaaaa! Cute mo talaga. Shocks!

Chapter 17 ?

Lance POV

Wow first time. Teka, ano bang kinalaman ko sa mga maiingay na nilalang sa mundo? Oo, tama ka. Ako si Lance Abellano

Cold-hearted

Tahimik

Walang lovelife

Mahilig sa basketball

Mahilig kumain

Half korean ako

Yung mother ko yung korean. Wala na ang nanay ko. Yung bunso kong kapatid na si Fancy. Highschool palang yun dito din sa SWU. Si Adrian at Kyle bestfriend ko na mga yan. Grade 6 kami nun ng maging close kami hanggang ngayon. Nung 2nd year highschool naman kami gumawa ng team sa basketball.

Tama na nga kwentuhan. Dito kami court. May practice kami. Ewan ko ba dito kay Kyle ba't kailangan pa nya papuntahin dito si Chelsea. Nung isang beses, si Adrian ang nagsama sa kaniya. Si Captain Kyle maintindihan ko pa kasi alipin nya yun kaso si Adrian mukhang malakas tama kay Chelsea.

Sabagay..

Maganda naman si Chelsea. Simple lang, walang ka-make-up-make-up sa mukha unlike other girls here in school. Yun nga lang, walang boobs at pwet. Haha

Choosy ako eh. Saka simple din sya manamit. Yung buhok nga nya na hanggang balikat na medyo kulot tinatali pa nya minsan. Hindi marunong mag-ayos.

"Ano po yun kamahalan?" Napatingin ako sa nagsalita. Si Chelsea habang kausap si Kyle

Malamang may iutos na naman si captain.

"May polbo ka ba dyan sa bag mo?" Tanong ni Kyle

"Meron. Bakit?" sagot ni Chelsea

"Lagyan mo ako sa likod. Ang init eh." Utos ni Kyle.

Si Kyle nagpapalagay ng polbo? Kelan pa yan natutong magpolbo? Eh di nga yan gumagamit nun. Pag ako naglalagay minsan sa likod, sinasabihan akong bakla. Amputek bakla na si captain?

"Pang-mahirap lang ang polbo ko." Sabi ni Chelsea

"Ganon ba? Sige wag na lang. Baka ma-virus pa ako at malagyan ng bacteria. Hindi ako gumagamit ng

mga bagay na pang-mahirap.

Ang harsh naman masyado ni captain. Pero honestly natatawa ako sa kanila ni Chelsea. Etong si captain makautos wagas, si Chelsea naman maiinis pero susunod din naman.

“ANG SAMA TALAGA NG UGALI MO!" Sigaw ni Chelsea.

Sigawan na naman yan panigurado. Alam na. Nabibingi na nga ako sa dalawang yan. Mapa-room, tambayan at pati dito laging sigawan. Parang ang layo sa isa't isa eh.

“TALAGANG MASAMA UGALI KO!" sigaw naman ni Kyle.

"SALBAHE KA!!!" Pagkasabi nyan ni Chelsea, lumapit siya kay captain at..

"ARAY NAMAN!!!!!!"

"HAHAHAHAHAHA." tawanan ang buong team

Pati ako natawa.

Piningot lang naman ni Chelsea si captain. Eh, wala ngang kumakalaban dyan. Kahit mahawakan lang si Kyle ng kaunti, bubugbugin na nyan kung sinuman humawak sa kaniya ng walang pahintulot. Tapos si Chelsea..

Nagawa siyang pingutin? Hindi nagalit si captain? Para talagang baliw ang dalawang 'to. Pero sa totoo lang, bagay sila..

Bagay silang pag-untugin.

HAHAHAHAHAHHA. Tss. Ang iingay.

"Yan dapat sa'yo!" Sabi ni Chelsea tapos lumapit kay Adrian na nagsusuot ng sapatos sa may bench.

Napansin ko iba ngiti ni Adrian pag magkalapit sila ni Chelsea.

"Hoy Lance kanina ka pa dyan. Hindi ka ba napapanisan ng laway?"

Kahit kelan harsh talaga yang si captain eh. Hindi ko lang pinapatulan. Sa ayaw ko magsalita eh. Tama na yung kaingayan nila. Hindi na ako dadagdag.

"Hindi pa naman." Sagot ko.

"Tara, practice na!" Sigaw nya. "Hoy Adrian, tama na yan, practice na!"

Panira ng moment 'tong si captain. Paano biglang sisitahin si Adrian, nagtatawanan pa naman ang dalawa ni Chelsea. Kung hindi ko lang alam na iba type na babae ni Kyle, iisipin ko nagseselos yan. Imposible.

First love never dies at alam ko yun pa din ang mahal ni captain. Zip mouth na'ko. Baka makapag-kwento ako ng hindi dapat. Malalagot ako kay captain pag nagkataon.

Pero kung pipilitin nyo ko..

Hindi ko pa rin iku-kwento.

Zip mounth.

?

Chelsea POV

Naboboring na'ko sa panonood ng practice ng tigers. Wala pa naman si Janna. Ay, makalikot nga 'tong iphone ko. May game na naka-install. Temple run. Malaro nga.

Laro

Laro

Laro

"Ay putek nahulog!" Napasigaw ako.

“Crush, sinong nahulog?" Sigaw ni Adrian

Hanla? Lakas pala ng sigaw ko. Hehe. Sorry naman. First time eh. Nadala ako ng laro. "Wala. Etong nilalaro ko. Sorry naman. Ge practice lang kayo." Sabi ko.

"Sa susunod na man-distract ka, ipapakain kita sa buwaya!" Sigaw ni Kyle

Kahit kelan ang sama talaga ng ugali.

"Ewan ko sayo!"

Tuloy na ulit sila sa practice. Ayoko na nga nitong temple run. Nadadala ako eh. Iba nalang.

Hmmm..

Ah eto! Candy Crush Saga. Ay, kailangan ng facebook? Wala nga ko facebook

Paano ba yun? Aish. Hirap ding maging ignorante. Hehe. Bukas nga matanong kay Janna paano mag-facebook. Nagkalikot pa ako sa iphone ko. Nagpicture na lang ako. Boring eh.

Click!

Ay galing, ang ganda ko! Ahehehe. Walang edit yan. Natural! Picture ulit

Japan, japan!

Pose.

Click!

Ang ganda ko talaga. Hehe.

?

Kyle POV

"Sa susunod na man-distract ka, ipapakain kita sa buwaya!" Sigaw ko kay nobody.

Basta basta nalang bang sisigaw. Akala ko na kung ano. Nakakadistract kaya.

Sumimangot sya sakin. "Ewan ko sayo!"

Aish. Tuloy sa practice. Habang nagpa-practice di ko maiwasan mapatingin kay nobody. Ampu! Nag-se-selfie ang baliw.

Gusto kong matawa pero..

Pero..

Shit, hindi ako matawa kundi napangiti. Ang cute nya. Shit. Erase, erase! Hindi yan cute.

Ang cute talaga eh. Nagpo-pose pa. Potek. Focus focus!

"CAPTAIN!!!!"

Huli na ng mapatingin ako sa sigaw ng team.

BOOOGSSHH!

BLANK.

Chapter 18 ?

Chelsea POV

"CAPTAIN!!!!!

Napatingin naman ako sa sigaw nung tigers. Sino bang captain. Ay, si Kyle nga pala. Pagtingin ko..

BOOOOOGSSSHHHH

Hanla, natamaan si Kyle ng bola sa ulo. Tatawa sana ako kaso mukhang nawalan ng malay si Kyle. Mamaya na lang ako tatawa pag gising na siya. Tumakbo ako palapit sa tigers na nagsuguran kay Kyle.

"Captain!”

"Kyle!! Gising!"

Pero hindi nagising si Kyle. Hanla, natamaan lang ng bola, nawalan na ng malay?

"Tara, dalhin na natin siya sa ospital." sabi ni Ken.

"Tara, tara." Sagot ng tigers.

Pinagtulungan nilang buhatin si Kyle.

"Crush, kami na bahala kay Kyle. Uwi ka na." sabi ni Adrian sa'kin.

Hindi kasi ako makapagsalita. Kahit papaano, worry din ako kay Kyle. Nawalan kasi ng malay, ako kasi dati ilang beses ng natamaan ng bola kapag may liga ng basketball samin pero parang wala lang. Hehe.

"Hindi, Adrian sasama ako sa ospital." sabi ko

"Sure ka ba?" bakit parang masama pa loob ni Adrian na sasama ako?

"Sige, tara. Sa kotse ko na tayo sumakay. Nauna na sila gamit ang kotse ni Lance." paliwanag niya saka niya ako hinila palabas ng gym.

Para 'tong si Janna, hilig manghila.

?
Sa Hospital..

"Doc, musta po si Kyle?" tanong ni Adrian sa doktor na kalalabas lang ng kwarto kung saan nakahiga si Kyle.

"Okay naman siya, na-shock lang sya kaya siya nawalan ng malay. Pero wala namang any damage sa kaniya especially on his head. Nagkaroon lang siya ng maliit na bukol sa may noo. Pwede nyo na siyang puntahan sa loob. Sige, mauna na'ko." paliwanag ng doctor saka umalis.

Buti naman okay lang si Kyle. Bukol lang pala. Na-excite ako bigla kung anong itsura nya ngayon. Pumasok kaming lahat sa kwarto ni Kyle. At ayun, gising na pala ang kumag.

"Yo, captain!" si Jerome.

Lalapit pa sana ako at kukumustahin si Kyle nang bigla siyang sumigaw.

"SINONG NAKATAMA NG BOLA SA AKIN????"

Hanla. Napaurong tuloy ako. Ang ganda ng pambungad samin ni Kyle. Sigaw ng wagas. Mukha siyang galit na galit. Gusto ko na nga matawa kasi natatawa ako sa bukol niya sa may noo. Kulay violet pa. Pinigilan ko ang sarili kong matawa. Badtrip si Kyle eh.

"Si..." nauutal si Jerome

"SINO???"

"Si Ken." seryosong sagot ni Lance

Nanlaki ang mga mata ni Ken.

Eto talagang si Lance, minsan lang magsalita pero naku, pag kailangan e mukhang nagsasalita.

"SORRY captain!" nagmamakaawa na si Ken at lumuhod sa gilid ng kama ni Kyle.

Grabe naman makahingi ng sorry? Talagang nagmamakaawa. Para ngang paiyak na si Ken. Ganoon ba kalupit si Kyle?

"100 push ups ngayon na!" utos ni Kyle.

Oh, 100 push up lang pala eh

100 push up??????

As in 100? Isang daan?

Grabe naman 'tong si Kyle. Napatingin ako kay Ken. Hanla. Nagpu-push-up nga? Bakit siya sumunod sa utos ni Kyle? Nag-sorry na naman siya.

"Hoy Kyle, sobra ka naman." Hindi ko na napigilang magsalita.

"WAG KANG MAKIALAM NOBODY KUNG AYAW MONG PATI IKAW PAG-PUSH-UP-IN KO DIN!"

Sabi ko nga tatahimik nalang ako.

Nakakatakot si Kyle ngayon. Galit na galit talaga siya. Ang buong tigers na nandito tahimik lang including Adrian at Lance. Well, si Lance given na ang pananahimik nyan. Si Ken naman, nag-pu-push-up pa din. Siguro ganito talaga magalit si Kyle.

After 123456789years, natapos din si Ken. Hingal na hingal at pawis na pawis kahit aircon dito sa kwarto. Bagya pa makatayo. Inalalayan siya nina Jerome at Adrian.

Yung ibang tigers nga pala umuwi na muna.

Ang natira lang dito ay ako, si Adrian, Jerome, Lance at si Ken nga. Ganito ba talaga kapag napaparusahan ni Kyle? Naaawa ako talaga kay Ken kaya agad kong dinukot yung panyo ko sa loob ng bag ko.

Lumapit ako kay Ken at pinunasan ko yung pawis niya sa noo.

Sobrang nanlaki ang mga mata ni Ken.

"Oh, bakit?" Bakit kasi ganito yan makatingin. Siya na nga pinunasan eh.

Sumenyas siya na tingnan ko si Kyle kaya tumingin naman ako kay Kyle.

Nanlaki mga mata ko.

Paktay. Umuusok na yung ilong sa galit. Nanlilisik ang mata niya tapos galit na galit itsura nya habang nakatingin samin ni Ken. Anong ginawa kong masama?

"KAYONG LAHAT, LUMABAS KAYO!" sigaw ni Kyle.

Automatic akong napatayo. Sina Adrian napakamot nalang sa ulo. Ako pinakahuling palabas ng pinto ng...

"SINABI KO BANG KASAMA KANG LUMABAS NOBODY???"

Sabi ko nga, hindi ako lalabas eh. Urong ulit ako papasok.

Sumenyas nalang ako kay Adrian na mauna na sila. Gets na nila yun. Alam naman nilang slave ako ni Kyle.

?

Kyle POV

"SINABI KO BANG KASAMA KANG LUMABAS NOBODY???" sigaw ko nung palabas na si nobody kasunod nina Adrian.

Sinabi ko bang pati siya? Nag-iinit lang kasi talaga ang ulo ko sa nakikita ko. Paano ba naman, pagpasok palang nya kanina dito sa kwarto, hindi man lang ako tinanong kung kumusta na ako. Basta lang sya nakatunganga. Hindi man lang ba sya nag-alala sakin? Nawalan kaya ako ng malay.

Isa pang kinaiinit ng ulo ko ay yung magkaroon ako ng bukol sa noo, Violet pa. Dahil maputi ako, kitang kita tuloy. Tss, hindi ako papasok hangga't di ito naaalis. Kaya talagang pinarusahan ko si Ken. Sanay na naman sakin ang mga yan. Ganon naman talaga ako ka-brutal.

Pero ang mas ikinainis ko ng matindi ay yung makita ko kung gaano ka-worry si nobody kay Ken at talagang pinunasan pa nya ng pawis. Potek! Nakakapag-init ng dugo. Ako nga yung na-ospital tapos di ko man lang nakita sa mukha niya na worry sya sakin? Anong klaseng alipin sya?

"K-Kamahalan, may utos kayo?" parang nag-aalangan pang tanong ni nobody.

Takot siguro 'to. Kanina pako naninigaw eh. Lagot ka sakin nobody, dahil masyado kang concern sa iba, ikaw mag-aalaga sakin. Nyahahaha.

"Dahil may bukol ako sa noo at kulay violet pa, hindi muna ako papasok." panimula ko.

"Ano namang kinalaman ko sa bukol nyo kamahalan?"

"Hindi pa ako tapos!" sigaw ko

"Sabi ko nga."

Tinuloy ko na sasabihin ko. "At dahil slave kita, hindi ka rin papasok para alagaan ako hanggang mawala ang bukol ko."

Akala mo ha, pagsisilbihan mo ako 24/7. Dahil yan sa hindi mo pagiging concern sakin.

Nanlaki ang mga mata ni Nobody.

“ANO???" sigaw ni nobody

“Sa ayaw at gusto mo, kailangan mo akong sundin kung ayaw mong tawagan ko si Papa." sabi ko. Alam na niya yung ibig sabihin ko.

"Pero Kamahalan, kung a-absent ako baka matanggal naman ang scholar ko." nasa mukha niya ang pag-aalala ng sabihin nya yan.

"Para saan pa at anak ako ng may-ari ng school? Ako bahala dun. Ako mismo ang tatawag sa school na excuse ka." paliwanag ko.

Kayang kaya kong gawin yun. Ako pa?

“Eh Kyle..."

"Tatanggi ka?" tanong ko.

"Pag-iisipan ko muna." nobody

ANO?????

Chapter 19 ?

Chelsea POV

Umagang umaga andito ako sa kotse ni Kyle. Papasok na sana ako sa school kaso bigla naman akong sinundo ni Kyle. Hindi daw kami papasok dahil aalagaan at pagsisilbihan ko sya. Kainis. Ang sabi pa niya, tumawag na raw sya sa school para i-excuse ako.

Mas gugustuhin ko pang makinig sa boring na subject kesa alagaan si Kyle. Ang sungit-sungit niyan eh.

“We're here.”

Hindi ko namalayan nakapasok na pala kami dito sa bakuran ng mansyon nina Kyle. Bumaba ako at tumingin kay Kyle. “Anong gagawin ko dito?”

“Ano bang ginagawa ng slave?” masungit na sagot niya.

Hm, sungit talaga. Ungentlemen pa. Buti pa si Adrian pinagbubukas pa'ko ng pinto sa kotse nya. Oo nga pala, nagtext ako kay Adrian kanina na hindi ako makakapasok kaya wag nya ko sunduin. Alam na nya yun kung bakit.

Sumunod lang ako kay Kyle hanggang kwarto nya. Pagpasok namin, nilapag ko na agad yung bag ko sa may table sa gilid ng pinto tapos nag-start na ako agad mag-imis-imis ng kalat.

“Ang dami mo namang kalat.” reklamo ko.

Paano ba naman, lahat na lang gulo-gulo. Pasalamat sya masipag ako at sanay ako sa gawaing bahay.

“WALA KANG PAKIALAM."

Sabi ko nga po. Oo nga pala, kahapon hindi nya nabigay sweldo ko kasi nasa ospital siya. Ngayon daw nya ibibigay plus talent fee daw dahil absent ako. Hehe, madami nakong maiipon.

“Psh.” sumimangot lang si Kyle saka humarap na dun sa desktop niya.

Wala ba siyang ibang ginagawa dito kung hindi ang mag-computer? Kahit papaano marunong naman ako magcomputer, mag-type, kasi may computer subject. Facebook lang talaga ang diko alam paano. Hehe.

Habang nag-iimis di ko mapigilan mapatingin sa desktop ni Kyle, may pinapanood siyang anime eh, parang naruto yata yun.

Kage bunshin technique! YAAAAAA!

Alam ko yun eh.

“Hoy nobody, tumawag ka dun sa intercom, sabihin mo dalhan na ako ng pagkain for two.” utos ni Kyle sa'kin

“For two?” ulit ko

“Hindi, for three.” sarkastikong sabi nya.

Nag-make-face ako. “Pilosopo.” bulong ko.

“May sinasabi ka?” masungit nyang tanong

“Wala po kamahalan, eto po susunod na nga sa utos nyo.” sabi ko.

Bakit ba ganyan kasungit yang si Kyle? Nagtataka nga ako paano naging close sila nina Lance at Adrian. Si Lance sobrang tahimik, walang emosyon lagi. Si Adrian naman super bait at approachable. Tapos 'tong si Kyle, walang modo at masama ugali, hilig pa manigaw.

Paano sila naging compatible sa isa't isa? CURIOUS LANG AKO.

“BUTLER, Gutom na daw po si Kyle. Pahatid po daw kayo ng pagkain dito sa kwarto niya for two.” sabi ko sa intercom.

Sosyal talaga 'tong si Kyle. Hindi na niya kailangang lumabas ng kwarto at pumunta sa kusina para kumain. Nagpapahatid nalang dito sa kwarto nya. Bakit nga ba dito pa sya nakain sa kwarto nya?

Bzzzzttt..

Wag ka, door buzzer yan.

Grabe naman ang bilis dumating ng pagkain. At may waiter pang kasama si Butler na nagtutulak nung cart na may nakapatong na pagkain. Mukhang ang dami ah. Pakainin kaya ako ni Kyle? Gutom na ako eh. Nag-kape at pandesal lang kaya ako kanina bago umalis ng bahay.

“Iwan nyo nalang dyan.” utos ni Kyle kay Butler at waiter. Nag-bow lang si Butler at Waiter. May ganong effect? Parang korean lang? Napapanood ko kasi sa koreanovela, yung mga koreans, pag bumabati o nagpapaalam, nagba-bow.

Nang makalabas na sila, tumingin sa'kin si kamahalan. “Ikaw? Ano pang tinatayo-tayo mo dyan? Ayusin mo yang pagkain dyan sa mesa."

Tinuro nya yung center table sa may couch niya. Pa-rectangle sya kaya mahaba. Sosyal 'to.

Nag-pout ako. “Opo kamahalan.” agad naman akong kumilos at inayos yung mga pagkain. Teka, dalawa yung plato saka yung spoon and fork?

Tumingin ako kay Kyle na abala pa din sa panonood ng naruto. “Kamahalan, dalawa po yung plato.” Syempre baka mamaya, reserba lang pala 'to.

“Ilagay mo din yan dyan. Kakain ka din. Kanina ko pa naririnig ang tiyan mo nagrereklamo na.”

Nahiya naman ako bigla. Ganoon ba kalakas ang reklamo ng tyan ko para marinig nya? Pero napangiti naman ako kasi pakakainin pala nya ko. Mabait din pala tong si Kyle eh. Tinuon ko nalang ulit yung pansin ko sa paghahanda ng pagkain. Grabe talaga ang dami. Hindi ako pamilyar sa mga pagkain. Hehe mahirap eh.

Pero ang babango, nakakagutom lalo. Pero parang sobrang dami naman nito para sa'ming dalawa. Ganito ba talaga dito kina Kyle?

“Handa na!” masigla kong sabi.

Tumayo naman agad si kamahalan at lumapit sa'kin. Umupo siya sa couch.

“Dun ka sa single couch.” utos ni Kyle sakin. Paupo na sana ako sa tabi nya sa couch eh. Ang haba haba kaya nun? Arte.

Hindi nako sumagot, lumipat nalang ako sa single couch na nasa gilid niya. Papakiramdaman ko muna siya bago ako kumuha ng pagkain.

“Kumain ka na. Anong hinihintay mo, pasko?”

Sungit talaga nitong si Kyle. Makakain na nga.

Nyam, nyam.

?

Kyle POV

Kumakain kami ngayon ni nobody. Hindi ko nga maiwasan mapatingin sa kaniya habang kumakain. Paano ba naman, nakangiti habang kumakain, baliw! Tapos para pa siyang gutom na gutom. Hindi ba sya kumain? Aish. Pasalamat sya hindi ako madamot.

Mabagal lang ako kumain pero siya, ang bilis kumain eh. Parang aagawan ng pagkain. Adik talaga 'tong babae na ito. Ganito ba ang mahihirap? Sabagay, ngayon lang kasi ako nakisalamuha sa isang mahirap. Mayaman pa yata kay nobody ang mga katulong ko eh.

“Ang sarap naman nito Kyle. Anong tawag dito?” tanong ni nobody

Hindi nga halatang sarap na sarap siya sa pagkain eh. “Cordon Bleu yan.” sagot ko.

“Gordon? Diba senador yun?”

“Baliw! Cordon. Letter C!”

Natawa siya sa katangahan niya. “Ah, Cordon. Sorry naman.” nag-peace pa siya bago tinuon ulit ang pansin sa pagkain. Ang takaw naman ng babaeng 'to.

Natapos kaming kumain.

BURPPP!

Napatingin ako kay nobody.

Naka-peace sign siya, “Oops! Sorry naman, busog lang.” alanganin pa syang tumawa.

Grabe tong babae na 'to. Wala man lang class. Ibang iba sya sa ibang babaeng nakilala ko. Walang hiya. HAHA. Binalewala ko nalang yung pagdighay nya ng malakas. “Tawag ka sa intercom sabihin mo tapos na ako kumain, linisin na nila yan.” sabi ko.

“Ay hindi Kyle, ako na ang mag-iimis nito.” sabi niya

“SINABI NG TUMAWAG KA SA INTERCOM!” napapasigaw ako ng wala sa oras.

“Sabi ko nga po kamahalan.” sabi nya saka lumapit sa intercom.

Kakaibang babae talaga 'to. Pero natutuwa ako sa pagiging masipag niya. Mukhang sanay na sanay sa gawin. Oo nga pala, hindi ko pa nabibigay sweldo niyan. Worth it naman yung binibigay ko kasi kahit mahilig yan mambara at mainis sakin, sumusunod pa din siya sa utos ko.

Talagang takot matanggal sa school. Bumalik na'ko sa desktop ko. Manonood ulit ako ng naruto. Tumingin ako kay nobody na ngayon ay inaayos yung mga anime collections ko sa may istante. Sipag talaga ng babaeng 'to. Ah, may naisip ako. Kanina pa yan linis ng linis eh.

“Hoy nobody!” sigaw ko.

“Oh bakit?” tanong niya.

Tumayo ako at pinatay muna ang desktop ko. Kinuha ko yung remote at naupo sa couch. “Dito ka nood tayo ng movie.”

Buti makakanood na din ako ng horror. Mahilig kasi ako talaga sa horror movie kaso di ko kayang manood mag-isa. Kailangan may kasama ako.

Hindi ako duwag! Gusto ko lang may kadamay ako. HAHA. Sa halip na sumagot siya, she gave me her confused look.

BAKIT???

Chapter 20 ?

Chelsea POV

Si Kyle niyayaya ako manuod ng movie? Anong nakain ng mokong na'to? I gave him my confused look. Kasi naman, hindi ako makapaniwala na yayayain ako nito manuod ng movie? Eh alipin nya ko. Dapat ganito lang ako, yung naglilinis ng kwarto nya.

"Hoy nobody, ano?" Sigaw ni Kyle. Nakaupo na sya sa couch na nakaharap sa super laking flat screen na TV nya. May hawak din siyang parang lagayan ng mga dvd. Namimili siguro sya ng papanoodin namin.

I sighed bago lumapit sa kaniya. "Eh, Kyle sure ka bang... uh..."

"ANO???" Sungit ni Kyle

"Uh... sure ka talagang kasama ako sa panonood mo ng movie?" Hindi kasi talaga ako makapaniwala na niyayaya nya ko.

"Kailangan ko pa bang ulitin nobody? Hindi ka ba makaintindi? Umupo ka dito." Tinuro yung couch, dun daw sa tabi nya.

Umupo nalang ako. Kesa masigawan na naman ni Kyle. Ano namang papanoorin namin? Eh nakakanood lang naman ako ng movie pag mahal na araw. Kasi yung mga lumang movie pinapalabas sa TV eh. Hindi pa nga ako nakakapuntang sine. Tapos 'tong si Kyle sa loob ng kwarto nya, anytime na gustuhin nya manuod, makakanuod sya. Ang dami niyang bala ng movies. Mukhang mamahalin.

"Ano kayang mapanood?" Nag-iisip si Kyle habang namimili sa hawak na mga dvd.

Wala naman ako mai-sa-suggest kasi hindi ako updated dyan. Hehe. Mahirap eh.

"Ah, eto!!" Sigaw ni Kyle hawak ang isang dvd. Nakapili na siguro.

"Anong movie yan Kyle?" Tanong ko.

"The Conjuring. Maganda 'to." Sabi niya

Conjuring? Parang narinig ko na yun? Ay hindi pa pala. "Ano yan, comedy? Romantic?" Tanong ko. Kasi naman, ipanood mo na sa'kin lahat wag lang horror. Matapang ako sa tao pero sa multo, duwag ako!

"Comedy 'to." Sagot ni Kyle tapos isinalang na nya yung dvd. Pero may napansin ako. Kakaiba yung ngiti nya.

Ay ewan. Maka-focus na lang sa panonood. Sumandal ako sa couch tapos si Kyle tumayo saglit, may kinuha sa storage box nya dun sa gilid. May dala na syang malalaking tsitsira.

"Oh," napatingin ako kay Kyle. Inabot nya sa'kin isag tsitsiria na malaki. Binasa ko yung label. LAYS. Ah, masarap kaya 'to. Binuksan ko nalang at start kainin habang nuod.

Teka, bakit parang medyo madilim yung scenes? Comedy ba'to? Bakit di naman ako natatawa.

"Kyle.."

"Hm?"

"Comedy ba talaga yan?" Nagsisimula nako matakot kasi naman yung sound effect, bakit ganoon.

"Oo nga. Manood ka na nga lang dyan. Tss." Sabi ni Kyle

Sungit nito.

Nanlaki mga mata ko.

HANLA! Horror 'to sigurado! Yung sound effect.

At, at..

"AAAHHHHHH!!!!!!"

Napa-irit nako sa takot. Kasi naman may, may mumu! AHHH! Tinakpan ko yung mata ko ng mga kamay ko. Parang nanggigilid na luha ko. Nanginginig na din ako sa takot. Kinikilabutan ako.

"Hindi naman nakakatakot." Sabi ni Kyle

Bakit ganon lang sya ka-kalma? Eh ako eto di na makatingin. Nakatakip pa din yung kamay ko sa mata ko. Tapos inaangat ko lang konti para silipin yung TV screen at..

"AAAAAAHHHHHH!!!!!"

Napasigaw na naman ako. Kasi naman nakakagulat tapos sinasabayan pa ng langyang sound effect. Grabe. Nginig na nginig na kamay ko. Natatakot talaga ako. Gusto ko ng tumakbo kaso parang di naman ako maka-alis sa inuupuan ko. Tumataas yung mga balahibo ko.

Nagsisimula ng tumulo yung luha ko. Hindi na talaga ako makatingin sa TV. Umub-ob ako at tinakpan tainga ko.

?
Kyle POV

Si nobody kanina pa sigaw ng sigaw. Nakakabingi. Aish. Hindi naman nakakatakot. Nakakagulat lang yung sound effects. Ako nga kalma lang. Napatingin ako kay nobody na nasa tabi ko. Naka-ub-ob? Aish. Duwag pala nito eh. Para yan lang. Di naman nakakatakot.

"Hoy." Niyugyog ko siya.

No response. Pero napansin ko nanginginig siya. Anong nangyayari dito?

Kinalog-kalog ko ulit sya. "Uyyy nobody..."

Bigla syang tumunghay at nagulat ako. She's silently crying at talagang nanginginig sya. Nakatingin sya sakin. Ako naman syempre nagulat.

"K-Kyle..."

Pero ang maas kinagulat ko, biglang yumakap sakin si nobody. Pakiramdam ko tumigil yung ikot ng mundo. Parang kami lang yung tao. Parang naging blanko ang paligid at natahimik. Para akong walang marinig kundi yung paghikbi nya. Nakayakap pa din sya sakin. Hindi ako makagalaw. Bakit ganito nararamdaman ko?

"Nobody.."

"Kyle, natatakot ako." She said while crying. Naririnig ko pa ang paghikbi nya.

Bigla ako nakaramdam ng konsensya. Kasalanan ko. Malay ko bang ganito sya kaduwag. Sabi ko pa naman kanina comedy yung papanoorin namin.

"Kyle..dito ka lang sa tabi ko."

Bakit biglang tumibok ng ganito ang puso ko? Bakit sa sinabi nyang yun parang... parang... ewan. Wala akong idea. Basta, natulala na lang ako at kusang gumalaw ang kamay ko para abutin ang remote at patayin na ang TV.

Tapos..

"Ssshhh.."

Hindi ko ma-imagine na magagawa ko 'to ngayon. Never akong nag-comfort sa isang tao lalo't diko naman ka-close. Pero kay nobody, ang makita siyang umiiyak, parang nanghihina ako.

Yung tipong kailangan mapatahan ko sya. Hinayaan ko lang syang nakayakap sakin hanggang wala na akong marinig na hikbi niya.

Humiwalay na sya sakin. "Kyle..."

Halata tuloy sa mata nya ang pag-iyak. Namumula pa at yung ilong nya ang pula din.

"T-Thank you.." Nanginginig pa ding sabi nya.

Hindi ako sumagot. Sa halip tumayo ako at pumunta sa desktop. It felt awkward pagkatapos nya kong yakapin. Bigla akong nahiya. Diko alam sasabihin kay nobody.

"Kyle pwede ba muna akong umuwi?" Paalam ni nobody.

"S-Sige.." Nauutal tuloy ako. Hindi ko na rin sya nilingon hanggang makalabas sya ng kwarto.

Nakahinga na ako ng maluwag pagka-alis nya. Bakit ganoon? Biglang parang lumuwag ulit dito nang makaalis sya. Kanina, pakiramdam ko ang sikip sikip nung kwarto ko kasama sya.

Ano ba 'tong nararamdaman ko.

Chapter 21 ?

Janna POV

Andito ako sa room. Super boring. Wala kasi si Chelsea. Bakante tuloy yung upuan sa pagitan namin ni Adrian. Lakas pa naman ng kabog ng dibdib ko pag nakikita ko sya.

"Ang tahimik 'pag wala si crush 'no?"

Napatingin ako kay Adrian. Ako ba kausap nito? Wow ha. Kinakausap nya ko. After ilang years naba mula nung elementary kami. Yun yung time na close kami, magkaibigan na laging magkausap at nagpapansinan.

"Ah, eh..." Ay nako, nasisira yung beauty ko pag ganitong nauutal ako eh.

"Hehe, oo nga pala, kumusta na? Long time no talk. Musta japan?"

Ayan na, he's starting to make conversation. Oh my, kikiligin na ba ako? Pero one of my wishes talaga ay yung bumalik yung friendship between us.

"Ayun, okay naman. Ikaw? How's life? It's been years.."

"Okay lang din. Still, wala pa ding love life." Sabi ni Adrian.

Pinilit kong kumalma para hindi nya mapansing kakaiba yung kilos ko. "Ikaw pa mawalan?"

Tumawa siya ng malutong which made him more handsome. Kitang-kita kasi yung mapuputi at pantay-pantay niyang ngipin. Wala pa din syang pinagbago. Smiling face pa din sya.

"I'm just entertaining girls but I never had a serious committment." Sabi nya. Deep inside, natuwa naman ako. So wala pa din syang first love.

"I see. By the way, doon ka pa din nakatira sa house nyo?" Wala akong ibang matanong eh. I'm shy you know.

"No. Actually, may sarili na akong condo. Regalo sa'kin ni Papa last year."

"Nice." I said.

Ngumiti sya. "Ikaw, siguro may boyfriend ka na?"

Kinabahan naman ako sa tanong nya. Aish. Bakit ba lagi akong apektado sa bawat sasabihin nya? "No. I don't have. Study first." Sagot ko.

He stared at me. "Really?"

I nodded.

"Oh, masyado ka yatang malupit sa mga gustong manligaw sa'yo?"

"Hindi ah." Unti-unti na akong nagiging komportable sa kaniya.

I missed this kind of feeling.

Tumawa na naman si Adrian. "Oo nga pala, I have something to ask."

"What is it?" Nagtaka naman ako.

"About Chelsea."

As usual. Malaki yata talaga pagka-crush nito kay Chelsea but it's fine with me. No hard feelings.

"What about her?" Tanong ko.

"Malapit na birthday nya and I want to make her happy kahit sa araw na yun lang. I'm sure naman na kilala mo na din si Chelsea. She's really poor. Hindi man lang nya naranasan ang mga bagay na ilang beses na nating naranasan. Nating mayayaman. Naaawa ako sa kaniya." Malungkot na sabi ni Adrian

Yeah he was right. Nakakaawa talaga si Chelsea pero at least masaya pa din siya. Sa simpleng bagay, kuntento na sya.

I'm sure she will be happy kung gagawa kami ng surprise for her birthday. Next week na yun. Mabilis nalang yung araw.

"Sure, sure. Go ako dyan. So dapat pala asikasuhin na natin kasi one week nalang." Sabi ko.

He smiled. "Yeah. That's why I'm asking for your help. Saka tamang tama na wala sya dito sa school. I mean, hindi nya tayo mahahalata."

Oo nga naman. Syempre magtataka din yun if ever. Ays! Na-e-excite nako sa gagawin naming plano ni Adrian. Plus, makakasama ko pa sya. May possibility na maibalik yung dating closeness namin. Gusto ko na din kasing maging comfortable ulit with him.

"So, every breaktime and vacant, sama ka sa tambayan para makapag-plano tayo. Okay ba?" Tanong nya.

Kumabog na naman dibdib ko. Hanla. Bigla ako na-excite din ah. Pero medyo nahihiya pa din ako.

"Sure!" Masigla kong sagot.

Tatanggi paba ako? Ako pa ba?

?

Adrian POV

I miss her smile. Ganoon pa din sya, super natural kung kumilos.

Janna. A childhood friend from the past. Parang nagkaka-ilangan kami ngayon kasi naghiwalay din kami ng high school. Pero honestly, sobrang close kami nyan nung elementary.

Sana nga maging close ulit kami like before. Yung komportable kami sa isa't isa. Yung anytime pwede

nya ko sigawan like before. Nakaka-miss din yun. Actually, tinuring ko na syang girl bestfriend kasi madali ko syang nakasundo. Sobrang bait din kasi ni Janna kaya di nako magtataka kung naging close man sila ni Chelsea. Pareho silang mabait at palaban.

Hindi maarte at hindi nako-conscious sa itsura. Ang pinagkaiba lang nila, mayaman si Janna pero si Chelsea mahirap. Pero kahit ganon, naging close pa din sila and I'm happy for them.

Napatingin ako kay Janna. Nag-matured na sya. Mas gumanda na sya. All grown up ika nga. Dati, cute yan nung elementary, ngayon ang ganda ganda nya.

"Janna, number mo nga pala para... you know?"

Nag-aalangan pako itanong yan. May hiya pa din ako kahit papaano. Gusto kong magkaroon ulit kami ng communication para maging friends. Walang romatic feelings. Wag kayong advance ang utak.

Parang namutla pa sya? O nagmamalik-mata lang ako? "Sure. Here." Inabot niya yung cellphone nya sakin para ma-copy ko number.

"Done. Thank you. I'll call you often, este later. Hehe." Nadudulas pa'ko.

Mas okay din na magsimula ulit kami sa simula like before. Iba na kasi ung sitwasyon noon sa ngayon. Hindi na kami tulad ng bata na kakalbitin mo lang tapos sasabihan mong, friends na tayo. I really want her to be my friend again.

Chapter 22 ?

Chelsea POV

Lakad

Lakad

“TAXI!” sigaw ko, papunta ako ngayon sa bahay ni Kyle. Kagabi, hindi ako masyadong nakatulog kasi naman, naiisip ko pa din yung nangyari kahapon.

Ginawa ko ba talaga yun? Yumakap ba talaga ako sa kaniya? Aish, kailangan ko tuloy mag-pretend na hindi ko naalala yung kahapon. Nakakahiya! Pero bakit ganoon, kahapon habang nakayakap ako sa kaniya, I can feel it na safe ako sa kaniya, yung tipong panatag ang loob ko habang nakayakap sa kaniya. Ano bang nangyayari sakin?

Aish, sana makakilos pa rin ako ng normal sa harap ni Kyle, yung parang walang nangyari.
Tama! Nakapasok na'ko sa loob ng mansiyon pero..

Dug, dug..

Dug, dug..

Aaaaahhh! Bakit ba ganito nararamdaman ko? Badtrip naman. Chelsea, act natural! Fighting! I took a deep breath before pressing the door buzzer.

Bzzzzzttttttt!

“PASOK!” sigaw ni Kyle mula sa loob ng kwarto nya.

Pinihit ko yung door knob then pumasok na'ko. “Good morning kamahalan!” I gave him my fake smile. Feeling confident na ngiti. Ahehe, kinakabahan talaga ako eh. Yung tingin ni Kyle kakaiba, para syang di mapakali? Parang ewan.

“ANO PANG TINATAYO-TAYO MO DYAN? MAGLINIS KA NA!” sigaw niya.

Ano ba naman 'tong si Kyle, aga aga kung makasigaw parang may sunog eh. Aish, makapaglinis na nga. Sungit-sungit! I sighed. Medyo naging okay na rin yung pakiramdam ko, nawala yung kaba ko na sinigawan ako ni Kyle. Hehe lakas ng impact eh. Nilibot ko tingin ko sa buong kwarto. Teka, dami namang kalat? May mga canned beer pa. Ano ba naman 'tong si Kyle. Hindi ba siya naaasiwang ganito kakalat kwarto niya?

Linis

Linis

“EEEWWW!” napasigaw ako.

Tumingin ng masama sakin si Kyle saka lumapit, inagaw nya yung hawak ko. Hulaan niyo kung ano yung nahawakan ko? Yung nakuha ko sa ilalim ng kama niya. May tama ka!

Tumataginting na RED BRIEF.

Gusto kong matawa sa itsura ni Kyle nung hinablot nya sakin yung brief niya. Nagba-blush si KOYANG.

Ayt, ang bad ko na. Kadiri 'tong si Kyle, pati brief kung saan saan nilalagay.

Hindi na ako masyadong ilang kasi diba nagsa-sideline ako ng paglalaba. Matitindi pa nga yung nalalabahan kong brief, hanep ang prints. May spiderman, may mukha ni pacquiao. Chos! Basta.

Napatingin ako kay Kyle, andun na naman siya sa harap ng desktop niya. Pinulot ko yung mga kalat na damit hanggang makalapit ako dito sa may likod ni Kyle. Sinilip ko yung ginagawa niya.

WATTPAD?

Ano yun? Parang may binabasa syang story eh. Tiningnan kong mabuti. Ayy ayun, may binabasa nga. Ang title,

MPMMN 2: Still In Love.

Ayos sa title ah. Hehe.

Nagbabasa pala ng ganun si Kyle. Hehe, ano yun? Love story? Di bale, tinuon ko nalang pansin ko sa paglilinis.

?
Kyle POV

“EEEWWW!” sigaw ni nobody kaya napalingon ako sa kaniya

Bakit nya hawak ang brief ko? Aish, tiningnan ko siya ng masama at agad na lumapit sa kaniya saka hinablot yung brief ko. Sa dinami-daming mapupulot, yun pa.

Nararamdaman ko namumula yung pisngi ko. Nakakahiya. Kanina nga hindi na ako makapag-concentrate nung pagpasok niya dito sa kwarto ko.

Alam niyo naman yung nangyari kahapon. AWKWARD talaga tapos para kay nobody, parang wala lang? Parang wala siyang naaalala sa nangyari kahapon.

Eh, niyakap niya kaya ako! Tapos ang nakakahiya pa, I comfort her na hindi ko naman ugali. Aish, para na'kong maloloko kakaisip. Kapag yun nalaman ng tigers? Paniguradong pagtatawanan ako ng mga yun. Ako? Si Kyle Shin-Woo, nag-comfort ng isang babae? MALABO.

Pero, nagawa ko.

Kagabi halos di ako makatulog kaya naisipan ko munang uminom ng canned beer, kasi pag may tama ako, nakakatulog agad ako. Kaya ayun. Paikot-ikot na nga ako dito kagabi sa kwarto ko.

Dapat pala, mag-pretend ako na parang walang nangyari. Ayoko ng ganitong pakiramdam. Kelan pa ako nahiya? Kelan pa ako nakaramdam ng ganito? Yung pagka-ilang? Kainis 'tong nobody na'to. Kasalanan nya to. Di na nga ko manonood ng horror kasama yan. Mahirap na. Sigaw-sigawan ko na lang siya para

hindi ako mautal. Para mawala kaba ko.

“HOY NOBODY!!!!” tumingin agad siya pagtawag ko.

“Oh, bakit po kamahalan?”

“Ipag-type mo ako ng project natin, tutulog lang ako.” Utos ko.

May project kasi kami na sampung essay tapos i-e-explain.

“Hanla, oo nga pala may project tayo. Eh Kamahalan, pwede bang maki-type na din ako nung sa'kin?” nag-aalangan niyang sabi.

“Oo na, basta wag kang maingay. Tutulog ako.” Sabi ko saka nahiga sa kama. Siya naman ayun naupo na sa harap ng desktop.

Ayoko munang mag-isip.

?

Chelsea POV

Mukhang antok na antok si Kyle. Kung sabagay, kung nag-inom yata siya kagabi eh. Nakaupo ako ngayon dito sa harap ng desktop ni Kyle. Buti pinaalala ni Kyle na may project kami saka buti nalang pumayag siyang dito ko na rin i-type yung sakin, kasi naman magre-rent pa ba ako sa computer shop?

Oyy teka, baka iniisip niyo di ako marunong gumamit nito. Marunong kaya ako, di lang ako marunong mag-internet. Hehe. Sorry, ignorante lang.

Type..

Type..

Type..

After 123456789 years, natapos din ako mag-type.

Inat-inat muna tapos sandal. Kapagod. Sakit sa batok, napatingin ako sa oras sa iphone ko. Hanla, dalawang oras din pala akong nagtype kaya pala ang sakit ng batok ko.

Hikab..

Hikab..

Inaantok pa yata ako. Aish, ikaw ba naman matulog ng 3 am. Kasi tumulong pako sa karenderya kaya puyat ako. Mas naramdaman ko pa yung pagod ngayon dahil nag-type ako. Kahit nakaupo lang ako, mas nakakapagod yun 'no.

Lumapit ako sa kama ni Kyle. Umupo ako sa gilid ng kama niya kasi napansin ko yung parang maliit na feather sa ulo niya. Yung parang bulak na ewan.

Tatanggalin ko sana kaso baka magising si Kyle, magalit pa. Kaya naisip ko hipihin ko nalang ng dahan-dahan. Madadala naman yun sa hihip eh. Magaan lang kaya yun.

Aakma ko ng hihipan ng dumilat ang mata ni Kyle.

“NOBODY UMALIS KA SA HARAP KO!!!!” sigaw ni Kyle

Pati ako nagulat sa sigaw niya. At nagulat din ako dahil bigla siyang nagmulat ng mata. Nakanguso pa naman yung bibig ko kasi nga hihipan ko yung parang bulak sa buhok niya.

“BAKIT KA BA NANINIGAW?” sigaw ko.

“EH, BAKIT MO AKO HAHALIKAN! MANYAK KA NOBODY!”

Ano daw? Ako manyakis? Hahalikan ko siya?

“ANG KAPAL NG MUKHA MO!” sigaw ko. Akala pala nya hahalikan ko sya? Kapal ng mukha nitong mokong na'to!

“AISH! PUNTAHAN MO SI BUTLER SA LABAS, HUMINGI KA NG BONDPAPER!” sigaw pa rin nya.

Bondpaper?

“FINE!” sigaw ko saka mabilis na lumabas ng kwarto nya.

?
Kyle POV

Mumulat na sana ako kaso naramdaman kong may umupo sa gilid ng kama ko kaya hindi ko tinuloy yung pagmulat. Pinakiramdaman ko muna kung sino yun.

Maya-maya, hindi ko din natiis, nagmulat ako ng mata ko.

“NOBODY UMALIS KA SA HARAP KO!!!!” automatic akong napasigaw nang makita kong nakanguso na si nobody papalapit sa mukha ko.

Takte!! Hahalikan nya ako?

Napalayo naman si nobody. “BAKIT KA BA NANINIGAW?” sigaw niya.

Aba, itatanong pa. paano ako hindi mapapasigaw eh hahalikan nya ko! “EH, BAKIT MO AKO HAHALIKAN! MANYAKIS KA NOBODY!”

“ANG KAPAL NG MUKHA MO!!!” sigaw niya. Ako pa makapal mukha? Ako nananahimik na natutulog dito sa kama tapos siya 'tong basta na lang manghahalik?

May pagnanasa ba sa'kin tong si nobody? Di ko ma-imagine. Paano pala kung hindi ako nagising, edi sana nahalikan pala niya ko? May lihim na pagtingin yata sakin tong si nobody eh. Hindi ko siya type! Anong tingin niya sakin? Lalaking basta na lang nagpapahalik? Huh!

“AISH! PUNTAHAN MO SI BUTLER SA LABAS, HUMINGI KA NG BONDPAPWER!” utos ko sa kaniya. Tutal kailangan yun para ma-print na rin yung project namin na na-type nya.

Gusto ko rin muna siya lumabas. Ang AWKWARD potek!

“FINE!” sigaw ni nobody saka mabilis na lumabas ng kwarto ko.

Namumuro ka na nobody ha. Kahapon yakap tapos ngayon gusto mo pa ng kiss? Manigas ka! Kababaeng tao, manyak. Tss.

Chapter 23 ?

Chelsea POV

3 days to go. Birthday ko na. Ano kayang mabalak gawin? May pera naman ako. Sa ilang araw ng nakalipas, ang laki na rin ng naipon ko mula sa sweldo ko kay Kyle. Siguro iti-treat ko nalang si Janna saka si Adrian. Tama, kakain na lang kami sa labas. Ako sagot. May pera naman ako.

Hay. Ngayon lang ako napaisip about sa birthday ko. May pera kasi akong hawak unlike dati na lumilipas ung birthday ko na parang karaniwang araw lang. Pasalamat talaga ako kay Kyle kahit makapal mukha nya. Naaalala ko na naman. Pinagbintangan ba akong hahalikan sya. Kapal talaga. As if naman gagawin ko yun, iniingat-ingatan ko nga first kiss ko eh. Malamang feel na feel nya na gusto ko siyang halikan. Eww!

Dito nga pala ako sa mall. Inutusan ako ni Kyle bumili ng gagamitin sa project namin dito sa national bookstore. Naisipan ko na din bumili nung binabalak kong bagong bag. Dito muna ako sa dept store. Marami-rami akong bibilhin sa national mamaya eh. Pakita ko sa inyo mamaya listahan ko.

Tingin..

Tingin..

Tingin..

Ay ang ganda naman nitong bag na'to. Eto yung gusto kong bag eh. Jansport tatak. Tiningnan ko price, 1,999.00

Ay mahal.

Cute pa naman ng design. Bibilhin ko ba? Kung sabagay may pera naman ako. Almost 40k na nga pera ko sa wallet ko. Ay bibili din pala ako ng wallet, malapit na rin mag-resign yung wallet ko. Hindi na'ko nag-isip. Kinuha ko na yung bag. Wallet naman.

Tingin..

Tingin..

Tingin..

Eto, para siyang pouch, may hawakan. Kulay pink na polka dots. Ang cute. Ito nalang. Nagmamadali din ako kasi gagawin ko pa mamaya yung project namin ni Kyle. Punta nako sa counter.

JANSPORT BAG ---------- 1,999.00

SECOSSANA WALLET --- 450.00

———————

2,499.00

Mahal din pero worth it naman. Magagamit ko naman to ng matagalan. Syempre maingat ako. Time to go to national. Eto mga bibilhin ko

LIST:

2 Illustration Board
1 Pentel Pen
Colored Paper
Water Color
Plastic Cover
Color Pen
Oil Pastel
Ruler
Pencil
Eraser
Sharpener

Yan lang naman. Hehe konti lang pala, kaso ung list na yan, x2. Kasi para sakin naman. Binigyan naman ako ni Kyle ng 5k pambayad. Isama ko na daw yung sakin. Galante talaga yun. Mayaman eh. Counter then bayad na. Okay na.

Uuwi na'ko.

Tenenenenenn!

Napatigil ako para check kung sino ang nagtext. Si Kyle.

From: Kamahalan
Dumaan ka sa goldilocks. Bilhin mo yung paborito kong black forest na cake. Yung pinakamalaki. Bilisan mo!

Ang sweet talaga ni Kyle. Hilig mambulyaw, bwisit. Punta muna ako goldilocks. Bili, bayad. Okay na. Dalawang plastic na malaki bitbit ko tapos yung box ng cake. Magta-taxi na lang ako tulad ng paalala sakin ni Kyle kanina. Nasasanay nako mag-taxi. Hehe sarap pala sa pakiramdam. Hehe.

-

Kyle POV

Tagal naman ng baliw na yun. Nagke-crave na ako sa black forest. Akala nyo para kay nobody no? Hindi. Pero bibigyan ko din naman siya. May nabili kasing dvd na bago si Butler. Yayain ko sya manood mamaya. Oh, wag kayo. Comedy na. Hindi horror. Nakaka-tsansing sakin yang si nobody pag horror eh.

Di pa rin nga ako maka-get-over sa balak niya kahapon na paghalik sa'kin. baka mamaya pagnasaan na ako ng babaeng yun. Kung sabagay, hindi ko naman siya masisisi kung may pagnanasa sya sakin. Sa gwapo kong 'to? Baka maglaway pa sya pag nakita niya ABS ko. 6 packs!

Yung DVD nga pala, Sisterakas. Di ko pa napapanood yun eh. Comedy. Si Vice ganda bida eh kaya gusto ko. Nakakamana ako dun ng pambara eh. Haha

Bzzzzzt!

"PASOK!" Sigaw ko. Malamang si nobody na yan.

Pagkabukas ng pinto, niluwa si nobody, duguan siya at nagmumukha na siyang zombie.

Syempre joke lang yun. May bitbit siyang plastic ng national tapos plastic ng dept store. Nag-shopping pa yata ah. At syempre, ang aking cake!

"Ilagay mo muna yung cake sa mini ref." Utos ko sa kaniya. Syempre mamaya pa kami manonood pagkatapos ng project.

Project nga pala namin yun sa Arts. Kaya puro coloring. Ang theme, LOVE. Ano bang malay ko dun. Kaya nga si nobody pinaggawa ko. Uutusan ko pa dapat si nobody na dumaan ng supermarket kaso gagawa pa sya project namin.

Ting!

Pwede kaming sumaglit ngayon. Kahit naman hanggang gabi sya rito pwede eh. Hindi kasi ako sanay ng walang nginunguya pag nanunuod ng movie. Naubusan na ako ng stock ng chips. Napansin ko si nobody papunta sa may table nilapag mga nabili nya.

"Hoy nobody, samahan mo ako sandali sa supermarket." Yaya ko sa kaniya.

"Kagagaling ko lang sa mall ah?"

Aba nagrereklamo.

"Sandali lang tayo. May bibilhin lang tayo saglit. Maka-kotse tayo. Tara." Tumayo na'ko.

As if naman makakatanggi yan. Asa! Takot nyan sakin.

Chapter 24 ?

Chelsea POV

Andito kami ngayon ni kamahalan sa supermarket. Paano ba naman, basta na lang nagyayaya. Eh kagagaling ko lang kaya ng mall. Aish, pinapagod ako ng mokong na'to, kainis! Kung pwede lang ako tumanggi eh.

Kumuha siya ng cart at..

“Itulak mo yan, alipin kita diba? Gusto mo ako pa magtulak?” sabi ni Kyle saka pinatulak sakin ang cart. Kahit kailan, napaka-walang modo talaga ng lalaking yan. Aish.

Pasalamat ka talaga alipin mo'ko dahil kung hindi, ihahampas ko sayo tong cart na'to!

Lakad..

Lakad..

“Mag-jowa ba sila? Bakit parang hindi naman sila bagay?”

“Baka katulong lang ni handsome guy kasi siya yung nagtutulak ng cart.”

“Dapat lang, kasi di naman sila bagay 'noh!”

Tiningnan ko ng masama yung tatlong babae na nag-uusap-usap. Bakit ba kailangan pa nilang pansinin? Mukha ba talaga akong maid? At yang si Kyle? GWAPO lang yan! Pero masama ugali niyan.

“Ay, tiningnan tayo ng masama ni girl. Narinig ba nya tayo?” tanong nung isang babae na kala mo, japayuki kung manamit. Nagtitipid yata sa tela.

“Nagbubulungan lang naman tayo eh.” Sagot nung isa.

Di nako nakapag-pigil. Nilapitan ko sila.

“Anong klaseng bulungan meron kayo? Rinig na rinig ko kaya! Nagbulungan pa kayo? Wala ba kayong magawa sa buhay niyo?” mataray kong sabi sa kanila. Hindi ako papayag na ganunin 'no.

“Ay ang taray mo naman, maid ka lang naman ni handsome guy. Kung makapagsalita ka..” nakikipagtagisan pa ng tingin sakin yung isang babe na parang leader nila.

“Unang-una, hindi ako maid. Mas mukha ka pa ngang maid sa'kin.” sabi ko.

Ayoko talaga sa lahat, yung inaapi ako. Sabunutan ko sila eh.

Tumawa si japayuki girl. “Ha-ha. Are you kidding me? Look on how I dressed, ang layo-layo sa'yo.”

Aba, aba! “Yeah you're right. While looking on your dress, pakiramdam ko nasa Japan ako.” napapa-english ako ng wala sa oras eh. Lintik!

“Oh, see. Ganyan kataas ang fashion sense ko.” nagmamalaking sagot ni girl.

Natawa ako. “Hindi mo na-gets?” tanong ko.

“What?”Nanlalaki na yung butas ng ilong nung babae.

“Kaya feeling ko nasa japan ako, kasi mukha kang japayuki dyan sa suot mo. Naghihirap ka na ba para magtipid ng tela? O talagang ganyan ka na ka-desperada na mapansin ng mga lalaki kaya ka nagsusuot ng ganyan kasagwang mga damit? Damit nga bang matatawag yan? O saplot lang?” sarkastiko kong sabi.

Napasinghap yung tatlong babaeng mukhang tuko. “What did you say???” galit na galit na yung girl

Akma niya ako susugurin nang humarang sa harap ko si Kyle na di ko inaaasahan.

“Leave her alone. Or else..” kakaiba yung boses ni Kyle. Parang seryosong galit na ewan. Pero bakit nya ko pinagtatanggol? Himala.

Pero na-touch naman ako. Promise!

Nagsi-alisan na yung tatlong babae. Takot ba naman kay Kyle. Humarap siya sakin. “AT IKAW? PWEDE BANG MAG-CONCENTRATE KA SA PAMIMILI PARA MAKAUWI NA TAYO AT MAKAGAWA KA NA NG PROJECT NATIN?”

Ano daw?

“Feeling mo naman pinagtanggol kita. Ginawa ko lang yun kasi nagmamadali tayo diba? Tch. You’re wasting my time.” pagkasabi niya tinalikuran na niya ako at nagtingin-tingin na ng displays.

Ang walang hiya, na-touch pa man din ako. Akala ko pinagtanggol talaga ako ng mokong. Aish. Sama talaga ng ugali.

Sumimangot ako at tinulak ko na ulit yung cart at sumunod kay Kyle. Kuha dito, kuha doon. Hindi man lang tumitingin ng prize, kuha lang siya ng kuha. Mga tsitsiria na mukhang mamahalin.

“Nobody, may gusto ka ba? Kuha ka lang.” sabi ni Kyle.

Napangiti naman ako. He-he, pampalubag-loob ba yan Kyle?

“...may pera ka naman eh, kaya ikaw magbabayad ng kukunin mo. Akala mo libre? Asa ka.” dugtong niya.

Walang modo ka talaga Kyle. Kung sabagay may pera nga ako. Kukuha ako. Hehe. May gustung-gusto akong matikman dito eh. Chocolates. Makabili nga, ngayon lang 'to. Dati, cloud9 lang keri ng pera ko. Hehe

KUHA

KUHA

CADBURRY
TOBLERON

HERSHEY's

Tama na muna 'to. Na-e-excite ako kainin. Hehe

-

Kyle POV

Kanina pa ako tingin ng tingin pero si nobody nawala sa likod ko. Nilibot ko ang tingin ko at ayun, mukhang nakikipag-away na naman. Hilig nyan manlait din eh. Pag inaapi siya. Hehe.

Napansin ko na parang susugurin nung isang babae si nobody kaya mabilis akong lumapit at hinarangan si nobody. “Leave her alone. Or else..” mukhang nasindak naman yung tatlong babae na ubod ng papangit kaya nagsi-alisan agad sila.

Pagkatapos nyon, tumingin ako kay nobody na parang napapangiti pa. “AT IKAW? PWEDE BANG MAG-CONCENTRATE KA NA LANG SA PAMIMILI PARA MAKAUWI NA TAYO AT MAKAGAWA KA NA NG PROJECT NATIN?” sigaw ko.

Sa halip kasi na namimili na kami, nag-aaksaya lang sya ng oras sa mga walang kwentang babaeng yun. Pero honestly, may something sa'kin na gusto ko talaga syang ipagtanggol kanina. Ewan ko ba.

Hindi siya sumasagot. Nakatingin lang siya sakin. “Feeling mo naman pinagtanggol kita. Ginawa ko lang yun kasi nagmamadali tayo diba? Tch. You’re wasting my time.” sabi ko pa tapos tinalikuran ko na siya at nagsimula ng kumuha sa mga displays.

Kuha..

Kuha..

Kuha..

Pinagkukuha ko mga chips. Lays, Doritos, cheetos, mga PIC-A, Nova, piattos, marami pa. Para may stock ako sa kwarto.

Napatingin ako sa chocolate na nasa display, Van houten. Nagkaroon ako ng urge na kunin. Tatlong bar na malalaki. Lumingon ako kay nobody. Napansin ko na tumitingin din sya pero di siya kumukuha. “Nobody, may gusto ka ba? Kuha ka lang.” sabi ko

Ngumiti siya. Wow, himala. First time nginitian nya ko. Kay Adrian lang kaya yan lagi ngumingiti.

Dug, dug...

Dug, dug..

Aish bakit ba eto na naman yung kabog ng dibdib ko? Ampu! Bwisit na nobody 'to, kasalanan niya. Bakit kasi ngiti-ngiti pa.

Argh, “...may pera ka naman eh, kaya ikaw magbabayad ng kukunin mo. Akala mo libre? Asa ka.” sinabi ko nalang. Hirap maging mabait! Pero ako pa din naman magbabayad mamaya ng kukunin niya. Sinabi ko lang yun para sumimangot ulit siya. Hehe ^__^

Natapos kami sa pamimili at nagpunta ng counter.

“Kyle ako muna magbabayd, etong sa'kin.” sabi ni nobody na kumukuha na ng pera sa wallet niya. Chocolates lang klinuha niya. Mahilig siguro 'to sa chocolates.

Tiningnan ko siya. “Hindi na, ako na magbabayad lahat niyan. Kawawa ka naman. Diba mahirap ka lang? Kaya ako na, kasi mayaman ako eh.” sabi ko.

HAHA. Ganyan ako kayabang.

“Aish. Ewan sa'yo Kyle, pero salamat.” sabi niya.

Binayaran ko na lahat at nagpunta na kami sa parking lot.

“Kyle, hindi mo talaga ako tutulungan buhatin 'to?” tanong ni nobody.

Para limang plastic lang. “Napakahinang nilalang mo naman! Para saan pa at slave kita kung limang plastic lang, di mo pa kayang dalhin?"

“Oo na kamahalan, dami mo pa sinasabi. Psh.”

Nauna na siyang maglakad. Aba, aba. Tinatalikuran na ako nitong alipin ko ah. Simangot na simangot na naman si nobody. Bagay sa kaniya. Ha? Sinabi ko ba yun? Bagay sa kaniya? Erase, erase.

Chapter 25 ?

Chelsea POV

Kararating lang namin ni Kyle dito sa kwarto nya galing supermarket. At talagang ako nagbitbit nung binili namin. Napaka-ungentlemen talaga nyang si Kyle kahit kailan.

"Gagawin ko na yung project natin." I said after putting all the plastic bags on the table.

"Fine." sagot niya saka dumiretso sa desktop niya. As usual, yan naman lagi niya pinagkaka-abalahan.

Psh. Hindi ba lumalabo mata nito kaka-computer? Kinuha ko yung plastic ng national bookstore tapos umupo ako dito sa couch niya. Sinimulan ko ng gawin yung project namin sa arts. Sana matapos ko agad.

-

Janna POV

"Ano kayang ginagawa ni Chelsea ngayon. I really missed her." sabi ko kay Adrian.

Andito kami sa garden, pinag-usapan kasi namin yung plano namin sa birthday ni Chelsea. Handa na lahat, yung tutugtog na lang ang kulang. At syempre, yung isusuot ni Chelsea on her day.

"Oo nga eh, parang ang tahimik ng room pag wala si crush." sagot ni Adrian.

As usual, talagang crush yung tawag niya kay Chelsea but it's okay with me. He-he, sa ngayon mas gusto kong maging close ulit kami ni Adrian.

"Janna.."

Nawala ako sa pag-iisip sa tawag ni Adrian. Bakit parang ang lakas ng epekto sa'kin pag tinatawag nya ko sa pangalan ko? Aish, kinikilig yata ako. Ha-ha.

"Bakit?" I asked.

"Tara cutting tayo, let's go hang-out kahit sa mall." yaya niya na ikinagulat ko.

Is he asking me on a date? Okay sige, ako na assuming. Nagyayaya lang sa mall, date agad nasa isip ko. He-he! Tatanggi pa ba ako? Kung ang kapalit ng pagka-cutting ko ay ang makasama ko si Adrian, why not?

I smiled at him. "Sure." Oh, diba, walang isip-isip. Gora agad! Yan tayo eh.

"That's great! Let's go!" natuwa siya sa sagot ko.

-

Kyle POV

Natapos ko ng basahin yung "Mr. Popular Meets Ms. Nobody Book 2" sa wattpad, hindi pa rin yata tapos si nobody sa project namin.

3 hours na ang lumipas ah. "Hoy, nobody, di ka pa tapos dyan?"

Hindi siya tumingin pero sumagot naman siya. "Wait, 5 seconds. Plastic cover na lang." sabi niya.

Mukhang busy talaga siya at kinareer nya ang paggawa ng project namin. Kung sabagay bukas makakapasok na'ko kasi wala na yung violet sa bukol ko.

"DONE!" napatingin naman ako agad sa pagsigaw niya. 5 seconds nga ah, tapos na.

Tumayo na'ko sa harap ng desktop ko. Tiningnan ko yung ginawa niya. Bale tig-isa kami dun, maganda, mahilig akong manlait pero magaling siya sa paggawa ng arts. Magaling syang mag-drawing.

Pero siyempre hindi ko siya pupuriin, baka lumaki ulo eh. "Bilisan mo na dyan, samahan mo ako manuod ng movie." sabi ko.

Para syang namutla na ewan. "Eh Kyle, ikaw nalang."

Ano bang nangyayari sa babaeng 'to? Parang sira. "Bakit naman?" tanong ko.

"Eh alam mo na namang duwag talaga ako sa horror."

Ah, yun pala. Akala siguro niya horror ulit ipapanood ko sa kaniya. Hindi! Baka mamaya yumakap na naman siya sa'kin. Nakaka-swerte na siya sa pag-tsansing sakin.

"Baliw, hindi na horror panonoorin natin, baka mamaya yakapin mo na naman ako. Ano ka? Nakakaswerte?" pagkasabi ko niyan pumunta nako sa couch at binuksan ang TV.

-

Chelsea POV

"Baliw, hindi na horror panonoorin natin, baka mamaya yakapin mo na naman ako. Ano ka? Nakakaswerte?" sabi ni Kyle. Kahit kailan ang kapal din talaga ng mukha nitong mokong na'to.

As if naman gustung-gusto ko yung pagkayap sa kaniya? Kapal talaga, hmp! Inayos ko lang mga ginamit ko sa paggawa ng project namin tapos tumabi na rin ako sa kaniya sa couch na nakaharap sa napakalaking TV niya.

"Anong panonoorin natin?" tanong ko habang inaayos niya yung panonoorin.

"Mamaya ka na magtanong. Kunin mo yung chips na binili natin sa supermarket. Pati na rin yung coke in cans sa ref. Bilisan mo." utos niya.

Bait nitong si Kyle, promise! Kinuha ko na yung mga inutos niya tapos bumalik dito sa couch. Nai-set-up na rin niya yung panonoorin namin. Pinatong ko na lahat yung chips at cokes sa center table.

"Eh, Kyle anp nga panonoorin natin?" tanong ko ulit. Baka kasi mamaya pagtrip-an na naman ako nito.

"Sisterakas. Comedy 'to. Kay Vice Ganda." sagot niya habang nagpipipindot sa remote.

"Ah, kay Vice Ganda? Ay, nakakatawa yan for sure." nakangiting sabi ko. Eh totoo naman, minsan nakakanuod ako ng Gandang Gabi Vice eh, nakakatawa kaya siya.

Naupo na rin si Kyle sa couch. Nag-start na yung movie.

-

Third Person POV

Habang nanunuod sina Kyle at Chelsea ay hindi nila maiwasang magka-agawan sa chips na nasa mesa. Para silang mga bata pero halata namang pareho silang nag-e-enjoy.

"HAHAHAHAHAHAHAHAH"

"HAHAHAHAHAHAHAHAHHAHA"

Nagkatinginan sila habang tumatawa ng malakas, pero nang magtama ang mga mata nila, kapwa rin sila napatigil sa pagtawa at ibinalik ang tingin sa screen ng TV. It feels awkward ika nga nila.

Si Kyle, kakaiba ang nararamdaman niya habang nakikitang tumatawa si Chelsea. Parang nagiging musika sa pandinig niya ang boses ng tawa ni Chelsea pero pilit niya yun itinatakwil sa isip niya.

Nagustuhan naman ni Chelsea ang lasa ng Doritos kaya talagang nakikipag-agawan siya kay Kyle. Eto namang si Kyle, nananadyang agawin yun dahil napansin niyang nagustuhan ni Chelsea yung Doritos. Nag-e-enjoy kasi siya sa ginagawa niya. Natutuwa siya sa face reactions ni Chelsea.

Nag-agawan, nagsigawan, nagtawanan, nag-snob sa isa't isa. Yan ang pinaggagawa nila habang nanunuod ng movie.

-

Chelsea POV

"HAHAHAHA" tawa ako ng tawa kanina pa. Sakit sa tiyan.

Ayan tapos na pala yung movie. "Grabe, kamahalan nakakatawa talaga yung movie 'no?" sabi ko habang tumatawa.

"HAHAHA, oo nga eh. Sabi sayo comedy eh!" sabi naman ni Kyle."Mas nakakatawa lalo yung ano, HAHAHAHA, tapos yung ano, HAHAHHA, grabe nakakatawa talaga yung anong yun, HAHAHHAHA."

KYLE? Yung totoo, wala akong naintindihan sa sinabi mo. Pero, nakakatawa talaga.

HAHAHHAHAHHAHA

Ngumiti lang ako habang nakatingin kay Kyle na tumtawa pa din. Di maka-get-over.

"Tara, may cake pa sa ref, kainin natin." sabi ni Kyle.

Huh? Parang ang bait naman ni Kyle. Hehe mukha siyang jolly person ngayon. "A-Ah sige." sabi ko kahit medyo himala kasi ang bait niya. Ahehe.

Pag-kakuha ko ng cake nilapag ko agad sa center table, "Ayan na, tara kain tayo!" nakangiting sabi ko.

Susubo na sana ako ng sumigaw si Kyle. "HOY!SINONG MAY SABING BINIBIGYAN KITA?"

Kahit kelan talaga oh. "Sabi mo kainin natin yung cake."

"Nananganginip ka lang. Dun ka nga, kumuha ka ng pagkain mo, wag tong cake ko." sabi niya.

Langyah ka talaga Kyle. Hmpp! Umalis nako sa harap niya at umupo nalang sa single chair habang nakasimangot. Akala ko mabait na, hindi pala. Aish!

-

Kyle POV

"Tara, may cake pa sa ref, kainin natin." sabi ko. Teka? Sinabi ko ba yun? Napatigil ako sa pagtawa.

"A-Ah sige." sagot ni nobody.

Umiling-iling ako. Hindi ko sinabi yun. Tsk. Kelan pa ako naging mabait? Masama ang ugali ko.

Napatingin ako kay nobody na dala na yung cake at platito sa center table. "Ayan na, tara kain tayo!" nakangiting sabi ni nobody.

Pasubo na sana siya ng cake pero sumigaw ako. "HOY! SINONG MAY SABING BINIBIGYAN KITA?"

Hindi ako mabait.

Hindi ako mabait.

Hindi ako mabait.

Hindi ako mabait.

Hindi ako mabait.

Hindi ako mabait.

Hindi ako mabait.

Bakit ko siya bibigyan? Nagkamali lang ako ng sabi kanina kasi napasarap ako kakataawa. "Sabi mo kainin natin yung cake." naka-pout pa si nobody nung sinabi yan.

Aish. Ayoko nga ng nagpa-pout yan eh."Nananaginip ka lang. Dun ka nga, kumuha ka ng pagkain mo, wag tong cake ko." sabi ko nalang. May kakaiba talaga akong nararamdaman dito sa bandang dibdib ko lalo na pag malapit sya sakin.

Aish. Dapat iwas-iwasan ko mapadikit dito kay nobody. Parang may mali na sa nararamdaman ko eh. Ano ba kasi 'to?

Hindi ko nalang pinansin si nobody hanggang matapos akong kumain ng cake. Napatingin ako sa kaniya at nagulat ako nang makita ko siyang nakatayo, may pakpak ng anghel at kumikinang siya.

Pero syempre joke lang yun.

Natutulog lang sya dun sa single chair. Nakatulog habang naka-upo. Aish. Para tuloy na-konsensya pako at hindi ko siya binigyan ng cake. Ayt. Wala akong konsensya! Napatingin ako sa plastic ng supermarket at may nagtulak sakin na lapitan yun. Pagtingin ko, may 3 bar nga pala ng chocolate na kinuha ko kanina sa supermarket kahit di naman ako mahilig sa chocolate.

Ting!

May naisip ako.

Chapter 26 ?

Chelsea POV

"Uwi na ako." paalam ko kay Kyle. Tutal nakanuod na naman kami ng movie at tapos na din yung project namin.

Hindi ko na nga namalayang naka-idlip na'ko dahil sa kadamutan ni Kyle ng cake. Oo nga pala, makakapasok na ko ulit bukas.

Malamang ang dami kong hahabuling lessons. Kainis! Pero at least medyo gumaan pakiramdam ko habang nakakasama si Kyle ng matagal. Yung tipong mas nakikilala ko siya. Mas nagiging aware ako sa ugali niya.

Nakaka-enjoy din naman palang kasama si Kyle. Sweet din siya. Sa una lang tapos biglang babawiin. Psh. Walang modo lang talaga yung si Kyle eh.

"E'di umuwi ka. Syuuu!" Tinaboy pa ako ng walang modo kong kamahalan. Napakasama talaga ng ugali ng lalaking 'to.

Sumimangot ako. "Kelan ka kaya babait sakin." Bulong ko habang inaayos yung gamit ko na iuuwi ko.

"May sinasabi ka nobody?" Tanong ni Kyle na masama ang tingin sakin. Para na akong lalamunin ng buhay.

"Wala po kamahalan. Sige po, aalis na ako." Sabi ko saka lumabas na ng pinto.

Aish. Hanggang nagyon nalilito pa rin ako dito sa bahay nina Kyle. Gano kaya sila kayaman para magkaroon ng ganito kalaking bahay? Sana ako din. Ahehe. Makasali nga sa Deal or No Deal. Baka manalo pa ako ng 2million o 1million. Hakhak.

O kaya, sali kaya ako sa The Voice? Malaki premyo din dun. Magaling naman ako kumanta.

I set fiiiiiiiirrrrrreeeee to the rain!

Sample palang yan. Mala-anne curtis boses ko men. Hay, kelan kaya ako yayaman tulad ni Kyle o ng iba ko pang classmate? Pero sabagay. Money doesn't matter to me. Ang mahalaga, may friends na'ko. Andyan si Janna at si Adrian na ang babait talaga sakin.

Tama na. Nagiging ma-drama na'ko. Hehe. Malapit na pala ako sa bahay. Kanina pako naglalakad-lakad eh. Pagpasok ko dito sa kwarto ko inilapag ko muna bitbit ko sa single bed ko tapos nagpalit ako ng damit pambahay. Na-excite ako bigla na tingnan yung binili kong bag at wallet. Yehey, ganda talaga ng bag. Nilipat ko na yung mga gamit ko dahil ito na yung gagamitin ko bukas pagpasok. Kinuha ko yung wallet kong hello kitty na magre-resign na pati yung maliit kong sobre na inipit ko sa ilalim ng foam ng kama ko. Laman nun yung bayad sakin ni Kyle. Iniipon ko syempre.

Nilagay ko na lahat yun sa bago kong wallet. Katuwa.

Nakuha ko na yung bag at wallet sa plastic pero napansin ko parang may laman pa yung plastic kaya sinilip ko.

May chocolate? Tatlong malalaking bar ng chocolate? Paano napunta 'to dito? Kinuha ko yun tapos napansin ko may post-it notes palang nakadikit.

Nobody sa'yo nalang yan. Mayaman naman ako. Marami akong pambili nyan. Saka malapit na expiration nyan kaya ko binigay sa'yo. Wag kang assuming. -Kyle

I smiled. Yang si Kyle, harsh talaga yan magsalita. Pranka at walang modo pero alam kong mabait pa din sya deep inside. Yang mga kabutihang ginagawa niya, dinadaan lang niya sa bastos na paraan. Hahaha Mas nakikilala ko na sya habang tumatagal.

Van Houten. Yan name ng chocolate. Napatingin naman ako bigla sa expiry date. 2014 pa ah. Si Kyle talaga magdadahilan lang, sablay pa. Pero di bale, mag-thank you ako sa kaniya bukas.

Tulog na'ko. Aga pa pasok bukas eh. Goodnight.

-

Kyle POV

The next day..

Maaga akong pumasok kasi kinausap ko pa yung Dean namin regarding sa absent namin ni nobody. Kahit papaano ayoko din mapasama yung grade at attendance niya. Pero wala eh, alipin ko sya kaya kailangan din niyang um-absent.

Pagpasok ko sa room, andun na sina Lance at Adrian.

"Kyle! Kumusta bukol?"

Galing talaga ng salubong sa'kin ni Lance. Take note, wala siyang emosyon habang tinatanong yan. Lintik naman.

"Kyle, buti nakapasok ka na." Sabi ni Adrian. "Si Chelsea?" Tanong nya pa.

Mukhang hindi naman 'to excited na nakapasok na'ko. Alam kong si nobody ang inaabangan nito.

"Uy crush!"

Napatingin ako sa pagtawag ni Adrian. Andun na nga si nobody walking towards us.

"Hello Adrian. Na-miss ko kayo." Sabi ni nobody.

Aba, ayan na naman yang ngiting happy nya. Syempre, kaharap si Adrian eh. Aish. Nagulat ako nung lumapit sya sakin. Ngiting-ngiti pa. "Kamahalan, thank you!"

Tch. Bakit pakiramdam ko nag-iinit ung pisngi ko sa sinabi nya. Ba't nagte-thank you ang babaeng 'to?

"A-Ano?" Putek, nauutal tuloy ako.

"Thank you sa chocolate." Pabulong na sabi nya sakin.

"ANO??" Sigaw ko.

Bakit ba bigla akong nahiya. Aish. Dapat pala di ko na binigay sa kaniya yung chocolates. Amp!

"Sabi ko thanks sa chocolates." Ulit niya habang nakangiti pa din sakin.

"WAG KA NGANG ASSUMING NOBODY! MA-E-EXPIRE NA YUN KAYA KO BINIGAY SAYO!" Sigaw ko. Ampu, nahihiya talaga ako. Naiilang ako kasi iba yung ngiti sakin ni nobody.

Aish. Bakit ba ako apektado ng ganito? Napapasigaw ako ng wala sa oras e.

"Oo nalang." Sagot ni nobody saka umupo na siya sa upuan nya.

Aish.

-

Chelsea POV

Nakakatawa talaga si Kyle. Kunwari pa. Kesyo ma-e-expire na. Expire mo mukha mo. Di bale, basta masaya ako ngayon kahit sigaw-sigawan pa niya ako. Sanay na kaya ako.

"Crush, na-miss kita ah." Napatingin ako sa sinabi ni Adrian. He's smiling at me. "Hindi kita nasundo. Di mo kasi ako tinext na papasok ka na pala ngayon."

I smile. "Okay lang yun, ano ka ba? Na-miss ko din kayo. Teka, nasaan si Janna?" tanong ko. Wala pa pala siya dito. Eh usually maaga yung pumasok.

"Ah, may dinaanan lang siya. On the way na rin siya papasok." Sagot ni Adrian.

Alam niya? Teka, may hindi ba ako alam? Ahehe

"Chelsea!!!" napatingin ako sa may pinto at ayun, ang aking bestfriend patakbong lumapit sakin.

With hug pa.

"Janna." Sambit ko.

"Na-miss kita. Buti nakapasok ka na ngayon?" sabi ni Janna

I smiled at her. "Oo naman. Magaling na naman si kamahalan." Sagot ko.

Ngumiti lang siya tapos tumingin siya kay Adrian. "Okay na!" nakangiting sabi niya kay Adrian.

Teka, may something talaga sa mga 'to? Ayiiii! Sila na? Ahehe. Pero buti friends na sila. Hindi na ako magtataka. Mabait naman kasi si Adrian.

"Hoy nobody!"

Napalingon ako sa sigaw ni Kyle. "Oh, bakit?"

"Wala." Masungit na sagot niya.

Ha? Lakas man-trip nitong si Kyle. Sarap pektusan talaga eh.

"Uy, Chelsea.."

"Oh, Janna?" parang ang weird ng mga 'to ngayon, promise! Nawala lang ako ng ilang araw sa school eh.

She gave me her wide smile

"Wala." Sagot niya habang nakangiti pa rin.

Ano daw? Ang weird talaga. Ano bang nakain ng mga 'to?

Nagulat ako ng bigla naman ako kalbitin ni Adrian na nasa kanang gilid ko. Si Janna kasi, sa kaliwa eh. "Oy.."

"Wala." Nakangiting sagot ni Adrian.

Ayt! Maloloka ako sa mga 'to?

"So, here's again the bitch." Napatingin ako kay Angel na nakatayo na sa harapan ko. Aba, na-miss yata ako ng bruhildang ito.

Kalma lang ako. Syempre maganda yung umaga ko eh. "Any problem?" tanong ko. Syempre English labanan eh. Ahehe

"Hmmp! I'm sure, nakakasuka na naman dito sa room dahil andito ka na ulit. Hays! Nakakaasiwang pumasok ng may kasama kang mukhang maid sa room." Maarteng sabi ni Angel.

Wow ha? Mukhang maid pa din? Tumayo ako. "Alam mo Angel, kung nasusuka ka dahil andito ako sa room, edi lumabas ka! problema ba yun? Alam mo, nagtataka nga ako kung bakit pag tumitingin ka sa salamin, di ka nasusuka. Eh kaderder kaya yang mukha mong pinudpod ng make-up!" sarkastiko kong sabi.

Kitang-kita yung pagka-inis sa mukha niya. "Sinusubukan mo ba ako? Gusto mo patalsikin kita sa school na 'to? You have no idea how rich I am."

Oh, edi ikaw na mayaman. Psh.

Magsasalita pa sana ako ng tumayo si Kyle at humarap kay Angel. "Shut up! Ako lang ang may karapatang mag-salita ng ganyan kay nobody. Ako lang ang may karapatang paalisin siya rito sa school kaya bumalik ka na sa upuan mo bago ako mapuno!" sigaw ni Kyle na ikinagulat ko pati ng buong klase.

Alam ko, sisigawan na naman ako niyang si Kyle. Alam ko pinagtatanggol niya ako kahit di niya aminin, kahit harsh siya magsalita, na-a-appreciate ko yun.

Agad namang umalis si Angel sa harap ko. Galit na galit yung itsura pero nasindak naman kay Kyle. May mga bulungan sa buong room. Nagkaka-ingay na.

Yung tingin sa akin ni angel parang sinasabing, *'humanda ka sakin.'*

Humarap ako kay Kyle. "Kyle.."

"WAG KANG ASSUMING! DI KITA PINAGTATANGGOL." Sagot agad niya saka umupo sa upuan niya.

Tingnan mo'to, wala pa akong sinasabi nagsasalita agad. Defensive much? Haha, okay lang sigawan niya ko. Na-touch pa din ako sa kaniya.

Umupo na'ko. "Ipagtatanggol na sana kita, naunahan lang ako ni Kyle. He-he!" nakangiting sabi ni Adrian.

"Adik ka." Yun nalang nasabi ko. Hehe!

-

Kyle POV

Psh. Na-badtrip talaga ako kay Angel nung sabihan niya si nobody na paaalisin niya sa school. Ako lang ang may karapatang magpa-alis dyan sa school.

Kaya ko nga yan alipin para di ko siya patalsikin dito sa school eh, tapos magmamagaling siya?

Bakit ba laki ng galit nito kay nobody? Wag mong sabihing insecure ang mga yan? Kung sabagay, tulad ng sabi ni nobody, puro make-up mga yan, sabagay si nobody kasi natural ang mukha, hindi nga marunong mag-ayos pero cute at maganda pa din siyang tingnan.

ANONG SABI KO? CUTE AT MAGANDA??? SI NOBODY???

Ampu!! ERASE, ERASE!!!

Ano bang nagyayari sakin? Bakit ko pupuriin yan. Aish!!

Chapter 27 ?

Chelsea POV

Sa school..

Grabe, si Janna at Adrian close na rin pala. Aba, ayun sa may pinto mukhang seryoso pinag-uusapan. Ayt nagseselos na'ko. Hoy, hindi dahil may gusto ako kay Adrian ha. Eh kasi friend ko sila pareho. Eh para akong alone dito eh.

"Hoy nobody!"

Napalingon agad ako sa sigaw ng kamahalan. "Yes po, kamahalan?"

"Selos ka?" Tanong nya habang nakangisi. Mukha pa siyang nang-aasar. Nginunguso pa niya sina Adrian at Janna.

Sumimangot ako. "Hindi 'no!" Tanggi ko. Adik ba 'tong si Kyle.

"Kunwari kapa. Tch." Narinig kong sabi niya.

Diko nalang sya pinansin. Naghalumbaba na lang ako dito sa desk ko tapos muni-muni.

Grabe, birthday ko na pala bukas. Hehe, mamaya isip ako saan magandang kainan para ma-treat ko naman sina Janna at Adrian. Sila lang close friends ko eh.

Dami pa'ko ipon. Ahehe. At dahil friday ngayon, sasahod din ako kay Kyle mamaya ng tumataginting na 25k + 10k dahil sa paggawa ko ng project nya. Ayeeee!

Dami na'ko ipon. Hehe. Dapat nagpapagawa ako ng ATM para maitago ko yung pera. Magagamit ko yun for future matters.

Magpaturo pala ako kay Janna mamaya. Hehe.

"Chelsea!" Magiliw na tawag sakin ni Janna habang papalapit sila ni Adrian sa'kin.

Ngumiti lang ako.

"Lalim ng iniisip ah?" Puna ni Adrian saka naupo sa upuan niya. Si Janna umupo na din.

"Hindi ah. Hehe." Tanggi ko.

"Mall tayo later." Yaya ni Janna sakin.

Bumilog ang mata ko habang nakangiti. "Tamang-tama, yayayain din kita. Eh, papaturo sana ako sa'yo paano kumuha ng ATM. Alam mo na, yung nakukuha kong sweldo ko Kyle, iipunin ko. Mahirap naman kung lagi lang nasa wallet ko." Sabi ko sa mahinang boses lang syempre.

Diba nga si Janna lang at tigers ang may alam na alipin ako ni Kyle.

"Yun ba, sureness!" Nakangiting sagot ni Janna. Bait nya talaga. Hehe.

"Wala yatang klase. Wala pa prof. 30minutes late na ah." Sabi ni Adrian.

Tumango ako. "Oo nga eh." Kanina pa kaya boring kasi wala pa prof. Last subject pa naman namin 'to.

"Hoy nobody."

Ayan na naman ang kamahalan. For sure uutusan ako nyan.

"Bakit po kamahalan?" I gave him my fake smile.

“Pumunta ka mamaya sa bahay. Ipaglinis mo ako ng kwarto." Sarkastikong sabi niya.

Sabi na nga ba eh. Napatayo ako. "ANO?"

Kasi naman..

"May reklamo?"

"May lakad kami ni Janna eh." Napakamot ako sa ulo ko. Bakit ba laging wrong timing tong si Kyle?

Kainis. Makakatanggi ba ako?

*

Adrian POV

"Pumunta ka mamaya sa bahay. Ipaglinis mo ako ng kwarto." Narinig kong sabi ni Kyle kay crush.

Wrong timing tong si Kyle. Hindi pwede, mamaya siya ibibili ni Janna ng isusuot bukas sa birthday party na hinanda namin. Matatagalan sila dun sa mall kaya kailangan dumiretso na sila dun pagka-out namin dito sa school.

"ANO?" Napatayo tuloy si crush at napasigaw. Paano ba naman, eh magmo-mall nga sila.

"May reklamo?" Sabi ni Kyle

Napansin kong sumesenyas sakin si Janna. Na-gets ko naman kahit papaano.

"May lakad kami ni Janna eh." Sabi ni crush. Mukhang wala siyang maisip na dahilan. Si Kyle kasi, pag ginusto nyan, walang makakapigil dyan.

"Wala akong pakialam." Seryosong sagot ni Kyle.

I sighed saka umupo sa tabi ni Kyle. "Brad, tara mamaya sa bar. Nagka-ayaan ang tigers eh." Gumawa nalang ako ng dahilan. Si Kyle kasi.

"Ganon ba? Sige." Sagot ni Kyle.

"Paano yan, pinapupunta mo pa si Chelsea sa mansyon?" Tanong ko.

Aish.

Sa halip na sagutin nya ko. Tumingin sya kay nobody. "Nobody, bukas ka na lang pala maglinis. Pasalamat ka may lakad kami mamaya."

Napangiti ako. Yan ang gusto ko kay Kyle. Hindi yan marunong tumanggi pag inaya mo na lalo na kung tigers.

Ahehe. Ayos na. Tumingin ako kay Janna. She's smiling at me.

Kakaiba rin tong babae na'to eh. Bukod sa maganda na, mabait pa. Kaya nga naging close ko yan nung elementary kami. Kung hindi lang yan lumipat sa japan ng highschool, malamang close pa din kami ngayon.

Iba na rin kasi. May mga bagay na hindi ko alam about sa kaniya kasi nagkalayo rin kami pero masaya ako na nagiging friends na rin ulit kami.

Nga pala, te-text ko pa tigers na pupuntang bar. Walang kaalam-alam mga yun eh. Hehe.

*

Chelsea POV

Buti naman kinausap ni Adrian si Kyle at niyaya sa bar. Matutuloy na kami sa mall ni Janna. Ayii.

"Wala na talaga ang prof. Di na dadating, tara na! 30 minutes late na kaya tara." Sabi ni Adrian.

"Tara Chelsea." Yaya ni Janna.

Ngumiti ako. "Sige." Inayos ko na gamit ko. Excited nako pumuntang mall. Hehe

Sigurado masu-surprise sina Adrian at Janna bukas pag nag-treat ako sa kanila. Hehe. Di ko sasabihing birthday ko na bukas.

--

Sa mall..

Andito kami ni Janna sa mall. Pupunta daw muna kami sa BDO, bangko daw yun eh para magpagawa ng ATM.

Na-excite naman ako bigla. First time eh. Papaturo na din ako sa kaniya paano gumamit.

Andito na kami sa loob ng bangko. Si Janna yung nakikipag-usap sa babae. Malay ko ba anu sasabihin.

Ignorante langs.

"Oh, Chelsea, fill-up mo na 'to." Inabot sakin ni Janna yung parang form ng para sa savings account.

Kinuha ko tapos fill-up.

Fill-up

"Tapos na Janna."

"Sige. Akina I'D mo." Sabi ni Janna. Inabot ko naman yung school I'd ko.

After 123456789years, "Chelsea, magkakano ihuhulog mo?"

Kinuha ko muna wallet kong bago sa bag ko. Tapos binilang ko din yung nasa sobre. "Hm, 60k, ihuhulog ko na 'to lahat."

May natira pang 12k + sa wallet ko, yun na panggastos ko saka para bukas pan-treat ko kina Janna. At least may ipon na'ko. Yehey!

After 987654321years ulit, "Okay na. Change PIN nalang tayo dun sa ATM Booth." Inabot sakin ni Janna yung ATM. Nag-set nako ng PIN ko. Tinuruan na din ako ni Janna paano mag-withdraw. Hehe, madali naman ako natuto. Matalino kaya ako.

Di pa rin ako makapaniwalang may ATM nako. Hehe pang-mayaman 'to alam ko eh. Tiningnan ko ATM ko

***** **** ***** ****

CHELSEA TORRES

Nakakatuwa. Secured na pera ko for emergency. At kapag kinulang nako at may kailangan sa school na bilhin.

Nilagay ko muna ATM ko sa wallet ko bago kami lumabas ng bangko. "San na tayo punta?" Tanong ko kay Janna.

“We will buy dress." Excited na sabi niya.

Kumunot-noo ko. "Dress?"

Bakit naman kami bibiling dress? Adik tong si Janna. Sabagay, hilig nga pala nitong mag-shopping.

Hinila nya ko sa isang boutique na puro dress and shoes. Promise! Ang gaganda. Eleganteng tingnan. Tumingin-tingin na si Janna ng dress. Natatawa ako sa kaniya. Hehe. Talagang effort kung effort sya para lang mabigyan ako ng damit.

"Here! Bagay sa'yo to." Inabot nya yung red dress. Ang ganda!

"Ang ganda." Sabi ko.

"Oh, go. Isukat mo kung kasya." Utos ni Janna sakin. Agad naman din akong sumunod.

Pagkalabas ko.

Nanlaki ang mga mata ni Janna.

"Ang GANDA mo Chelsea! Bagay sa'yo ang red! Oh, eto sukat mo na din tong heels." Inabot nya yung red heels.

Adik lang tong si Janna. Wala akong ideya bat kelangan ko nito. Pero sinukat ko na rin.

Dyaran! Tapos na.

"Ang ganda Chelsea. Bagay na bagay sayo." Puri ng Janna.

Napakamot ako sa ulo ko. "Eh para san ba 'to Janna?" Tanong ko.

Eh, di ko naman masusuot tong dress na to pagpasok. Hehe.

"Wala. Gusto ko lang. Magkakaroon din kasi sa school na acquiantance party." Sabi nya.

"Talaga?" Di ako makapaniwala. May ganoon pala sa school? First time kong makaka-attend ng party pag nagkataon. Na-excite naman ako bigla.

Napatingin ako kay Janna, namimili ulit sya ng damit. "Pipili naman ako ng para sakin." Sabi nya.

Pinili niya yung blue dress. Ang ganda din. Hindi na nya sinukat kasi saulado naman niya sukat nya.

“Eh Janna, ako na magbabayad nito. May pera pa naman ako." Presinta ko. Kakahiya din. Lagi nakong libre eh.

"Ano ka ba, 50% off naman ako dito kasi amin tong mall. Hehe." Nakangiting sabi ni Janna saka nagpunta na sa counter. Humingi sya ng bagong stock nung dress namin at shoes.

Nagpalit nako sa fitting room nang tumunog cellphone ko.

Tenenenenen!

From: Adrian
Hoy crush, sunduin kita bukas ng umaga ha. Wag kang tatakas, lagot ka sa'kin. Ingat kayo ni Janna.

Sweet talaga ni Adrian. Hehe. Napangiti naman ako. Saka lumabas nako fitting room.

"Tara?" Yaya ni Janna. Bitbit na niya yung paperbags. Kinuha ko yung dalawa. Kahiya naman kung sya pa magbubuhat. Sya na nga nagbayad eh.

Wala na kaming ginawa ni Janna kung hindi ang mag-food-trip sa food court saka kwentuhan.

Doon natapos saka napagdesisyunan na din naming umuwi.

Chapter 28 ?

Chelsea POV

October 25th

Maaga akong gumising. Syempre! Happy birthday to myself! Ayiiii. Ang saya naman. 18 nako. Pero parang wala lang. Debut ko na e.

Pero okay lang yun. Sanay naman na ako tuwing birthday ko, ganito. Wala akong magagawa. Ulila nako saka mahirap lang naman ako eh. Para saan pa at paano pa ako magse-celebrate. Eh dalawa nga lang kaibigan ko e.

Kahit sina Tita, hindi naalalang birthday ko ngayon. Wala man lang nabati sakin kung hindi sarili ko. Sa cellphone ko tatlong tao lang nakasave na number. Kay Kamahalan, Adrian at kay Janna.

Napaka-loner ko talaga. Aish.

Naghanda nako. Red blouse sinuot ko. Birthday e. Haha. Feel ko lang.

Nagsisimula palang ako maglakad napansin ko na kotse ni Adrian. Napatigil ako. Bumaba naman siya ng kotse niya saka ako pinagbuksan ng pinto. Sumakay nako. Wala ng hiya hiya. Hehe.

Pagsakay ni Adrian sa driver seat, he smiled at me. Yung kakaibang ngiti.

"Happy birthday crush!" Bati niya sakin na nagpangiti talaga sakin.

Sa sobrang tuwa ko, napayakap tuloy ako sa kaniya. Syempre, sya lang ung bumati sakin eh. Kahit si Janna, wala yung alam na birthday ko ngayon. Sarap din pala sa pakiramdam na may bumabati sayo sa birthday mo.

Humiwalay ako sa kaniya. "Sorry Adrian! Natuwa lang ako. Ikaw lang kasi bumati sakin. Salamat ah." Sabi ko.

Ngumiti ulit sya. "Wala yun. Oo nga pala, dahil birthday mo, inumin mo 'to."

Inabot niya sakin yung parang juice in can. Pero kumunot noo ko kasi bukas na.

"Eh, bukas na agad." Sabi ko.

"Excited eh. Hehe. Sige na inumin mo na." Sabi ni Adrian.

Ininom ko na. Sarap nung juice. Hehe

Inom..

Inom..

Inom..

All went BLACK.

-

Adrian POV

Patawarin mo ako Chelsea. Kailangan ko 'tong gawin. Hehe. Para nga surprise. Nilagyan ko kasi ng instant pampatulog yung juice na pinainom ko kay Chelsea. Kaya nga bukas na. Eto sya ngayon nakasandal na sa passenger seat. Walang malay. Kailangan ko na syang madala sa bahay ni Janna. Dun kasi ginawa naming reception ng party para kay crush.

Pinag-planuhan naming mabuti 'to ni Janna.

Pinaharurot ko na kotse. Nagpaalam na rin ako kahapon sa school na a-absent muna kami. Sabado man ngayon, may ROTC kasi kami dapat.

Kahapon kaya ko rin pinapunta ang tigers sa bar, para sabihin sa kanila ang about sa party ni crush. Debut pa naman nya. Nakarating na din ako dito sa bahay nina Janna. Pina-ring ko agad phone ni Janna. Yun kasi usapan namin, pag nag-ring nako ibig sabihin dala ko na si crush. Nagbukas naman bigla yung gate. Automatic eh. Tapos andun na sa may veranda si Janna.

She's smiling at me. She's really beautiful. Pero bago ko isipin yan. Ibababa ko muna si Chelsea. Hehe.

"Buti successful." Bungad ni Janna.

I smiled. "Ako pa ba?" Sabi ko habang buhat si Chelsea.

Sinamahan ako ni Janna hanggang kwarto nya. Inilapag ko si crush sa kama.

"Ikaw na bahala sa kaniya. I-re-remind ko pa ang tigers." Paalam ko.

"Sige. Take care. Ako na bahala." Sagot niya habang nakangiti sakin.

Tumango nalang ako saka umalis na din.

-

Kyle POV

Hindi ako mapakali. Malay ko bang ngayon birthday ni nobody. Saka ano bang paki ko kung birthday niya? Aish. Nagtataka kayo paano ko nalaman? Ganito kasi yun.

flashback

"Bakit naman bigla ka nag-aya dito sa bar Adrian?" Tanong ni Ken.

"Ganito kasi yun, kailangan ko ng cooperation niyo." Panimula ni Adrian.

"Para saan naman?" Tanong ni Lance.

"Bukas, 18th birthday ni Chelsea. Debut nya at kailangan ng 18 na lalaki siyempre para isayaw sya. Nag-organize kasi kami ng party ni Janna."

"Sinong Janna?" Tanong ni Oliver.

"Bestfriend ni Chelsea, basta! Ngayon, a-absent tayo bukas at ang reception ay ang bahay nina Janna. Eto address." Pinamigay ni Adrian yung papel na nakaprint yung address.

Gulat ako. Wala akong ideya na birthday nya pala bukas.

Hindi ko napaghandaan.

"Kyle, sana makisama ka?" Sabi ni Adrian.

Alam kasi ng mga 'to na di ako na-attend sa mga party ng kung sino lang.

"I'll try." Yun lang sagot ko saka umalis na sa bar na yun.

--end of flashback--

Aish. Wala nga ko paki kung debut man nya. Bakit ba kasi ako ganito. Di talaga mapakali. Bwisit lang. Ni wala pa nga akong regalo? At wala akong idea na iregalo sa kaniya. Aish. Bahala nga sila. Tutulog nalang ako. Nahiga ako sa kama. Pagulong-gulong pa'ko. Napasabunot ako sa ulo.

"HAY NOBODY!! Kahit kelan panggulo ka ng isip ko! Aish!"

-

Chelsea POV

Nagising ako. Sakit pa ng sentido ko. Ano bang nangyari sakin? Pagmulat ko...

Nasaan ako? Bakit parang ang ganda ng kwartong to? Napatingin ako sa kamang hinihigaan ko. Hala? Ang ganda at ang lambot. Nananaginip ba ako? Kumurap-kurap pako at kinurot pisngi ko.

Aray, sakit. Hehe. Hindi pala ako nananaginip. Pero nasan ba talaga ako?

"You're awake."

Napabalikwas ako ng bagon at napatingin sa nagsalita. "Janna?"

She's wearing her blue dress. Yung binili namin sa mall. Ang ganda nya. Naka-make up pa sya at naka-ayos.

"Buti gising kana. Let's go downstairs?" Yaya niya.

Ano daw? Downstairs? Eh bakit?

Pagtayo ko, natapilok ako. "Ouch."

"Bakit ako naka-heels?"

"It's better kung lalapit ka dito sa salamin." Tinuro ni Janna yung human size mirror dun sa kwarto.

Lumapit naman ako.

Hala, "Sino 'tong nasa salamin?" Tanong ko.

Amaze na amaze kasi ako. Ang nakikita ko ngayon sa salamin, babaeng naka-red dress tapos naka-make up din at naka-ayos pati buhok. Ang ganda-ganda.

"Yourself." Matipid na sagot ni Janna na ikinagulat ko. Napatingin ako sa sarili ko at..

Ako nga yung nasa salamin. Naka-dress pala ako. Hinawak-hawakan ko pa mukha ko habang nakatingin sa salamin. Grabe.

May tinatago pala akong ganda? Ampu! O gawa lang to ng make-up? Pero di naman ganoon kakapal make-up ko eh.

Natuwa ako bigla. First time ko 'to. "Teka Janna, ngayon na ba ang acquiantance party?" Tanong ko.

"We'll found out later." She said while smiling.

Bigla akong kinabahan. Grabe na iiiiitttttooo!

Ang ganda ko talaga promise!

"Ano, tara na sa baba?" Yaya ni Janna.

Tumango ako at naglakad na rin kasama siya. Mamaya ko na iisipin paano ako nakarating dito sa bahay na'to. Ano bang meron. Ang pagkakaalam ko lang birthday ko ngayon at dapat ite-treat ko sina Janna. Di tuloy natuloy.

Ngayon nga yata acquaintance eh.

Hanep lang, pagkagising ko ganito nako kaganda at ka-eleganteng tingnan.

Pagbaba namin ng hagdan,

Naka-abang lahat ng tao sa baba. Nakatingin sila sa direksiyon namin ni Janna habang pababa ng hagdan. Ganoon ba kami kaganda para pagtinginan? Hehe. Kapal lang ng mukha.

"Stop here." Sabi ni Janna. Napatigil naman ako. Dito pa din kami kalagitnaan ng hagdan.

Nahihiya ako kasi nakatingin yung mga tao sa baba. Pero pinagtataka ko, parang puro taga Shin-Woo to? Sabagay, baka nga acquiantance party.

"Happy birthday to you.. Happy birthday to you, happy birthday, happy birthday.....happy birthday to you!! HAPPY BIRTHDAY CHELSEA!" kanta ng crowd.

Natutop ko yung bibig ko. Alam niyo yung shock? As in shock ako sa nangyayari. Paano nila nalaman na birthday ko? Sino may pakana nito?

It means, itong party na 'to, para sakin? Ermengard! I'm so touched promise! Parang nangigilid na luha ko dahil sa tuwa. Hindi ko in-expect to na mangyayari.

Grabe, promise.

"Girl, wag kang umiyak. Masisira ang make-up. Hindi pa nagsisimula ang party." Sabi ni Janna.

"Paano nangyari 'to?" tanong ko.

"It was all a plan. Yung kaninang umaga na pinainom sayo ni Adrian, may pampatulog yun. And then habang tulog ka inayusan ka na namin and binihisan to make you surprise, and that's it!"

Nagpout ako habang napapaiyak. "Napaka-mean mo!" Sabi ko. "Bakit ka nang-surprise ng ganito?"

Wala naman akong alam na gagawa nito kung hindi si Janna. Napaka-swerte ko pala talaga sa kaibigan ko.

"Happy birthday, bestfriend! At wag ako ang sisihin mo, kami ni Adrian ang nag-plano nito." Sabi nya.

Si Adrian? Hala? Totoo?

"Wag ka ng umiyak dyan, baba na tayo." Yaya ni Janna.

Bumaba naman ako at dumiretso kami sa pool garden. Ang daming pagkain at ang ganda ng decorations. Di ako makapaniwalang nararanasan ko 'to ngayon.

Totoo ba talaga 'to? Napakabuti nina Adrian at Janna para gawin 'to. Grabe.

Inihatid ako ni Janna dito sa upuan na parang sofa pero single lang. Kulay red. "Seat here." Sabi nya.

Umupo naman ako at naghintay ng susunod na mangyayari. Ano bang alam ko sa ganitong party?

Ignorante ako. Hehe.

Masaya ako talaga, promise! Pinahid ko yung nangigilid kong luha. I can't imagine na makakapag-celebrate ako ng ganitong klaseng birthday party. Ngayon pang debut ko.

Maya-maya. May pumaibabaw ng sounds.

??

My life is brilliant.
My love is pure.
I saw an angel.
Of that I'm sure.
She smiled me on the subway.
She was with another man.
But I won't lose no sleep on that,
'Cause I've got a plan.

You're beautiful, You're beautiful,
You're beautiful, it's true.

I saw your face in a crowded place,
And I don't know what to do,
'Cause I'll never be with you.

??

May lumapit na lalaki sakin. Naka- americana.

"Let's dance." Yaya niya tapos inabot sakin yung isang stem ng red rose.

Hindi ko sya kilala pero siyempre nagpaubaya naman ako. Nag-sweet-dance sa gitna. Tahimik ang lahat at nakamasid samin.

Maya-maya may ipinasa ako sa isa pang lalaki tapos abot stem rose.

Sayaw.

Pito na tao na yung nakasayaw ko. Eto pang-8. Kilala ko 'to.

"Happy birthday chelsea. Galingan mo lang sa pagiging alipin kay captain." Ah, si Oliver to. Isa sa tigers.

Sunod. Pang-9.

"Happy bday Chelsea!!" Nagiting-ngiti na sabi ni Jerome. Tigers din.

Sayaw

Sunod. Pang-10

"Mukhang nababago mo na si captain ah. Happy bday!" Si Ken yan, tigers din.

Sayaw

Sunod. Pang-11

"Happy bday!" Si Lyndon. Tigers din.

Sayaw

Sunod. Pang-12

"Hi Chelsea, tumatanda ka na ah. Happy birthday." Si Luke, tigers

Sayaw

Sunod. Pang-13

"Happy birthday!" si Kit, tigers.

Sayaw

Sunod. Pang-14

"Happy debut day!" si Drei, tigers.

Sayaw

Sunod. Pang-15

"Debut mo pala ngayon, he-he! Happy birthday!" Si Cav, tigers.

Sayaw

Sunod. Pang-16

"Happy beer-day." si Lance. Walang emosyon yan ha.

Sayaw

Sunod. Pang-17

Wala pa. almost one minute bago lumabas si Adrian. "Sorry, hindi dumating si Kyle. Siya dapat sunod kasi ako yung last dance mo. By the way, happy birthday." Nakangiting bati ni Adrian.

I feel so happy. Nakakatuwa sila. I don't care kung hindi man dumating si Kyle. Asa ka naman dun. "Thanks sa inyo ni Janna. Hindi ko inakalang gagawin nyo to." Sabi ko habang nagsasayaw kami.

"Ikaw pa." sabi nya.

Hay, hindi pa rin ako makapaniwalang nangyayari to ngayon. Itong debut ko. Grabe lang talaga.

*

Kyle POV

Last minute na ng naisipan kong uma-ttend na ng party ni nobody. Kesa makonsensya lang ako sa bahay, hindi rin naman ako mapakali.

Nakita ko si Janna. "Uy,"

"Uy Kyle bakit ngayon ka lang, dapat pang-17 kang sasayaw kay Chelsea kaso wala ka pa kaya ayun si Adrian na ang nag-took-over. Baka si Adrian na rin magtuloy hanggang 18th roses." Sabi niya

Aish.

Si Adrian na nga pang-17 gusto pa pati pang-18? Abuso.

Inagaw ko kay Janna yung natitirang long stemmed rose saka pumunta sa gitna.

Napansin ko pagkagulat ni nobody. "K-Kyle.." sambit niya.

Napalingon naman agad si Adrian, nagulat din. "It's my turn." Yan nalang nasabi ko.

Nung una parang ayaw pa umalis ni Adrian pero nagpaubaya din. Aish. Ano bang nasa isip niya?

Sinayaw ko si nobody pagkabigay ng rose. "Happy birthday. Pasalamat ka, pumunta pako. Awa ko nalang sayo." I said with a cold tone.

Parang naging uneasy siya. "T-Thank you.." sabi niya.

Honestly, hindi ko siya masyadong nakilala. Sobrang ganda niya sa ayos at suot niya. She really looks elegant. No doubt, nasa kaniya lahat ng tingin ng mga lalaki dito.

Aish. Ma-manyak! Teka, bakit ko nga pala pinupuri tong babae na to? Si nobody pa din to, yung alipin ko. Tch.

-

Chelsea POV

Natapos ang 18th roses. Napansin ko sa isang mesang malaki, ang daming gifts. Para sakin ba talaga lahat yun? Kyaaa! First time talaga, promise!

I wonder, ano laman ng mga yun?

Nagsimula na yung party, sayaw dito, sayaw doon. Iba naman kainan, at inuman. Ako dito nakaupo lang. medyo napagod ako, namaltos yata paa ko. Di kasi sanay sa heels. Hehe

"Are you okay?" napatingin ako sa nagsalita then I smiled.

"Okay lang ako Adrian. Hehe hindi lang sanay sa heels. By the way, thank you talaga."

"Wala yun, okay?" sabi niya. "Saglit lang, may che-check lang ako." paalam niya.

Tumango lang ako at ngumiti sa kaniya. Gumagabi na rin. Umuunti na rin yung bisita na hindi ko naman kakilala lahat. Hehe. I'm thankful kasi sa halip na i-surprise ko sina Janna, ako pa yung na-surprise nila. Nakakatuwa talaga.

Hinding-hindi ko malilimutan tong araw na'to. Itong debut ko na nagging memorable for me. Isa sa happiest moment of my life.

"Hoy nobody, kuha mo akong pagkain."

"Ano ka ba Kyle, ako celebrant. Makapag-utos ka naman?" sagot ko.

Langya. Ganda ganda ng suot at ayos ko tapos uutusan ako. Walang modo talaga. Panira ng moment eh. Psh

"Sabi ng ikuha mo ako. Alipin kita diba?"

Talagang diniin pa niya ang salitang 'alipin'. Kahit kelan talaga. Aish. Wala na'ko nagawa, tumayo nalang ako at kinuha ng pagkain si Kyle.

"Oh," abot ko sa kaniya ang plato ng food.

"Subuan mo ako."

"Hoy Kyle, nakakasobra ka na!"

"Sige, tawagan ko nalang si Papa."

I sighed tapos tumabi ako sa kaniya. "Oh." I start na subuan siya. Malakas loob nito kasi halos tigers na lang ang natitira dito sa bahay nina Janna.

"Hoy Kyle, grabe ka naman. May taga-subo ka pa." sabi ni Ken.

"Wala kang pakialam." Sagot ni Kyle.

"Hindi man lang in-excempted ang araw na'to. Utos pa din. Tigas mo Kyle!" puna naman ni Jerome

Snob lang si Kyle. Gustung-gusto pagkain eh.

"Para-paraan lang yan.." pang-aasar naman ni Luke.

No response pa din si Kyle.

Ako naman, eto sinusubuan pa din sya ng food.

Napatingin ako nung biglang lumapit ulit si Adrian. "Crush, bukas ko na bibigay gift ko. Mas mabuti kung mapahinga ka na. Bukas mo na rin buksan yung mga regalo sa'yo."

I smiled. "Sige. Salamat ulit Adrian."

Hindi siya sumagot. Tumingin lang sya kay Kyle. "Tama na yan Kyle. She need to rest."

Sumimangot lang si Kyle. "Tsupi nga!"

Aba bigla akong tinaboy. Buwisit na lalaking 'to.

"Tara hinihintay ka na ni Janna sa loob. Pinaayos na niya hihigaan mo." Sabi ni Adrian.

Tumango lang ako at sumunod na sa kaniya papasok ng bahay. Kailanman hindi ko ito na-experience. Grabe. As in grabe! Yung pagpunta ng tigers para maging 18 roses ko at lalo na si Kyle na walang puso, na-appreciate ko yun lahat.

At syempre lalong-lalo na kina Janna at Adrian. They never fail to make me smile. I never imagine to have a party like this. This surprise really touches my heart.

Chapter 29 ?

Chelsea POV

Kagigising ko lang. Nagulat pa nga ako dahil ibang kwarto 'to. Nakalimutan kong andito nga pala ako kina Janna. Hehe, last night is really great! Hindi pa rin ako makapaniwalang nangyari yun. Naalala ko nangyari kagabi bago ako matulog.

flashback

"Are you okay?" Tanong ni Janna nang maihatid niya ako sa kwartong tutulugan ko.

Wala na. Diko na napigilang maiyak ng tuluyan. "O-Okay lang ako.."

"Stop crying bestfriend." Inalo ako ni Janna habang diko pa rin mapigilan ang pag-iyak.

"K-Kasi..naman..h-hindi..ko ito in-expext." I sobbed.

"Tahan na. Wala yun okay? You deserved to be happy Chelsea. You're such a great person that's why we did this for you. At hindi ako nagsisising naging ka-close kita."

Lalo ako naiyak. Kailan pa mula nung umiyak ako? I'm a strong person. Walang nakakapang-api sa'kin dahil lumalaban ako.

But now, I can't help myself but to cry. Masyado akong na-touch sa ginawa nilang surprise sakin.

"Let sleep okay? I know pagod ka. Tomorow, may surprise pa kami. Sige na, goodnight." Sabi ni Janna saka niya ako bineso tapos lumabas na sya ng kwarto.

end of flashback

Iniisip ko kung ano kaya yung sinasabi nyang surprise pa ngayon? Na-excite naman ako bigla.

Sobrang saya ko sobra.

"Chelsea, let's go downstairs. Breakfast na tayo then we will go somewhere." Sabi ni Janna na nakasilip sa may pinto.

Tumango lang ako at ngumiti. Sabagay. Sunday nga pala ngayon. Pero baka hinahanap ako nina Tita kasi di ako umuwi kagabi. Hindi naman siguro.

*

Kyle POV

Kagigising ko lang. Hindi na naman ako mapakali. Nagpunta naman ako sa party ni nobody kagabi pero di pa din ako mapakali. Dahil ba yun sa..

Ang totoo kasi niyan..

Wala akong regalo sa kaniya. Eh, biglaan eh. Saka malay ko ba kung anong dapat na iregalo. Tch. Bakit ko ba pinoproblema yun. Nagtext nalang ako kay nobody.

To: Nobody
Anong gusto mong gift?

Delete, delete..

Aish. Ulit.

To: Nobody
Ano bang favorite stuff mo?

Aish! Delete, delete.

Ulit

To: Nobody
Tell me one of your wish.

Tama ba 'tong text ko? Hindi. Baka isipin pa nun may gusto ako sa kaniya at bumabait nako. Kapal ng muka. Wala akong puso saka hindi ako mabait. Delete ko nga

SENT

PUTEK!

Bat napindot ko ang send? Tangna!

-

Chelsea POV

Nasa sasakyan kami nina Janna and Adrian. Nagulat nga ako kasi bigla kaming sinundo ni Adrian sa bahay nina Janna. May pupuntahan daw kami.

Tapos yung mga gift sakin kagabi, dala din namin lahat ngayon. Kaya nga itong monterro sports ni Adrian dala niya ngayong sasakyan. Ang dami kasing gift. Hehe.

Tenenenen!

From: Kamahalan
Tell me one of your wish.

Ano daw?

Wrong send yata si Kyle. Nareplyan ko.

To: Kamahalan
Wrong send?

SENT

Walang reply. Adik yun. Malamang wrong send yun. Bait sa txt kung sakin man yun. Psh.

"We're here!" Sabi ni Adrian.

"Teka saan to?" Tanong ko.

"We'll see later." Si Janna yung sumagot. Bumaba na kami ng sasakyan. May tinawag si Adrian na tatlong lalaki para buhatin yung mga gifts at isunod samin.

Saan kaya to? Building eh. Parang maliit na hotel ganon. Pero mataas pa din. Di ko pa rin gets bakit kami andito.

Lakad

Lakad

Lakad

Tumigil kami sa isang room. May pinindot na parang passcode si Adrian bago bumukas yung pinto.

Wow.

Ang ganda sa loob.

"Janna ano 'to."

"It's a condo." Sagot ni Janna na naupo na dun sa pink couch.

Ang ganda grabe. Kanino naman 'to? Parang pink yung theme. Baka kay Janna. May house party kaya? Hehe.

May living room siya tapos kitchen. Pink lahat. Yung flat screen TV ang laki. Grabe ganda dito. Tapos napansin ko may hagdan pataas, baka dun kwarto.

"Tuloy ka lang crush. Feel at home." Sabi ni Adrian.

Ipinasok na nung tatlong lalaki yung mga gift sakin. Ang dami talaga. Hehe. Nilapag nila dito sa sahig sa living room.

"Now, let's open the gifts!" Excited na sabi ni Janna.

Ah, so andito kami para magbukas ng gift. Bakit di nalang kina Janna? Di bale. Excited nako sa mga gifts.

"Okay, bawat bukas mo ng gift, I'll take a picture of you." Sabi ni Adrian na may hawak ng camera.

Si Janna nasa tabi ko tutulungan ako magbukas ng gifts. Start na.

From: Drei
Tigers to ah. Open ko. Hanla! Digicam na kulay pink.

"Sakin ba talaga 'to?" Nangigilid na naman luha ko. Di ko imagine na for instant magkakaroon ako nito. Mahal kaya nito. Waaa.

Tumango lang si Janna.

From: Ken
Tigers din. Binasa ko yung box, SAMSUNG TABLET.

Waaa? Ano 'to? Ito ba yung uso ngayon na touchscreen? Waaa.

From: Jerome
Medyo malaki. Puro chocolates. MM's, Hershey, Kisses, Tobleron, Van Houten, Cadburry, Hershey Nuggets, Snickers, Mars. Lahat yan tapos lahat ng size meron. Grabe. Wala naman akong ref.

From: Kit
Ipod Nano? Ano 'to parang mp3? Waaah. Ka-excite.

From: Oliver
Sony PSP. Grabe naman. Puro gadgets.

From: Cav
Hanla? Sony Watch na parang touchscreen.

From: Lyndon
Hikaw na gold. Tunay to ah. Grabe naman.

From: Lance
Ano kaya tong gift ni Lance. Hala? Laptop? Tatak niya ay samsung. Hanla mukhang mamahalin.

From: Jessica (SWU)
Iba't ibang kulay ng armando caruso na panyo. Ang gaganda.

From: Lily (SWU)
Puro make-up. Ang dami.

From: Jenny (SWU)
Iba't ibang style at kulay ng headband.

Grabe.

Ang dami pang gifts na nabuksan ko at di ko expect lahat. Grabe. May mga teddy bears, bag, shoes at kung anu-ano pa. In instant nagkaroon ako ng complete gadgets at mga mamahaling gamit. Last, sobre yung nakita ko.

From: Janna
Coupon. SHOP ALL YOU CAN in one whole day.

Napatingin ako kay Janna na nakangiti sakin. Waaa.

"Janna.."

"You can shop kahit gaano kadami. Lahat ng kailangan mo kunin mo na. Free lahat. Pero one day lang

duration nyan kaya it's better kung sasamahan kita sa saturday para matulungan kita. Mas marami, mas maganda!" Sabi niya.

"Paano ko ba kayo mapapasalamatan?" Mangiyak-ngiyak na naman ako.

"It's a birthday present kaya hindi mo kami kailangang bayaran. Para sayo lahat 'to okay?" Sabi ni Adrian.

Napangiti naman ako sa kanila. Tiningnan ko lahat ng gifts. Di ko pa din ma-imagine na sakin na lahat to. Ang dami. Pero bigla naman ako napaisip, paano ko to iuuwi sa bahay saka paano ko maitatago lahat to? Baka makita pa ni Charisse, eh kung ano pa isipin sakin.

"Chelsea." Tawag ni Adrian.

I looked at him. "Hm?"

"Wala pa yung gift ko." Sabi nya.

"Nge, ayos lang. Dapat nga wala na kayong gift ni Janna kasi grabe na yung ginawa nyo." Sabi ko.

Nakakahiya sa kanila. Bakit ba sobrang babait nila? Swerte ko talaga. Napansin ko din pala walang gift si Kyle. Hehe asa ka naman dun.

"Here's my gift." Inabot niya sakin yung isang card.

"Ano to?"

Ngumiti muna si Adrian bago nagsalita. "Passcode yan nitong condo."

Di ko gets.

"Itong condo na'to kung saan naroon tayo, ito yung gift ko sayo. You told me before na gusto mo na din humiwalay sa Tita mo ng bahay but you can't dahil your still a student. Kumbaga wala kang kasiguraduhan kung makakabayad ka monthly ng uupuhan mo. That's why, here is my gift. Bawal tumanggi dahil birthday present ko sa'yo to. No worries dahil fully paid to."

Itong condo na 'to? Sakin na to?

"Uyy, stop crying." Sabay na sabi nina Adrian at Janna.

"Kasi..kasi..b-bakit ang bait nyo."

Naiyak nako talaga. Hindi ko akalaing sa isang araw magkakaroon ako nito at sabi nga ni Adrian. Akin na'to at fully paid na'to. May sarili nakong condo. Di ako makakilos sa kinauupuan ko.

"Bestfriend, don't worry katabing unit mo sa kaliwa yung kay Adrian na condo tapos yung sa kanan, sakin. Hehe kabibili ko lang para katabi kita. Si Adrian dito na talaga nakatira." Sabi ni Janna.

Waaahhhh. SOBRANG SAYA as in.

Nananaginip bako? Totoo ba talaga to? Grabe. "Salamat sa inyong dalawa. Grabe kayo." Sabi ko.

"Ikaw pa. Saka alam kong tatanggihan mo pag basta nalang kita binigyan ng condo kaya hinintay ko na lang 'tong birthday mo para hindi ka makatanggi." Sabi ni Adrian.

"Oh, ayusin mo na yang mga gift sayo. Tuturuan din kita paano lahat gamitin yan. Okay? Tapos mag-shopping tayo mamaya ng ibang gamit na kelangan mo, pwede na pala nating gamitin yung coupon na bigay ko. Since, wala ka pang masyadong gamit dito. Maaga pa naman." Sabi ni Janna.

“Samahan naman kita mamayang gabi mag-grocery para may laman ang ref mo." Sabi naman ni Adrian.

Grabe. Overwhelmed. Diko akalaing mangyayari to. It was like a dream. Kung panaginip man ito sana di nako magising.

HAPPY. Sobra! Nag-group hug kaming tatlo

"Hindi pa kasi ako makakatulog later dun sa unit ko. Saka, hindi ako mag-stay in. Minsan lang ako dyan sa unit ko. Andyan naman si Adrian sa katabing unit." Janna said while smiling at me.

"Oo nga crush, bale ngayon, samahan muna kita sa inyo para makapag-paalam ka sa tita mo tapos kunin na din natin mga gamit mo dun. Then, ihatid kita kina Janna para makapag-shopping na kayo." Presinta ni Adrian.

Tumango ako. "Okay, okay!"

Grabe talaga. napailing ako dahil di pa din talaga ako makapaniwala sa mga natanggap ko.

"Tara, kain muna tayo sa labas bago umuwi sa inyo. Tara Janna." Yaya ni Adrian.

Iniwan ko muna lahat ng gamit dun sa salas. Secured naman daw tong condo

Nalaman ko, pag-aari pala ng pamilya ni Adrian ang building na'to. Yaman nila grabe. Paglabas namin tinuruan nako ni Adrian mag-open at magsara nung pinto gamit ang passcode. First time. Grabe. Feeling mayaman na'ko. Pero stay feet on the ground pa din ako. Masaya ako sa mga nararanasan ko ngayon. Eto na siguro yung reward sakin ni God dahil sa paghihirap ko ng ilang years. Ito na ba yung oras na maranasan ko na yung mga diko pa naranasan? Maybe it is.

Thank you God for this wonderful day. And also, thanks for having friends like them. I smiled while looking at Janna and Adrian na pasakay na ng sasakyan. Sumakay na din ako.

Now I know the saying, "Expect the Unexpected."

Yeah right.

Chapter 30 ?

Kyle PO

Hanggang ngayon, di pa din ako mapakali. Nagtext nga si nobody kanina. Kung wrong sent ba daw ako. Ampu! Aish. Bakit ba kailangan kong ma-konsensya dahil lang diko nabigyan ng regalo si nobody? Eh sa school nga pag basta nalang ako nambubugbog di ako nakokosensya eh. Aish. Nobody, panggulo ka talaga ng isip!

Lumapit ako sa intercom. "Butler come here at my room, now!" Sigaw ko.

Wala pang 2minutes andito na si Butler. "Yes, young master?"

Nag-alangan pa'kong magsalita. Then I sighed. "Ano bang inereregalo sa mga babae?" Tanong ko. Pasensya naman. Wala talaga akong idea.

"Ano po bang okasyon young master?" Tanong ni Butler.

"Baka birthday. Alangan namang pasko eh october palang." Sarkastiko kong sabi.

"Eh, young master kung ako po yung tatanungin niyo.."

"Ikaw na nga yung tinatanong ko eh?" Putol ko sa sinabi niya. Bwisit ayaw pa agad sabihin kung ano.

"Eh, young master depende po sa babae. Kapag mayamang babae o socialite mas magandang magregalo ng materyal na bagay. Iyong mamahalin. Pero kung simpleng babae lang po tulad ni Miss Chelsea.."

"Sinabi ko bang si Chelsea ang bibigyan ko? Wag mo nga i-example yun!" Reklamo ko kahit kay nobody naman talaga yung iniisip kong regalo. Aish.

"Eh basta po pag simple lang yung babae, mas nakakapagpasaya sa kanila yung simpleng bagay din. Halimbawa, pumunta sa amusement park, kumain sa labas o mag-bonding kayo. Ganon po."

Amusement park?

Kain sa labas?

Good idea.

"Okay, makakalabas ka na Butler." Utos ko sa kaniya na mabilis ding lumabas ng kwarto.

Paano ko naman yayayain si nobody sa amusement park? Putek. Hirap naman ng ganito!

Isip

Isip

Isip

Ting!

Alam ko na.

*

Chelsea POV

Sa mall..

"Tara sa department store. I'm so excited to buy stuffs for your condo." Sabi ni Janna habang naglalakad kami dito sa loob ng mall.

Yung gift nya saking SHOP all you can, ngayon ko na gagamitin. Diko pa rin ma-imagine na may sarili na akong condo.

Naalala ko tuloy yung pagpapaalam ko kanina kay Tita.

flashback

"Sigurado ka ba Chelsea na kaya mo ng humiwalay sa'min? Saan ka titira." Sabi ni Tita.

"Mangungupahan nalang ako Tita. May mga sideline naman ako. Hindi na rin ako halos nakakatulong dito sa karenderya gawa po ng sidelines ko."

"Pero iha.." Parang nag-aalangan pa si Tita. Sabagay mabait naman sya. Pero one time kasi narinig ko na rin sa usapan nila na ayaw ng Tito ko na andito ako.

"Okay lang po ako Tita. Dadalaw-dalaw nalang po ako dito." Sabi ko.

"Sigurado ka na talaga?"

"Opo."

"Siya sige, kung hindi na kita mapipigilan." Sabi nya saka ako niyakap.

Nagpatulong ako kay Adrian na buhatin yung mga gamit ko sa sasakyan nya. Tapos umalis na din agad kami at dinala gamit ko sa new condo ko.

end of flashback

Hindi ko pa nga naaayos yung gamit ko. Andun lang sa condo. Maya nako mag-aayos pag-uwi. Grabe talaga, di ko pa din ma-imagine na araw araw uuwi ako sa bagong condo na pag-aari ko mismo. Magagawa ko lahat ng walang pag-aalinlangan kasi wala akong ka-share sa condo. Mararanasan ko na din mag-grocery ng mga kailangan at gusto kong pagkain. Never ko pa yun naranasan eh.

Dito na kami sa department store. Kumuha kami ni Janna ng malaking cart. Grabe, kung shop all you can din lang, aba di nako mahihiya. Kukunin ko lahat ng pwede kong magamit.

Sayang din. Ngayon lang to eh.

“Saan tayo una?" Tanong ko kay Janna.

"Kitchen utensils muna tayo." Sabi niya.

Pumunta kami dito, homeworld section. Kumuha kami ng plates, spoons, small plates, fork, glass, mga gamit pang-luto, knife, tapos may mga lagayan ng spoon saka glass rack at plate rack. Kina-career na namin. Free to tandaan!

Kumuha din kami ng place mat tapos mga rugs sa kitchen. Mga bowls at kung anu-ano pa. Lahat. Kumpleto nga eh. Puno na halos yung cart namin kaya iniwan muna namin sa isang counter saka kumuha ng panibagong cart

Na-e-excite tuloy akong ayusin lahat to mamaya sa condo ko. Naks, condo KO. Akin. Haha. Feel na feel ko. Hayaan nyo na'ko.

Sunod namin ikot-ikot na. Kung anu nalang makita na pwedeng magamit sa condo kuha agad. Hindi ko iniisip yung price kasi FREE nga eh. Hehe. Bat di ko pa lubusin.

May mga nakuha kaming pillows, blanket pati kurtina. Puro pang-girl. Kumuha nga din si Janna ng flower case saka yung bulaklak na hindi tunay. Gawa lang sa palstic para daw may buhay yung condo ko. Kumuha din kami ng photo albums at picture frames kasi may digicam na daw ako eh kaya dapat magpicture ako ng mag-picture.

Kumuha din pala kami ng mga hangers kasi for sure, kukuha daw kaming mga damit dito mamaya. Lubusin ko na nga daw sabi ni Janna. Ngayon lang to.

Kumuha din kami ng shoe rack. Kasi daw kukuha din kaming madaming shoes. Grabe talaga tong si Janna.

Napadaan kami dito sa section ng school supplies. Naisipan ko kumuha na ng mga gagamitin sa school. Kumbaga, stock ko para pag wala akong pambili diba. Hehe.

Ayos na. Dami ko kinuhang ballpen. Kulang nalang lahat ng display kuhanin ko. Natatawa lang sakin si Janna.

Sunod, waaaa. Teens section. Lahat ng klase ng damit andito.

Kumuha ako ng kumuha. Madami. Mula sa underwear, brassiere, pambahay na damit at shorts, pantulog, pati mga damit na pang-alis. Halos karamihan, ang tatak ay Jag, Lee at Bum. Gaganda kasi. Size lang tinitingnan ko tapos kuha nalang. Wala ng sukat sukat.

Sunod sa mga pantalon, tokong at short na maong. Puro pants kinuha ko. Si Janna naman, dami kinuhang maong shorts and tokong, mas maganda daw kung matuto akong magsuot ng short. Kumuha din siyang mga palda at skirt. Grabe. Masusuot ko kaya lahat to? Grabe.

Sunod, sa shoes section. Kuha dito kuha doon. Gaganda ng designs sa doll shoes ng parisian ang tatak eh. Hehe. Si Janna, kinuhanan pako ng heels. Loka talaga. As if masusuot ko yun. For emergency use

daw eh. Baka daw biglaang party. Hehe.

Lakad

Lakad

Wow, ang ganda nung rubber shoes. World Balance yung tatak. Lumapit ako at humingi ng size ko. Wow talaga. Meron nako nito. Ganda talaga.

Sunod sa ipanema kami, kumuha kami ng tsinelas. Iba't ibang style din. Grabe lang mag-shopping tong si Janna.

Sunod sa bags, kuha ako ng kuha lahat ng magustuhan kong style pati mga pouch. Hehe. Na-excite na ako talagang mag-ayos mamaya pag-uwi.

Next. May watsons dito sa loob ng department store. Si Janna na pinakuha ko lahat kasi wala ako alam kaya ayun. Daming kinuha. Yung mga shampoo nga lima agad na malalaking bottle pati conditioner. Yung safeguard na sabon 10 bar yata. Grabe. Yung toothpaste, ang dami din. May new toothbrush din ako. Pati mga lotions ang dami.

Enough na siguro to. Ang dami na talaga.

"Tama na 'to Janna." Sabi ko.

She just smiled at me at lumapit sa section ng mga accesories. "Last na. Kuha ka dito. Lahat ng magustuhan mo." Sabi nya.

Lapit naman ako.

Ang gaganda. Kuha ako ng kuha.

May hikaw, kwintas, bracelet, caps, key chains, suklay, brush, mga pony, clips.

Lahat ng design halos kinuha ko. Hehe nahihiya pako ng lagay na'to ah.

Now, were DONE.

Lapit na kami sa counter. Diretso plastic na kasi nga free lahat. Kaya ayun super dami. Isinakay siya sa dalawang cart na malaki. Hahatid kami nung sales clerk sa parking lot habang tulak yung cart. Andun kotse ni Janna eh.

"Happy?"

Ngumiti ako pagkaupo sa passenger seat. "Sobra. Thank you Janna. Ang laki ng utang na loob ko sayo." Sabi ko.

"Ano ka ba? Okay lang yan. Gift ko yan sayo eh. Enjoy mo yan mamaya ah. Di na kita matutulungang mag-ayos sa condo mo. May lakad pako mamaya." Sabi ni Janna saka pinaandar na yung car engine.

"Okay lang yun. Kaya ko na yun mag-isa. Ikaw talaga."

Umandar na ang kotse. It was really a tiring day pero sobrang saya. Alas 5 na pala ng hapon. Mag-

aayos pa ako ng bahay tapos mag-grocery nga pala kami ni Adrian mamaya. Tama may pera naman ako eh.

Himala. Di nagpaparamdam si Kyle. Walang utos? Ah. Baka busy. Ayos na rin yun. Busy din naman ako ngayong araw na'to. Hehe.

Chapter 31 ?

Chelsea POV

Sa condo..

Nag-aayos na ako ng mga gamit na pinamili namin ni Janna kanina sa mall. Grabe, halos di man lang ako pinapawisan, paano ba naman eh aircon.

Kanina, bago umuwi si Janna, binuksan na namin lahat ng gadgets na natanggap ko kagabi. Itinuro niya kasi isa-isa sa'kin kung paano gamitin. Yung laptop ang pinakagusto ko kasi pag gagawa ako ng project, may magagamit na ako.

Na-excite din ako sa tablet kasi nag-install din si Janna kanina ng mga bagong games ngayon. May free wifi kasi dito sa building.

Tinuruan niya ko lahat ng pasikot sikot sa tablet. Ignorante man ako, hindi naman ako bobo para hindi makasunod sa instruction.

At may good news ako, may facebook na ako! Yehey!

Okay na lahat, na-hanger ko na lahat ng damit at natupi yung mga pambahay sa closet sa kwarto. Yung mga shoes nalagay ko na din sa binili naming shoe rack. Dito ko pinuwesto sa salas.

I sighed tapos pinalibot ang tingin sa buong bahay. Grabe nagkalaman na ang condo ko. At di pa din ako makapaniwala hanggang ngayon na akin na ito. Ayiiii

Nga pala, kanina ko lang nakita yung kwarto, promise ang ganda! Ang laki pa ng kama. Nilagay ko na nga yung binili kong pillows at blanket. Pati kurtina.

I looked at my watch. Yung tig 50 lang. Hehe. Di ko pa gamit yung gift sakin na sony watch. Alas 8 na pala. Tagal ko ding nag-ayos. Inilagay ko sa garbage bag lahat ng pastic at basura tapos ibinaba ko na kanina sa building.

Tenenenen!

From: Adrian

Are you ready? Supermarket na tayo? I'm on my way there. See you later.

-end-

Kyawww! Sweet ni Adrian parang boyfriend lang ang peg. Hehe :D

Nagreply ako.

To: Adrian

Okay. Ingat.

-end-

Para kaming mag-jowa tuloy. Hehe. Chos!

Wala pang 5 minutes, dito na si Adrian. "Ano, tara na?" sabi niya.

"Wait, kukunin ko lang wallet ko at pouch ko." sabi ko saka tumakbo sa kwarto.

Cash, check!

ATM, check!

Ayos na.

_

Supermarket..

Kumuha si Adrian ng malaking cart. At syempre siya ang nagtulak unlike dati kami ni Kyle, ako talaga pinagtulak. Walang modo talaga yun. Psh.

"Marunong ka bang magluto?" tanong ni adrian habang naglalakad kami dito sa loob na ng supermarket.

Tumango ako. "Ako pa? Eh laking karenderya kaya ako." sabi ko.

"Okay, so it means pwede tayong bumili ng mga pagkain na iluluto mo na lang na pwede namang i-ref." sabi niya. "Sa meat section muna tayo."

Lakad

Lakad

Nag-utos lang si Adrian dun sa bantay.

1kilo baboy

1kilo manok

1kilo Liempo

1kilo Kasim

1kilo menudo cut

1kilo breast fillet

Ang dami naman. Pero ayos na din, para buwanan na ako mag-grocery o kaya dalawahang linggo. Hehe. Ang laki kaya ng ref ko sa condo. Wala pang laman kung hindi yung chocolates na regalo pa sakin.

Sunod, fish section.

6piece bangus

6piece tilapya

Grabe, buro ako sa ulam nito. Hehe. Eto pa kinuha namin:

1kilo Tender Juice hotdog Jumbo.

5 Ham

5 Longganisa

5 Tocino

5 Patties

Maganda daw kasi pag marami din akong stock na pagkain.

1 tray egg

Asukal

Asin

Kape

Coffee Mate

Milo

Magic Sarap

Toyo

Suka

Patis

Mantika na super laki

Ketchup

Noodles

Pancit Canton

Cheese Bar

Dairy Cream

Grabe talaga tong si Adrian. Hehe pero tama naman mga kinuha niya. Kakailanganin ko talaga 'to lahat. Na-excite naman ako, ako magluluto lagi sa condo. Ayi!

"Kuha ka na ng mga gusto mo." sabi ni Adrian sakin. Kumuha din kasi siya ng para sa kaniya kaso hiniwalay niya sa isang maliit na basket na pinatong lang sa cart.

Kuha ako.

Tasty Bread

Cheese Whiz

Chuckie pinakamalaki. (Lahat ng dating gusto kong matikman, kukunin ko na. Hehe)

Mga chips, iba-iba. Pang-stock lang din

Mga coke in can. (Aish, gaya-gaya kay Kyle.)

Tapos pumunta ako sa mga sabong panlaba.

5 Tide Bar

5 Tide powder

Isang malaking pack ng Downy

Okay na siguro 'to. Anytime naman pwede akong mag-grocery. Hehe.

"Adrian, okay na ako." sabi ko.

Puro chips din laman ng basket niya. Hehe. Pang-stock din siguro niya. Feeling mayaman na tuloy ako.

"Tara na sa counter." sabi niya.

Tulak-tulak niya ulit yung cart. "Ako muna magbabayad Adrian." sabi ko.

"Okay." nakangiting sagot niya saka nagtingin tingin sa racks dun.

"Mag-jowa ba sila? Ang gwapo ni guy no?"

"Oo nga eh. Baka nagkasabay lang?"

"Pero nag-usap kaya sila."

"Hindi sila bagay no."

Napatingin ako sa grupo ng babae na nagyon ay nakatingin samin ni Adrian. Lagi nalang akong napapansin pag may kasamang gwapo. Aish. Diko na lang papatulan.

Habang nagpa-punch si cashier ng mga binili ko, nagulat ako ng akbayan ako ni Adrian. "What's wrong if she's my girlfriend? She's more beautiful than the four of you kaya wala kayong karapatang sabihing hindi kami bagay." nakangiting wika ni Adrian na full of confidence.

Doon siya nakatingin sa mga babaeng nagbubulungan kanina.

>///<

Naramdaman kong nagba-blush ako. Ipakilala ba naman akong girlfriend niya.

Nag-alisan yung mga babae. "Bakit mo ginawa yun?"

"Ayokong pinagbubulungan ka nila." yun lang sagot ni Adrian. "Bayad mo na." sabi niya.

Sweet tong si Adrian talaga.

Naghihintay na pala si miss cashier sa bayad ko. Nag-cash nalang ako kasi nasa 4 thousand plus lang naman lahat.

Sunod nangbayad si Adrian tapos diretso na kami sa kotse.

Uwi na kami.

"Adrian, thank you sa pagsama sakin." sabi ko.

He smiled while staring at me. "Lakas mo nalang sakin. Basta close na tayo ha crush. Kaya gusto ko nasa tabi lagi kita. Masanay ka ng lagi akong lilitaw sa harap mo."

Ha?

Ano daw?

"Adrian anong sabi mo?"

"Wala. He-he."

Narinig ko yun eh. Does he mean it?

BLUSH

Chapter 32 ?

Chelsea POV

Nagising ako dahil sa alarm ng iphone ko. Syempre, bawal ma-late.

Pagmulat ko..

Teka? Nasaan ako? Pinalibot ko tingin ko sa buong kwarto. Pink yung ceiling tapos maganda, may aircon pa. pambabae yung kwarto.

Nasaan ba ako?

Aish, sa condo nga pala ako na bigay ni Adrian. HAHA, may sapak yata ako ngayon. Nakalimutan ko agad na independent na'ko ngayon at mag-isa na dito sa condo.

Sorry naman. Hindi sanay. First time akong natulog dito eh. Bumangon na'ko saka dumiretso sa CR dito sa loob ng kwarto ko, oh diba sosyal. Hehe.

After that bihis na.

Ayos!

Check ng bag

Tapos baba nako dito sa salas. Pinatong ko muna bag ko sa pink sofa ko. Naks! Hehe. Lagi na yang may KO. Kasi akin na to eh. Hehe.

Punta muna akong kusina. Mag-tinapay na lang muna ako saka kape. Baka ma-late eh. Di ko pa naman alam daan mula dito papuntang school.

Kain

Inom kape

Kain

Inom kape

BURP!

Yeah, busog na'ko. Lagay ko na sa hugasan yung mug ng kape. Maya ko nalang hugasan pag-uwi.

Hala, nalimutan ko palang bumili ng diswashing liquid saka pala bigas.

Daan nalang ako mamaya sa supermarket bago umuwi.

Dali-dali akong nagsuot nung bago kong shoes na nabili sa world balance. Hndi pala nabili, FREE yun pala. HAHA!

Palabas na'ko ng pinto.

"Ay kabayo!"

"Mukha ba talaga akong kabayo?" si Adrian habang nakangiti sa'kin. "Good morning crush!"

Ano ba naman tong si Adrian, aga-aga nangugulat eh. "Good morning din. Aga mo ah."

He smiled. "Syempre, papasok tayo eh. Sabay na tayo. Hindi mo pa alam yung daan papuntang school, right?" sabi niya.

Sabagay napansin ko naka-bag na siya. Ngumiti nalang ako at tumango. Sinara ko na yung pinto.

*

Kyle POV

"Nagtext si Adrian. Diretso na daw siya sa room kasi kasabay niya si crush, este Chelsea! Nahahawa na'ko kay Adrian. Tch." Sabi ni Lance sa'kin.

Dito kami sa tambayan eh. Hintay sana si Adrian. Sus, magkasabay na naman. Napapadalas na ah. Eto namang si nobody masyado inaabuso ah. Pasalamat siya wala akong utos sa kaniya kahapon. Humanda ka ngayon.

"Tara na sa room." Yaya ko kay Lance.

Nag-nod lang siya. Asa ka naman dyan kay Lance. Tahimik pa yan sa ipis eh.

Dito na kami sa may corridor papuntang room.

"Kyaaaaaa! Pinagdala pa ni Prince Adrian yung girl ng bag! Sino ba siya?"

"Ang taray ni ate."

"Nililigawan ba siya ni Prince Adrian?"

"Paano na future natin?"

Nakakarindi itong mga babaeng 'to. Walang alam kung hindi tumili. Napatingin ako kay Adrian na naglalakad.

Hindi ako nagulat na kasabay niya maglakad si nobody papasok sa room. Ang kinagulat ko? Dala ni Adrian ang bag ni nobody.

Ampupu!

Nag-iinit dugo ko. Ewan ko kung bakit.

A. Dahil feel na feel ni nobody?
B. Dahil alipin siya kaya wala siyang karapatang ipagdala ng bag?

C. Dahil nagseselos ako?

Teka? Ano yung letter C? ay putek! Di ko sinabi yan. Aish!

"Hoy nobody." tawag ko sa kaniya.

"Uy Kyle."

Hanep ah.

"Kuha mo ako ng mineral water sa tambayan. Ngayon na." utos ko. Akala niya ha.

Ayan na naman yung pag-pout niya. tch.

"Eh, kamahalan naman.."

"Tatanggi?"

"Sabi ko nga po, pupunta na akong tambayan." Sagot ni nobody. "Adrian, mauna ka na sa room. Akina yang bag ko."

Hindi binigay ni Adrian yung bag ni nobody. "Ako na magdadala hanggang room. Geh na." nakangiting sabi ni Adrian.

Eto namang si nobody nakangiti pa kay Adrian, sarap batukan nito. "HOY NOBODY! BILISAN MO NGA!" sigaw ko.

Automatic naman siyang napatakbo. Akala mo ha. Ngiti-ngiti pa. Psh. Parang timang.

"Okay ka lang Kyle?" tanong ni Lance na nasa tabi ko.

"OO."

"Nagmumukha ka ng monster eh." Sabi ni Lance saka ako tinalikuran papuntang room.

Ano?

"HOY LANCE ANONG SABI MO?"

"...."

BLANK. Sarap talaga kausap nitong taong 'to. Aish. Gwapo kong 'to mukhang monster? Bwisit.

*

Chelsea POV

Ayt. Ganda na sana ng moment ko habang dala ni Adrian bag ko. Panira lang talaga ng moment si Kyle. Aish. Kainis. Sweet pa naman ni Adrian, feeling ko tuloy mag-jowa kami eh.

Acheche!

Kinikilig ako. HAHA

Masama bang kiligin?

Eh sa kinikilig ako eh. Ayiiiii

Kuha ako ng mineral tapos takbo pabalik ng room. "O kamahalan." Isinaksak ko sa dibdib ni Kyle yung mineral dahilan upang mapaubo siya mapasuka ng dugo. Tapos bigla na lang siyang nawalan ng malay.

Pero siyempre, joke lang yun.

Inabot ko lang in a nice way siyempre. Hehe. Edi pinatalsik niyan ako dito sa school.

Hinablot nya lang yung mineral sakin kaya pumunta na ako sa upuan ko.

"Aga-aga nakasimangot?" tanong ni Janna.

"Si Kyle kasi eh.."

Magsasalita pa sana si Janna kaso dumating na yung prof.

"Okay class, wala tayong klase ngayong araw na'to. But I have projects na i-a-assign sa inyo. Your going somewhere then you will explain or you will tell the class about that place. Partner by partner tayo okay. Understood?"

"YES MA'AM!" sabay sabay na sagot namin

Okay...

"Adrian Buenavista and Janna Ruiz"

"Katelyn Caristea and Kiko Sanches"

"Ma. Angelica and Sean Lim"

"Mylebynn and Luis Alano"

"Jelai Samartino and Lance Abellano"

And so on..

And so on..

"And last, Kyle Shin-Woo with Chelsea Torres."

Hanla? Bakit kami pa nag-partner ni Kyle?

Panigurado uutusan lang ako niyan eh. Aish. Malas ko. Buti pa sina Adrian at Janna magkasama. Dapat kasi by 3's nalang.

"Okay class dismissed."

Umalis na yung prof.

"Janna, sana ikaw nalang partner ko eh."

She smiled. "Okay lang yan. Si Kyle naman kasama mo eh."

Natuwa pa siyang si Kyle kasama ko? "Janna naman eh.."

Tumawa pa siya. "Wag ka na magreklamo okay? I-enjoy mo nalang. Ngayon lang naman. Sige na, pag-uusapan pa namin ni Adrian saan kami pupunta."

"Crush, sayang di tayo partner. Pero hayaan mo, text mo lang ako pag pinahirapan ka niyang si Kyle." Sabi nya saka umalis na kasama si Janna.

Tumingin naman ako kay Kyle na prenteng nakaupo sa desk niya. Sarap sipain. Argh!

"Hindi ka pa ba tatayo dyan?" sabi ko. Nakakapagtaray na naman ako ng wala sa oras.

Inat-inat pa siya. "Tara na nga."

Umuna na siya maglakad. Aish, sweet mo talaga Kyle. Aish. Sumunod nalang ako sa kaniya, diretso kami dito sa parking lot. Specifically, sa kotse niya.

"Get in." utos niya.

Hindi nako sumagot. Sumakay nalang ako sa kotse niya.

Pagkasakay niya sa driver 's seat. Diretso lang siyang nagpa-andar ng kotse.

TAHIMIK

Mababaliw ako sa katahimikan.

"Hoy Kyle, may destination na ba tayo?" tanong ko nalang para mabasag yung katahimikan.

"Yup." Sagot niya.

Grabe Kyle haba ng sagot mo. Hiyang-hiya naman ako.

Di na ako nagsalita. Sarap kausap nitong si Kyle eh. Maya-maya naidlip nako ng diko namalayan.

BLANK

--

At Star City..

"HOY NOBODY, GUMISING KA NGA DYAN!"

"Ay halimaw!" sigaw ko. Paano ba naman tong si Kyle, kung makasigaw daig pa ang may sunog eh. Hindi ba'to marunong mang-gising in a nice way? Psh.

"Sinong halimaw?" tanong niya.

"IKAW. Este, sa panaginip ko pala. He-he!"

PEACE!

"BUMABA KA NA DYAN BAGO PA KITA HILAHIN PABABA DYAN." Utos niya. Nice mo talaga Kyle. Walang wala ka kay Adrian. Aish.

Bumaba na ako pagkasakbit ko ng Jansport bag ko.

Nasaan kami? Teka.. may malalaking rides. Parang.. parang amusement park to ah? Kyaaaaa!

"Kyle, dyan tayo pupunta?" nagniningnging na mata ko. Grabe, gustung-gusto ko kaya makapunta dito. Dati kasi nung highschool, di ako nakakasama sa field trip.

Tumango lang siya. Saka nauna maglakad papasok.

Kyaaaa! Yey!

Tuwang tuwa akong naglakad pasunod kay Kyle. Ang bait naman ni Kyle. Buti dito destination amin.

Pagkapasok namin, super amaze ako. Ang ganda pala.

"NOBODY!" sigaw ni Kyle tapos lumapit naman ako sa kaniya. Hinila niya kamay tapos hinila na ako papasok. Kinabit na din ung parang papel na sinusuot sa wrist tapos tinatakan.

Pagpasok namin...

WOW talaga. First time talaga 'to.

Ang saya ko. "Saan mo gusto unang sumakay?" tanong ni kyle. Teka, kalmado boses niya ah?

"Ah, eh di ko alam. First time ko lang dito Kyle." Sabi ko.

"Anak ng ipis naman nobody! Tara na nga!" hinila na naman niya ako.

Tumigil kami dito sa malaking barko na gumagalaw. Nakasulat "VIKING"

"Ano to Kyle?" tanong ko sa kaniya. Nagbababaan na yung katatapos lang na sumakay.

"Malamang rides."

Sarap mo talaga kausap Kyle. Psh.

Pumasok na kami at umupo dito sa malaking barko. Hehe sorry ignorante lang. Magkatabi kami ni Kyle syempre. Hehe. Mabait nga sya ngayon eh.

Nagsimula ng umandar. Ano ba yan, parang wala namng ka-thrill thrill dito. Para lang akong sumakay sa

duyan.

SWING

SWING

SWING

Hala pataas ng pataas. Nahihilo na'ko. Nanginginig na'ko kaya napahawak ako sa braso ni Kyle na kalmado pa din.

"K-Kyle.."

"AHHHHHH"

Nagsisigawan na yung sakay. Ako naman, hindi makapasalita sa hilo.

Sinarili ko nalang hanggang matapos. Pagbaba namin. Muntik nako matumba, nasambot lang ako ni Kyle. "Uy, okay ka lang?"

Tumingin ako kay Kyle.

"Nahihilo ako.."

Inalalayan niya ko sa bench dun para umupo. "Pahinga ka muna. Hina mo pala eh. Tch."

Back to normal na ang senses ko. "Grabe pala yung rides na yun. Akala ko simpleng barko lang." sabi ko.

"Yan kasi. Okay ka na ba? Nahihilo ka pa ba?"

Si Kyle ba talaga to? Bakit parang nag-aalala siya sakin tapos ang bait niya magsalita?

"O-Okay na ako." Nauutal tuloy ako eh. Makatingin kasi si Kyle eh.

GWAPO niya.

Hehe.

Sumakay naman kami dito sa Wild River. Mukhang enjoy kasi may water. Ayii.

Excited akong sumakay. Solo namin ni Kyle yung isang parang log na ginawang Bangka. Ahehe.

"WOOOOOOOHHH!"

Sabay pa kami ni Kyle na napapasigaw. Ang sarap kahit parang mahuhulog ako. HAHA. Mas bet ko to kesa dun sa kanina.

Medyo nabasa kami ni Kyle kaya sabi niya bili daw muna kami ng tshirt. Madami naman eh.

Pili kami.

Maya maya.

Nagkasabay pa kami sa pagpili nung isang TSHIRT. May tatak ng star city. "Oy nauna ako." Sabi ko.

"Nauna ako," sabi nya.

"Ay sir, ma'am, marami kaming stock. Kuha nalang ako." Sabi nung nagtitinda. Ako na sana magbabayad nung sakin kaso binayaran naman ni Kyle ng 1k tapos keep the change pa.

Yaman talaga nito.

"Aish, magkatulad tuloy tayo." Reklamo niya nung makapagpalit kami sa CR ng damit.

"Edi magpalit ka!" sigaw ko. Ako naman nauna eh.

"Wag na, hassle pa. Tara na nga." Hinila na naman niya ako kung saan.

Tumigil kami sa isang rides. SURF DANCE

Mukhang challenging kaya gora kami ni Kyle.

"AHHHHHHHHH"

Sigaw ako ng sigaw pero enjoy.

Napahigpit kapit ko kay Kyle kasi feeling ko mahuhulog na ako.

"AAAAAAAAAHHHHHHHHHHHHHH!!!!!!!!!"

Grabe nanlumo ako dun ah. Pero enjoy. Himala nga di nagrereklamo si Kyle kahit kumapit ako sa kaniya. Hehe. Napagkamalan pa kaming couple kanina kasi pareho kami ng shirt. Si Kyle akala ko tatanggi, aba ngumiti lang sa nagsabi.

Isang malaking HIMALA! Si Kyle Shin-Woo ngumiti?

"Kyle, pahinga muna tayo." Sabi ko. Grabe yung impact nung rides na yun.

"Kain nalang muna tayo." Sabi niya.

Upo kami sa table sa harap ng PIZZA HUT Booth dito saka siya umorder ng malaking pizza tapos softdrinks.

"Mauubos ba natin to?' Tanong ko. Ang laki kasi eh.

"Basta kainin mo lang hangga't kaya mo." Sabi nya lang. Aba, hindi ako sinigawan.

Napatagal kami sa pagkain kasi bagal, may kasamang pahinga eh.

After nun, nag-feeling bata kami kaya nag-bump cars kami. Ayun enjoy, lahat ng bumabangga sakin, binabangga ni Kyle. Psh.

After, ferris wheel na kami. Medyo hapon na din kasi. Tapos may tinawagan si Kyle saglit eh bago kami

sumakay.

Pataas ng pataas. Grabe kitang kita yung mga building. Ang ganda.

"Happy?" nagulat naman ako sa tanong ni Kyle.

"Sobra. Thank you Kyle kasi dito yung destination natin. Enjoy ako sobra." Sabi ko,.

Maya-maya, may nagtext yata kay Kyle. "Tayo ka dyan nobody. Tingin tayo sa paligid." Sabi niya. Tayo kami pareho.

Maya maya..

Pssssshhhhhhh!!

Boogshhh!

Waaa may fireworks.

Ang ganda!

Pero mas kinagulat ko,

Yung fireworks na sunod na sumabog nag-form ng words.

BELATED HAPPY BIRTHDAY NOBODY!!

Hanla?

Para sakin ba'to? Kahit nobody nakalagay, alam kong ako yun.

Naiiyak ako sa tuwa. First time kong makaranas nito. Tumingin ako kay Kyle. "Belated happy birthday," sabi niya tapos inabot sakin yung maliit na box.

Binuksan ko. Kwintas siya na may pendant na teddy bear. Silver siya eh.

Waaah!

Hindi ko alam pero napayakap ako kay Kyle.

Kinalas naman niya. "Hoy nobody, nananantsing ka na naman!" sabi niya.

Back to real Kyle. Pero masaya ako sobra. Hindi ko expected na gagawin niya to.

"THANK YOU KYLE!" nakangiting sigaw ko bago kami bumaba ng ferris wheel. After non, nag-decide kami na umuwi na.

--

Sa kotse..

"Hatid na kita." Sabi nya

"Wow Kyle, ikaw ba yan?"

Naguguluhan talaga ako kay Kyle eh. Parang nag-iiba na siya.

"Tch."

"Alam mo ba san condo ni Adrian?" sabi ko sa kaniya.

Nanlaki mata ni Kyle.

Mukha nito?

"Bakit, nagsasama na kayo ni Adrian?"

Baliw talaga tong si Kyle."Hindi. Lumipat nako. Sa condo katabi ng unit ni Adrian, regalo niya sakin nung birthday ko. Kahapon pako lumipat." Sabi ko.

"Niregaluhan ka niya ng condo? At sa tabi pa niya? Tch." Sumimangot si Kyle. Bakit kaya?

Tahimik nalang buong byahe hanggang makarating kami sa may building. Bumaba na'ko.

"Salamat Kyle. Na-appreciate ko yung surprise mo. The best yun sa lahat ng natanggap kong gift kasi effort mo yun. Thank you talaga. Napasaya mo ako." pagkasabi ko nyan tumakbo nako papasok ng building.

Nahiya ako bigla eh.

HEARTBEAT.

Ang bilis.

Hanla?

*

Kyle POV

"Salamat Kyle. Na-appreciate ko yung surprise mo. The best yun sa lahat ng natanggap kong gift kasi effort mo yun. Thank you talaga. Napasaya mo ako."

Pagkasabi niyan ni nobody tumakbo na siya. Adik ng babaeng yun pero napangiti naman ako sa sinabi niya. Ibig sabihin, mas natuwa siya sa gift ko kesa sa condo na bigay ni Adrian?

He-he. Pinag-planuhan ko kaya 'to. Maaga akong pumasok para kausapin yung prof namin na i-dismissed kami at sabihing may project kaming gagawin. Oo, plano ko yun talaga kaya nga partner kami ni nobody. Sinabi ko din yun sa prof. Hindi talaga yun project.

Natuwa ako at napasaya ko siya. Kitang-kita yung kislap sa mga mata niya kanina. Gumaan bigla yung

pakiramdam ko.

Yung kwintas, nagpatulong pako kay Butler na bilhin yun. Mahal kaya yun. Silver yun with diamond na maliit sa pinaka-pendant.

Galante kaya ako.

"Aish, pero bwisit yang si Adrian talagang magkatabing unit pa ha? Aish." Sabi ko nalang bago ko pinaandar yung kotse ko.

Ngayon, panatag na loob ko. Hehe, napasaya ko si nobody eh. Kanina ko lang na-realize na hindi siya ganoon kahirap pasayahin, lahat ng bagay na-a-appreciate niya. Yun yung mga bagay na alam kong hindi ma-a-appreciate ng mga babaeng nakilala ko at naka-fling ko na.

Kakaiba talaga yung babaeng yun. Walang ka-plastikan sa katawan, masayang-masaya siya kanina.

Teka?

Masyado ko ng pinupuri si nobody.

Aish. May aasikasuhin pako.

Chapter 33 ?

Chelsea POV

Sa condo..

Grabe, kahit papaano napagod din ako sa lakad namin ni Kyle kanina. Grabe, ang saya ko pa din. Enjoy talaga kasi hindi din ako sinungitan at sinigawan kanina ni Kyle.

Kraaaawwkkk..

Wag ka. Tunog yan ng gutom na sikmura. Haha.

Hala gutom nako. Makapagluto nga.

Aish. Wala nga pala akong bigas. Makapunta nga munang supermarket. Maaga pa naman. Makatingin na rin ng mga pwede pang mabili. Hehe.

Nagpalit lang ako ng simpleng shirt at tokong tapos kinuha ko wallet ko sa bag. Pouch lang gagamitin ko. May malapit kasing supermarket dito. Tricycle lang sasakyan.

Bumaba nako ng building. Pumara ako ng tricycle at nagpahatid sa supermarket.

Pagpasok ko sa supermarket, kuha akong cart. Feel na feel ko na talaga. Hehe. First time ko palang mag-supermarket na mag-isa eh. Nung kasama ko kasi si Kyle at si Adrian, nahihiya naman ako kumuha ng kumuha.

At least ngayon may freedom ako. Hehe.

Tenenenenenen!

Dinukot ko iphone ko sa pouch ko.

From: Kamahalan
Where are you?

Naku, wrong timing. Uutusan pa yata ako nito.

To: Kamahalan
Supermarket lang po kamahalan. May utos ka?

Sana naman wag ka muna mag-utos Kyle. Binilisan ko na. Tingin dito, tingin doon.

Kumuha ako 25kg na sack na bigas. Kasya naman sa cart. Tapos diswashing liquid nga pala saka foam na panghugas.

Tapos na. Tingin tingin pako. Gusto ko ma-try tong yakult. Kuha ako.

Kuha pako ng chips. Hehe. Wag na chocolates. Ang dami sobra sa ref ko. Hehe. Kuha din ako mga bottled water, C2, juice na malalaki. Wala akong inumin sa condo.

Naku, mabigat to. Patay na. Sabagay, patulong nalang ako sa boy sa baba ng building ng condo mamaya.

Tenenenenen!

From: Kamahalan
Saang supermarket?

Psh. Kelangan talaga tanungin pa? Malamang utusan ako nito. Nagreply nalang ako. Istorbo talaga 'tong si Kyle.

Makapagbayad na nga. Okay na 'tong mga kinuha ko.

"Kyaaa! Ang gwapo naman niya!"

"Oo nga! Artista ba sya?"

"Grabe, nakakainlove naman si Kuya."

"May girlfriend na kaya siya?"

Aish. Ano ba yan. Bakit ba ganito na mga babae sa kapanahunan ngayon, lantaran magpakita ng interes sa lalaki. Makakita lang ng gwapo, sigawan na. Aish.

"Hoy nobody."

"Ay Nobody!" Ay putek napapasigaw ako. Boses yun ni Kyle ah.

Lumingon ako sa likod ko

"BAKIT KA ANDITO?" tanong ko. Bigla bigla nalang 'tong sumusulpot.

"Bakit? Sayo 'tong supermarket?" masungit na sagot niya.

"Psh. Ewan sa'yo. Geh, wag kang istorbo magbabayad pa ako."

Inabot ko na yung bayad sa cashier tapos sa cart pa din nilagay nung bagger yung nai-plastic niya pati yung sack ng bigas.

Gagamitin ko yung cart hanggang labas ng supermarket. Hindi ko naman 'to kayang buhatin 'no.

Napatingin ako bigla sa katabi ko na nakatayo. Kasabay ko pa maglakad.

"Bakit mo ako sinusundan?"

"Sinasabayan kita, hindi sinusundan."

Pilosopong bata. Sarap kutusan nitong si Kyle. Bakit ba yan andito. Hindi porket napasaya niya ako ng bongga kanina eh, gaganyan-ganyan na siya.

Pero honestly..

Kinilig ako sa gift niya kahit late na.

Yung kwintas nga pala nasa bag ko pa. di ko pa yun nasuot. Di man lang nga sinuot ni Kyle kanina, binigay niya lang. Hehe sweet na sana.

"Eh, bakit ka nga andito?" tanong ko kay Kyle.

He smiled. "Alipin kita eh. Sasama ako sa condo mo." Kalmadong sabi niya.

Ngumiti siya, ngumiti siya! Nakita ko yun!

"Anong sasama sa condo?" sigaw ko.

Eskandalosa ako eh. Haha chos!

"Wag ka ngang mag-isip ng kung ano. Kapal ng mukha mo. Ipagluto mo ako sa condo mo ng dinner. Napagod kaya ako kanina sa gala natin." Sabi niya. Para pa siyang nangongonsensya.

Psh. Kahit kelan talaga. "Diba may chef naman kayo sa mansion niyo?"

"Ayoko. Alipin kita kaya wala kang karapatang tumanggi. Tara na, dun mo yan itulak sa parking lot. Andun kotse ko." Sabi niya saka nauna ng maglakad.

As if naman may choice akong hindi siya sundin. Sabagay, thankful na din ako sa kaniya kahit masungit siya. Hehe.

*

Kyle POV

Andito na ako sa may kotse. Si nobody natanaw ko papalapit palang habang naglalakad kasabay yung bagger na nagtutulak ang cart. Psh. Bagal.

Nilagay nung bagger lahat ng laman ng cart sa compartment ng kotse ko. Talagang condo na nga niya malamang yun, namimili na eh.

Ayos din si Adrian talaga mag-regalo eh. Taking advantage pa. katabing unit. Tch.

After nun, sumakay na kami sa kotse ko. Actually, wala naman talaga akong balak na pumunta sa condo ni nobody kaso may inaasikaso ako dun. HAHA. Secret muna.

Tamang-tama, ipagluluto ako ni nobody. Hindi tumanggi eh.

Nahihiya pa nga ako sa kaniya dahil sa nangyari sa star city kanina. Ewan ko ba bakit kalmado ako nun, kumbaga wala akong nararamdamang inis at wala akong eager na sigawan si nobody. Gusto ko kasi successful yung late gift ko sa kaniya. At I think naman, successful dahil sabi nga niya, yun yung best gift na natanggap niya.

Bakit ba parang kinikilig ako?

Amputek, pam-bading! Hindi ako kinikilig. Tch.

*

Chelsea POV

Sa condo..

Kapapasok lang namin ni Kyle dito sa condo ko. May boy sa baba ng building na nagbuhat ng pinamili ko. May cart sila eh. Hehe, nag-elevator naman kami eh.

Ayos na. Nandito ako sa kusina. Inaayos yung mga binili ko.

"Hoy nobody, anong lulutuin mo?" tanong ni Kyle habang patingin-tingin sa paligid ng living room at kitchen.

"Ano bang gusto mo?" tanong ko. Malay mo hindi nyan magustuhan ang lutuin ko eh.

"Kahit ano, wag lang gulay." Sagot niya tapos naupo sa sofa at pina-andar ang TV. Taas paa pa. Feel at home huh.

"Kahit ano tapos wag gulay? Baliw!" bulong ko.

Ano kayang maluto? Binuksan ko ang ref tapos tumingin ng pwedeng iluto ko.

Ano kaya?

Isip isip

Ah. Alam ko na! Pork Steak nalang. Hehe, start na. Kuha ingredients.

Chop dito, chop doon..

Start na luto

Tikim

Amoy

Tikim

Dagdag..

Tikim

After 123456789 years, luto na! Yey!

Hinanda ko na yung niluto ko. Naglagay na din ako ng kanin sa mesa. Tatawagin ko na si Kyle.

Punta akong sala kaso..

Si Kyle...

Tulog na pala. Aish. Mukahng mabait talaga si Kyle pag tulog. Parang anghel. He-he

Umupo ako sa sofa kung saan siya nakahiga na. Tinapik ko balikat niya. "Uy Kyle, luto na.."

No response.

Tapik ulit. "Kyle.."

No response.

Tapik ng matindi. "Uyy Kyle!"

Still, no response pero gumalaw na siya.

Magsasalita na sana ako ng...

"Kyyaaaaaaaaaaaaa!!!!!!" napasigaw ako kasi bigla akong hinila ni Kyle papalapit sa kaniya dahilan para mapayakap ako sa kaniya.

Tulog pa din siya. Grabe naman pala matulog 'tong si Kyle. Parang mantika. Sumigaw na ako di pa din nagising?Aish.

Dug dug..

Dug dug..

Lakas ng kabog ng dibdib ko.

Ang higpit pa din nung pagkakayakap niya. Shocks naman! Anong gagawin ko. Pilit akong kumakawala, pero walang effect.

"KYLE!!!!!!!!!!!" sinigawan ko siya sa tainga. Ewan ko nalang kung hindi ito magising.

*

Third Person POV

Napamulat si Kyle dahil sa malakas na sigaw ni Chelsea sa tainga niya pero dahil sa gulat na makita si Chelsea sa harap niya ay naitulak niya ito dahilan para malaglag si Chelsea sa sahig. Buti na lamang at may carpet na makapal kaya hindi masyadong masakit pero ang masaklap, nakakapit pala si Chelsea sa braso ni Kyle kaya nahulog din siya rito

At ngayon, nasa ibabaw na ni Chelsea si Kyle. Kapwa sila walang imik habang tinatantsa ang mga sarili.

"AAAAAAAAAAHHHHHHHHHHHHHHH!" sumigaw si Chelsea dahilan upang bumalik sa reality ang isip ni Kyle kaya mabilis siyang tumayo at pinagpag ang sarili. Hindi man lang nga tinulungang tumayo si Chelsea na ngayon ay patayo palang.

*

Chelsea POV

Aish, nakakahiya. Napatingin ako kay Kyle.

Pulang-pula mukha at tainga ni Kyle. Aba dapat lang, mahiya nga sya sa pinaggagawa niya. Aish!

"H-Hindi ko yun sinasadya! Wag kang assuming nobody!" sabi nya na parang nauutal.

Gago pala tong si Kyle. Wala naman akong sinasabi eh. Defensive? Pero hindi ko makalimutan kanina..

Kanina..

Niyakap niya ako ng mahigpit.

Wala na first hug ko.

Bakit ganon yung feeling ko? Bakit kumabog ng ganoon yug dibdib ko??

Earth, what's happening on you?

"May sinabi ba'ko?" sabat ko kay Kyle. Pero sa halip na sumagot siya, ayun dali-daling lumabas ng condo ko.

Sayang niluto ko.

Psh. Gusto ko tuloy matawa sa hitsura ni Kyle, pulang-pula talaga eh.

Marunong pala yun mag-blush?

Pero teka, tinapat ko yung palad ko sa dibdib ko.

Dug, dug..

Dug, dug..

Lakas talaga ng kabog. Ano bang nangyayari sakin? Can anyone tell me?

Waaaa. Di ako maka-move on sa yakap na yun.

Ang tigas ng dibdib ni Kyle. May abs kaya yun?

Bakit yun nasa isip ko? Kyaaa~!!! Erase, erase!

*

Kyle POV

Hingal na hingal akong umupo dito sa hood ng kotse ko. Paano ba naman tumakbo ako sa abot ng aking makakaya.

Sobrang bilis ng tibok ng puso ko. Ikaw ba naman, pagmulat ng mata ko nakita ko si nobody na kayakap ko. Malapit pa yung mukha namin. Tapos sa sobrang taranta ko naitulak ko pa siya. Ang engot naman pati ako dinamay, napunta tuloy ako sa ibabaw niya.

Aish. Ang sagwa.

Ramdam na ramdam ko pulang-pula ako eh. Baka kung ano nalang isipin ni nobody. Wala akong gusto sa kaniya, kapal ng mukha niya.

Aish.

Tindi ng heartbeat ko. Di ko namabilang sa bilis e.

Mula ng makilala ko yang nobody na yan, parang nabuhay yung heartbeat ko eh. Laging active. Di ko na maintindihan sarili ko.

"Uy, Kyle?" napatingin ako sa tumawag. Si Adrian. Mukhang kauuwi lang din.

Hindi ako makasagot. Parang nabara yung lalamunan ko. Putek naman kasing nobody yun! Aish.

"Ayos ka lang ba Kyle?" tanong niya.

"A-Ah, oo naman!" pinilit kong pakalmahin sarili ko. "Sige uwi nako."

Napansin ko pagkunot ng noo ni Adrian. "Namumula ka kasi. Para kang kamatis. HAHAHA." Bwisit tong si Adrian. "Saan ka pala galing?"

"Wala, may kinausap lang ako diyan sa building." Sabi ko nalang saka mabilis na sumakay ng kotse.

Amputek, lagot ka sakin nobody! Kasalanan mo 'to! Bakit ba ang lakas ng epekto mo sakin?

Isa ka lang namang NOBODY?

Tch.

Chapter 34 ?

Adrian POV

Napailing na lang ako ng biglang umalis si Kyle. Parang timang. Pulang-pula mukha. Ano bang nangyari dun.

Tch.

Akyat na nga ako. Kukumustahin ko pala si crush. Ay, sila nga pala partner ni Kyle, baka hinatid niya si crush dito?

Kakahatid ko lang din kasi kay Janna. Galing kaming intramuros. Historical para astig. Hehe.

Pag-akyat ko, bihis muna ako dito sa condo ko tapos labas din para naman pumunta kay crush. Hehe. Sarap naman sa feeling. Katabi ko lang siya. Anytime pwede ko siya puntahan.

Bzzzttttt

Nga-buzzer pa din ako kahit alam ko naman yung passcode nung pinto. syempre, respeto ko na yun kay crush.

Nagbukas naman agad yun. "Lakas naman talaga ng trip mo 'no?"

Nagulat ako sa sigaw sakin ni crush kaya di ako nakapagsalita.

Nanlaki mga mata ni crush.

"A-Adrian ikaw pala yan.." Nauutal na sabi nya.

"Hindi crush, picture ko lang 'to. Ha-ha. Para kang nakakita ng multo." Sabi ko saka dire-diretso akong pumasok sa loob.

Hmmm..

Pagpasok palang, amoy ko na. Ang bango! Amoy porksteak!

"Pasensya ka na Adrian, akala ko kasi si Kyle." Sabi niya.

"Si Kyle? Ah." Baka nga hinatid. Malamang nag-bwisitan na naman yang dalawang yan. Pero never mind. Hehe. Baka magselos lang ako. Lumakad nalang ako papuntang kusina.

"Wow porksteak!" Sabi ko.

"Kumain ka na ba?" Tanong ni crush.

I nod. "Hindi pa nga eh. Pero kung pakakainin mo ako dito, hindi ako tatanggi." Paawa effect. Haha.

“Oo naman, tara. Kakain palang din ako eh. Sabay na tayo.” Sabi niya.

Umupo nako sa dining table niya. Napansin ko dalawa na yung platong nasa mesa. “Parang alam mong

dito ako kakain ah. Talagang may plato agad?” biro ko.

She just smiled. “He-he, si Kyle kasi dapat dito kakain kaso ayun biglang umalis parang baliw.” Natatawa pang sabi ni crush.

Napatungo nalang ako at pinilit ngumiti. So dapat pala si Kyle yung kakain dito? Kakapag-selos naman. Tch. Pinilit kong maging energetic pa din kahit ang totoo, hindi ko matanggap. Selos talaga ako eh.

“Kain ka lang ng madami ha?” sabi pa ni crush saka naupo na rin sa tapat ko.

Kung si Kyle ba ang andito, ganun din siya? Masarap sana tong porksteak lalo na kung hindi ko nalaman na para kay Kyle dapat 'to. Hays. Ganito ba pag inlove?

Selos talaga ako eh.

*

Chelsea POV

Natapos kaming kumain ni Adrian. Hinugasan ko muna kinainan namin tapos siya andun sa salas nuod ng TV. Parang medyo matamlay nga siya eh. Kanina naman hindi eh. Tahimik nga lang kami habang nakain.

Tanungin ko nalang siya after ko dito. Baka mamaya, may sakit na pala siya.

Nagpunas na ako ng kamay. Tapos na ako maghugas eh. Lumapit ako kay Adrian sa salas saka tumabi sa kaniya.

Walang paa-paalam, sinipat ko yung leeg niya kung mainit. Hindi naman.

Nanlaki mata ni Adrian.

Gulat na gulat?

“U-Uy crush, bakit?” nauutal na tanong niya.

Ngumiti ako. “Eh kasi para kang may sakit. Ang tamlay mo kaya.” Sabi ko.

Syempre friend ko siya kaya nagwo-worry ako sa kaniya.

“H-Hindi, okay lang ako crush. Gusto mo nood tayo ng movie? Madami akong DVD sa condo ko?” biglang sumigla yung boses niya.

Ano bang nangyayari dito kay Adrian? Pero tama, hindi pa kami nakakapag-bonding ng matindi eh. “Sige ba.” Sagot ko.

“Wait ka lang dito, kuha lang ako sa condo ko.” Pagkasabi nyon, bilis niyang umalis. Parang ninja lang. Ha-ha.

Habang hinihintay si Adrian, kumuha ako ng chips tapos coke in can. Aish naaalala ko na naman yung

nanuod kami ni Kyle ng movie.

Erase, erase! Bakit ko ba siya iniisip? Psh.

“Eto na!” sigaw ni Adrian na kapapasok lang ulit dito sa condo ko.

“Anong movie yan?” tanong ko. Baka kasi mamaya, horror eh.

“Sabihin mo mang pambading pero nagandahan ako sa movie na 'to. It Takes A Man and A Woman. He-he, idol ko kasi si John Lloyd.” Sabi niya.

“Wow, romantic comedy yan?” tanong ko. Na-excite naman ako. Maganda nga yun. Napanood ko na nga yung trailer niyan dati sa commercial sa TV. First time kong manuod ng romantic ng may kasamang lalaki. Pero ayos din, si Adrian naman eh. He-he. Crush ko kaya yan.

Sino ba namang hindi magkaka-crush sa gwapo na, mabait pa, sweet pa! Saan ka pa.

Inayos na niya yung DVD saka pinaandar. Naupo kaming dalawa ng magkatabi dito sa sofa. Magkadaikit ha. Tapos pinatay ni Adrian yung ilaw para mas maganda daw panonood. He-he.

*

Third Person POV

Kapwa tutok ang pansin nina Adrian at Chelsea sa panonood, kinikilig, natatawa at naiiyak ang dalawa.

“Nakakaiyak naman yan!” sabi ni Chelsea.

“Hindi kaya. Patingin nga.” Sabi naman ni Adrian at itinapat ang mukha ni Chelsea sa kaniya.

Pinuno ng kaba ang mga dibib nila ng magkatapat ang mukha nila. Ilang inches lang ang layo.

Kakaibang kaba na ang nararamdaman ni Adrian kay Chelsea. Kaya unti-unti niyang nilapit ang mukha niya kay Chelsea. Si Chelsea naman, parang ignorante sa gustong gawin ni Adrian. He’s about to kiss her.

One inches away..

Palapit ng palapit..

Konting-konti nalang..

Tenenenenen!!

Agad silang naghiwalay at tumingin sa magkabilang side. Nasira ang moment nila ng dahil sa tunog ng cellphone ni Chelsea.

*

Adrian POV

Aish. Malapit na eh. Konting konti na lang mahahalikan ko na si crush. Dapat ko pa ba siyang tawaging crush kung ang totoo, in love na ako sa kaniya?

I really like her. Gusto ko masaya siya lagi lalo na kung ako yung kasama niya. Alam niyo yung feeling na gusto ko ako ang dahilan ng bawat pag-ngiti niya?

I calmed myself bago ulit tumingin sa screen ng TV. Grabeng kaba yun ah. Pero hindi ako nahihiya kay crush. Kinabahan lang. Kaya ko namang ipaglantaran na gusto ko siya eh.

“Kainis 'tong si Kyle!” sabi ni crush kaya napatingin ako sa kaniya.

Chelsea is really a naïve. Parang walang ka-ide-ideya na hahalikan ko na siya.

“Bakit?” tanong ko.

Parang walang nangyari. Haha

“Ah, kasi ipagdala ko daw siya ng pang-lunch bukas. Siya yung nagtext.” Nakasimangot na sabi ni crush.

Si Kyle talaga epal. Siya pala nagtext. Lakas naman ng radar nun, talagang saktong kung kelan malapit ko na siyang mahalikan eh.

Pero minsan napapaisip ako, para kasing may gusto na rin yang si Kyle kay crush pero imposible. Lagi niya ngang sinisigawan eh at inuutusan. Pero, ewan ko ba dyan kay Kyle.

Pero kung may gusto man siya, handa akong makipag-kompetensiya sa kaniya kahit bestfriend ko pa yun. Ako pa ba?

“Nuod na ulit tayo?” sabi ni crush sakin.

Ngumiti lang ako at tumango. Kain din ako ng chips para mawala yung kaba ko.

Nuod..

Nuod..

Nuod..

Napatingin ako kay crush. Nakatulog na. Nagulat ako kasi nakasandal siya sa balikat ko.

Napangiti naman ako. Sarap sa pakiramdam. Pakiramdam ko tuloy, kami na eh. Ang sarap talaga kasama si crush, kahit yung simpleng panunuod lang ng movie.

Mayaya nga 'to minsan mag-date. He-he.

Bubuhatin ko na sana siya para dalhin sa kwarto niya. Mukhang napagod 'to kanina. Pero may naisip ako..

Tsup!

Wag kayong mag-isip ng kung ano. Sa noo ko lang siya hinalikan. Mabuhat na nga. Ay teka pala.

Dinukot ko iphone ko sa bulsa ko. Tapos, selfie.

Click!

Flash!

Pagtingin ko, ang cute ng kuha namin. Para kaming mag-on. Hehe, nakasandal kasi si crush sa balikat ko. Ang ganda niya pa kahit tulog. Lalo siyang nagmukhang anghel.

Ting!

Bright Idea. He-he.

Buhatin ko na 'to sa kwarto niya. Hiniga ko siya at kinumutan. After nun, bumaba na din ako. Wag kayong green-minded. Ha-ha.

Pinatay ko muna DVD at TV bago inayos yung mga chips. Tapos lumabas na’ko ng condo niya. Alam ko naman passcode kaya ni-locked ko na din para secured siya.

Pagpasok ko sa condo ko,

“YESSSSSSSSSS!!”

Nahalikan ko siya sa noo. Ha-ha!

Amputek! Kinikilig yata ako.

For Pete sake, it’s so gay!

Chapter 35 ?

Chelsea POV

Maaga ako gumising para ipaghanda ng pagkain ni Kamahalan para mamayang lunch. Bwisit talaga yun.

Pero nagtataka talaga ako. Paano ako nakatulog sa kwarto ko? Ang huling natatandaan ko lang eh nanunuod kami ni Adrian.

Gusto ko ngang matawa kasi ewan bat nagkatitigan kami ni Adrian kagabi. Ang lapit kaya ng mga mukha namin. Hehe. Dun ko mas na-realize kung gaano siya ka-gwapo.

Ayeee!

Ayan, okay na. Ininit ko lang naman yung natirang porksteak kagabi. Dami kaya nito. Pinaglagay ko na din si Kyle ng kanin. Buti may tupperware kaming nakuha ni Janna nun sa mall.

Ah, dahil madami pa naman yung porksteak, ilalahat ko na'to. Papakain ko sa tigers. Hehe.

Tenenenen!

Tiningnan ko sino nagtext.

From: Kamahalan
My lunch.

Psh. Mukha niya.

Tenenenen!

May text ulit?

From: Adrian
Goodmorning crush! :) maya-maya, andyan na ako sa labas ng condo mo.

I smiled. Sweet talaga ni Adrian. Samantalang yung text ni Kyle wala man lang morning. Aish. Asa naman ako dun. Nagreply ako kay Adrian, baka kasi maghintay pa ng matagal. Syempre sabay kami papasok eh. Hehe.

To: Adrian
Goodmorning din. Give me 1hour :)

Syempre, maliligo pa kaya ako saka aga pa kaya. Hehe!

Uy baka nagtataka kayo bakit lagi akong may load. Nabanggit sakin ni Kyle na naka-plan daw tong iphone ko. Unlitext at unlicall daw.

After ko maihanda yung foods, nilagay ko sa isang paperbag.

Pinatong ko na sa may sofa. Baka malimutan ko pa mamaya eh.

Makaligo na nga.

*

Kyle POV

Tch. Wala man lang reply tong nobody na 'to. Kagabi ko pa sinabi tungkol sa lunch ko para mamaya ah. Wala man lang reply?

Aish.

Bakit ba aga ko masyado nagising. Makapag-facebook nga muna.

Log in..

Adrian Buenavista changed his profile picture. 1 hour ago.

1,358 likes • 2,051 comments • Share

Ano 'to?

Si..

Si..

Si nobody tong kasama niya sa bago niyang profile picture ah?

Amp!

Kelan 'to? Bakit tulog si nobody at nakasandal pa sa balikat ni Adrian?

Tenenenenen!

From: Lance
Go check Adrian's new profile picture.

Ampu! Kalat na kalat na.

Sa mga hindi nakakakilala kay nobody, hindi maiisip na sya yun kasi basta iba, ang ganda at inosente nya dung tingnan. Halatang totoong tulog at hindi act lang.

Aish.

Paano sila nagkaroon ng picture na yun? At talagang ginawang profile pic ni Adrian?

Log out

Ayoko ng tingnan facebook. Tumayo ako at nagdabog. Maliligo na ako!

*

Adrian POV

Tenenenenen!

From: Crush
Goodmorning din. Give me 1hour :)

Napangiti ako sa reply niya. Hehe. Eh ako kanina pa bihis at ayos na. Syempre excited mag-update sa facebook eh.

Grabe one thousand mahigit na agad ang likes sa bago kong profile picture? Tinadtad ako ng notifications eh.

Ang dami ding comments. Hehe kesyo sino daw yung kasama ko sa picture, kung girlfriend ko ba daw. Taga Shin-woo ba daw yun. Haha di nila namukhaan si Crush. Syempre, iba itsura niya sa picture eh, pero sa section namin, malamang makilala nila. Araw araw ba namang nakikita.

Bakit ba, yan kaya ang bright idea ko, ang palitan ang profile picture ko. Haha. Bakit ako mahihiya. Vocal kaya ako. Hindi ako mahihiyang ipagkalat sa buong mundo na crush ko si Chelsea.

Nagpalipas muna ako ng oras habang hinihintay si crush.

Twitter muna nga ako.

Napatingin pa ako sa trending.

Top 3, **#AdrianBuenavistaNotSingleAnymore**

Ay putek. Haha. Natatawa na lang ako eh. Single pa din ako mga dude! Easy lang. Haha.

Napatingin ako sa wrist watch ko. One hour na pala nakalipas. Makapasok na nga.

Pinatay ko na laptop ko tapos nilagay ko sa bag ko.

Susi ng kotse, check!

Bag, check!

Ayos na.

*

Janna POV

Handa na ako sa pagpasok. Ewan ko pero gusto ko munang mag-check sandali ng facebook. gawain ko

nman 'to lagi eh. Hehe

Adrian Buenavista changed his profile picture • 1 hour ago

1,983 likes • 2976 comments • share

Si Chelsea yung kasama niya sa picture ah? Hindi ako maaaring magkamali. Kahit tulog si Chelsea sa picture, kilala ko pa din siya.

May something na ba sa kanila?

Ewan ko pero, nasaktan ako sa nakita ko. Hindi naman malabong magkasama sila dahil magkatabi lang yung condo nila. Gustuhin ko mang mag-stay dun sa nabili kong condo sa tabi ni Chelsea, hindi ko kaya kasi nagseselos lang ako sa kanila. Ang sweet kasi ni Adrian kay Chelsea.

Pero let me clear this, nagseselos man ako sa kanila pero hindi ako galit kay Chelsea. Di naman niya kasalanan kung gusto siya ni Adrian. Masaya na akong friends kami ni Adrian ulit like before.

Nanlumo ako. "Parang di ko kayang pumasok. Magseselos lang talaga ako. Baka mahalata pa nila ako." bulong ko.

Di na nga lang ako papasok. Text ko nalang si Chelsea.

To: Chelsea
Can't go to school. Something important came up. Take care :)

After nun, nahiga na lang ulit ako sa kama ko.

Hay Adrian..

*

Chelsea POV

Handa na ako sa pagpasok.

Nga pala, may account na ako sa facebook pero di ko masyado nabubuksan. Hehe walang time.

Ah, dadalhin ko nga pala yung pink laptop ko na regalo ni Lance sakin. Lagay ko na sa bag ko. Yung wallet at iphone ko okay na. Nilagay ko na din dito sa bag ko.

Ready!

Pagbukas ko ng pinto, saktong kalalabas lang din ni Adrian.

"Tara?" Sabi niya habang nakangiti.

Syempre ngumiti din ako. "Tara."

Sabay kaming bumaba ng building papunta sa kotse niya sa parking lot.

--

Sa school..

"Kyaaaa! Siya ba yun?"

"Para ngang siya yun."

“Sabay sila, means sila na nga?"

“Saklap naman!"

Ano ba naman tong mga kaklase namin. Dumating lang kami ni Adrian, kung makasigaw wagas.

Dumiretso ako sa upuan ko. Wala pa si Janna. Tiningnan ko iphone ko. May text pala.

From: Janna
Can't go to school. Something important came up. Take care :)

Lagi ng busy ngayon si Janna ah. Aish!

"Hoy nobody!"

Ay putek. Hilig talaga manggulat nitong si Kyle eh. Tumingin ako sa likod ko. "Bakit po Kamahalan?"

"Lunch ko?" Tanong niya. Nakasimangot pa.

"Opo dala ko na." Sabi ko.

"Eh bakit di ka nagrereply?" Sigaw nya

Ano daw? "Ano namang ire-reply ko sa'yo, tanong ba ang text mo?" Sagot ko.

"Tch. O baka busy kalang kagabi kaya di mo ko nireplyan pati kanina?" Sabi nya.

Hala? Pinagsasasabi nito. "Ewan ko sayo Kyle." Sabi ko nalang saka siya tinalikuran. Para siyang ewan. Umub-ob nalang ako habang wala pa prof.

*

Lance POV

"Eh bat di ka nagrereply?"

Nanlaki mata ko. Tangina.

Anong pinagsasasabi ni Kyle? Parang boyfriend kung maka-demand. Di lang nareplyan ni Chelsea eh.

"Ano namang irereply ko sa'yo, tanong ba ang text mo?" Sagot naman ni Chelsea.

Kahit kelan, nakakabingi tong dalawang to. Walang alam kung hindi magbwisitan.

"Tch. O baka busy kalang kagabi kaya di mo ko ni-replyan pati kanina?"

Ako talaga, nagugulat dyan sa pinagsasasabi ni Kyle. Si Kyle ba talaga yan?

"Ewan ko sayo Kyle." Sabi ni Chelsea tapos umub-ob.

Tumingin ako kay Kyle. Nakasimangot. Amputa, di bagay. Ano bang nangyayari dito kay Kyle.

"Kyle okay kalang?" Tanong ko.

"Oo naman." Kalmadong sagot niya habang kinakagat yung ballpen niya.

Honestly, sa buong buhay ko na kasama ko yang si Kyle, hindi ko pa yan nakitang nag-ngatngat ng ballpen niya habang nakasimangot at nakatingin kay Chelsea na naka-ub-ob.

Problema ba nito?

Tahimik lang ako lagi. Pero ngayon, ang weird ng mga kaibigan ko eh. Tingin niyo, matatahimik pa'ko ng lagay na'to?

"Eh Kyle, bakit mo nginangatngat yang ballpen mo?" Di na ako nakatiis na magtanong. Ang weird talaga eh.

Si Kyle...

“WALA! Mali, akala ko stick-O hawak ko. Tch." Pagkasabi niyan tumayo siya. "CR lang ako."

Ayun umalis na.

Teka, anong sabi nya? Stick-O? Yung ballpen?

Baliw na si Kyle.

*

Kyle POV

Putek, kakahiya pako eh.

Bakit ko ba nginatngat yung ballpen ko? Aish. Dito ako CR kahit di naman ako naiihi.

Excuse lang.

Ewan ko ba, di ko maiwasang mainis kay nobody. Paano ba naman, di nyan ako nirer-eplyan. Malamang dahil yun sa picture. Magkasama siguro sila ni Adrian kagabi kaya di man lang ako ma-replyan.

Buwisit! Nasipa ko yung basurahan dito sa CR. Bwisit talaga!

Teka.

Bakit ba ako nabubwisit?

Konsensya: nagseselos ka kasi..

"Hindi ako nagseselos!!" Sigaw ko sabay sipa ng tuluyan sa basurahan.

Tch. Lagot ka sakin nobody!

Chapter 36 ?

Kyle POV

Kakabalik ko lang dito sa room galing CR. Nasira ko yata yung basurahan dun. Haha.

Paki ko naman. Tch.

Pagpasok ko sa room, wala pa din prof. Lintik. Yang mga prof na yan, sayang pinapasweldo, laging late.

Si nobody at Adrian, nagtatawanan habang nagku-kwentuhan. Umupo nako sa upuan ko. Si Lance napansin ko kakaiba tingin sakin.

"Bakit ganyan ka makatingin?" Masungit na tanong ko kay Lance.

No response. Tumingin lang sya sakin sandali tapos nilipat na ang tingin sa kawalan.

Badtrip 'to.

Sinipa ko upuan ni nobody kasi diba yung upuan niya nasa unahan ko.

"PROBLEMA MO KYLE?" Aba sinisigawan nako ng alipin ko ah. Porket katawanan nya si Adrian.

"Wala naman. Uutusan lang kitang ikuha ako ng coke in can sa tambayan." Seryosong sabi ko.

Sumimangot siya. "Kainis ka Kyle!" Sabi pa niya.

Aba, aba. Namumuro na ah. "Bakit? Masyado ba kitang naaabala sa pakikipagtawanan kay Adrian?"

"ANO?" Sigaw na naman ni nobody.

"WALA! Bilisan mo nga!" Sigaw ko dahilan para automatic siyang mapatakbo. Susunod din pala dami pang satsat.

"Sobra ka naman yata Kyle." Sabi ni Adrian sakin. Seryoso siya.

"Tch." Sumandal ako sa upuan ko.

"Kyle umamin ka nga sa'kin, nagseselos ka ba?"

*

Lance POV

"Anong sabi mo?" Tanong ni Kyle kay Adrian.

Medyo nag-iiba na yung temperature sa pagitan nina Kyle at Adrian. Totoo lang, wala akong kakampihan sa kanila dahil may sarili akong mundo.

"Nagseselos ka ba?" Ulit ni Adrian

Tumawa si Kyle pero halata namang fake smile. "Anong pinagsasasabi mo dyan Adrian?"

"Nagseselos kaba dahil may gusto ka kay Chelsea?" Seryoso pa din si Adrian.

Nakakaamoy na ako ng away dito ah.

"Bakit naman ako magseselos? At paano ako magkakagusto sa isang NOBODY?" Diniin pa talaga ni Kyle ang salitang nobody.

Ano ba naman tong dalawang 'to. Si Chelsea pinag-aawayan. Pero kung ako tatanungin, napapansin ko din parang may gusto tong si Kyle kay Chelsea.

"Ang NOBODY na sinasabi mo, yun ang nagpapatibok ng puso ko." Matigas na sabi ni Adrian.

Nagpapatibok ng puso? Amp! Nagkakaaminan na ah.

"Anong pakialam ko? Ang sakin lang, alipin ko pa din siya kaya may karapatan akong utusan sya hangga't gusto ko." Sabi ni Kyle na halata namang nagulat sa ginawang pag-amin ni Adrian.

Yung mga classmate namin nagtitinginan na at nakaabang sa mga salitang binibitawan ng dalawa.

Mga tsismoso, tsismosa, naglipana.

"Pero hindi tamang ituring mo siyang ganun! Kung sipain ko kaya yang desk mo, ano mararamdaman mo?" Galit na sabi ni Adrian.

"Ano? Alam mo Adrian, wala kang pakialam sa gusto kong gawin. Alipin ko sya diba? Kailangan ko pabang ulitin? Ha? Alipin ko sya!" Sigaw naman ni Kyle.

Palipat-lipat na tingin ko sa kanilang dalawa. Pero syempre nakahanda naman ako kung magka-initan na.

"Kahit na alipin mo sya Kyle! Alam mo, kaibigan kita, bestfriend pa nga eh! Pero kung si Chelsea nalang din usapan, baka makalimutan kong matalik kitang kaibigan." Asik ni Adrian.

Iba na talaga. Umawat nako. "Mga brad, tama na yan." Sabi ko pero wala. Walang pumansin sakin. Nice talk.

Nanlisik yung mata ni Kyle. "E'di magsama kayo! Wala akong pakialam sa inyo! Basta sinabi ko, alipin ko sya!"

Ngumisi si Adrian. "Bakit di mo aminin na gusto mo na din si Chelsea?"

Paulit-ulit nalang silang dalawa ah. Ako nahihilo na.

"Ilang beses ko bang dapat sabihin na hindi ako nagseselos. Dahil alam mo Adrian, kilalang-kilala mo ako kaya alam mong imposibleng magkagusto ako sa nobody na yun!" Sigaw ni Kyle.

"Oo nga eh. Kilalang-kilala kita. Kaya nga alam na alam ko na agad ang pagbabago mo mula ng makilala natin si Chelsea."

"Stop that non-sense Adrian. Kaya kung pwede lang, hayaan mo ako sa gusto kong gawin sa kaniya. Kung gusto mo man siya, wala akong pakialam. Basta ako, wala akong ni katiting na pagkagusto sa babaeng yun."

"Sige Kyle! I-deny mo pa. Basta ako, sigurado ako sa nararamdaman ko kaya ngayon palang sinasabi ko na sa'yo. Wag ka ng magtaka kung palagi akong nakadikit kay Chelsea dahil mula ngayon liligawan ko na siya." Sabi ni Adrian saka binitbit yung bag ni Chelsea. Sakto namang papasok na ng pinto si Chelsea. Ayun hinila ni Adrian palabas.

Tahimik ang lahat dahil sa sinabi ni Adrian. Kahit ako nagulat. Napatingin ako kay Kyle.

Hala, super saiyan na si Kyle. Parang si Goku. Nag-aapoy buong katawan niya.

Syempre joke lang. Galit na galit itsura ni Kule. Nasira na yung pinaka-desk niya dahil sa higpit ng pagkakahawak niya.

Tinapik ko sa balikat si Kyle. "Tambayan tayo. Pa-kalma ka muna." Sabi ko

Tingin ko talaga kelangan nitong magpalamig ng ulo. Parang papatay ng tao eh. Ngayon lang kasi sila nagkasagutan ni Adrian sa tinagal-tagal naming magkakaibigan. Iba talaga nag nadadala ng pag-ibig.

Hindi sumagot si Kyle pero tumayo siya tapos diretsong lumabas ng room. Sinundan ko nalang. Pero bago ako lumabas ng room..

“KAYO? Wala kayong nakita at narinig ngayon. Pag kumalat 'to, malalagot kayo sakin." Sigaw ko sa buong klase bago tumakbo pahabol kay Kyle.

Alam kong matatakot mga yun. Alam nila kung paano ako magalit. Tahimik lang ako at hindi ako basta-basta nagsasalita.

*

Chelsea POV

Papasok na sana ako ng room kaso nakasalubong ko naman si Adrian na dala pa ang bag ko.

Sabay hila sakin. Nakarating kami dito sa parking lot. Naguguluhan ako. Wala bang klase? Bakit parang ang dilim ng awra kanina ni Adrian habang hila ako?

Wala talaga akong idea.

“Get in." Sabi ni Adrian.

Mabilis naman akong sumakay sa kotse niya. Naku, wala bang klase? Di ako pwedeng umabsent eh. Ano bang nangyayari kay Adrian? Hindi siya yung usual na Adrian na nakakasama ko.

Seryoso at tahimik siya. Hinayaan ko nalang muna siya. Baka kasi may something.

Hanggang sa makarating kami dito sa luneta park.

Pinagbukas nya ko ng pinto kaya bumaba na ako. "Eh, Adrian bakit tayo andito?" Tanong ko. Medyo nag-aalangan pako.

May something kasi talaga.

Hindi siya sumagot sa halip. Hinila ako sa isang bench saka kami naupo.

"Sorry..." Sabi nya habang nakatungo.

Kumunot noo ko. "Ha?" Ano bang sinasabi nitong si Adrian. Sa totoo lang naguguluhan ako.

"Sorry pero sa ayaw at gusto mo, mula ngayon liligawan na kita."

Ah, liligawan lang pala.

ANO? Liligawan?

As in liligawan?

Ako?

Shock ako syempre. "A-Adrian anong sinasabi mo?"

"I told you, liligawan kita mula ngayon." Ulit nya.

Liligawan talaga? Pero..

Pero bakit?

Hanla.

"Pero Adrian.."

"Hindi mo kailangang sumagot. Basta sinasbai ko lang, mula ngayon liligawan na kita." Tumingin siya sa mga mata ko. "Liligawan kita dahil gusto kita. Gustung-gusto kita Chelsea. Kaya sana, hayaan mo lang ako."

"...."

Speechless ako promise. Talagang liligawan nya nga ako.

Dahil gusto nya ako? Waaaah. Earth, what’s happening on you?

Pero..

Bakit kinikiig ako?

Kyaaaaa! Liligawan daw ako ni Adrian.

Napahawak ako sa dibdib ko. Lakas ng kabog. Grabe na 'to. Hindi ko kailanman na-imagine na liligawan ako ni Adrian.

Sino naman kasi ako. Hindi naman ako mayaman tulad nila, hindi ako sexy at hindi ako magandang maganda.

"Sorry din kung basta nalang kita hinila ha? Medyo.. Basta! Tara gala nalang tayo." Hinila na naman niya ako papuntang kotse nya.

Seriously Adrian? Kailangan talaga hilahin lagi?

Mamaya na ako mag-re-react. Speechless talaga ako.

*

Kyle POV

Ewan. Ewan ko bakit ganito kainit ang dugo ko. Kararating lang namin ni Lance dito sa tambayan.

Nakaupo lang ako dito sa couch. Si Lance katabi ko.

"Ayos kalang ba Kyle?" Tanong ni Lance.

"Ayos lang ako." Sagot ko. Ewan ko bakit galit na galit ako ngayon kay Adrian lalo na nung sabihin nyang liligawan nya si nobody.

Pakialam ko?

Pero hindi. Iba eh? Aish. Ano ba 'tong nararamdaman ko?

"Kung gusto mo siya, hindi mo kelangang itago Kyle."

Napatingin ako kay Lance. "Pinagsasasabi mo dyan?"

"Sabi ko nagseselos ka talaga."

Kumalma ako. "Hindi ako nagseselos. Sino sya para magselos ako?"

"Tama si Adrian, nagseselos ka." Sabi ni Lance.

Ano bang trip ng mga 'to? Hindi nga ako nagseselos? "HINDI NGA."

"Seriously Kyle?" Ayaw talaga maniwala nitong si Lance.

"Hindi nga! Kulit mo! Tumahimik ka na nga lang. Bakit ba ang daldal mo ngayon?" Bwisit tong si Lance. Sinabi ng di ako nagseselos.

"Okay. Hindi ka pala nagseselos pero pa-wala na ng hangin yang bola nating pambasketball dahil sa gigil ng pagkakahawak mo."

Ano?

Pagtingin ko sa bolang hawak ko..

Bakit wala natong hangin? "Aish. Kanina pa'to walang hangin! Wag ka ngang epal." Iniwan ko sya dun at lumipat sa isang couch. Dumapa ako at pinilit na matulog.

Putek talaga. Bakit ba ako nagkakaganito?

*

Chelsea POV

Dito kami sa mall napunta ni Adrian. Lalaro daw kami sa quantum. Hehe.

Hinintay ko lang sya kasi bumibili ng tokens.

"Crush, okay na. Tara. Saan mo gusto maglaro?" Tanong ni Adrian. Inabot nya sakin madaming token.

"Kahit saan. Hehe." Eh kasi naman first time ko lang makapaglaro dito.

Hinila na naman po ako ni Adrian. "Tara basketball."

As if naman makakatanggi ako eh hila na nya ko. Dito na kami sa basketball.

Laro

Laro

Laro

Grabe ang saya pala dito. Enjoy din kasama si Adrian kasi ang sweet nya eh. Hehe.

Pero napapatigil talaga ako pag naaalala ko yung sinasabi nya na liligawan na nya ko. Waaa! Ano ba yun. Di ko pa alam yung feeling na nililigawan. For real ba talaga?

Laro pa kami..

Laro

Laro

"Kapagod." Sabi ko.

"Oo nga eh, tara kain tayo." Asuxual, hinila na naman ako ni Adrian. Adik talaga 'to.

Dito kami nakarating sa food court. "Anong gusto mo kainin?" Tanong ni Adrian.

"Kahit ano lang. Di naman ako mapili." Sagot ko habang nakangiti sa kaniya.

“Sige, ako nabibili." Sabi nya saka umalis.

Tenenenenenen!

From: Kamahalan
Pumunta ka sa mansyon ngayon na.

Hala! Eh pano yan kasama ko pa si Adrian. Pero pag diko naman napuntahan si Kyle, uusok ilong nun sa galit. Mapapatalsik ako sa school saka may kontrata kami kaya diko sya pwedeng suwayin.

Tapos kanina diko pa naabot yung pinakuha nyang coke in can kasi hinila nako basta ni Adrian eh.

“May problema ba?” tanong ni Adrian na hindi ko napansin nasa harap ko na pala. May dalang pizza tapos may ice cream pa na nasa tupperware.

Napakamot ako sa ulo. Ganon kasi ako pag di mapakali. “K-Kasi si..”

“Si Kyle ba?” naunahan na ako ni Adrian.

Tumango lang ako. Seryoso yung ekspresiyon ng mukha ni Adrian. Hala.

“Inuutusan nya kasi ako..” sabi ko.

Bigla-bigla ngumiti si Adrian. “Okay, mabuti pa uwi ko nalang ‘to sa condo tapos mayang gabi, puntahan nalang kita sa condo mo para food trip tayo. Okay?”

Hala, bait talaga ni Adrian. Kung kelan naman kasi nagba-bonding kami dito sa mall. Aish, wrong timing talaga yung si Kyle.

“A-Ah ,eh..”

“Don’t worry it's okay. Tara, ihatid na din kita kina Kyle.” Nakangiting sabi ni Adrian.

I smiled at him. Bakit ba ganyan yan kabait? Swerte ko pala sa kaniya talaga. Siya na yata pinakamabait na lalaking nakilala ko. Tapos..

Liligawan daw niya ako..

Ahhhh! Ano bang iisipin ko.

Pero, wala. Kinikilig naman ako.

*

Kyle POV

Hindi nagre-reply si nobody ah. Malamang magkasama yung dalawa ni Adrian. Aish. Nakakapag-init ng ulo. Di ako mapakali.

Paikot-ikot ako dito sa kwarto ko. Para akong timang. Hindi ko na talaga maintindihan sarili ko.

Kanina napapatanong ako sa sarili ko, nagseselos na nga ba ako kay Adrian? Hindi ko kasi alam. Basta ang alam ko, naiinis ako pag nakikita ko si nobody na ngumingiti o tumatawa pag kasama si Adrian. Yun! Tch.

Bzzzzttt…

Baka si nobody na. Hala, bakit para akong kinakabahan. Aish. “PASOK!” sigaw ko. Feeling confident.

“Young master, eto na po yung pinaluto niyong carbonara.”

Aish, si Butler lang pala. Oo, nagpaluto ako ng carbonara. Papakainin ko si nobody, lalasunin ko. Syempre joke lang. Gagayumahin ko pala.

Teka? Ano ngang sabi ko? Gayuma?

Erase, erase.

Pagkalapag ni Butler ng carbonara sa center table pinaalis ko na din siya. Nanlalamig na ako sa kaba eh. Bakit ba ganito nararamdaman ko ngayon porket hinihintay ko si nobody? Aish naman. Ayoko ng ganitong pakiramdam.

Bzttttt…

Aish, kulit naman nitong si Butler. Ako na nga magbukas, ayoko ng istorbo. "Ano na naman ba Butler?”

“Kamukha ko ba si Butler?”

Amputek! Bakit.. bakit ba kinakabahan ako lalo ngayong kaharap ko na si nobody? Tch.

Sumimangot siya. Hindi na kasi ako nakasagot eh. Naman kasi talagang kinakabahan ako.

Woooh!

Honestly kasi, na-threaten ako sa sinabi ni Adrian na liligawan nya na si Chelsea. Pumayag kaya tong baliw na’to?

“Ano bang kailangan mo Kamahalan?” tanong niya.

Teka, ano ba. Ah, ah..

Aish, kabang kaba talaga ako. Nakaka-bading putek!

“A-Ano..”

“ANO NGA?” sigaw ni nobody.

Bakit ba ako nauutal.

“Ano.. ah..ah, I like you!”

ANONG SABI KO? Argghhhhh. “HOY NOBODY, Sabi ko I like carbonara! Tara kain tayo. Ayan oh.” Sabi ko saka naupo sa couch.

Putek, nagpapawis ako sa pinagsasasabi ko. Aish, langyang dila to. Nagsasalita mag-isa. Bwisit!

“A-Ah, sige.” Si nobody parang gulat na gulat pa din.

“UMAYOS KA NGA! MALI KA NG RINIG! MAGLINIS KA NGA NG TAINGA MO!” sigaw ko para pampabawas ng kaba.

“Ewan sayo Kyle! Hindi naman ako nagsasalita dito, daldal ka ng daldal dyan! Defensive ka bwisit!” sigaw ni nobody.

Ano daw? Ako defensive? “KAPAL NG MUKHA! AISH.” Sigaw ko pa din.

Magsasalita pa sana ako kaso sinubuan na ako ni nobody ng carbonara sa bibig. “Asdfghjkl.”

“Kumain ka na dyan. Puro ka satsat. Nakakabingi ka na.” sabi niya saka kumain na din.

Langya.

Ano na bang nangyayari. Narinig kaya niya yun ng malinaw? Ano kaya iniisip ng baliw na'to ngayon? Tch.

Chapter 37 ?

Chelsea POV

“Ano.. ah..ah, I like you!”

Oh my..

I heard it clear.

Teka, he likes me? Si Kyle? Si Kamahalan? As in si Kyle Shin-Woo na kamahalan ko na anak ng may-ari ng school na nasa harapan ko ngayon?

KYAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!!!

What to do. What to do.

Masyado na ba talaga akong maganda para.. para magustuhan nila? Si Adrian kakasabi lang na liligawan nya ako tapos ngayon, si Kyle.. si Kyle, gusto daw nya ko!!!!!!!!!!!!

What to do. SHOCKED AKO AS IN!

Pinilit kong kumalma. Tama, I will act na parang hindi ko narinig yung sinabi niya. Kilala ko na tong si Kyle. Sweet yan talaga pero walang modo. Haha.

Chelsea, kalma, kalma!

“HOY NOBODY, Sabi ko I like carbonara! Tara kain tayo. Ayan oh.”

Like what I’m saying. Kilala ko na yang si Kyle. Defensive ang mokong! Kalma lang ako, kalma lang.

Buti medyo napapaklama ko na sarili ko kahit gusto ko ng magsisigaw dito. “A-Ah sige.” Sabi ko nalang.

Pero, gulat talaga ako. Parang di pa din ako makapaniawala sa narinig ko.

I like you..

I like you..

I like you..

I like you..

I like you..

KYAAAA! Gusto ko ng magsisigaw. Aish.

“UMAYOS KA NGA! MALI KA NG RINIG! MAGLINIS KA NGA NG TAINGA MO!”

Grabe lang ha. Nawala tuloy yung kabog ng dibdib ko. Putek talaga tong si Kyle. Napaka-defensive eh.

Rinig na rinig ko kaya. Walang diperensya ang tainga ko 'no! Kainis talaga. Sasabihing gusto ako tapos ganyan?

Buti pa si Adrian. Aish. “Ewan sa’yo Kyle! Hindi naman ako nagsasalita dito, daldal ka ng daldal dyan! Defensive ka bwisit!” sigaw ko saka naupo nalang at tinuon pansin sa carbonara.

Grabe talaga yang si Kyle. Hindi naman sa nagmamaganda ako pero ikaw ba naman, sasabihan ka ng I like you sabay bawi. Bwisit syaaa!

“KAPAL NG MUKHA MO! AISH.” Sigaw sakin ni Kyle. Aba’t nakakapuro na sakin. Sya pa galit ha? Sa inis ko, kumuha ako ng carbonara at isinaksak sa bibig niya.

“Asdfghjkl.” Si Kyle hindi na makapagsalita ng ayos. Yan dapat sayo. ”Kumain ka na dyan. Puro ka satsat. Nakakabingi ka na.” sabi ko saka kumain na din.

Hayyysss. Ewan pero nabubwisit talaga ako kay Kyle. Gusto ba talaga nya ako? Aish. Binigyan pa ako ng iisipin eh. Sarap pektusan talaga ng lalaking ‘to.

Pero teka. Bat naiinis ako?

Eh kasi naman KINIKILIG AKO!

“KYAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!” wala na di ko na napigilang sumigaw. Wala eh, kilig talaga ako dahil sa sinabi niya. Gwapo kaya nyang si Kyle kahit walang modo.

Sinong hindi kikiligin pag sinabihan ka ng I like you diba? Kaso panira tong si Kyle, siguro nung nagsabog ang diyos ng ka-sweet-an, nasa ilalim yan ng lupa, natabunan kaya hindi nakasalo kahit katiting.

“Bakit ka sumisigaw dyan?” tanong ni Kyle.

Sumimangot ako. “WALA! Kumain na lang tayo. Panira ka talaga ng moment.” Sabi ko.

Haha, sama ng loob ko 'no. bakit pag si Adrian, ang sweet sweet. Di ko tuloy alam kung sincere tong si Kyle eh. Confession na ba yun o nadulas lang siya? Gusto nya kaya ako?

Kasi kung tutuusin..

Kahit walang modo yan at mahilig manigaw, NAPAKA-SWERTE ko na kung magugustuhan ako nyang si Kyle. Pero parang hindi naman kasi isa lang akong NOBODY sa kaniya. How come magkakagusto yan sakin?

Ewan ko sa kaniya. Kakalimutan ko nalang ang narinig ko. Hmmp! Ayoko ding mag-assume masyado. Tama na ang kilig. Psh.

Natapos kaming kumain ng walang nagsasalita samin kaya binasag ko na ang katahimikan. "May iuutos ka pa kamahalan?” kalmadong tanong ko. Nawala na yung kabog kabog sa dibdib ko eh.

I like you..

I like you..

I like you..

I like you..

Ay putek! Sinabing ayoko na maalala yun! Psh. Wala yan. WALA!

“Linisin mo 'tong kwarto ko.” Seryosong sabi ni Kamahalan na tumayo na at humarap sa desktop niya asuxual.

Tiningnan ko ang paligid. “Kamahalan, wala pong kalat. Malinis na malinis ang kwarto niyo.” Sabi ko. Eh malinis naman kasi talaga.

“Ah, nobody..”

“Oh?”

“Ah, ah..”

Ayan na naman siya.

“Kailangan nating mag-take ng picture na magkasama.”

“Para saan naman Kyle?” tanong ko. Bakit naman kailangan namin magpicture?

Oh, Chelsea wag assuming.

“Di ba absent kayo ni Adrian kanina?” sabi nya. Oo nga pala, lagot ako.

“Sabi ng prof lahat ng mga partner nung isang araw, kailangan may picture together tapos ipapasa kay Ma’am.” Sabi niya.

Ah yun pala. Pero worry naman ako kasi napa-absent ako kanina. Hanla.

“Problema mo?” tanong ni Kyle.

“Kasi absent ako kanina, baka maapektuhan yung grades ko.”

“Don’t worry, excuse kayo.” Sabi nya.

"TALAGA?”

“Oo nga. Ano tara picture na tayo.” Sabi nya.

“Eh okay.” I smiled at him. Mukhang kalmado din si Kyle. Hehe. Lumapit ako sa kaniya. “Paanong pose ba?”

“Dito ka sa tabi ko. Tapos picture tayo. Pose tayo ng japan, japan!”

Hanla, japan japan? Marunong si Kyle? HAHA. Na-excite ako bigla. “Okay.”

Tumabi nako sa kaniya then harap kami sa iphone niya nakafront camera.

1

2

3

Japan, japan!

CLICK!

“Okay na?” tanong ko.

He smiled. “Yeah.”

Si Kyle ngumiti. Ngumiti sya promise! Promise talaga!

“K-Kyle..”

“Hmm?” sabi nya habang nakaharap na sa desktop. Parang inaayos pic namin. Napansin ko naka-connect na yung iphone niya sa CPU nung pc eh. Baka ipapasa niya kay Ma'am via email.

“E-Eh, wala. Wala! Pwede na ako umuwi?” sabi ko nalang.

Hindi na ako komportable kay Kyle. May something na sa kaniya. Kyaaa. Ano bang nangyayari.

Kakaiba ang araw na ‘to promise.

“Sige.” tumingin siya sakin the smiled. “Don’t forget to check your facebook later. You should go online, I will chat you. Okay?” sabi niya sa kalmadong boses.

Si Kyle ba ‘tong kaharap ko? Seriously, bakit, bakit bigla siyang nag-transform? Nagumingiti na sya sakin.

At ang bait niya.

Di siya naninigaw.

Naguguluhan nako talaga. Kailangan ko na talagang umuwi at itulog muna ‘to. Hindi na kinakaya ng brain cells ko ang nasasagap ko ngayong araw na ‘to.

Dali-dali akong umalis ng kwarto ni Kyle.

Grabe talaga. First, liligawan daw ako ni Adrian at second, gusto daw ako ni Kyle tapos ngini-ngitian na niya ako.

EARTH, what’s really happening on you?

Chapter 38 ?

Chelsea POV

Grabe yung si Kyle. Di ko na ma-gets yung ugali. Ano kayang nakain ng damuhong yun? Ang bait bait sakin tapos ngumi-ngiti pa. Grabe talaga.

I like you..

I like you..

I like you..

I like you..

Kyaaaa! Bakit ba naaalala ko pa yun. Eh ayokong maging assuming. Kahit pa narinig ko yun ng malinaw, hindi pa din ako makapaniwala. Si Kyle magkakagusto sakin?

Aish. Sakit sa bangs!

"Crush, andyan ka na pala! Hindi ka nagtext na uuwi kana."

Hanla. Si Adrian naka-pout pa. Kyaaa! Ang cute niya promise. Pero kalma lang, kalma lang ako.

"A-ah, hehe sorry naman." Sabi ko nalang.

"Kukunin ko lang yung binili nating icecream at pizza kanina sa mall, nuod ulit tayo ng movie. Meron ako dito. Okay?" Excited na sabi ni Adrian.

As if naman makakatanggi ako. Eh nasira kaya bonding moment namin kanina dahil kay Kyle. "Sige." Nakangiting sagot ko.

Sumenyas lang si Adrian na pasok na siya sa loob ng condo niya kaya pumasok na din ako. Palit muna pambahay.

Ayoko munang isipin yung mga nakakalokang confession nila sakin. Di ko keri ngayon.

Tenenenenen!

From: Kamahalan
Go online

Aish. Wala akong panahong mag-facebook. Magba-bonding kami ni Adrian.

To: Kamahalan
Bukas nalang. Manunuod kami ni Adrian ng movie

Hays. Panira talaga tong si Kyle eh. Makapag-ayos-ayos, dadating si Adrian.

--

Kyle POV

Tenenenen!

From: Nobody
Bukas nalang. Manunuod kami ni Adrian ng movie.

Ano? Silang dalawa manunuod? Aba, aba!

To: Nobody
Saan kayo manunuod ng movie?

Bakit ba. Gusto ko malaman eh. Maka-porma talaga si Adrian eh.

Tenenenenen!

From: Nobody
Dito lang sa condo. Sige na kamahalan. Goodnight na din.

Ampu! Sa condo nya? Lagi ba silang nanunuod ni Adrian ng movie together sa condo niya? Kaya ba may picture sila? Hindi tama yun.

Mabilis pa sa alas-kwatro na nagpalit ako ng damit at kinuha susi ng kotse ko. Akala niyo makakapagsaya kayo ha. As you wish men!

*

Adrian POV

Na-excite ako bigla. Manuod na ulit kami ni crush ng movie sa condo niya. Siguradong exciting.

Kinuha ko na yung foods tapos pinatong ko muna sa center table kasi kukunin ko pa yung DVD na panonoorin namin.

Napatingin ako sa laptop ko. Nakabukas pala. Patayin ko muna. Siguradong mapapatagal ako mamaya sa condo ni nobody.

Magla-log-out na sana ako ng facebook nang..

Totoo ba 'tong nakikita ko?

Kyle Shin-Woo changed his profile picture • 30 minutes ago

3142 likes • 5365 comments • share

Ampu! Paano sila nagkaroon ni crush ng picture na magkasama? Tapos parehas pa silang nakapose sa picture? Amp! Hindi ko napigilan ang sarili kong i-click yung pinaka-picture at..

Nakita ko yung caption sa gilid.

Happy together. Japan, japan!

Potek! Pano nangyari 'to? Si Kyle ba talaga to? Aish. Hindi pala nagseselos ha? Wala palang gusto kay nobody ha?

Arghhh!

Tenenenenen!

From: Lance
Kyle's new profile picture give me nightmares. Hindi ko na kayo maintindihan mga bro.

Sino ba namang hindi magugulat? Yang si Kyle nagpalit ng profile picture at sila talaga ni crush? Alam na kaya 'to ni crush?

Napailing ako saka pinatay ang laptop ko. "Ewan ko sayo Kyle! Labo mo!" Sigaw ko. Ayoko ng isipin. Ang mahalaga ako ang kasama ni crush.

Aish. Nagseselos talaga ako. Makapunta na nga kay crush. Tatanong ko din paano sila nagkaroon ng picture ni Kyle. Di ako matatahimik nito eh.

*****

Chelsea POV

Bzzzzt..

Andyan na pala si Adrian. Hanla. Kinikilig na agad ako. Haha. Ikaw ba naman, iniisip ko palang na talagang liligawan na nya ko, kinikilig nako. Yun pa kayang pag totoo na? Waaa.

I sighed before opening the door.

"K-Kyle?"

Bakit andito yan? Diko naman in-invite yan dito ah?

"Surprise?" Nakangising sabi ni Kyle saka dire-diretsonhg pumasok dito sa condo ko. Aba, feel at home ang mokong. Naupo agad sa sofa.

Lumapit ako sa kaniya pagkasara ng pinto. "Uy Kyle bakit ka andito?”

"Diba sabi mo manunuod kayo ni Adrian ng movie? Join ako."

“ANO??" Napasigaw nako. Ano ba naman tong si Kyle. Lakas ng trip nyan.

Ngumiti pa sya ng maluwag. "Hindi ba ako welcome? Maaabala ko ba kayo?"

Aish. Ano ba yan.

Bzzzzttt..

Hala si Adrian na yan. Aish, anong sasabihin ko?

Pagbukas ko ng pinto magsasalita na sana ako kaso..

"Adrian, yo! Tara nuod na tayo ng movie." Si Kyle yan bwisit!

Si Adrian halatang nagulat. "Kyle?"

"No other than." Sabi ni Kyle. Prenteng-prente pang nakaupo sa sofa.

Kitang-kita sa mukha ni Adrian na para syang dismayado. Ano bang nangyayari.

Parang may something sa kanilang dalawa?

Grabe OP ako sa dalawang 'to. Napakamot nalang ako ng ulo habang pinapanood si Adrian na papasok at ipinatong yung food sa center table.

"Ah, Adrian hindi ko tinext si Kyle na pumunta dito. Ewan ko ba't andito yan." Bulong ko kay Adrian. Syempre baka isipin nya na pinapunta ko pa si Kyle dito.

"I know. Hayaan mo na sya. Let's go." Sagot ni Adrian.

Buti naman. Kasi baka kung anu pa isipin ni Adrian eh. "Ah, Adrian anong papanoorin natin?" Medyo pina-jolly ko yung boses ko.

Para kasing may tensyon sa pagitan nung dalawa

"Ah Piranha 3D. Maganda 'to. Para action." Sabi ni Adrian.

Sabagay maganda siguro yun. Piranha naman eh. At least hindi horror.

"Exciting yan!" Sabi ko. Kumuha nako drinks sa ref.

"Tch. Napanood ko na yan." Reklamo ni Kyle.

"Sinabi ko bang manuod ka?" Binara ko sya. Kasi naman di naman sya niyaya punta-punta pa dito tapos magrereklamo.

"Tch." Kyle.

Lumapit nako sa kanila. Kaso..

"Dyan ako sa gitna?" Kasi naman nasa kanan si Adrian tapos si Kyle nasa kaliwang dulo naman. Ang laki ng space sa gitna.

“Oo!" Wow, duet pa silang dalawa. Aish, hindi ba parang awkward naman. Gitna nila ako? Aish. Ang haba ng hair ko. Ermengard!

Naupo nako. Wala ng hiya-hiya. Aish. As if naman may magagawa ako.

Nagsimula na yung movie.

Tahimik kami.

Tumingin ako sa dalawa. Parehong nakasandal sa sofa habang nanunuod. Ako naman parang robbot na tuwid na tuwid pagkakaupo. Haha.

Ikaw ba paggitnaan ng dalawang gwapo? Ewan ko lang kung maka-concentrate kapa sa pinapanood mo.

Kain pizza

"Crush, ice cream oh. Say ah.."

Si Adrian susubuan ako ice cream? Eh. Nakiya akong tumanggi kaya kinain ko tapos ngumiti sa kaniya.

"Sarap no?" Sabi ni Adrian saka sumubo din ng ice cream.

Isang kutsara lang gamit namin? Kyaaaa! Indirect kiss yun! Waaah.

"Hoy nobody, subuan mo ako ng pizza."

Ay putek. Nagmo-moment pako sa kutsara thingy eh. Eto talagang si Kyle bwisit.

Kumuha ako ng slice ng pizza tapos sinubuan si Kyle. Paano ko kaya maiintindihan ang movie kung ganito?

Habang ngumunguya pa naman si Kyle, tingin nako ulit sa TV screen.

"Crush, eto pa ice cream oh. May mallows pa." Sabi ulit ni Adrian.

Syempre. Hiya ulit tumanggi pero deep inside parang gusto ko din.

Kinain ko yung sinubo nya. Tapos kumain din siya. Bonggang indirect kiss talaga! Waaa.

“Hoy nobody, pizza pa." Utos ni Kyle sa kabilang tabi ko.

Grabe tong dalawa na'to. Ano ba ito, pass the message? Susubuan ako ni Adrian tapos susubuan ko si Kyle? Aish.

Wala na akong naintindihan sa movie. Kainis. Kumagat ako ng pizza

Kagat

Kagat

Ackkkk..

Nabulunan ako.

"Nobody!"

"Crush!"

Sabay nilang tawag.

Ackkk..

"Water crush."

"Eto coke nobody."

Papatayin yata ako ng dalawang 'to eh. Kinuha ko nalang yung bote ng C2 at yun ininom ko. Buti pala madami akong kinuhang drinks.

Nung okay na pakiramdam ko napatingin ako sa dalawa.

Hala bat ang sama ng tingin nila sa isa't isa?

Ano bang problema ng dalawang 'to? "Uy, nuod na tayo?" Sabi ko sa kanila.

No response.

Magkatitigan pa din silang dalawa. Parang nanlilisik pa nga mata ni Adrian. Hala. Nu ba nangyayari na.

Sa halip na pansinin ko pa sila, tumingin nalang ako sa TV screen. Di ko sila maintindihan dalawa. Bahala nga sila.

“Ewww! Kadiri naman." Sabi ko habang nakatingin sa TV. Kadiri na yung scene eh.

Hala? Niyakap ako ni Adrian. Napasubsob tuloy ako sa dibdib niya. wow, ma-muscles. Haha. Akalain mong naisip ko pa yun. Bad Chelsea.

"Dito ka nobody!" Hinila ako ni Kyle kaya napasubsob naman ako sa dibdib nya.

"Dito ka crush!" Hila si Adrian. Subsob ulit

"Dito sabi si nobody!"

“Dito!"

"Sinabi ng dito!"

"Kulit mo sinabi ng dito sakin!"

"TUMIGIL NA KAYOOOO!!!!! Nahihilo nako sa pinag-gagawa niyo?" Napatayo nako saka sumigaw.

Pag-agawan ba ko. Ano 'to? Tug of war? Hindi sila pareho nagsalita. "Kung may problema kayong dalawa, wag nyo ko idamay!" Sigaw ko.

Kanina pa nga ako hindi mapakali kasi pareho silang andito tapos ang gulo pa nilang dalawa.

"IKAW ANG PROBLEMA NAMIN!!" Sabay na sabi ng dalawa.

Ano daw? "Anong ako?" Nagtatakang tanong ko.

"WALA! Matuto kang magcheck ng facebook mo!" Sigaw ni Kyle saka tumayo na at lumabas na ng condo ko.

Nangyari dun?

”Psh." Si Adrian.

Napailing ako. Ano ba kasing nangyayari? Umupo ako ulit sa sofa. "Ano bang problema nyo? Panong ako Adrian?" Naguguluhang tanong ko.

"Wala. Check ka nalang ng facebook. Sige una na ako. Pasensya ka na crush kung di mo na-enjoy to ha? Matulog ka na. May pasok pa tayo bukas. Babawi nalang ako. Goodnight."

Tsup!

Huli na bago ako nagreact dahil nakalabas na si Adrian ng condo ko. Did he just kiss me?

Kahit sa cheeks lang yun, "Ahhhhhhh!!!"

Napaghahampas ko yung mini pillows na nasa sofa. Ano ba yan!

Tenenenenen!

From: Kamahalan
Sorry for ruining your night. It's better if you check your facebook.

Ako nagtataka na talaga. Ano bang meron sa facebook na yan? Pareho nilang sinasabi na tingnan ko ang facebook. Aish! Hindi ako manghuhula!

Sa inis ko, mabilis kong inayos yung kalat tapos naakyat na din sa kwarto. Kinuha ko yung laptop ko at binuksan.

May notification ako.

Adrian Buenavista tagged a picture of you • One day ago

Kyle Shin-Woo tagged a picture of you • 1 hour ago

Ano ba tong mga to. Una kong click yung kay Adrian. Ano namang picture ang naka-tag sakin.

K-Kami to ni Adrian ah? Kelan ang picture na 'to? Nakasandal ako sa balikat niya. Waah? Kelan to? Paano to tapos pinost pa ni Adrian sa facebook? Profile picture nya??

GOOSEBUMPS grabe!

Sunod tiningnan ko yung tag ni Kyle.

Ito yung picture namin kanina? Bakit profile picture nya? Kyaa! What's happening on earth na ba talaga?

Ibig sabihin marami ng nakakita nito? Ang daming likes. Waaaaah! Ano bang nangyayari sa kanila. Bakit

kailangan nilang gawing profile picture yung picture namin?

Ermengard! Ganoon na ba kahaba ang buhok ko?

Problema 'to. Baka sugurin ako ng mga fans nila.

Kakausapin ko sila ng masinsinan about dito. Hindi ko maintindihan ang dalawang yun. Talagang pareho pa silang ginawang profile picture kasama ako? Hindi ako matatahimik hangga't di sila nakakausap.

At ang naiisip ko talaga ay yung FANSCLUB nila.

I'M DEAD.

Chapter 39 ?

Chelsea POV

Maaga akong nagising. Papasok na naman ako. At hanggang kaninang paggising ko, iniisip ko pa din yung mga FANSCLUB nina Kyle at Adrian. Baka sugurin ako ng mga yun. Ayay!

Huminga ako ng malalim saka binuksan ang pinto ko para lumabas na. Nagtext na din si Adrian na palabas na siya.

Nailock ko na rin pinto ko. Pagharap ko.

“K-Kyle????”

Hindi sumagot si Kyle sa halip ay nginitian niya lang ako. OMG. Ano na ba talagang nangyayari? Mababaliw nako kakaisip.

“Crush andito ka na pala-“ natigil yung sasabihin ni Adrian nang makita niya din si Kyle na nasa harap ko ngayon.

“KYLE?”

“The one and only.” Sagot ni Kyle.

Kami ni Adrian parehong shock. Bat yan andito? “Bakit ka nandito??”

“Sabay tayo papasok.” Sabi niya.

“ANO?!” sabay pa kami ni Adrian.

Kyaaaa! Maloloka nako promise!

“Hey Kyle. Lagi kaming sabay ni Chelsea kaya kami na magsasabay.” Sabat ni Adrian na seryosong-seryoso yung mukha.

Tensyon.

Hindi siya pinansin ni Kyle sa halip sakin siya tumingin. “Nobody, tara na papasok na tayo.” Hinawakan niya ako sa kanang braso pero mabilis din akong hinawakan ni Adrian sa kaliwang braso.

Ayan na naman sila. Pambansang laro natin, TUG OF WAR.

“K-Kyle, eh kami ni Adrian magsasabay kasi..” pinutol niya ang sasabihin ko.

“SASABAY KA SA AKIN! THAT’S AN ORDER NOBODY! BAKA NAKAKALIMUTAN MO SLAVE KITA?” ma-awtoridad na sabi ni Kyle. Nanlilisik pa mata niya kay Adrian.

OMG talaga. Hindi ko na sila kinakaya. May point si Kyle, alipin niya ko. May right siyang utusan ako pero si Adrian kasi, siya na yung lagi kong kasabay papasok eh.

Ayan. Hila si Kyle, hila si Adrian. “ANO BA?” sigaw ko. Di ko na napigilan sarili ko. “BABALIAN NIYO

BA AKO NG BUTO??”

Sabay silang napabitaw sakin at natahimik. “Bakit ba kayo nagkakaganyan? Bakit ba parang galit na galit kayo sa isa’t isa ha? At anong ibig sabihin ng mga profile picture niyo sa facebook? Ha? Alam niyo bang ginugulo niyo isip ko? Hindi ko na kayo ma-gets.”

Tumingin ako kay Adrian. “Alam kong nagsabi ka na sa akin na liligawan mo ako. Pero anong ibig sabihin nung picture? Ni hindi ko alam yun?” tingin naman ako kay Kyle. “At ikaw Kyle bakit kailangan mong gawing profile picture yung magkasama tayo? Hindi ba’t alipin mo lang ako?”

Huminga ako ng malalim. “ANO NA LANG SASABIHIN NG MGA FANS NIYO?” sigaw ko sa kanila. Tameme silang dalawa. Mabait naman kasi ako diba? Kapag lang talaga ganitong nainis nako di ko na makayanang magsalita.

Masaya naman ako dahil they cares for me. Pero nasosobrahan na sila. “Alam niyo? Akala ko mga babe lang ang mahirap ispelengin. KAYO RIN PALANG MGA LALAKI.”

Grabe hiningal ako sa mga sinabi ko. Pero at least medyo gumaan pakiramdam ko dahil nasabi ko yung saloobin ko.

“Crush, sorry about the picture, hindi ko lang kasi napigilan ang sarili ko. You know how much I like you. I already told you about it. Sorry talaga pero sana wag ka ng magalit sa’kin.” Medyo gumaan pakiramdam ko sa sinabi ni Adrian.

“N-Nobody... ah, eh..”

“ANO KYLE? MAY SASABIHIN KA BA? DAHIL KUNG WALA AALIS NA AKO DAHIL BAKA MA-LATE NAKO. WALA AKONG SASABAYAN SA INYO NGAYON. MAGTA-TAXI NALANG AKO” sigaw ko.

Akma na akong aalis nang mapatigil ako sa sinabi ni Kyle.

“Nobody, I like you too. Hindi ko alam paano nagsimula. Hindi ko alam paano ako nagkagusto sa isang nobody na katulad mo. Hindi ka naman kagandahan. Hindi ka naman sexy. Wala ka ngang boobs at pwet pero gustung-gusto kita. Gusto kong nakikitang masaya ka. Gusto ko ring nakikita kang nakasimangot kasi lalo kang naging cute sa paningin ko. Sa tuwing magpa-pout ka sa harap ko, bumibilis yung tibok ng puso ko. Hindi ko naman alam na gusto na kita eh. Until Adrian told me na liligawan ka niya. Hindi na ako mapakali mula noon. Ayoko. Ayokong ligawan ka niya dahil gusto kita. Oo mahilig akong manigaw pero sincere ako sa pinapakita ko sayo. Noong late gift ko sayo sa Star City? Pakana ko yun, kinausap ko lang yung prof na bigyan tayo ng ganoong project. Kasi hindi ko alam kung paano kita isu-surprise. At yung picture? It was also a plan. Hindi naman talaga nagpapapasa yung prof natin ng picture. Gusto ko lang magkaroon ng picture dahil kinain ako ng selos ko ng makita ko yung picture niyo ni Adrian. Wala na. Sumabog na talaga ako kaya eto, sinasabi ko sayo. I LIKE YOU at kung nililigawan ka na ni Adrian, liligawan din kita! I really like you nobody.”

Spell, SHOCK.

Hindi ko alam kung anong ire-react ko.

“Argh, it’s so gay.” Narinig ko pang sabi ni Kyle. Nakatalikod na kasi ako sa kanila ni Adrian. Ayokong lumingon. Hindi ko alam.

Ewan?

Liligawan daw ako ni Kyle?

WAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAH.

Lalong gumulo utak ko. Aish. Bakit ba ang lakas ng appeal ko? Shemay naman!

“Kung liligawan ka din ni Kyle, handa akong makipag-kompetensya sa kaniya kahit kaibigan ko pa yan.” Sabi ni Adrian

For real na talaga?

“Handa din akong makipag-kompetensya sayo Adrian.” Matigas na sabi ni Kyle.

“EWAN KO SA INYO!” sigaw ko saka tumakbo na ako sa elevator. Gusto ko munang makaalis sa harap nilang dalawa. Hindi na kaya ng powers ko yung mga sinabi nila.

Hindi pa din ako makapaniwala na si Kyle? Magkakagusto sakin? Simple lang ako pero ayan, dalawang nagga-guwapuhang lalaki pinag-aagawan ako. Paano na lang kung naging sobrang ganda ako?

Shemay.

*

Third Person POV

Nagkatinginan sina Adrian at Kyle nang tumakbo paalis si Chelsea. Walang gusong humabol dahil alam nilang mainit ang ulo ni Chelsea sa kanila.

“Kasalanan mo 'to.” Sabi ni Adrian kay Kyle.

“Paanong naging ako ang may kasalanan?”

“Hindi pala gusto ha?” pangungutya ni Adrian kay Kyle.

Namula ang mukha ni Kyle. Hindi naman niya akalaing masasabi niya yun. Pero totoo ang mga sinabi niya. Gusto niya talaga si Chelsea. Kagabi, halos di sya makatulog hangang sa na-realize niya na gusto talaga nya si Chelsea.

“Hindi pala nagseselos ha?” tuloy ni Adrian.

“Shut the fuck up Adrian!”

Ngumisi lang si Adrian. “Akala mo ba papatalo ako sa'yo? ako ang nauna sa kaniya. Asungot ka lang.”

“ANO? At sa tingin mo papatalo din ako sayo?”

"Ang pagkakaalam ko, ayaw ni Chelsea ng sinisigaw-sigawan siya. Edi talo ka na agad Kyle?"

"Hindi ba pwedeng magbago? Ha? Talo agad?"

“May the best man win.” Hamon ni Adrian.

“Nasa akin ang huling halakhak Adrian, tandaan mo yan.” Banta ni Kyle. "I will never let her fall for you dahil lahat gagawin ko para ako ang magustuhan niya."

"Tingnan nalang natin. Gawa nalang wag puro salita. Mula ngayon, kakalimutan ko munang kaibigan kita dahil mula ngayon, karibal na ang turing ko sa'yo."

"Same to you Adrian!"

Halos mag-apoy na ang mata nila sa pagtititigan ng sabay na tumunog ang cellphone nila.

KRIINNNNNNG!

“Shit late na!”

“Damn!”

Sabay nilang sabi saka nagtatakbo na pababa.

Chapter 40 ?

Kyle POV

Napasabak pako ng salitaan kay Adrian. Ah. Putek talaga.

Hindi ko pa naman balak na umamin kay nobody kaso si Adrian kakabadtrip na eh.

Akala niya papatalo ako sa kaniya? As he wish! Akala nya lang yun.

Eh bakit ba. Gusto ko naman talaga si nobody. Na-realize ko yun kagabi.

flashback

Dito ako sa kwarto ko. Grabe di ako matahimik. Kanina pako pagulung-gulong dito sa kama ko.

Lumapit ako sa intercom. "Butler pumunta ka dito sa kwarto ko ngayon din!" Sigaw ko.

Naupo muna ako sa couch at wala pang 2minutes andito na si Butler.

"Ano po yun young master?" Tanong ni Butler.

"Upo ka dito Butler." Yaya ko sa kaniya.

Di na talaga ako matahimik eh.

"Could you tell me the signs if a person is in love?"

Kakaiba yung ngiti ni Butler. "Si Miss Chelsea po ba yan young master?"

"Binigyan ba kita ng permisong tanungin ako? Wala! Project ko yan. E-explain bukas. Sabihin mo na agad. Dami mo pang sinasabi." Sabi ko. Atat kasi tong si Butler. Bakit ba naisip nya agad si Chelsea?

"Lagi niyo siyang naiisip." Simula ni Butler

Nakinig lang ako. Oo nga lagi kong iniisip yang si nobody.

"Naiinis at nagagalit kayo sa mga lalaking nagpapakita ng interes sa kaniya."

Tama. Galit at naiinis ako kay Adrian kasi inamin nya na gusto niya si nobody tapos liligawan na niya.

"Parang naiinis kayo kapag nakikita niyo sya na masaya sa iba."

Tama ulit? Naiinis ako pag nakikita ko silang nagtatawanan kaya ko nga biglang inuutusan lagi si nobody eh.

"Gusto niyo siyang nakikita."

Ewan pero alam niyo naman. Lagi ko siya pinapupunta dito. At kung anu ano lang iuutos ko.

"Concern kayo sa kaniya at ayaw nyo syang nakikitang umiiyak o nasasaktan."

Yung nanuod kami ng horror. Nung umiyak siya bigla ko siyang nayakap at kinomfort.

"Basta yun young master. Marami pang signs pero yan yung mga main signs." Sabi ni Butler.

"Ah okay sige makakalabas ka na." Sabi ko.

Nung makalabas siya, napahawak ako sa bandang dibdib ko. Lakas ng tibok ng puso ko. Ibig sabihin, gusto ko na nga si nobody?

Anong gagawin ko? Putek naman.

Krrriiinnnng!

Napadako tingin ko sa iphone ko. "Hello?" Sagot ko sa tawag.

[Okay na Mr. Shin-Woo. Pwede na din kayong lumipat anytime.]

I smiled. "Okay thank you."

Pinatay ko na yung tawag. Ayos na. Haha humanda ka sakin nobody. Akala mo may kawala ka pa sakin? Asa.

Lapit ulit ako sa intercom. "Butler punta ka ulit dito!"

One minute lang yata andito na agad si Butler

"Yes young master?"

"Help me pack my things." Sabi ko.

"Lilipat na kayo Sir?"

Tumango ako. "Yeah. Later midnight." Sagot ko.

Ayos ng gamit

Maleta

Waller, credit cards, ATM's, phone, laptop, iPod.

Okay na.

"Mag-ingat po kayo young master."

"Ano ako bata?" Singhal ko kay Butler. "Alis na ako."

Sumakay nako sa kotse ko at nakangiting nag-drive. Bakit ganito. Para akong kinakabahan.

Kabado na excited. Yeah.

end of flashback

Tulad ng iniisip niyo. Tama kayo. Bumili lang naman ako ng unit sa building nina Adrian. Akala nila ha. Tama lang din ginawa ko dahil ngayong pareho kaming nanliligaw kay nobody, unfair kung sila magkatabi lang ng condo.

“Itsura mo Lance?" Tanong ko nang makadating ako sa school. Akala ko late. Sakto lang. Kasunod ko lang din si Adrian pero di ko na siya masyadong papansinin.

"..."

Nice talk Lance. Tch.

*

Chelsea POV

Nakasimangot pa din ako ngayon lalo na ng magkasunod na dumating sina Kyle at Adrian. Buti hindi sila late.

Aish. Hanggang ngayon hindi pa rin normal pagtibok ng puso ko. Overwhelmed ako kasi pareho silang manliligaw sakin. Like, hello! Ang haba talaga ng hair ko.

Pero wala akong alam. Wala akong ideya kung sinong gusto ko. Si Adrian, I like him as a friend dahil andyan sya palagi. Si Kyle naman, kahit wala siyang modo nakakatuwa pa din yan kasi caring yan hindi lang lantad.

Bakit kasi di pa din pumapasok si Janna. Masyado ba syang busy?

Na-stress ako sa dalawa promise. Tapos no choice pako dahil si Adrian katabi ko lang sa condo. Si Kyle naman alipin nya ako. Anytime na tawagin nya ako dapat sumunod ako.

"Nobody."

Grabe goosebumps! Tinawag lang ako ni Kyle ganito na kabog ng dibdib ko. Hindi naman ako ganito ah. Dahan-dahan ako lumingon sa likod kung saan andun si Kyle. "Bakit?" Tanong ko habang pilit na kinakalma ang sarili ko.

"Alipin kita diba?" Tanong nya.

Malamang. Aish. "Oo bakit?"

"Inuutusan kitang dito umupo sa tabi ko. Ngayon na. Wag ka na magsasalita dahil tatawagan ko si Papa pag di ka sumunod."

Pakana nitong si Kyle? Akala ko ba liligawan nya ko. Bakit pinapanakot pa rin nya yung tawag sa Papa niya?

Hindi ako sumunod. Hindi din ako nagsalita.

"Ayaw mo talagang sumunod? Nakalimutan mo bang amo mo ako?"

Hindi pa rin ako sumagot.

"Hello Papa."

Awtomatiko akong napalingon at ayun nga may kausap si Kyle sa iphone nya. Hanla tinawagan Papa nya?

"Yes Pa. Gusto ko lang sabihin na.."

Hindi ko na siya pinatapos sa pakikipag-usap sa Papa niya. Mabilis akong lumipat ng upuan, specifically sa tabi nya.

Argh! Anong klaseng manliligaw 'to? Sama talaga ng ugali.

"Susunod din pala." Narinig kong sabi ni Kyle.

Langya talaga.

Nakasimangot pa din ako. Buti wala pa prof. Malamang late na naman yun. Time na eh.

Pagtunghay ko nakatayo si Adrian sa harap ko. Pero hindi siya sakin nakatingin kung hindi sa katabi ko. Si Lance.

Pinaggitnaan kasi nila ako ni Kyle.

"Lance sa ayaw at gusto mo, palit tayo ng upuan. Ako dyan." Sabi ni Adrian.

Ano daw? Waaaaaa. Ano na namang pakana ba 'to?

"Inaasahan ko na'to. I told you. You and Kyle really give me nightmares." Sabi lang ni Lance saka lumipat sa upuan ni Adrian.

Wala ng nagsalita pagkaupo ni Adrian sa kaliwa ko. Grabe. Yung tingin ng mga kaklase namin, iba na.

May nakangiti. May nakasimangot. May tingin na kulang nalang tunawin ako sa tingin. Lalo na si Angel, my dear devil. Kaaway ko lagi. Psh.

Hindi ako nagsasalita. Sumandal lang ako sa upuan ko. Wala din naman nagsasalita sa dalawa. Dumating na din prof.

Buti naman.

*

Lance POV

Hindi ko na talaga maintindihan ang mga kaibigan ko. Mukhang malakas talaga tama kay Chelsea.

Pati ako nagugulo nila. Bwisit.

"Okay class, kung napapansin nyo medyo nawawalan tayo ng klase at minsan nala-late kami ng pasok. Truth is medyo nagiging busy na kasi next week na ang foundation week ng Shin-Woo University. So I want to tell you class, kung sinumang willing na mag-participate, may dadag points sa grades."

Napatingin kami nung tumaas ang kamay ni Chelsea. "Ma'am what kind of cooperation po ba yung pwede naming gawin?" Tanong nya.

Ngumiti naman si Ma'am. "May mga competiton. Merong writing, singing, dancing, sports, arts, at madami pa. Hindi man kayo manalo, automatic may plus grades na kayo."

Nagsigawan mga kaklase ko. Napatingin ulit ako sa gawi nina Chelsea.

Si Adrian at Kyle nagbubugbugan na.

Siyempre joke lang yun. Nakatingin sila sa isa't isa. Matalim at nanlilisik mga mata habang si Chelsea busy sa pagsusulat ng notes yata about sa sinasabi ng prof.

"So class lahat ng gustong sumali. Isulat niyo lang dito yung names niyo. I'll be right back. May kukunin lang ako sa office." Sabi ng prof saka umalis.

"Nobody sali ka sa arts. Nakita ko na yung skill mo sa pagdo-drawing. I'm sure mananalo ka dun."

"Hindi crush mas maganda sumali ka sa writing kasi nabasa ko na mga essay mo saka diba ikaw lagi highest dun?"

At ngayon nangingialam na sila sa buhay ni Chelsea.

Gusto kong matawa kasi no reaction si Chelsea. Di nya pinapansin yung dalawa. Kung sabagay kung ako si Chelsea, mabbwisit din ako. Haha.

Peace men.

"Nobody nuod ka ng practice namin maya tapos sabay na tayo umuwi."

"Crush oo nga nuod ka. Pero sakin ka sasabay umuwi."

"Sakin ka nalang sumabay nobody."

"Sakin nalang crush tutal magkatabi lang tayo ng unit."

Boogshh!

Napatingin mga kaklase namin. Paano ba naman nagdabog si Chelsea saka lumipat dito sa katabi ko which is original seat niya.

Yung dalawa naman ayun nagsisisihan. Parang mga ewan.

"Lance pagsabihan mo nga yang mga kaibigan mo!" Sabi ni Chelsea sakin.

"Ayoko nga." sabi ko saka umalis sa tabi ni Chelsea. Lipat nako sa likod sa tabi ng dalawa. Baka

magsuntukan na eh.

*

Chelsea POV

Sama din ugali nitong si Lance. Kainis. Napadabog tuloy ako sa inis. Wala na ba silang alam kung hindi mag-debate? Kainis. Nakakabingi na sila. Lagi nalang silang contrast sa sinasabi.

Diba close sila? Tapos ngayon hindi sila magkasundo. Aish talaga. Kakainis.

Natapos ang klase ng matiwasay. Syempre hindi ako ginulo nung dalawa. Thanks naman. Kasi kanina din nung breaktime, di nako lumabas kasi may baon naman akong cupcake. Half-day lang kami ngayon. Masyado ng nagiging busy ang mga prof eh.

Nga pala, dun ako nagsulat sa Arts at writing. Sasali ako. Hindi dahil yun sinabi nung dalawa kung hindi dahil yun talaga mga gusto ko at hilig.

Ayos nako gamit.

After nun. Bibitbitin ko na sana ang bag ko kaso may nauna ng kumuha ng bag ko.

Snatcher lang mga KOYANG?

"Ako na." Si Kyle.

"Ako na." Si Adrian

Contrast as always. Naha-highblood ako sa dalawang 'to promise!

Hindi ako nagsalita. Bagkus inagaw ko yung bag ko at nauna ng lumabas sa dalawa.

"Crush!"

"Nobody!"

Sabay na tawag nila. Hindi ako lumingon. Nakabusangot na nga mukha ko eh habang naglalakad.

Hindi nakaligtas sakin yung bulungan ng mga talandeng babae na makatingin sakin wagas.

"Oh my, so totoo ngang nililigawan siya ni Prince Adrian at Prince Kyle?"

"I can't believe this! Akala ko may nag-hack lang ng facebook account nila."

“Ano bang nakita nila sa babaeng yan?"

"Nothing special to her."

“Katapusan na ba ng mundo?"

Tumigil ako. Kilala niyo naman ako. Hinahayaan ko sila magsalita pero pag tapos na sila, it's my turn. Palaban ako at hindi ako papayag na ganunin nila.

Eh kasalanan ko bang magustuhan ako ng dalawang mokong na yan? Ginusto ko ba? Aish.

Haharap nako sa kanila para magsalita ng..

"Stop talking about her. Kahit mga babae kayo, papatulan ko kayo. And one more thing, Chelsea Torres is one hundred times better than anyone. So stop that non-sense talk!" Sigaw ni Adrian.

Hindi ko akalaing gagawin yun ni Adrian.

Magre-react na sana ako para pigilan si Adrian kasi galit talaga tingin nya sa mga estudyante.

"Lahat ng marinig kong pinag-uusapan si CHELSEA TORRES, patatalsikin ko dito sa Shin-Woo University kaya shut the fuck off!" Sigaw naman ni Kyle

Hindi naman sila nananakot nyan? Natutuwa ako siyempre pinagtatanggol nila ako pero kasi masyado na silang OA dalawa. Kainis.

Hindi sa nagmamaganda ako ah. Kilala niyo ko. Down to earth ako.

Hindi nako nagsalita. Umalis nalang ako at nagtuloy maglakad.

Naramdaman kong kasabay ko na yung dalawa sa paglalakad.

"Nobody, I'm warning you. Sakin ka sasabay pauwi." Sabi ni Kyle.

Tumigil ako. "Bakit naman ako sasabay sayo? Eh ang layo ng bahay mo sa condo ko?"

“Oo nga Kyle kaya ako nalang maghahatid sa kaniya. Magkatabi lang kami ng unit, remember?" Sabi naman ni Adrian.

Kyle heaved a sigh then faced me. "I'm living next door. In front of your unit. Kakalipat ko lang kaninang umaga."

Chapter 41 ?

Kyle POV

"I'm living next door. In front of your unit. Kakalipat ko lang kaninang umaga." Sabi ko kay nobody.

"ANO??" Sabay pang sabi nina Adrian at nobody.

Kala nyo ha. Haha. "Surprise?" Tanong ko sa kanila.

"Kaya ba andun ka na agad kaninang umaga?" Tanong ni nobody

Tumango ako. "Yeah."

"Hindi ka talaga papatalo Kyle 'no?" Sarkastikong sabi ni Adrian.

"You know me. Kelan pa'ko nagpatalo?" Hamon ko sa kaniya.

Akala ba nya hindi ako seryoso kay nobody? Nagkakamali siya. Lahat kaya kong gawin.

"Psh." Adrian. "Dapat pala nagmonitor ako ng mga kumukuha ng unit sa building namin para napigilan kita." Parang nang-aasar na sabi ni Adrian.

"Kung nagkataon naman na pigilan mo ako, bibilhin ko building niyo para wala ka ng masabi." Nang-aasar ko ding sabi. Akala niya talaga papatalo ako sa kaniya?

Hindi muna tayo magkaibigan ngayon.

“Pwede bang tumigil na kayong dalawa? Nakakabingi kayo." Sigaw ni nobody.

Highblood na yan ngayon. Hindi ko na nga napapanindigan ang maging amo niya. Parang nabura na yung tungkol dun dahil nililigawan ko na siya. Pero okay pa din kasi para naman na sakin yung mga uutos ko sa kaniya. Haha. May advantage pa din ako kay Adrian.

"Sorry crush." Sabi ni Adrian. Pa-good boy effect, pwe!

"Nobody, sakin ka na sumabay. Hindi porket nililigawan na kita, pwede mo na'kong suwayin. Slave pa din kita. May kontrata tayo." Sabi ko. Syempre may kasamang pananakot yan. Kala nyo ha.

"Fine." Sabi ni nobody na naging dahilan upang ngumiti ako. Haha.

Humarap muna sya kay Adrian. "Adrian sa kaniya nalang ako sasabay. KAMAHALAN ko kasi yan eh."

Aba, talagang diniin pa ang salitang kamahalan?

"Sige basta ingat ka. Manyak pa naman yang si Kyle." Sabi ni Adrian saka mabilis na tumakbo sa kotse niya.

Amputek na'tong si Adrian. Siniraan pa'ko. Langya. "Wag ka maniwala dun." Sabi ko

"Hinihingi ko ba paliwanag mo? Tara na kamahalan, baka nangangalay na kayo tumayo dyan." Sabi nya

na may magalang effect pa pero fake naman.

"Tch." Sumakay nako ng kotse ko. Nang makasakay sa passenger seat si nobody, pinaandar ko na car engine.

*

Chelsea POV

Grabe. Talagang bumili din ng unit si Kyle sa building nina Adrian? At sa tapat ko pa? Aish. Daig ko pa bilanggo sa dalawang yan. Daig ko pa presidente eh, may dalawa akong nagga-gwapuhang PSG.

Tahimik lang kami ni Kyle kanina sa kotse niya. Nagpanggap pa nga akong tulog. Haha. Syempre, inis ako pero may kilig din syempre. Hindi ko itatanggi yun.

Dito na kami sa hallway ng unit namin. "Pasok nako. May utos kapa ba Kamahalan?"

"Meron."

Sabi na nga ba. Yan pang si Kyle. Hilig mag-utos. "Ano po yun Kamahalan?"

"Inuutusan kitang mahalin mo ako."

"Joke lang. React agad. Sinubukan ko lang mag-pick-up line. Geh, magpahinga ka muna then mamaya text kita. Sasama ka sa practice ng tigers mamayang hapon."

Speechless pa din ako.

"Sige na. Pasok na'ko sa condo ko." Sabi nya saka tuluyan ng pumasok sa unit nya.

OMG.

Pick-up line lang daw yun pero bakit tagos to the bone? Aish. Kinikilig ako na parang ewan! Hirap naman nito!

Pagpasok ko sa unit ko. Nagpalit muna ako damit tapos punta dito sa salas habang nuod ng TV. Binuksan ko din muna laptop ko.

Nagcheck ako ng facebook.

Scroll

Scroll

Scroll

Aba may status si Kyle. Agad-agad.

Kyle Shin-Woo Ako lang naman ang pinili ni nobody na maghatid sa kaniya sa unit niya. Ano Adrian? May masasabi ka ba?

2451 likes • 435 comments • Share

Adrian Buenavista Alam natin na labag yun sa loob ni Chelsea.

Geri Conde Paligsahan ba itey?

Alyanna Enriquez Bet ko si Kyle for Chelsea! Mas bagay kayo Prince Kyle!

Katelyn Caristea Wahh! For real na talaga. Ang dalawang prince natin nag-aagawan sa isang girl. Ang haba ng hair ni Ate.

Adrian Buenavista Tch fansclub. Sakin si Chelsea.

Kyle Shin-Woo Mas bagay kami ni nobody. Wala kang magagawa Adrian.

Lance Abellano Please enough for nightmares.

Kyle Shin-Woo Panira ka Lance. Lagot ka sa'kin maya sa practice.

Celina Zuzzane Arela Go lang Prince Kyle, push mo yan! :)

Shirleyn Tayao Ahhh! Kainggit si Ate. Pinag-aagawan ng dalawang prince.

Myle Bynn Melodias Nakakakilig naman! Dalawang gwapo, nag-aagawan sa isang girl!

Pinkmindedcutie Chelsea, gusto mo pagupit? May gunting ako dito.

Spicy Sugar Wew! Haba ng hair ni Chelsea. Kaloka ka ate XD

Ma. Angelica Cortez Kainggit naman si Chelsea. Dalawang hottie yan, OMG lang.

Psh. Sikat na sikat sila talaga ha? Mga fans talaga, maka-react wagas! Kainis.

Tenenenenen!

From: Kamahalan
Be ready. We're going to school. Maaga practice today.

Wow ha, kalmado ang text. Makapagbihis na nga.

-

Tiger's Practice

“Uy, hi Chelsea!” bati sakin ni Ken. Naglapitan din yung ibang tigers kasi kararating lang namin ni Kyle dito sa gym.

“Balita ko nililigawan ka ni captain at ni Adrian ah? Gano yun ka-totoo?” tanong ni Jerome.

“Lagi nga raw nagpapagalingan yung dalawa eh.” Sabi naman ni Cav

“Lakas ng appeal mo Chelsea, nakuha mo atensyon ng dalawang star player ng tigers.” Sabi naman ni Oliver.

“Kung ligawan din kaya kita?" sabi naman ni Kit.

“Nasa The Buzz ba ako?” tanong ko sa kanila. Kainis kaya sunud-sunod tanong nila eh.

“HOY KAYO! START NA PRACTICE! WAG NIYONG PAGKUMPULAN SI NOBODY KUNG AYAW NYONG PAGBUHULIN KO KAYO!” sigaw ni Kyle.

Ang harsh talaga. Grabe yung authority ng voice ni Kyle. Takbuhan kasi agad sa gitna ng court yung mga tigers. Naupo na lang ako sa isa sa bench. Ano bang gagawin ko dito.

Aish. Boring kaya practice nila.

Laro laro nalang sa iphone.

Kasawa naman

Nagcheck na lang ako ng twitter ko dito sa iphone ko. Mag-tweet nga ako.

Chelsea Torres @ChelseaTWattpad Akala ko, magaganda lang ang namo-mroblema sa dami ng admirer nila. Pati pala yung hindi kagandagan. Aww, tapos dalawang gwapo pa admirer ko.

Tapos out na.

Tiningnan ko si Kyle habang naglalaro. Gwapo talaga siya. Lalo na ngayon, habang naglalaro siya lalo siyang nagiging gwapo. Lakas pa ng appeal. Hay Kyle, sama lang talaga ng ugali mo eh. Pero honestly, kung naging mabait lang yan si Kyle from the start baka matagal nakong na-fall sa lalaking yan.

Sunod ako tumingin kay Adrian. Gwapo rin siya. Siguro lamang lang ng isang paligo si Kyle. Lakas din ng appeal niya. Siya yung kauna-unahang gwapong lalaki na pumansin sakin dito sa school. Ang sweet pa at gentlemen. Sobrang mabait, wala akong masabi kaso friends lang talaga ang nararamdaman ko sa kaniya, kumbaga, he’s perfectly fit to be my boy bestfriend.

Waaa, God bakit mo ako pinahihirapan ng ganito? Sa totoo lang, wala pa akong idea hanggang ngayon kung may balak akong sagutin sa kanilang dalawa. Parang di ko kayang pumili. Ewan ko ba.

“Nobody!” sigaw ni Kyle. Tapos na pala practice nila. Sinenyasan niya akong lumapit sa kaniya.

Tumayo naman ako at lumapit. "Bakit Kamahalan?”

“Punasan mo ako ng pawis. Di mo ba nakikita?” sabi niya. Grabe ha, alipin na alipin ang dating ko. Kumuha ako ng towel at pinunasan si Kyle.

Bakit ganon, pawisan siya pero ang bango pa din niya? Hmmm, amoy gwapo!

Hehe.

“Woooh!”

“Para-paraan captain!”

“Selos si Adrian!”

Mga sigaw yan ng tigers. Mga baliw. Lakas ng mga tama. Aish.

“Okay na Kamahalan, may utos ka pa?”

“Mineral.” Sabi niya.

Kumuha naman ako agad ng bottled water na nasa may bench din. “Here Kamahalan.” Abot ko yug mineral sa kaniya.

Uminom siya nakatingin lang ako sa kaniya nang madako ang tingin ko sa adam’s apple niya na gumagalaw dahil lumalagok siya ng tubog. Waahhh, why I find it sexy? Shemay!

“Crush!”

Napalingon naman ako kay Adrian na sumigaw. “Bakit?”

“Halika.” Sabi nya lang. Lumapit din ako.

“Bakit Adrian?” Tanong ko ulit. Ang bango niya din ah. Grabe, ang ga-gwapong nilalang, ang bango pa din kahit pawisan. Ermengard.

Nilabas niya yung iphone niya. “Picture tayo dali. Smile!”

Click!

Grabe ha. Hindi na ako nakatanggi. Aish si Adrian kasi. Nakaakbay pa siya sakin.

“Hoy nobody!”

Tingin naman ako kay Kamahalan. "Bakit po?”

Sinenyasan niya din akong lumapit sa kaniya. Lapit naman ako.

Tsup!

Speechless.

*

Kyle POV

“Hoy nobody!” tawag ko. Nakakalamang na itong si Adrian. May papicture-picture pa. Mas astig pa din yung picture namin.

Japan, japan kaya yung pose namin. Tch.

“Bakit po?” tanong ni nobody

Sinensyasan ko lang siyang lumapit sakin. Lapit naman siya. Etong si nobody may time na nagmamatigas, may time na wagas ding sumunod.

Paglapit niya.

Tsup!

Haha. Hinalikan ko siya sa pisngi. Itsura ni nobody parang ewan. Si Adrian naman sama na naman ng tingin sakin. Kala mo ha.

Ako yata si Kyle Shin-Woo.

“Wooo!” sigawan ng tigers.

Ang lakas na naman ng tibok ng puso ko. May tama na talaga ako dito kay nobody.

“Kyaaaaaaaaa!!!”

Nagulat ako sa sigaw ni nobody lalo ng..

BLAG

“Ohhhhh.” Sabay sabay na naman na sigaw ng tigers.

Aray, sinuntok ako. Putek! “Bakit ka nanununtok?”

“BAKIT MOKO HINALIKAN?”

“Kung maka-react ka naman nobody! Pisngi lang yun!” sabi ko.

Galit agad?

“Ahhh! Kainis ka!” sabi nya saka ayun nagtatakbo palabas ng gym. Ano bang masama dun

"Hala captain nagalit.” Nango-ngonsensya pa si Ken.

“Tumigil ka dyan!” singhal ko.

Lumapit sakin si Adrian. “Hindi mo kailangang gawin yun para mainggit ako dahil nahalikan ko na din si Chelsea sa cheeks. DALAWANG BESES pa.”

ANO?

Yun sabi ni Adrian saka tumakbo rin palabas ng gym. Sinundan yata si nobody.

Hindi nako humabol. Parang uminiit ulo ko. Si Adrian? Nakadalawang halik na kay nobody? Ano yun, ayos lang? Pero pag ako, maka-react wagas? Wow ha.

“UNFAIR KA NOBODY!!!!”

*

Chelsea POV

Kainis talaga yung si Kyle. Hinihingal ako nang makarating dito sa may waiting shed sa labas ng gate ng school. Uuwi nako. Anong mukha ihaharap ko sa kanila?

Hinalikan lang naman ako ni Kyle sa harap nila. Waaaaaaaaa nakakahiya. Ang totoo niyan, hindi ko naman sinasadyang masuntok si Kyle. Na-shock lang talaga ako at nahiya.

Bakit kasi kailangan pa niya ko halikan. Kahit sa cheeks lang yun, lakas pa din ng impact sakin nun syempre. Aish.

“Crush! Buti naabutan kita.” Hinihingal na sabi ni Adrian tapos lumapit sakin.

“Hindi mo na dapat ako sinundan.” Sabi ko. Para kasing wala pa din ako sa sarili ko.

“No. Di kita hahayaang mag-isa. Tara, uwi na tayo.”

Wala na akong nagawa. Nahila na niya ako eh. Wala rin naman na akong lakas na pumiglas dahil on-shocked pa din ako sa ginawa ni Kyle.

Bakit ganon, alam ko nahalikan na din ako ni Adrian sa pisngi pero nagulat lang ako then wala na. Bakit nung si Kyle, bakit feeling ko nakadikit pa din yung labi niya sa pisngi ko?

Shemay!

Chapter 42 ?

MR. POPULAR MEETS MISS NOBODY is now a published book under LIB/PASTRYBUG/PHR.

Hope you can grab a copy. Avilable at NBS, Pandayan, Powerbooks and Precious Page Stores on all malls nationwide. 3 books.

Price List: Book 1 - P199.75 ? Book 2 - P89.75 ? Book 3 - P119.75

~?

Chelsea POV

Dito nako sa unit ko. Di ko na nga masyadong pinansin si Adrian kanina. Diretso na agad ako pumasok dito sa unit ko. Nanlulumo ako na nakokonsensya dahil nasuntok ko si Kyle.

Alam kong pareho kaming mali. Mali na basta nalang nya ako hinalikan pero sa tuwing maiisip ko na nahalikan na naman din ako ni Adrian, nakokonsensya talaga ako kasi si Adrian di naman yan nakatanggap ng suntok sa'kin. Pero si Kyle..

Aish. Ang hirap makonsensya. Kainis.

Kriinnnnnggg!

Napatingin agad ako sa iphone ko kung sinong tumatawag.

O__O

Hala si Kyle. Baka monster na yun dahil sa galit sakin tapos baka tinawagan na niya Papa niyang patalsikin ako sa school? Waaa. Wag naman sana. I'll make it up to him.

Nag-sign of the cross muna ako bako sinagot yung call.

"H-Hello.." nauutal pako, shemay!

[Chelsea! Ikaw ba yan?]

Hala sino yun? Hindi yun boses ni Kyle ah. Saka bakit parang ang husky ng boses?

"Oo, pero sino ba 'to?"

[Si Ken 'to! Pumunta ka ngayon dito sa unit ni Kyle. Naghihingalo na siya!Dali! Hintayin ka namin. Geh.]

O___O

Ano daw? Si Kyle naghihingalo? Hanla. Dali-dali akong tumakbo sa unit ni Kyle.

Buti nabuksan ko agad yung pinto. Hindi naka-lock. Takbo ako papasok. "KYLE??" sigaw ko.

Sinalubong ako nina Jerome at Cav. "Nasa kwarto niya." hanla. Ang lungkot pa ng mukha nila.

"Ano bang nangyari?" tanong ko.

"Umakyat ka na lang sa taas." Sabi ni Cav.

Hindi ko na hinintay ang sagot nila. Dali-dali akong umakyat sa kwarto ni Kyle. "Kyle!"

"Uy Chelsea buti andito ka na. Kailangan mong alagaan si captain." Sabi ni Ken.

Napatingin ako kay Kyle na nakahiga sa kama niya. natutulog yata. "Ano bang nangyari sa kaniya?" tanong ko. Parang nangigilid na yung luha ko. Kasi naman. Bakit ba apektado na ako ngayon kay Kyle?

"Grabe ang stress niya kanina. Muntik na nga siyang mag-suicide." Sabi ni Ken.

O___O

"S-Suicide???"

Tumango lang siya. "Pero wag kang mag-alala, napigilan naman namin siya. Bantayan mo nalang siya at hintaying magising. Kailangan na naming umalis. May kailangang pa kaming asikasuhin. Ikaw na bahala sa kaniya."

Tumango ako. "Okay ako na bahala." Sabi ko. Umalis na si Ken.

Napahawak ako sa dibdib ko. Ang lakas ng kabog. Grabe, ano bang nangyari kay Kyle?

Bakit sabi nila muntik na siyang mag-suicide? May problema ba siya? Grabe. Nade-depressed ako.

Habang tulog si Kyle, mas mabuti kung ipagluto ko siya para dinner maya paggising niya

Sinipat ko yung noo ni Kyle. Hindi naman siya mainit. Saka mukhang tulog na tulog siya. Bumaba muna ako para kumuha ng ingredients sa unit ko. Dito na ako magluluto sa unit ni Kyle.

*

Kyle POV

Argh. Ang sakit ng ulo ko. Ano bang ginawa ko?

Pagmulat ko, napalibot agad ang tingin ko sa paligid. Teka, kwarto ko 'to ah? Paano ako napunta dito?

Ang alam ko nasa practice kami kanina ah. Pagtingin ko sa orasan, hala alas-7 na?

Sinubukan ko bumangon. Parang ngalay na ngalay yung katawan ko dahil sa pagkakatulog.

Eenggg...

Wag ka, sound effect yan ng pagbukas ng pinto.

O___O

"N-Nobody??"

Bakit andito siya? Tapos may dala pa siyang tray ng pagkain. Anong meron? Nananaginip ba ako? Teka, andito naman ako sa unit ko ah?

"Gising ka na pala. 'lika, kain ka muna. Nagluto ako ng chicken curry." Sabi niya tapos nilapag niya yung tray sa mini table ko dito sa kwarto.

Hindi ko pa rin maintindihan bakit yan andito pero masaya akong siya ang una kong nakita paggising ko.

"Nobody bakit ka pala andito?" tanong ko.

"Kyle, pahinga ka na lang and wag ka na masyado mag-isip-isip ng kung anu-ano. Kaya mo bang tumayo?" sincere na sabi niya.

O___o

Ano bang nangyayari? "Ano bang sinasabi mo nobody?" nagtataka na talaga ako pati sa akto niya eh, sobrang bait niya ngayon.

Parang kanina lang sinuntok niya ako.

Umupo siya sa gilid ng kama ko. Bale magkaharap kami. Nakaupo na kasi ako dito sa kama ko. Grabe tibok ng puso ko ah. Parang may marathon sa bilis.

She sighed. "Kyle, kung may problema ka you can tell me. Wag mong idaan sa maling gawain. You even tried suicide. Ano bang pumasok sa utak mo?"

O_____O

Ako? Suicide? Parang hindi ko matandaan na nagsuicide ako? At walang akong alam na may problema ako.

"Ano bang sinasabi mo nobody? Anong suicide?" naguguluhan ako.

Tenenenenen!

Napatingin ako sa iphone ko. Tiningnan ko muna sino nagtext.

From: Ken Tigers

Captain sorry talaga. HAHAHA.

-end-

Ano? Sorry tapos may tawa?

Teka nga..

O____O

"NOBODY PAANO KA NAPUNTA DITO?"

Parang nase-sense ko na may ginawang kalokohan sina Ken. Hindi yan magso-sorry sakin kung wala.

"Tinawagan ako ni Ken kanina gamit yang phone mo. Sabi niya naghihingalo ka daw at kailangan kong pumunta dito tapos pagdating ko dito, ayan nakita kita natutulog. Sabi ni Ken, you tried suicide dahil stressed na stressed ka."

I gave her my confused look. "At naniwala ka sa kanila?"

0____O Nobody

"Ibig sabihin, hindi yun totoo?" sigaw ni nobody.

"MALAMANG HINDI! BAKIT NAMAN AKO MAGSU-SUICIDE? EDI NABAWASAN NG GWAPONG NILALANG SA MUNDO. AT MUKHA BA AKONG MAY PROBLEMA? ANG NATATANDAAN KO, YUNG PANLILIGAW KO LANG SAYO ANG PINO-PROBLEMA KO. IKAW NOBODY, ANG DALI-DALI MONG PAPANIWALAIN."

Aish.

*

Chelsea POV

"MALAMANG HINDI! BAKIT NAMAN AKO MAGSU-SUICIDE? EDI NABAWASAN NG GWAPONG NILALANG SA MUNDO. AT MUKHA BA AKONG MAY PROBLEMA? ANG NATATANDAAN KO, YUNG PANLILIGAW KO LANG SAYO ANG PINO-PROBLEMA KO. IKAW NOBODY, ANG DALI-DALI MONG PAPANIWALAIN."

O____O

So ibig sabihin nilolоko lang ako kanina nina Ken?

KYAAAAAAAAAAA!!!! "Ibig sabihin, okay kalang?" tanong ko kay Kyle.

Confused na confused yung tingin niya sakin. "Yeah."

Aish. Alalang-alala pa naman ako kanina. Kala ko na kung anong nangyari. Mga baliw talaga yang kaibigan ni Kyle. Kainis! Lagot sila sakin.

"Kainis!" sabi ko.

"Oh, bakit?"

"Eh kasi napaniwala nila ako. Alam mo bang magkanda-dapa-dapa na ako kanina sa pagtakbo dito. Akala ko kung napano ka na. Tapos sa mga sinabi pa ni Ken, mas lalo akong nag-alala sayo kaya nga pinagluto kita para paggising mo, mapa-cheer-up naman kita kahit papaano. Kainis tlaga."

^_____^

"Anong ngini-ngiti-ngiti mo dyan?" tanong ko kay Kyle. Abot tenga ngiti eh.

"Does it mean you cares for me?" He teased me.

Arghh! "O-Oo, syempre kamahalan kita kaya talagang mag-aalala ako." Palusot ko. Aish bakit ba ang

daldal ko.

Masyadong obvious na alalang-alala ako sa kaniya.

-_____-

Pero yun naman kasi totoo. Malay ko ba. Basta nag-alala talaga ako ng sobra kanina sa kaniya.

He sighed then stared at me. I felt uneasy dahil sa kakaibang tingin niya.

O___O

Palapit ng palapit yung mukha niya sa mukha ko. Anong gagawin niya?

Hindi ako makagalaw. Nanatiling nakatingin ako sa mukha ni Kyle. Para akong na-freeze. Gusto ko siyang itulak pero wala akong magawa. Nanghihina yung tuhod at mga buto ko.

One inches away.

(- _)(_-)

(o__o) (^__^)

"Tara kain na tayo!" masiglang sigaw ni Kyle.

O_____O

Still freezing.

"Hoy nobody, tara kain na tayo. Sabay na tayo. Mukhang masarap yung niluto mo. Hmmm!"

O_____O

Did he..

Did he...

Did he KISSED ME?

"KYYYYYYYAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!!!!!!"

Napasigaw ako at automatic na napatakbo palabas ng kwarto ni Kyle. At diretsong lumabas ng unit niya. Pagdating ko sa unit ko. Napahawak ako sa dibdib ko.

Dug, dug..

Dug, dug...

Sobrang lakas ng kabog.

He kissed me!

He kissed me..

Waaaaahhhh! Napahawak ako sa pisngi ko. Ramdam ko yung pag-iinit. Waahh!

Di ako maka-get-over. Hinalikan ako ni Kyle.

He kissed me on my LIPS!

Waaaaaaaaaaaaaaa.

Natutuliro na ako. First kiss ko yun

Nanginginig na'ko grabe. Bakit ganoon. Ganito yung feeling ko pero hindi man lang ako nakakaramdam ng galit kay Kyle?

Bakit mas kinikilig ako na di makapaniwala?

Waaah. Diba dapat magalit ako? Pero hindi, wala. Walang makapang galit sa dibdib ko kahit katiting.

Napahawak ako sa labi ko saka pumikit.

"KYAAAAAAAAAAAAA!"

Pag pumipikit ako nakikita ko si Kyle na hinahalikan ako. Waahhh! Kahit halos 2 seconds lang lumapat yung lips niya sakin, ang lakas pa din ng impact! What to do, what to do?

Di ko alam kung kaya ko pang humarap kay Kyle? Waaaah.

Nag-dive ako sa couch ko at ginulo-gulo ko yung buhok ko. "WAAAAAAAAAAAAAAAAH!"

Hindi ako makaget-over . It's real! Hinalikan niya ako. Siya ang first kiss ko.

T____T

Pero bakit parang masaya pa ako

T___T

Oh, HINDI!!!!!

*

Ken POV

Wow first time. Akalain mong may POV ako. Haha di nako mag-tataka dahil ako ang pinaka-loko sa tigers.

Andito kami ngayon nina Jerome sa bar, iniisip ko kung ano ng nangyayari kay captain at kay Chelsea.

Grabe talaga ang tawa ko nang makalabas kanina ng unit ni Kyle. Kitang-kita kung gaano ka-alala si Chelsea sa kaniya.

At naniwala pa sa mga sinabi ko.

Eh, natutulog lang naman yung si Kyle eh. HAHA. Kanina kasi mukhang badtrip na badtrip si captain nung sinuntok siya ni Chelsea. Haha, tapos mukhang nagkakairingan pa sila ni Adrian.

Kaya naisipan kong kunin yung isang sleeping pills ko sa bag ko at nilagay sa bottled water. Para sana makatulog na lang siya, kasi alam ko pag badtrip yan kaming tigers ang pahihirapan niyan eh.

Inunahan ko na. Haha tutal lagi akong may dalang sleeping pills kasi madalas na di ako makatulog.

Konti lang effect noon kapag kahalo na sa tubig pero at least mapapatulog siya kahit ilang oras lang.

Ayun pinainom ko kay Kyle. Maya-maya nagpahatid na siya samin sa unit niya kasi parang inaantok daw siya. Success!

Pagdating sa unit niya kanina, ayun bagsak. Tulog. HAHA.

Pauwi na sana kami pero nakaisip ako ng kalokohan. Tinawagan ko si Chelsea at nag-imbento ng kung anu-ano. Haha

Ewan ko na lang talaga kung ano ng nangyayari, at ihahanda ko na rin sarili ko bukas dahil lagot ako kay captain. HAHA

Ayos lang, katuwaan lang naman eh!

At least napatunayan kong Chelsea really cares for Kyle.

*

Kyle POV

Sinundan ko lang ng tingin si nobody na tumakbo palabas ng kwarto ko.

Napahawak ako sa dibdib ko, lakas ng tibok. Pinilit ko na nga lang kumalma dahil ang totoo, nakakabading na dahil kinikilig ako.

Nahalikan ko lang naman si nobody sa lips. Kahit ilang seconds lang yun, naglapat pa din yung lips namin.

Akala ko nga sasampalin ako ni nobody pero shocked lang siya. HAHA. Gusto kong matawa sa reaksyon niya. First kiss ba niya?

Kaya nga bigla akong naglihis ng topic kanina dahil ayokong i-open up yung about sa kiss.

Eh, bakit ba? Di ko napigilan sarili ko eh. Di naman siya pumalag.

Masyado kasi akong natuwa sa litanya niya kanina. She showed me how she cares for me. At talagang nagpagaan yun ng loob ko kahit sinuntok niya ako kanina. Kahit medyo inis ako sa nalaman kong nakadalawang kiss na sa kaniya si Adrian.

Hindi ko intensyon na halikan siya pero parang yung mata niya kasi parang hinihila ako papalapit sa mukha niya. Hindi naman siya umiwas. Hinayaan niya lang ako kaya ayun.

I KISSED HER ON HER LIPS.

Haha.

Kinikilig talaga ako.

Bumangon na ako ng kama saka masiglang nilapitan yung niluto ni nobody. At syempre ganado akong kumain. Niluto niya 'to specially para sa akin.

Hindi ko pa maiwasang isipin yung kiss habang kumakain kaya para akong tangang napapangiti.

Basta.

I like her that much. Gagawin ko na lahat, para mapasagot ko siya.

I'll make her fall for me..

Chapter 43 ?

Chelsea POV

Dito ako sa living room ko. Nanunuod ng TV pero tulala lang.

Almost one hour na ang nakalipas ng manakaw ang first kiss ko pero di pa rin ako maka-get-over.

Waaah! Ang hirap. Diko expect na gagawin ni Kyle yun. Ano nalang mukhang ihaharap ko sa kaniya? My golly naman.

Bzzzttt..

Harujusko! Yung kaba ko, wagas!

Slow motion pa akong tumayo para pagbuksan yung nag-buzzer sa pinto.

Eto na. Sa harap na'ko ng pinto. Hinga malalim tapos sign of the cross.

Bukas.

"Uy crush, bakit parang nakakita ka ng multo?

Ay jusko! Grabe, buti si Adrian pala yun. "A-Ah, wala. Pasok ka." Sabi ko.

Umupo kami dito sa living room. "Brownies nga pala for you.

Wow, may brownies. Mukhang masarap. Hehe.

"Ayt, thank you Adrian. Nag-abala ka pa."

"Napadaan kasi ako sa mall kanina kaya ayun. He-he."

Napangiti naman ako. Bakit ganun, wala na akong awkward feeling para kay Adrian, parang comfortable na ako sa kaniya.

Unlike kay Kyle, ang lakas na lagi ng kaba ko pag kaharap siya.

What's happening on me? Hindi naman ganun dati. Nasisigawan ko pa nga si Kyle eh

Aish. Ayoko munang isipin si Kyle. Naloloka ako.

"Crush, any problem? Natutulala ka?"

Natauhan naman ako sa sinabi ni Adrian. "A-Ah, wala, wala!" Tanggi ko. Naman kasi.

"He-he. Ikaw talaga nobody." Ginulu-gulo pa niya buhok ko.

Ang light lang ng feeling pag kasama ko si Adrian.

"Uy, wag mo namang guluhin buhok ko." Sabi ko nalang.

“Nga pala crush, gusto mo bake tayo ng cookies bukas dito sa unit mo?"

Bigla namang nagliwanag yung mukha ko. Siyempre gusto ko. Waaah! Exciting. "Oo ba! Sige."

"Deal yan ha. Bale bukas. For sure naman, isasabay ka na naman ni Kyle pauwi. Ano bang laban ko dun eh Kamahalan mo yun." Natatawang sabi ni Adrian.

Ngumiti lang ako.

"Puntahan nalang kita dito sa condo mo pag-out natin galing school. Nabasa ko sa fanpage ng school, half-day lang bukas eh. Tapos punta tayo mall para makabili ng ingredients at mga kailangang gamitin sa pagbe-bake ng cookies. Okay ba?"

"Sure, sure! Na-excite naman ako. He-he.

Adrian smiled at me. "Good. Bukas nalang ha. Pahinga ka na."

Tumango ako. "Okay. Ikaw din."

Hinatid ko siya sa may pintuan. But before saying my goodnight to him, he gave me a peck on my cheeks then ran away to his unit.

Ayt. Hilig na nun magnakaw ng halik. Aish. Adrian. Napatungo ako at pailing-iling nalang ako.

Pagtunghay ko.

Si Kyle nakatayo sa may pinto ng unit nya. Nakita ba niya yung ginawa ni Adrian?

Hanla.

"Si Adrian, anytime pwede kang halikan tapos parang wala lang sayo. Pero nung ako, isang beses lang tapos nasuntok pa. You are so unfair nobody." Kyle said coldly while looking at me.

Hindi ko alam isasagot. Bakit nga ba pag si Adrian parang wala lang? Bakit pag si Kyle, lakas ng impact sakin? Ano bang ibig sabihin nun?

"A-Ah, Kyle.."

"Don't need to explain. Go inside. Night." Sabi niya saka pumasok na sa unit niya.

Tulala ako kasi parang ang cold niya tapos ayan di nya ko kinulit at pinagsarhan pako ng pinto.

Waah. Ayan na naman ang konsensya ko.

Kasi naman eh.

Hayyyy! Ang hirap ng ganito. Pumasok nalang ako sa unit ko. Diretso sa kwarto.

Kinuha ko muna laptop ko at nagcheck ng twitter. May post pala si Kyle.

Kyle shin-Woo @KyleSWattpad

May secret ako pero diko sasabihin kay @AdrianBWattpadXD. HAHAHA.

Adrian Buenavista @AdrianBWattpad

@KyleSWattpad Lul! Ano yun?

Mylebynn @maybynn

@KyleSWattpad Kyaa! Ano kaya yun?

Alexa @yhsanamor

@KyleSWattpad Nakakatuwa naman. Nag-aaway na anman sila.

Yanelle @yen_otaku23

@KyleSWattpad Tungkol kaya yan kay @ChelseaTWattpad? Ayiii>.

Alaiza @016_iamalaiza

@KyleSWattpad Kinikilig naman ako. Haba talaga ng hair ni @ChelseaTWattpad

Angelica mae jamon @legna_17

@KyleSWattpad Share naman ng secret Prince Kyle!

Leng Ü @Lengleng20

@KyleSWattpad Curious naman ako sa secret na yan. Waah!

Asiah @asiahchelseaa

@KyleSWattpad Basta go kami kay Prince Kyle! GO lang go!

I?BeaBinene @iamangelica_28

@KyleSWattpad Akinggit naman si Chelsea.

Alyanna Enriquez @Orraanggee

@KyleSWattpad Unfair! Dapat walang secret!

Geri Conde @im_directioner5

@KyleSWattpad Tama, walang secret dapat!

Katelyn Caristea @kateo5_caristea

@KyleSWattpad talagang unfair yun kay Prince Adrian! Share naman ng secret.

Suzane @CutieLOVEsPink

@KyleSWattpad yaaaa! Ang bongga talaga ni Chelsea.

At madami pang tweets. Kyaaa! Ang binabanggit kaya ni Kyle ay yung..

Yung kiss namin?

KYAAAAAAAAAAAAAAA!!!!!

Kainis yang si Kyle. Bat kailangan pang magpost. Naman eh.

Tenenenen!

From: Adrian
Crush, ano yung secret na sinasabi ni Kyle sa twitter?

Hanla? Alangan namang sabihin kong hinalikan ako ni Kyle sa lips. Waaah.

To: Adrian
Ah wala yun. Di ko alam. Baka hindi naman tungkol sakin. Sige tutulog na ako. Goodnight :)

Kahit di pa ako tutulog, sinabi ko nalang yun kesa intrigahin ako ni Adrian. Ayt. Kainis.

Paano ko na pakikiharapan si Kyle niyan? Nahihiya ako sa kaniya eh.

Aish.

–

Kinabukasan..

Ready na ako papasok. Paglabas ko ng pinto, expected ko ng si Kyle yung maghahatid sakin pero..

Wala siya sa labas. Si Adrian ang andito.

“A-Adrian..”

“Tara na.”

Hanla? Pero si Kyle?

“Wala si Kyle. Nauna na. Hindi nga ko pinansin eh.”

Nauna pumasok? Hala. Di kaya galit yun sakin gawa nung nakita nya kagabi???

Ayan na naman ulit ang konsensiya ko. Hala, galit sakin si Kyle. Baka patalsikin na ako talaga sa school. Paano na future ko?

“May problema ka ba crush? Tara na.”

Na-te-tense nako grabe. Mukhang galit talaga sakin si Kyle kasi kung hindi, siya yung kasabay ko

ngayon papasok. Pero nauna na raw. Di man lang ako hinintay.

“Wala. Tara na.” sabi ko saka naglakad na.

-

Sa school..

“Kyaa! Janna!” excited akong tumakbo kay Janna. Kasi naman tatllong araw yata tong absent. Na-miss ko bestfriend ko syempre.

“Uy Chelsea. Namiss din kita.”

Nagyakapan kami tapos masaya akong umupo sa tabi niya. Pero bago pa ako makipag-chikahan kay Janna, tiningnan ko si Kyle sa aking peripheral vision.

Tulog habang nakasandal sa upuan niya? May problema ba siya o kaya may masakit ba sa kaniya? Aish. Nawiwindang ako.

“Uy, chelsea? Are you with me?”

Natauhan ako kay Janna. “Ah eh, oo. Bakit nga pala ilang beses ka ng absent?”

“Ang saya mo ha?”

Napatingin ako sa nagsalita na nakatayo sa harapan ko. As usual, si Angel devil. Aish.

Wala pa naman si Adrian, andun pa sa tambayan, may kailangan pa daw siyang kunin.

“Masama?” sabi ko.

“Porket pinag-aagawan ka ng ng dalawang Prince namin, nagpapakasaya ka na? Hindi porket nililigawan ka talga nila ay maganda ka na. Isa ka paring basahan sa paningin ko.” sabi ni Angel. Kung makapagtaray, wagas na naman.

Tumayo ako. “May sinabi ba akong maganda ako?” tanong ko sa kaniya.

Nakita ko sa peripheral vision ko si Kyle na nakatingin lang samin. Walang emosyon. Parang balewala lang sa kaniya kung nagsasagutan kami ni Angel.

Bakit ganoon? Parang medyo masakit dito sa puso ko? O baka dahil lang nasanay akong pinagtatanggol niya?

Aish. Kaya ko namang mag-isa to. Palaban ako eh. Kelan pa ako nagpatalo

“Hindi mo naman talaga dapat sabihin dahil di ka naman talaga maganda! Siguro ginayuma mo sila no?"

Aba, gayuma. Ano ako witch? “Gayuma? Ano ako, witch? Eh mas mukha ka pa ngang witch sakin eh?”

“WHAT??” sinabunutan niya ako. Lumaban ako.

Akala niya papatalo ako sa kaniya. Si Janna, umaawat na pero ang inaaway niya ay yung alipores ni Angel devil.

“AHHHH!”

“STOP IT!!!!

Automatic kaming napatigil dahil sa sigaw na yun.

Si Kyle. “WALA NA BA KAYONG ALAM GAWIN KUNG HINDI ANG MAG-AWAY? NAKAKAIRITA NA KAYO! KUNG MAG-AAWAY LANG KAYO DITO, MABUTI PANG LUMABAS NALANG KAYO NG ROOM!” sigaw niya pagkatapos ay lumabas ng room.

Galit na galit siya. Akala ko ipagtatanggol niya ako. Magagalit din pala siya sakin.

Bakit ba ang cold mo ngayon Kyle? Hindi ako sanay. Kahit sinisigawan mo lang ako, ayos lang. Pero yang ganyang silent treatment? Bakit nasasaktan ako?

“Pasalamat ka.” sabi ni angel saka bumalik na sa upuan nya.

Ako naman napaupo sa upuan ko. “Okay kalang?” tanong ni Janna. May inaabot siyang tissue.

Hindi ko napansin, may luha na pala ako.

Bakit? Hindi naman ako nasaktan sa sabunot ni Angel. Bakit may luha ako?

Dahil ba yun sa cold treatment ni Kyle?

Chapter 44 ?

Chelsea POV

Dahil ba yun sa cold treatment ni Kyle?

"Masakit ba yung sabunot sa'yo ng bruhang yun? Tahan kana." Inaalo ako ni Janna.

I sobbed. Napaluha lang ako konti. Ewan ko. Kusa akong naiyak eh. Umiling ako sa tanong ni Janna at kinuha yung alok niyang tissue

Nagpupunas na ako ng tissue ng dumating si Adrian. "Crush? Umiiyak ka ba?" Tanong niya.

Tumingin ako sa kaniya at ngumiti. "Hindi. Wala 'to. Napuwing lang ako." Sabi ko nalang. Hindi naman ako ang klase ng babae na nagpapaawa effect pa.

As long as maitago ko yung feelings ko, itatago ko. Inborn na yun.

"Ano bang nangyari?" Tanong niya tapos lumipat tingin niya kay Janna. "Janna?"

"Nagsabunutan sila ni Angel. As usual, inaway na naman nila si Chelsea. Masyado silang insecure." Sabi ni Janna.

Pipigilan ko pa sana siya kaso wala, bilis nya magsalita.

Hindi nagsalita si Adrian pero tumayo ulit sya. Pagtingin ko..

Hanla. Andun sya sa harap nina Angel. "Sinong nagbigay sa inyo ng karapatan na awayin si Chelsea?" Sigaw ni Adrian.

Tumayo ako para pigilan siya pero pinigilan naman ako ni Janna. "Let him be."

Walang sumasagot sa grupo nina Angel. Lahat sila tameme. Galit kasi yung mababanaag sa mukha ni Adrian.

"Isa pa ha? Isa pa. Wag nyong hintaying pumatol ako sa inyo. Hindi tamang magalit kayo kay Chelsea. Now I'm telling you, subukan nyo pang guluhin si Chelsea ako makakalaban nyo."

Pagkasabi nun. Tumabi na ulit sakin si Adrian at niyakap ako. Nakatungo nga lang ako pero medyo gumaan loob ko kasi pinagtanggol ako ni Adrian kaya hinayaan ko lang sya. Buti pa si Adrian, laging to the rescue.

He really proved that he likes me.

Unlike kanina. Hindi ako pinagtanggol ni Kyle. Diba liligawan nya ko? Bakit ganun sya sakin?

Aish. Akala siguro nila, naiyak ako dahil sa ginawa nina Angel. Pero ang totoo niyan, nasaktan ako sa cold treatment ni Kyle.

*

Kyle POV

Dito ako tumuloy sa tambayan pagkalabas ng room. Hindi na'ko a-attend ng klase. Badtrip ako kagabi pa.

Nakita ko kasing hinalikan ni Adrian si nobody pero no reaction sya. Di man lang sya nagalit.

Hindi ko matanggap na nasuntok nya ko dahil lang sa halik sa pisngi ng isang beses.

Totoo lang, dapat matuwa ako kasi nahalikan ko siya kagabi sa lips mismo pero parang nawala yung saya sa dibdib ko dahil sa nakita ko din kagabi.

She's really unfair. Nagmumukha nalang ba akong tanga? Si Adrian ba talaga gusto nya kaya sakin parang inis na inis siya palagi? Tapos kay Adrian? Napakalumanay at pa-tweetums sya.

Ano yun? Pretending na wala siyang gusto kay Adrian pero ang totoo niyan, meron pala?

Para san pa kung liligawan ko pa rin sya? Kung gagawa pa ako ng effort sa kaniya? Kung ngayon palang nakikita ko na kung sino ang posibleng magustuhan nya.

No other than.

Si Adrian.

Halata naman. Masyadong mainit ang dugo nya sakin, kay Adrian hindi. Aish.

Kaninang umaga nag-decide ako na hindi na sya isabay papasok. Sigurado namang mag-aagawan na naman kami ni Adrian. At ako pipiliin nya dahil mapipilitan lang sya dahil slave ko sya.

Edi bahala na silang dalawang magsabay.

Oo masakit. Aminado ako.

Nasasaktan ako dahil masyado ko siyang gusto at alam ko ng TALO ako. Kaya siguro dapat na akong mag-give way kay Adrian. Ititigil ko na ang panliligaw ko sa kaniya.

At paninindigan ko ulit yung pagiging amo sa kaniya. Remember, alipin ko siya. Hindi pa tapos ang 100 days contract namin.

Pipilitin kong ibalik yung dating ako. Yung lagi siyang inuutusan at sinisigawan.

Hindi ako ang klase ng lalaki na kailangang magpaka-martir. Kaya kong kumuha ng babae kahit kelan ko gustuhin. Kahit nga ilan pa eh. Kung si Adrian ang gusto niya, wala na akong pakialam pa.

Napatingin ako sa bagong dating. Si Lance. Hindi na rin ba sya pumasok sa klase?

Aish. Gaya-gaya.

"Himala. Hindi mo pinagtanggol si Chelsea." Sabi ni Lance saka naupo sa kabilang couch.

"Do I need to do that?" Sarkastiko kong tanong.

"I don't know. Kayo lang naman ni Adrian ang gumagawa ng kung anu-ano para kay Chelsea. It's just, I expect that you will shout at them and comfort Chelsea. But I'm wrong." Sabi nya.

Parang in the past few days, dumadaldal na'tong si Lance.

"Hindi ko na kailangang gawin yun dahil wala na akong pakialam sa kaniya. Alipin ko lang sya." Sabi ko saka uminom ng canned beer.

"I see. Pero ang pagkakaalam ko nililigawan mo sya diba? Like Adrian?"

"Dati, oo. Pero mula ngayon? I'll stop. Wala na akong pakialam sa kaniya. Magsama sila ni Adrian." Lumagok pa'ko ulit ng beer.

"Sounds bitter. Pero okay, mas gusto ko yung dating ikaw. Nakakapanibago pag mabait ka at sweet. Nadidiri ako."

"WHAT??" Etong si Lance kala mo kung sinong tahimik. Pero pag nagsalita, hanep sa pagka-harsh.

"Wala. Sabi ko hindi na din ako a-attend ng klase. Naaasiwa na ako sa room. Umiyak kasi si Chelsea tapos naabutan siya ni Adrian, ayun pinagtanggol sya ni Adrian at kinomfort. Geh, makatulog nalang ako."

Si nobody umiyak?

Pinagtanggol sya si Adrian?

Umiling-iling ako. Hindi hindi. Wala na akong pakialam sa kaniya.

I already decided, ititigil ko na ang panliligaw.

Umiyak si nobody

Umiyak si nobody

Umiyak si nobody

Umiyak si nobody

Umiyak si nobody

Aish. Bakit ba kailangang paulit-ulit sa isip ko yun? UNLI??

Saka teka. Bakit ba yun umiyak? Ang pagkakakilala ko sa kaniya ay palaban. Hindi yun basta basta iiyak.

Aish!

Ano bang paki ko? Aish. Bwisit.

Bahala sila. Uuwi nalang ako.

*

Chelsea POV

Nagklase na pero di na bumalik si Kyle. Apektado talaga ako sa pinakita niyang cold treatment sakin.

Dapat nga matuwa ako diba? Kasi hindi niya na ako kinukulit. Pero bakit hindi pa din ako masaya? Sa halip, nasasaktan ako.

Ano bang nangyayari sakin?

"Okay class, dismissed." Sabi ng prof. Sa wakas natapos din. Wala akong naintindihan because Kyle occupied my mind.

Ayt, ayoko na siyang isipin. Kainis naman.

"Crush, tingin ko di ka na hahatid ni Kyle sa unit mo kaya diretso mall na tayo?" sabi ni Adrian.

Napatingin muna ako kay Janna. "Janna, sama ka samin. Okay lang? pupunta kaming mall para mamili ng gagamitin sa pag-bake ng cookies. Dali, sa unit ko tayo magbe-bake." Sabi ko.

"Sure. Sige ba! Kung gusto mo, gawin na nating house party? Tulad ng sabi ng prof natin, wala naman daw tayong class tomorrow dahil may meeting ang buong admin and professors."

House party? So ibig sabihin, magulo at masaya yun? Siguro kailangan ko nga yun para di ko na maisip si Kyle. "Sige, sige!" excited kong sabi. Humarap ako kay Adrian. "Okay lang ba sayo Adrian?"

"Oo naman. Pwede ko bang invite ang tigers?" tanong niya.

Sabagay, anong klaseng house party ang gagawin namin kung tatlo lang kami. "Sige! Tara na sa mall."

Sabay sabay kaming naglakad palabas. Si Janna pinauna na niya ang driver niya at sinabing bukas na siya uuwi dahil nga may house party kami mamaya sa unit ko. Buti na lang walang pasok bukas. Hehe. Saka, for sure, hindi ko maiisip si Kyle mamaya. Papakasaya nalang ako, buti pa.

-

Sa mall..

"Saan tayo una?" tanong ko sa kanila.

"Bibili muna tayo ng panggawa ng cookies yung mga utensils tapos supermarket na kasi andun naman na lahat bibilhin nating foods para mamaya." Sabi ni Janna.

"Eh, nga pala. Wala tayong guide para sa paggawa ng cookies?" tanong ko.

"Janna was really good in baking cookies kaya no need." Sagot ni Adrian.

Bat niya alam?

Napansin ko yung pagiging uneasy ni Janna. "Remember nung nag-plano kami for your birthday? Diba lagi kaming magkasama kasi nga kailangan namin ng better plan. Two times ko siyang dinalhan ng cookies at home made yun. Sayang nga kasi absent ka nun eh." Paliwanag niya.

Tumango-tango ako. "Wow, napaka-talented mo talaga Janna. Maganda ka na, sexy tapos talented pa." sabi ko.

Almot perfect na si Janna. Sobrang bait pa niya.

Wala ng nagsalita sa amin. Nakarating na kasi kami sa bibilhan kaya busy busy muna kami.

Buti nalang pala dala ko ATM ko. Hehe ayoko namang sila lang ang gumastos.

After 123456789 years, natapos kami.

"Supermarket naman tayo!" masaya kong sabi.

Syempre ayokong magmukmok kahit pa-saglit-saglit, naiisip ko si Kyle. Bakit ba kasi ako apektado sa kaniya? Can anyone aswer me please?

Busy na muna kami dito sa supermarket. Dami naming bibilhin eh. Yehey!

--

At the condo..

"Grabe kapagod." Sabi ni Janna pagkarating namin dito sa may hallway. Si Adrian ipapasok daw muna niya yung pinamili namin sa unit ko bago siya umuwi saglit sa unit niya, tulung-tulong kami sa pagbubuhat eh.

Nang mabuksan ko yung pinto ko, hindi ko maiwasang sumilay muna sa pinto ng unit ni Kyle.

Ayt. Ayoko na nga siyang isipin. Kainis.

Geh, busy muna kami ha. Later na ulit. Paki-kausap na lang si Kyle para sakin.

Chapter 45 ?

Kyle POV

Dito nako sa unit ko. Nahiga muna ako sa couch. Hay.

Badtrip.

Pero diko pa rin maiwasang maisip yung sinabi ni Lance na umiyak daw si nobody. Aish. Sinaktan ba ng mga babaeng yun si nobody bukod pa sa sabunutan na nangyari?

Malalagot sila sakin. Akala nila ha. Aish. Bakit ba inaalala ko pa din yun. Dapat ko na syang hayaan kay Adrian. Masaya naman na sila. Hindi na dapat ako dumagdag pa.

Tenenenenen!

From: Oliver
House Party sa unit ni Chelsea. Invited lahat ng tigers. Mamaya daw 7pm.

GM

Uso pa pala GM. At si Oliver pa? Bading. Tch.

Pero totoo kaya? House party?

Tenenenenen!

From: Nobody
Punta po kayo sa house party mamaya sa unit ko 7pm.

GM

Aish. GM? Ano yun? Green Minded? Gagambang Maganda? Aish.

Ayoko nga. Gusto ko personal text matanggap ko. Yung ako mismo niyayaya.

Bakit pa pala ako pupunta dun? Para makita ang sweetness nina Adrian at nobody?

Di nalang.

Ting!

BRIGHT IDEA

Tama. Dapat pala pumunta ako para mapakita ko kay nobody na wala na sya sakin. Na wala na akong pakialam sa kaniya. At oo nga pala, de-declare ko pa nga pala sa kanila na stop nako sa panliligaw sa kaniya.

Tama.

*

Chelsea POV

Sent.

Wooo. Grabe hindi ko matiis na itext si Kyle. Syempre invited din sya sa house party mamaya.

Sa hiya kong magtext ng personal message. Nagkunwari na lang ako na GM yun. Pero ang totoo sa kaniya ko lang sinend.

Bakit ba. Hiya ako talaga.

"Crush, okay na lahat. Handa na para sa house party." Nakangiting sabi ni Adrian. Si Janna kangiti din pero..

Kay Adrian sya nakatingin?

Bakit kaya?

“Okay. Buti pa pahinga muna tayo habang hinihintay sila." Sabi ko.

"Sure! Let's watch TV muna." Sabi ni Janna saka tumakbo sa couch kasunod si Adrian.

I automatically smiled. I'm really lucky to have them.

Basta papakasaya ako mamaya at kakalimutan muna yung mga bumabagabag sa dibdib ko.

Saka first time kong maka-attend sa house party. Lulubusin ko na. Hehe.

Naupo nako sa tabi nina Adrian. Abala lang kami sa panunuod ng TV.

Bzzzttttt!

Bakit ba lagi akong nasa-shock pag may nagba-buzz sa pinto?

Konsensya: Kasi iniisip mo palaging si Kyle yan.

Tse! Hindi kaya. Tumayo nako para pagbuksan sino yun.

"HAPPY HOUSE PARTY!!"

Langya. Nagulat naman ako. May confetti pa kasing effect pagbukas ko ng pinto. Tigers pala. Iingay pa.

“Brad." Sabi ni Ken kay Adrian. "Hi Janna!"

"Hello. Buti nakapunta kayo."

"Oo naman. Hello Chelsea. He-he. Si captain?"

Ayan na naman yung kabog ng dibdib ko. Aish! Naman.

"A-Ah e, wala pa?" Sabi ko. Grabe nauutal pako. Tch.

“Nge bakit wala pa siya? Lapit-lapit ng unit. Magsisimula na ang house party.”

“Sinong may sabi na wala pa ako?”

Boses yun ni Kyle. Napasilip ako sa nakaawang na pinto.

Si Kyle nga? So pumunta sya? Hindi na ba siya galit sakin?

Kailangan ko siyang makausap para malaman ko kung bakit sya galit sakin.

“Uy Kyle!” sigaw ni Jerome.

Ayan na naman yung puso ko, kumakabog na naman.

Waaah. Malapit nako mabaliw, totoo lang. Kasi naman si Kyle bakit ba kasi ang cold nya sakin? Di ko parin sya ma-gets.

“Pasok, pasok.” Sabi ko nalang tapos sinara ko na pinto.

Bale ang andito, sina Adrian, Janna, Kyle, Lance, Ken, Jerome, Oliver, Cav at Kit. Yun lang. Sana maging masaya kmi. Hehe. Kahit may dinadamdam ako.

Sumimple ako ng tingin kay Kyle. Nakikipagtawanan lang sya sa tigers. Di man lang ako pinansin. Psh.

“Uy guys! Start na! party party!” sigaw ni Adrian.

Kaniya-kaniyang kuha ng pagkain. Ako nakisali din syempre pero pasulyap-sulyap ako kay Kyle. Grabe, di pa din ako pinapansin. Hinihintay ko ngang utusan nya ko.

Mas pipiliin kong utusan niya ako ng utusan kesa cold treatment

Kainan..

Inuman..

Abot sakin ng food si Adrian, abot ng drinks..

Kantahan din. Ayun sina Adrian at Janna ang magka-join sa pagkanta kasama sina Ken.

Ako, eto nanunuod lang sa kanila. Si Kyle..

Ayun umiinom katabi si Lance. Tapos nakikisaya sa iba. Parang ako pa yung na-OP

“Uy Chelsea, kanta ka naman..” ungot ni Jerome.

Umiling ako. “Hanla, ayoko. He-he. Di ako marunong.”

“Sige, Kyle ikaw nalang ang kumanta.” Sabi ni Jerome kay Kyle. Halatang nagulat si Kyle pero mas nagulat ako kasi tumayo siya

Kakanta siya?

Nakatingin lang ako sa kaniya, pinagmamasdan ang bawat galaw niya. “Mic test.” Panimula niya.

‘Woooh! Anong kanta Kyle?” tanong ni Jerome.

“Hindi ako kakanta. May announcement lang ako sa inyong lahat. Gamitan ko na ng mic para intindi niyo.”

Announcement? Ano naman kaya yun?

“Sige lang Kyle.” Sigaw ni Ken.

Kinakabahan ako. Ewan ko kung bakit.

“Gusto ko lang malaman niyo na tinitigil ko na ang panliligaw kay nobody kaya wag nyo na ako aasarin tungkol dun..”

“...saka Adrian, ayan wala ka ng karibal. Kung kausapin ko man si nobody, wag kang magseselos dahil yun ay dahil nalang sa alipin ko pa siya. Alam niyo namang may kontrata kami at kailangang sundin iyon.”

“Bakit naman ititigil mo na panliligaw mo kay Chelsea?” tanong ni Ken.

Hanla. Parang ayoko marinig

“Dahil ayoko na. Yun lang, let’s continue the party!” sigaw niya.

Parang tinusok yung dibdib ko grabe. As in tagos talaga sa puso ko. Ititigil na daw niya panliligaw sakin? Fine! Diba dapat masaya ako? Pero bakit..

Bakit ang sakit sakit sa dibdib ko?

Bakit parang tumututol yung puso ko? Suko na ba agad si Kyle? Ayaw na ba nya sakin kasi na-realize niyang hindi ako nababagay sa tulad niya? Na sikat, mayaman at gwapo?

Naramdaman ko yung pangigilid ng luha ko kaya maagap akong tumayo at pumunta saglit sa kusina para kunwari kukuha pa ng drinks.

Pagkarating ko dito sa kusina, pinahiran ko agad yung mata ko.

Ayaw ko mang ipakitang apektado ako, hindi ko mapigilang masaktan

“Guys, eto pa drinks!” masiglang sabi ko sa kanila paglapit ko sa salas.

Masakit isipin. Masakit ding tanggapin yung sinabi ni Kyle. Bakit parang ganun lang kadali sa kaniya? Wala na talaga siyang pakialam sakin?

Grabe lang ha. Daig pang dinudurog puso ko. Bakit ba masyado akong affected sayo KYLE SHIN-WOO????

“Chelsea cheers naman!” sigaw ni Jerome.

Masaya silang lahat. Bakit hindi na lang din ako magsaya? Yang si Kyle nga, masaya eh. Kaya ba siya nagpunta dito, para i-announce yun?

Ayos.

Wala akong balak uminom dahil wala akong experience sa pag-inom ng alak. Pero sa tingin ko kailangan ko ng espiritu ng alak ngayon.

Nabasa ko kasi sa isang quotes, alak daw ang panandaliang gamot sa nasaktang puso.

Try ko nga. Nasasaktan talaga ako eh. Totoo lang.

Naiisip ko nga, mahal ko na kaya si Kyle kaya ako nagkakaganito? Ewan ko. Never pa akong na-inlove kaya hindi ko alam. Basta isa lang ang alam ko, nasasaktan ako sa pambabalewala niya sakin.

“Sige ba, cheers!” sigaw ko saka nilagok yung alak na laman nung baso.

“Ahh! Sarap! Isa pa.” sabi ko kay Ken.

Inabot niya sakin isang bote. “Ayan dyan mo na tunggain para mas feel.” Sabi niya. Tinanggap ko naman.

Napatingin ako kay Adrian kasi parang iba yung tingin nila sakin. “Chelsea, kaya mo bang uminom?” tanong niya pero mukhang medyo lasing na rin siya. kanina pa kasi sila nag-iinom.

Pati yung worry nasa mukha niya. “Oo naman! Pakasaya nalang tayo dali!”

Nagsigawan naman yung tigers. Kaya nagkaingay na. Kaniya kaniya ng trip. Ako, dito ako sa may carpet sa tabi ng couch. Umiinom habang nakikisaya sa kanila.

Teka, parang nahihilo ako ah. Hehe.

Ganito ba yung alak?

Aish, parang unti-unti ko ng nalilimutan yung masakit kanina dito oh, dito sa puso ko.

Pumapasok sa isip ko si Kyle. Yung mukha niya na nakangiti sakin.

Wala na. diko na napigilang maiyak. I silently cry habang abala sila sa pagsasaya. Alam kong wala namang makakapansin skain.

Si Janna tulog na sa couch dahil maaga nalasing. Kanina pa sila nainom eh.

Si Adrian parang nakatulog na din pati ibang tigers.

Si Kyle? Ewan kasi di ko na siya tinitingnan pagkatapos ng announcement niya. Alam niyo kung bakit? Kasi masasaktan lang ako pag tiningnan ko siya.

HONESTLY, di ko matanggap yung announcement niya.

Lashing na yata ako. Hilo nako talaga eh.

*

Kyle POV

Kanina pa ako tumatagay. Hindi naman ako madaling malasing. Pagkatapos ng announcement ko, bakit parang ang bigat sa loob ko? Bakit nung mapatingin ako kay nobody kanina, parang hindi siya masaya?

Tama ba yung nakita ko? O imagination lang yun?

Diba nga dapat matuwa siya kasi hindi na ako makakasagabal sa kanila ni Adrian? Aish.

“Kyle, si Chelsea.”

Napatingin ako kay nobody dahil sa sinabi ni Lance. Nakaupo siya sa may carpet sa gilid ng couch. Karamihan sa kanila nakatulog na sa kalasingan. Si nobody parang..

Parang natutumba sa pagkakaupo? Napatingin ako sa ilang bote ng red horse sa carpet.

Teka? Siya ba uminom nun lahat? Malamang lasing na yan.

Tatayo na sana ako kaso..

Diba wala na akong pakialam sa kaniya?

“Sige na Kyle. Wag ka ng magdalawang-isip. Kailangan ka niya. Tulugan na silang lahat pati si Adrian na karibal mo.” Sabi ni Lance.

Yun na ang naging go signal ko para lapitan si nobody.

Lasing na nga. Aish. Sino bang may sabing uminom siya ng madami? “Nobody..” kinakalog-kalog ko siya. Tumingin lang siya sakin.

Mapungay na yung mata niya. Means, lasing na nga. “I-Ikaw ba shi..Kyle?” tanong niya.

“Si Kyle to nobody, halika na iakyat na kita sa kwarto mo.” Sabi ko. Lasing na talaga to.

Masyado ba siyang masaya para magpakalasing? Wow lang ha.

Hinyaaan ko na si nobody na mag-litanya. Lasing na talaga eh. Binuhat ko nalang siya. “Lance, ikaw na bahala sa kanila. Ia-akyat ko na si nobody sa kwarto niya.” sabi ko kay Lance habang karga si nobody.

"Sige lang.”

Lumakad nako paakyat ng kwarto ni nobody. Pagbukas ko ng kwarto niya mabilis ko siyang inihiga sa kama niya.

Kita sa mukha niya na lasing na talaga siya. Kinumutan ko siya at naupo sandali sa gilid ng kama niya.

I really like you nobody pero may pride pa din naman ako. Kung saan ka masaya, sige lang, hahayaan

na kita. Alam kong mapapasaya ka ni Adrian..

I sighed and stand. Aalis na sana ako ng marinig ko yung boses ni nobody.

“Kyle…”

Himala. Bat ako tinatawag niya? Nilingon ko siya. She’s still sleeping pero nagsasalita siya.

“Kyle.. b-bakit ba ang cold cold mo sakin?..”

Napalapit ako kay nobody dahil sa sinabi niya. Nakapikit pa din siya. Pero may luha sa mga mata niya?

“Nasasaktan ako sa pambabalewala mo sakin..” ngumiti siya ng payak habang nakapikit pa rin. “Mahal na nga yata kita…hik!”

Mahal daw? Ako?

“Kyle... wag mo naman akong saktan oh.. bawiin mo yung sinabi mo sa ina-announce mo kanina.. nasasaktan ako Kyle.”

Sabi nila. Ang lasing hindi nagsisinungaling. So it means? Totoo ang sinasabi ni nobody?

Mahal na nya ako?

Nasasaktan siya?

Hindi niya matanggap yung announcement ko kanina which is titigil nako sa panliligaw sa kaniya?

Nobody! Ginugulo mo utak ko.

“K-Kyle.. mahal na yata kita talaga.. dito ka lang sa tabi ko..”

Pinuno na ng konsensya ang dibdib ko. May naramdaman akong kasiyahan sa dibdib ko after hearing those words from her. Pero ayaw ko pa din mag-assume.

Kahit ang totoo, nag-a-assume na nga ako.

Gumaan bigla pakiramdam ko dahil sa sinabi niya.

Sige babait muna ako ngayon nobody pero magtutuos tayo bukas kapag hindi ka na lasing. You will tell me kung anong sinabi mo ngayong gabi.

You said you love me...

Panindigan mo yan kung ayaw mong tuluyan na kitang ipaubaya kay Adrian.

Tinabihan ko si nobody sa kama niya at nagulat ako nang yakapin niya ako.

“Kyle…wag mo na akong sasaktan.. I love you..”

Totoo na talaga? Ewan. Bukas ko siya kakausapin.

Kung aaminin nya lahat bukas ang sinabi nya ngayong gabi, itutuloy ko ang laban ko kay Adrian. Hindi kita igi-give-up.

Dina-digest lahat ng isip ko ang mga sinabi ni nobody. Hinayaan ko na siyang nakayakap sakin hanggang sa makatulugan ko na ang pag-iisp.

zZZzzzzzz..

Chapter 46 ?

Chelsea POV

Kinaumagahan..

Waaa, ang sakit ng ulo ko. Aish. Napahawak ako sa sentido ko. Bakit naman sumakit ulo ko?

Ayt. Grabe. Babangon na sana ako nang..

May nakayakap sakin. Ramdam ko. Straight lang kasi pagkakahiga ko. Para akong na-freeze dahil ayokong tumingin sa tabi ko.

Waaaah! May mumu yata. Nakayakap pa sakin.

Dahan-dahan kong tiningnan yung nasa tabi ko..

“KYAAAAAAAAAAAA!!!!"

Napasigaw ako at napasipa sa katabi ko. Wah, si Kyle katabi ko.

Si Kyle katabi ko.

Si Kyle katabi ko.

Si Kyle katabi ko.

Si Kyle katabi ko.

BOOGSH

Malakas yung pagkakasipa ko kaya nahulog siya sa kama.

“OUCH!!! Nobody bakit mo ako sinipa??" Sigaw ni Kyle. Andun sya sa sahig habang hawak ang balakang nya.

“B-Bakit..b-bakit tayo magkatabi? M-May nangyari ba satin? KYAAAAAA!!"

Hanla. Oh my Lord! Pakakasalan ba ako ni Kyle pag nabuntis ako? Pananagutan niya ba ako?

BLAG

Malakas na pagbukas na pinto ang nagpatigil sa pagsigaw ko at..

Ang tigers, si Adrian at Janna nasa may pinto na.

"Anong nangyari crush?" Tanong ni Adrian.

Nanlalaki pa din mata ko sa gulat.

“Magkasama kayong natulog dito?" Sabi ni Ken

Hanla. Ano bang nangyari.

“Chelsea are you okay?" Nag-aalalang tanong ni Janna na lumapit dito sa kama ko.

Magsasalita na sana ako kaso naunahan na ako ni Kyle.

"You were too drunk last night kaya binuhat kita dito sa kwarto mo. Lalabas na sana ako but you kept calling my name kaya tinabihan kita. Hindi ko naman namalayan ng makatulog na ako. But don't worry, nothing happened." Paliwanang ni Kyle.

Thanks God wala ngang nangyari. Akala ko maaga akong magiging ina at makakapag-asawa eh. Akala ko bubuo na kami ni Kyle ng pamilya eh.

Enough na sa imagination. Bad Chelsea.

Teka. I kept on calling his name last night?

Hanla. Baka mamaya may nasabi ako. Waaaahh. Wala naman sana.

"Mabuti pa, baba na tayo. Nagluto na kami ni Janna ng breakfast. It's already ten in the morning." Seryosong sabi ni Adrian saka nauna ng bumaba. Nagsunuran din ibang tigers.

Bakit si Adrian naman yata ang cold?

"Let's go Chelsea?" Yaya ni Janna.

Kumalma na'ko after hearing his explanation. Pero diko pa rin lubos maisip na magkatabi kaming matulog.

Shemay! Bakit bigla akong nakaramdam ng kilig?

Bad Chelsea.

Si Kyle tumayo na din mula sa sahig saka kami bumaba.

*

Adrian POV

Nauna na akong bumaba dito sa kusina. Hindi ko kayang makita si Chelsea at Kyle na magkasama sa kwarto.

Kahit sabihin nilang lasing si Chelsea, mali pa ding magkatabi sila.

At diko alam kung paniniwalaan ko ang sinabi ni Kyle that Chelsea kept on calling his name last night.

Why?

Kung sabagay, kagabi ko pa napapansin. Parang iba yung tingin ni Chelsea kay Kyle. Nung announcement ni Kyle, kitang-kita ko sa mukha ni Chelsea yung sadness.

In love na ba siya kay Kyle? Mas pinili na ba nya ito?

Hindi ko nga masyadong naasikaso si Chelsea kasi nararamdaman ko na kailangan nyang mapag-isa. Yung wala muna ako sa harap nya. Nakita ko kung gaano siya ka-apektado sa sinabi ni Kyle kagabi.

Syempre masakit sakin yun kaya nga napainom din ako ng sobra kagabi.

Pero kahit na. I still like her. Itutuloy ko pa rin panliligaw ko. Sabi nga ni Kyle, stop na sya sa panliligaw.

Kaya, ako. All I need to do is to make a lot of effort for Chelsea.

*

Kyle POV

Sakit nung sipa sakin ni nobody. Para akong magkaka-rayuma eh.

Ngayon lang ba yan nakatabi sa lalaki? Aish. So naïve.

Andito kami ngayon sa dining area. Nagsiuwian na yung tigers. Kami nalang natira nina Lance, Adrian, Janna at nobody. Kumakain kami ng breakfast.

Parang timang si nobody kasi nakatungo habang kumakain.

Aha, akala mo nakalimutan ko mga sinabi mo kagabi ah. Lagot ka sakin mamaya.

Ngumisi ako habang kumakain.

“Hm, Chelsea after breakfast, uuwi nako ha?" Sabi ni Janna.

Chelsea smiled at her. "Okay." tapos tumungo ulit.

Si Lance at Adrian abala sa pagkain. Pero may napansin ako kay Adrian ngayon. May pagka-seryoso yung mukha niya. Hindi yung usual na jolly.

"Kyle may practice ba tayo mamaya?" Tanong ni Adrian. Seryoso lang sya.

"Wala. Bukas nalang after class. May lakad ako mamaya." I answer him seriously.

Lagot yang si nobody sakin mamaya eh. Haha. Akala niya, kailangan ko siyang tanungin ng masinsinan ngayong nasa katinuan na sya.

Mahal na yata kita talaga Kyle..

Mahal na yata kita talaga Kyle..

Mahal na yata kita talaga Kyle..

Mahal na yata kita talaga Kyle..

HAHA. Hindi ako naiinis sa echo na naririnig ko sa isip ko.

Sarap kaya pakinggan. Yeah, men!

*

Chelsea POV

Natapos kaming kumain. Grabe hiyang-hiya ako kay Kyle kaya di ako makatingin ng diretso sa kaniya.

Hindi pa din kasi maka-get-over sa nagkatabi kami matulog.

Shemay!

Ayan na naman yung kilig. Ayt!

"Bye Chelsea. See you tomorrow sa school. Nag-enjoy ako kagabi promise!" Sabi ni Janna. Hinatid ko na sya dito sa may pinto lang.

"Okay. Ingat ka. Bye." Sagot ko.

“Adrian, Kyle, Chelsea, una na din ako. Sabay na kami ni Janna pababa." Paalam ni Lance.

Tumango lang kami sa kaniya.

Ngayon tatlo nalang kaming natitirang andito sa hallway.

AWKWARD!

"Ah, eh pasok na din ako sa loob. Thank you sa inyo." Sabi ko na pinilit ko pang ngumiti sa kanila.

Hiya ako.

"You're welcome crush. Punta nako sa unit ko." Kumaway pa si Adrian bago pumasok sa unit niya pero at least nakangiti na ulit siya unlike kanina na masyado syang seryoso

Papasok na din sana ako sa loob kaso.

"Nobody."

Hanla. Goosebumps! Narinig ko lang naman pagtawag ni Kyle. Ayt. Apektado-MUCH ako masyado.

"B-Bakit.." Nauutal kong tanong.

"Tulad ng sabi ko kagabi, alipin pa din kita. Kaya inuutusan kita. Mamayang lunch sasamahan mo ako sa mall. Maliwanag?"

"Eh.."

"Wag kang assuming na naman. Ikaw pagbibitbitin ko ng mga bibilhin ko kaya kita niyayaya. Geh." Sabi nya saka tuluyan ng pumasok sa unit niya.

Psh. Taga-bitbit? Hay balik nanaman sa dating Kyle. Pero, mas komportable ako dun kesa yung mabait na Kyle.

Pumasok na din ako sa unit ko at napansin ko malinis yung unit ko. Naglinis na siguro kanina nung mga kalat namin kagabi.

Babait nila.

Dumiretso ako sa kwarto para kunin yung laptop ko.

Balik sa salas. Sakit pa din slight ng ulo ko. Ba't kasi ako naglasing kagabi? Aish.

Open facebook muna.

Logging in..

Kyle Shin-Woo changed his profile picture • 1 day ago
4638 likes • 643 comment • share

Nagpalit na pala sya. Hindi na pala yung picture namin na magkasama. Ibig sabihin stop na talaga sya sa panliligaw sakin.

Naalala ko kagabi, I was hurt dahil sa sinabi niya.

In love na ba talaga ako kay Kyle kaya ako nasaktan ng ganon?

Kung in love man ako, sa tingin ko walang rason para pigilan ko sarili ko. Kahit hindi na ako liligawan ni Kyle, still masaya pa din ako na pinapansin na nya ako ulit unlike kahapon.

Hindi ko gusto ang pagiging cold niya sakin. Masakit dito oh.

Log in muna sa twitter.

Makapag-tweet nga. Nagke-crave talaga ako sa jollibee eh.

Chelsea Torres @ChelseaTWattpad
Gusto kong kumain ng jollibee.

Okay na. Out na ko.

Tenenenenen!

From: Adrian
Let's go out later.

Naku. May lakad ako mamaya. May utos ang kamahalan eh.

Nagreply agad ako kay Adrian.

To: Adrian
Uy, may lakad ako mamaya. Back to reality, utos ng kamahalan.

Hindi na nagreply si Adrian. Hanla?

Tenenenenen!

From: Kamahalan
Wag mong kalimutan mamayang lunch. Wag kang babagal-bagal.

Well, back to reality tayo. Nagbalik na ang aking kamahalan na ubod ng sungit.

Ayos na din yun.

Wag nalang syang magiging cold sakin.

Biglang gumaan pakiramdam ko dahil ayos na ulit kami ni Kyle. Kahit alipin pa turing nya sakin, I don't mind. Mahalaga, kinakausap niya na ako ulit.

-

Sa mall..

Kararating lang namin dito ni Kyle sa mall. Grabe kanina sa kotse niya, AWKWARD yung feeling.

Paano ba naman, naiisip ko pa din yung nagkatabi kami matulog tapos kayakap pa sya sakin.

Shemay talaga!

"Saan tayo Kamahalan?" Tanong ko

"Sa Lee tayo. Bibili akong mga damit." Sabi nya.

"Ah, okay Kamahalan." Sabi ko saka sumunod ng lakad sa kaniya.

Dito na kami sa Lee, grabe lang si Kyle. Tinitingnan nya lang size tapos kuha ng kuha. Pati mga pantalon. Ganito ba mag-shopping ang mayayaman?

Grabe. Para 'tong si Janna. Hehe.

Habang naghihintay kay Kyle, tumingin-tingin din ako dito sa pambabaeng section.

tingin

tingin

Wow. Ang cute naman nitong shirt. Waahh. Gusto ko 'to.

Bago pa ako tuluyang makapag-react, may kumuha na nung damit na nagustuhan ko. Pagtingin ko..

"Gusto mo ba 'to? Sama ko na sa pinamili ko. Tapos nako. Tara."

Sabi ni Kyle saka pumuntang counter. Grabe. Naramdaman nyang gusto ko yung dami.

Lakas ng radar ha.

Pero kinilig naman ako. Ayiiii. Nakakatuwa talaga si Kyle kapag nasa natural siyang ugali. Yung sya mismo. Kesa yung nagbago siya. Mas bet ko yang walang modo nyang ugali.

Napangiti ako. Grabe. 6 na paperbag agad yung binili ni Kyle.

"Akina na po Kamahalan. Ako na magdadala." Sabi ko.

Inabot nya lang sakin yung tatlong paperbag. "Yan bitbitin mo. Ako na dito sa tatlo."

Aish. Napangiti na naman ako.

"Wag kang assuming. Itong tatlong paperbag na'to, ang laman nito ay yung mga pinakamhal na binili ko at pinakagusto. Ayoko ipahawak sayo, baka madisgrasya pa. Tch." Sabi nya saka nagpatiunang maglakad.

Wala ka talagang modo Kamahalan. Psh.

Sumunod lang ako sa kaniya. "Kain muna tayo ng lunch." Sabi nya.

Tama. 1pm na pala. Di pa ako nagla-lunch. Hehe. Saan kaya kami kakain.

Tumigil kami dito sa jollibee.

Seriously? Si Kyle kumakain dito sa jollibee?

"Anong tinitingin-tingin mo dyan? Tara sa loob." Sabi nya. Pasok naman kami. Dito kami sa may glass wall umupo sa gilid.

"What do you want to eat?" Tanong nya.

"Eh, kahit ano."

"Aish. Geh hintayin mo ako dito."

Eh diko naman kasi alam mga menu dyan eh. Saka lahat naman kinakain ko. Hindi ako mapili. Kanina pa naman gusto nagke-crave ako sa jollibee spaghetti. Hehe. Buti pala dito kami kumain.

After 123456789 years, naka-order na si Kyle. Kasunod niya yung dalawang crew. May dalang apat na tray.

Seriously? Lahat 'to para saming dalawa lang? Buti dito kami sa maluwang na mesa.

Grabe yung order ni Kyle.

1 bucket ng chicken + rice
Dalawang spaghetti
Dalawang sundae
Dalawang extra large fries
Dalawang mango pie
Dalawang burger champ
Dalawang coke float
Dalawang coke

Seriously ulit? Mauubos ba namin 'to?

"Eh, Kyle ang dami naman.."

"Kumain ka lang. Wag kang mahihiya sakin. Kahit pa ubusin mo yan, okay lang. Sige na. Wag ka ng maingay. Istorbo ka sa pagkain ko."

Bait mo Kyle. Aish. Pero natuwa pa din ako kasi daming food! Yey!

Nag-enjoy nalang ako sa pagkain. Grabe ang saya kumain ng madaming-madami.

Sabi nga ni Jollibee...

Basta Jollibee! Bida ang saya!

Oha. Alam ko. Naririnig ko lagi yan eh. Hehe. Theme song yata ng jollibee.

Kain lang ako. Di ko muna pinansin si Kyle. Hehe.

*

Kyle POV

Gusto kong mapangiti habang pinagmamasdang kumain si nobody.

Sarap nya panoorin. Kitang-kita na enjoy sya sa pagkain.

Kasi naman nabasa ko sa tweet niya kanina, nagke-crave siya sa jollibee kaya dito kami kumain.

He-he.

Pogi points.

Mamaya ko pa kakausapin ng masinsinan si nobody tungkol sa mga sinabi nya kagabi. Hahayaan ko muna siyang mag-enjoy dito sa mall para ma-refresh yung utak niya.

"San na tayo next Kamahalan? Grabe busog na busog ako. Thank you Kamahalan." Nakangiting sabi nya.

Aish. Tigilan mo pagngiti sakin. Lalo kitang nagugustuhan. Kaw talaga nobody..

"Ayaw mong bumili ng gagamitin mo sa arts? Diba sasali ka sa contest? Saka mas maganda din kung

magpa-practice ka sa unit mo. Next week na yung contest." Sabi ko.

Tiningnan ko kasi yung list kung saan siya nag-sign. Writing at Arts pinili niya.

"Ay, oo nga 'no! Sige punta muna ako sa national." Sabi nya.

Siya lang? "Sasama ako." Sabi ko.

Para siyang nagblush. Parang timang. "Eh, kamahalan kaya ko na.."

"Wag ka ngang assuming. May bibilhin din ako. Tch." Kunwaring sabi ko saka nauna ng maglakad.

Dito na kami sa national. Yung bawat nilalagay nya sa cart, dinadagdagan ko. Syempre kailangan nya magpractice eh.

“Okay na Kamahalan. Bayadan ko lang 'to." Sabi nya.

“Hindi. Ako na magbabayad nyan." Sabi ko

Baka mamaya wala na yang pera. Bukas pa yung sweldo nya sakin.

"Hindi Kamahalan, may pera pa ako.”

"Ako na magbabayad. That's an order." Sabi ko.

Napatango naman agad siya pero sa peripheral vision ko, nakita kong ngumiti siya.

Napangiti din tuloy ako. Buti nakatalikod ako kay nobody. Aish. Bakit ba ganito ang feeling ko.

"Okay na. May pupuntahan pa ba tayo Kamahalan?"

"Bibili lang ako ng perfume tapos uwi na tayo." Sabi ko.

Punta kami dito sa booth ng mamahaling mga pabango.

"Yes Sir."

"Clinique" yun lang sabi ko. Alam na nya yun. Dito ako lagi bumibili eh.

Napatingin ako kay nobody. She's smelling the samples at napansin kong iba yung ngiti nya nung maamoy nya yung isa.

"Miss anong perfume to." Inagaw ko kay nobody yung maliit na paper strip.

"Lacoste for women Sir."

“Okay, isa din niyan." Sabi ko saka binayaran na. Si nobody tulala lang sakin.

“Hoy nobody tulala ka na naman sa ka-guwapuhan ko." Biro ko.

“Ah, eh kasi bakit binili mo yung pabango. Ang mahal kaya nun."

"Okay lang yun. Wala na akong mapaglagyan ng pera kaya kita binilhan. Wag ka ngang assuming dyan." Kunwaring sabi ko.

Kilala niyo naman ang totoong Kyle. Hindi ako ganon ka-showy kaya dinadaan ko lagi sa suplado at masungit na way.

"Eh, may pupuntahan paba tayo?" Tanong nya.

"Take out tayo ng pizza sa greenwich. Movie marathon tayo sa unit ko." Sabi ko.

Syempre dun ko na sya kakausapin ng masinsinan.

I saw the uneasiness on nobody's face. Adik yan. Masyadong obvious na na gusto nya ko.

"Ayoko sa unit mo. Baka manggulo lang si Adrian. Tara." Sabi ko.

Totoo naman. Epal pa naman yang si Adrian. Pumunta na kaming greenwich saka lumabas na ng mall.

Pagdating namin dito sa kotse, pinaandar ko na agad ang car engine.

Haha. Excited ako masyado. Gusto kong marinig lahat ng feelings ni nobody na nasa katinuan siya.

And I bet, kapag sinabi nya ang totoo, na mahal niya na nga ako. Hinding-hindi ko na siya bibitawan pa.

Itaga niyo pa sa ABS ko.

That's a deal.

Chapter 47 ?

Chelsea POV

Dito na kami sa building ng condo namin.

Lakad kami dito sa hallway. Pareho lang kaming tahimik ni Kyle. Psh. Pero hello, ako pa din may bitbit nung tatlong paperbag.

Tss. Sabi niya nga ayaw niyang ipabitbit sakin yung tatlo pa kasi baka madisgrasya lang. If I know, ayaw niya lang ako mahirapan. Ayiii! Haha. Pakapalan na ng mukha ‘to. Eh sa yun yung napi-feel ko eh, bakit ba?

“Hoy nobody akina yan. Baka iuwi mo pa. Yang isang paperbag, sayo. Umuwi ka muna dyan sa unit mo. Five minutes dapat andito ka na sa unit ko. Maliwanag?”

Sumimangot ako. “Opo Kamahalan.” Sarkastiko kong sabi saka siya tinalikuran at pumasok na sa condo ko.

Pagpasok ko ng unit ko tumaas nako sa kwarto para magpalit muna ng damit. Dadala pala ako ng chips sa unit ni Kyle. Sabi niya movie marathon daw eh. Hindi naman pwede sa’kin ang pizza lang. Kulang yun. Haha.

Pinatong ko muna 'yung paperbag na galing kay Kyle. Mamaya ko na titingnan.

Kapalit na'ko ng damit. Ayos na. Pupunta na ako sa unit ni Kyle.

Lakad

Lakad

Lakad

Bzzzztt..

Door buzzer yan ni Kyle. Bumukas naman agad ang pinto. “Lampas ka ng 1 minute.” Nakasimangot na sabi niya saka iniluwang yung pagkakabukas ng pinto para makapasok ako.

Dumiretso na ako sa living area niya. “Sobra ka naman kamahalan.”

Umupo na ako sa couch niya. Naramdaman kong kasunod ko lang si Kyle. Grabe ang sarap sa feeling ng ganito. Yung balik sa dati. Sa dating Kyle na nakilala ko. Mas komportable kasi ako sa dating Kyle. Ngayon, wala na akong nararamdamang awkwardness for him.

Kahit pa first kiss ko siya o nakatabi na sa kama na matulog, parang nagsilbing happy memory ko nalang yun. Hindi na ako nangangamba kung anong mangyayari basta ang mahalaga sakin ngayon, masaya ako pag kasama si Kyle. Si Kyle na walang modo, pero may puso din yan. Si Kyle na mahilig manigaw pero caring naman. Nakakatuwa at bumalik na ulit kami sa dating gawi.

“Anong panonoorin natin Kamahalan?” tanong ko kay Kyle nang makalapit siya dito sa couch. Kinuha kasi niya yung pizza tapos may coke in cans din. Ako naman, eto may dalang chips. Pinatong ko na sa

center table.

“The Vow. Maganda ‘to. Pinahiram lang sa’kin ni Ken. Maganda daw eh kahit hindi ganon ka-bago.” Kalmadong sabi niya saka naupo sa tabi ko. Wow, umaasenso si Kyle, tumatabi na sakin.

Kilig naman ako. Chos!

“Anong genre yan?” tanong ko ulit habang pinapanood siyang mag-set-up nung DVD.

“Romantic love story.” Matipid niyang sagot saka pinindot na ang PLAY button. “Simula na.” dugtong niya.

Sumandal na ako sa couch at nagsimulang manood. Pero hindi pa ako nakakatagal sa panonood ay bigla akong nakaramdaman ng awkward feeling.

Paano ba naman. Si Kyle tumabi sakin ng tabing-tabi tapos sumandal din siya sa couch. Grabecious na malupit, ramdam ko yung balat niya na dumidikit sa balat ko.

Aish. Inabala ko ang sarili ko sa pagkain ng pizza habang nakatutok ang tingin saTV screen.

“Nobody..” he called me with his husky voice.

O-My-G.

“E-Eh, b-bakit?” sabi ko na hindi inaalis ang tingin ko sa TV screen. Mahirap na. Masyado kaming malapit sa isa’t isa. Gustuhin ko mang itulak si Kyle para hindi kami magkadikit, tumututol ang puso ko.

“Do you love me?”

Grabe si Kyle maka-tanong. Hindi nagpatumpik-tumpik pa. Diretsahan? Bakit niya natanong yun? Kyaaaaaaaa! Kyle, bakit ka ganyan.

“Nobody..” tawag ulit niya.

I was speechless. Hindi ko alam kung paano siya sasagutin. Do i love him? Mahal ko na nga ba siya? Ewan ko. Basta ang alam ko, masaya ako pag kasama siya. Kahit sinisigaw-sigawan niya ako at sinusungitan, magaan pa rin pakiramdam ko sa kaniya. Nasasaktan ako pag di niya ako pinapansin. Naiiyak ako nang malamng di na niya ako liligawan.

Sa tingin niyo, mahal ko na nga ba talaga si Kyle?

“Last night when you were drunk, you told me you love me..” pagpapatuloy ni Kyle.

Di pa din ako sumasagot. Walang boses na lumalabas sa bibig ko dahil shocked ako at hindi ko napaghandaan yung tanong niya.

“D-Did I really say that?” nauutal kong tanong.

Alam ko naman sa sarili ko na hindi malabong nasabi ko kagabi kay Kyle yun dahil lasing ako. Pero I’m not sure if it was real. If my feelings for him is real.

“Yeah. Don’t worry. Hindi kita inoobliga na sumagot. I just want to confirm it.” Sabi niya.

Nakatutok pa din ang tingin ko sa TV screen. Hindi ko akalaing dadating sa ganitong punto na mag-uusap kami ni Kyle ng seryoso. And worst, about our feelings pa ang topic naming"

"K-Kyle.."

Pinutol niya ang sinabi ko. "I already said last night that I will stop courting you and give way to Adrian. Pero dahil sa mga sinabi mo sa'kin nung lasing ka, parang nagbago ang isip ko. Mas lalong gumulo. I thought you like Adrian dahil nakikita ko kung gaano ka niya napapasaya samantalang ako, lagi kang nakasimangot. Hindi ko rin alam kung paniniwalaan ko yung sinabi mo kagabi dahil lasing ka nun. That's why I'm asking you right now."

Hindi ko talaga alam ang isasagot ko sa kaniya. "K-Kyle.."

"I even deal with myself. Sabi ko sa sarili ko kagabi, kapag na-confirm ko ngayong mahal mo nga ako talaga, hinding-hindi na kita bibitawan pa at makikipag-kompetensiya pa din ako kay Adrian. ."

"Pero Kyle.."

"But if you will deny it now, I promise not to bother you again. Ang magiging ugnayan na lang natin sa isa't isa ay yung kontrata, yung pagiging slave mo sakin. Now, I repeat, do you love me or do you even like me?"

I saw the sincerity in his eyes the moment I looked at him. A few inches away between our faces met pero hindi yun alintana. Mas inaabala ko ang sarili ko sa pag-iisip kung anong sasabihin ko ky Kyle.

"Honestly, I'm not sure with my feelings for you. Hindi ko rin alam sa sarili ko kung totoo yung mga binitawan kong salita kagabi dahil lasing ako nun. But I want to tell you this, I am happy whenever we are together. Kahit nga sinisigawan mo lang ako at wagas ka maka-utos, kinasanayan ko na yun. Kung tutuusin hinahanap-hanap ko nga yun nung nagsimula kang ligawan ako. Kasi alam mo? Mas komportable at mas sanay ako sa dating Kyle. Yung original Kyle na nakilala ko. Yung walang modo, bastos, war freak, mahilig manigaw, walang awa.. lahat yan nagustuhan ko sayo. And you know what? I was really hurt nung sobrang cold mo sakin. Yung pambabalewala mo sakin, hindi kaya ng puso ko. I have nothing to do but cry para mailabas ang sama ng loob. Ang hirap din kasi. Masyado na akong napalapit sayo at magaan talaga ang loob ko sayo.."

"Enough nobody. You don't need to answer if you already love me. Sapat na yung mga sinabi mo para ipagpatuloy ko yung pakikipag-kompetensiya kay Adrian." Seryosong sabi niya saka hinawakan ang kamay ko. Saglit akong nagulat pero hinayaan ko na lang siya.

"Kyle.."

"At least, alam kong may chance ako. At napatunayan kong hindi ka naman pala unfair samin ni Adrian. Nagkataon lang na masungit ka sakin. He-he." He said while smiling.

My heart suddenly beat so fast. Daig pa ang may marathon sa bilis. I didn't expect na mangyayari ang araw na 'to. We talked about our feelings at talagang napagaan nito ang loob ko.

"Kamahalan naman.."

"Nobody.."

"Hmm?"

Magkaharap pa din kaming dalawa pero nawala yung kaba sa dibdib ko. Parang nagugustuhan ko na yung feeling na malapit yung mga mukha namin sa isa't isa.

Shemay! Ano na bang nangyayari sakin?

"Slave pa rin kita at amo mo ako kaya inuutusan kita.."

Tumaas ang isang kilay ko. Wow ha, utos agad? "Ano po yun Kamahalan?"

"KISS ME."

K-Kiss him daw? Ano bang klaseng utos yun? "Kyle naman. Baka nakakalimutan mo, manliligaw pa lang kita." Sabi ko saka nag-pout.

Magre-react pa sana ako but the next thing I knew, lumapat na ang labi niya sa labi ko. I can't move. It feels like I'm on a cloud nine. Yeah, kasasabi ko lang na nanliligaw palang siya sakin kaya di pa pwede pero hindi nakikisama ang sarili ko.

Traydor.

Gustuhin ko mang tumanggi sa ginagawa niyang paghalik sakin, I cant. I can't resist his charm.

Saglit na nilayo niya ang labi niya sa labi ko. "I warned you. Stop pouting in front of me dahil hahalikan talaga kita. Damn! It makes you so cute!"

Kasunod ng sinabing iyon ni Kyle ang muling paglapat ng labi niya sakin. Nakakarami na ang mokong pero hinahayaan ko lang siya

Am I being unfair to Adrian dahil hinahayaan ko si Kyle?

I dont know. Dahil puso ko naman ang may kagustuhan nito.

At last, the kissed already end. Hindi tulad ng dati. Kalmado na ako ngayon after the kiss. Pero, pero..

Kinikilig ako! Shemay!

Nakerengkeng na ang lola niyo. Chos!

"Do you like my kiss?"

Anong klaseng tanong ba yan Kyle? "Ha?"

"Tch. I even buy strawberry lip balm. Hindi mo ba nalasahan man lang? Aish. Sayang effort." Nakasimangot na sabi niya.

Pareho na kaming nakasandal sa couch tapos medyo magkalayo na kami ng kaunti pero pareho kaming nakatingin sa isa't isa.

Gusto kong matawa sa sinabi ni Kyle. Bumili siya ng lip balm? Wow ha, pinaghandaan? "So you're really planning to kiss me?" tanong ko sa kaniya.

Grabe yung self confidence ko. Sumobra na. hindi na ako naiilang at nahihiya kay Kyle kahit usapang

“kiss” pa man yun.

“Yeah. Hindi ko naman tinatanggi.”

Kahit kelan, straigh-forward talaga tong lalaki na ‘to. At least, honest.

“But by the way, i want to know bakit umiyak ka daw nung nagsabunutan kayo ni Angel? May ginawa pa ba silang kabalbalan sayo? Sabihin mo lang, lagot sila sakin.”

I smiled at him. Adik talaga tong si Kyle. Hindi ba niya alam na siya dahilan ng pag-iyak ko nun? “Anong gagawin mo sa taong dahilan ng pag-iyak ko?” tanong ko. Tingnan lang natin isasagot mo. Ha-ha!

“Gugulpihin ko.” Mabilis na sagot niya.

Kahit kelan talaga tong si Kyle. “Sige ngayon, simulan mo na ang pang-gu-gulpi sa sarili mo.”

“What?” he gave me his confused look. Malamang di niya na-gets. Ang slow naman nitong si Kyle.

“You are the reason why I cried.” Sabi ko.

“Ako?”

“Hindi, baka ako?” pamimilosopo ko sa kaniya.

“Aish. Ano nga?”

“Ikaw nga. I cried because of your cold treatment. That’s all.”

Baliw si Kyle biglang ngumiti ng pagkalapad-lapad. “Anong ngini-ngiti-ngiti mo dyan?”

“Wala. Tara, nuod na ngang movie, di na natin naintindihan." sabi n niya.

“Sus, sino kayang nag-open up na una? Aish. Wala na akong naintindihan, ano ba yan. Ulitin mo nga! From the top!”

“Alin ang from the top na uulitin? Yung confession natin? Tapos kiss ulit?”

Hinampas ko ng mini pillow si Kyle. “Baliw! Yung movie ulitin mo. Echoserong frog.”

“Maka-frog ka dyan. Halikan kita dyan eh.”

“Tigilan mo ako Kyle, baka maniwala na ako sa sinabi ni Adrian na manyakis ka.” Biro ko.

“Aish, sa gwapo kong ‘to, manyakis?”

“Wag ka ng magulo, nuod na tayo. Wag kang masyadong kampante dyan ha, nanliligaw ka palang.

"At least naka-kiss na sa lips. Three times to be exact.”

“KYLE NAMAN EH!!!”

“Peace.”

I sighed. Grabe lang, I really didn’t expect this. Para lang akong nanaginip. Super comfortable na kami ni Kyle ngayon sa isa't isa.

Masarap pala talaga sa pakiramdam, promise!

Chapter 48 ?

Chelsea POV

Natapos yung movie. Naiyak nga ako kanina ng pa-simple. Kaiyak kaya yung ibang scenes.

“Nobody..”

Talagang nagiging magugulatin na ako ngayon sa tawag ni Kyle eh. Kung anu-no kasi sinasabi at ginagawa. Parang timang.

“Bakit po Kamahalan?” tanong ko.

“Diba slave kita?”

Ayan na naman siya sa slave thingy tapos kalokohan naman ang iuutos. Psh. “Oh, ano nga po Kamahalan?”

Grabe lang. Ngalay na’ko sa pagtunghay. Si Kyle kasi nakatayo na. Ako andito pa sa couch nakaupo.

“Inuutusan kitang dito ka na matulog sa unit ko. Tabi tayo.”

Makaka-pektus talaga ako ng wala sa oras. “Ulitin mo nga sinabi mo Kyle.” Sabi ko sa kaniya ng nanlilisik ang mata at umuusok ang ilong.

“He-he, wala. Sabi ko maaga kang matulog kasi may pasok pa tayo bukas.”

Takot din pala eh. Psh. Nanliligaw palang siya ‘no. Kung maka-asta kala mo, boyfie na eh. Tumayo na ako. “Sige, uuwi na ako Kamahalan.” Sabi ko.

Lumapit siya sa akin at..

“Bakit mo ako niyayakap?”

Hindi siya sumagot bagkus, mas hinigpitan pa niya ang pagkakayakap sa’kin.

“Kyle?”

Bumitaw na siya pero nakatingin pa rin siya sakin. “Aish, hindi ko man lang naramdaman ang chest mo. Masyadong flat.”

“ANONG SABI MO KYLE????”

Nag-uusok ilong ko. Langyang Kyle, ayun nagtatakbo papuntang kusina. As if naman hahabulin ko siya. Gago talaga yang si Kyle. Lagi na lang napapansin yung chest ko. Bakit ba?

Aish. “Uuwi na nga ako!” nakasimangot na sabi ko saka nagsimula ng mag-martsa palapit sa pintuan.

“Nobody! Di ka na mabiro. Hoy amo mo pa din ako baka nakakalimutan mo.” Sabi niya.

Nag-nod lang ako. “Sige na. Uuwi na ako sa unit ko.” Paalam ko.

“Okay. i-lock mo mabuti pinto mo ha?”

I smiled. Napaka-caring naman ni Kamahalan.

“..baka kasi pasukin kita mamaya sa unit mo. HAHA.”

Aish! Walang hiya talaga ‘tong si Kyle. Adik! “Ewan sayo! Baliw!” sigaw ko saka tumulan ng lumabas ng unit niya.

Open ng pinto sa unit ko.

Pagpasok ko, napahinga ako ng malalim. Grabe, di pa rin ako makapaniwala sa nangyari kanina.

Shemay, kinikilig pa din ako! Awtsu.

Napahawak na naman ako sa labi ko. Nakakailan na si Kyle sakin ah. Kinuha na nga niya first kiss ko. Pati ba naman second kiss at third kiss?

Psh. Pero, at least, masaya talaga ako ngayon dahil back to reality na kami ni Kyle.

Pumunta na ako ng kwarto bago pa ako makapag-daydreaming. Kailangan ko na rin matulog. May pasok pa bukas.

*

Kyle POV

Daig ko pa ang bading na kinikilig ngayon. Tangina!

Nahalikan ko si nobody, dalawang beses pa. Isa pa, masaya talaga ako dahil sa sinabi niya sakin kanina. Hindi ko din in-expect yun kahit pa narinig ko na sa kaniya kagabi na mahal niya ako.

Ang totoo, mahal ko na yata si nobody talaga at hindi lang basta gusto. Iba yung impact niya sa puso ko. Lakas eh, parang tidal wave.

Di bale, itutuloy ko pa din ang pakikipag-kompetensiya kay Adrian. Akala niya masosolo na niya si nobody? Asa siya. Ha-ha!

Itetext ko pala si nobody.

To: Nobody
Goodnight. Sweetdreams.

Hanep! Naba-bading na talaga ako sa pinaggagagawa ko. Daig ko pa ang babae eh. Aish, PAG-IBIG nga naman. BAdtrip!

*

Chelsea POV

Tenenenenen!

From: Kamahalan
Goodnight. Sweetdreams.

Automatic akong napangiti sa text ni Kyle. Hanubayan! Kinikilig na naman po ako. Ayt.

Grabe talaga yang si Kyle. Lakas masyado ng epekto niyan sakin. Nireplyan ko na lang siya.

To: Kamahalan
Goodnight din. Sweetdreams.

Send na. nakahiga na ako dito sa kama ko at balak ko na talagang matulog eh. Kanina nga diko pa maiwasanng isipin kung anong mangyayari sa mga susunod pang mga araw.

Tenenenenen!

From: Kamahalan
Tch. Wala man lang sweet? Ginaya mo lang text ko. Asih. Matulog ka na nga. Wag mo itetext si Adrian.

Sungit talaga nitong si Kyle. Parang may PMS lagi eh.

Makatulog na nga. Diko na siya re-replayan.

zzzZzZZzzzz..

_

Kinabukasan..

Ready for school na ako. Pagbukas ko ng pinto.

Nagulat pa'ko sa dalawang 'to? Ayan sila nakaabang na sa labas. PSG lang ang peg?

Tumingin muna ako kay Adrian. "Ah eh Adrian, kay kamahalan ako sasakay. Alam mo na.." sabi ko. Pero deep inside gusto ko talagang kay Kyle sumabay.

Acheche!

"See, Adrian. Sa akin daw sasabay si nobody. Akalain mong wala pa akong sinasabi niyan. Automatic na." pagmamayabang ni Kyle. Aish, pektusan kita dyan.

"Okay lang naman sakin eh saka expected ko ng sayo sasabay si crush." Cool na sabi ni adrian.

Kumunot yung noo ni Kyle. "Eh bakit andito ka pa?"

Ngumisi muna si Adrian bago sumagot. "Makikisakay din ako sa kotse mo. Ha-ha! Sabay-sabay na tayo!" masiglang sabi niya.

Itsura ni Kyle, di maipinta. Haha.

Adik talaga tong si Adrian, napatawa naman ako dun. “Tara na Kyle. Hayaan na nating sumabay sa atin si Adrian. Wag kang madamot.” Sabi ko.

“Aish.” Napakamot nalang sa ulo si Kyel saka nagpatiunang maglakad pababa ng building.

Minsan, para talagang timang ang dalawang to. They are really close before pero ngayon wala silang alam kung hindi ang magpayabanagan.

Napailing nalang ako. Mas masaya siguro kung maging close friends ko nalang sila pareho.

Tingin niyo?

Aish. Hirap maging mahaba ang hair-la-loo!

--

Sa school..

“KYAAA!!!!!!!!!!!!”

“Ang bongga naman ni Ate, dalawang Prince ang kasabay niyang maglaakd papasok ng room nila!”

“Siya na ang mahaba ang hair!”

“For real na talaga yan?’

“Magugunaw na yata ang mundo.”

Sa araw-araw na ginawa ng Diyos,walang alam ang mga yan kung hindi ang magtitili sa hallway ng school. Parang mga ewan. Mag-aral nalang kayo oy!

Pagdating sa room. Lumapit agad ako kay Janna. Hindi ko na pinansin yung dalawa.

“Hi Janna.” Bati ko sa kaniya.

“Hi. Okay na kayo ni Kyle?”

Tumango lang ako. “Yup. Wala na yun. He-he!”

“Sus, aminin mo na-hurt ka nung house party,”

“Shhh. Wag ka maingay.”

Itong si Janna malakas din ang radar nyan. Hehe. Nagchichikahan pa sana kami ng dumating na yung prof.

Nagklase as usual..

Lesson..

Kinig..

Hikab..

Kinig..

“Okay class, before i dismissed, may special announcement lang ako. Mag-usap-usap kayo kung sino ang ipapanlaban niyo sa Mr. and Ms Shin-Woo University. Bukas, sabihin niyo agad sakin kung sino ang napili niyo. Maliwanag ba?"

“Yes Ma’am..”

“Okay dismissed.

Hays buti breaktime na. Inaantok na ako talaga.

Napansin ko si Angel na tumayo sa unahan. “Excuse me, so guys sino sa tingin niyo ang ipapanlaban natin?” tanong niya sa buong klase.

Tumingin ako kay Janna. “Ikaw na lang kaya Janna?” sabi ko.

“Ayoko nga. Ikaw nalang. Hindi ako mahilig sa mga ganun.” Sagot niya.

“WALA NG AANGAL PA. KAMI NI CHELSEA TORRES ANG LALABAN. TAPOS!”

Anong sinabi ni Kyle? Kami ang lalaban? Nababaliw na ba siya. Napalapit tuloy ako sa kaniya. “Uy anong kalokohan yun? Ayoko, ayoko..” sabi ko.

“Alipin kita kaya susunod ka sakin. Lalaban tayo. Okay?” sabi niya.

“Hindi naman kasi ako maganda eh..” sabi ko. “Hindi rin ako sexy.. ano pang laban natin?”

Totoo naman eh. Mapapahiya lang ako pag sumali kami. Ano namang laban ko diba? Aish. Ano ba naman kasi si Kyle.

“AKO NA ANG NAGSASABI SAYO, IKAW ANG PINAKAMAGANDA AT PINAKA-CHARMING NA BABAE NA NAKITA KO DITO SA SHIN-WOO.” nakangiting sabi ni Kyle.

Biglang gumaan yung pakiramdam ko. Kung iisipin, as if may magagawa pa ako. Eh si Kyle yan eh gusto lagi siya masusunod. Aish.

Tingin niyo? Sasali ako? Mananalo kaya ako?

Bahala na.

Chapter 49 ?

Chelsea POV

Di pa din ako maka-get-over dun sa pag-presinta ni Kyle na kami yung lumaban ng Mr. and Ms Shin-Woo. Kainis. Alam ko namang wala akong laban dun. Aish.

Lunch break nga pala namin. Hulaan nyo asan kami ni Janna.

Syempre andito sa tambayan ng tigers. Hehe. Dito na daw kami lagi magla-lunch sabi ni Kamahalan eh.

"Nobody."

"Yes Kamahalan?" Tanong ko. Kakarating lang namin dito sa tambayan eh.

"Dito ka sa tabi ko. Kain na tayo, eto na yung pinabili kong lunch sa canteen."

Hanla. Dami naman nyang pinabili. "Tara Janna." Yaya ko.

Upo na kami sa dining table nila. Ganito position.

Kyle - Ako - Ken - Jerome

_____

_____

Janna - Adrian - Cav - Lance

Wala yung ibang tigers eh. Grabe lang. Katabi ko na nga si Kyle, katapat ko pa si Adrian.

What a life. Daig ko pa talaga ang may personal guard.

"Eto masarap 'to nobody. Kainin mo lahat 'to." Sabi ni Kyle habang lagay ng lagay ng pagkain sa plato ko.

"Crush, eto pa oh. Masarap din 'to." Lagay naman ng pagkain sa plato ko si Adrian.

Tumingin ako kay Janna. Natatawa lang sya. Kasi naman halos punong-puno na plato ko. "Tingin niyo mauubos ko 'to?"

"Dapat mong ubusin!" Sabay pang sabi nina Kyle at Adrian tapos tinginan ng masama. Aish. Parang mga bata.

Tumungo nalang ako at kumain. Mababaliw ako sa dalawang yan. Kainis.

Natapos kaming kumain. Pati sa drinks nag-agawan yung dalawa.

"Nobody, mas masarap uminom ng coke."

"Hindi crush dapat tubig lang."

Ang ginawa ko? Ininom ko pareho. Lintik naman 'tong dalawang 'to.

Sina Ken kanina pa natatawa sa dalawa. Si Lance lang yung walang reaction. Asa ka dyan. He-he.

"Back to room." Sabi ni Adrian saka dumikit kay Janna. "Janna, pwede favor?"

Ako eto lakad na din katabi si Kyle. Sino pa ba? Feeling nyan boyfie ko na sya eh. Psh.

*

Janna POV

"Sure. Ano yun?" Sagot ko sa tanong ni Adrian.

Nagulat nga ako kasi kinausap ako bigla. Siya pa yung katabi ko habang naglalakad kami pabalik ng room.

Kanina, medyo nagseselos ako kasi yung atensyon niya nakay Chelsea. Pero okay lang, tinanggap ko na yun.

"Paggawa mo ako ng cookies. O kahit tulungan kita. Dadating kasi ang Mama ko from New York. Mahilig kasi sa cookies yun." Sabi ni Adrian.

"Sure! Saan?" Excited na tanong ko. Yii, kinikilig ako. Haha.

"If it's okay with you, sa condo ko nalang?" Tanong ni Adrian.

Grabe lang yung tibok ng puso ko. Kyaaaa!

"Sige. Kelan?" Tanong ko. Syempre pinipigilan ko yung ngiti kong malapad.

"This saturday. Sunday kasi dating ni Mama. Are you free on that day?"

Basta ikaw lagi akong free! Chos! "Oo naman. Wala naman akong gagawin nun."

Kahit pa may gagawin ako ng sabado, ika-cancel ko lahat para kay Adrian. He-he.

Adrian smiled at me. "Great! So susunduin na lang kita nun sa bahay nyo." Sabi nya.

Oh my dyi! Susunduin. Parang boyfie. Chos! Nagpi-feeling na naman ako. "Eh, sige." Sabi ko.

Bakit pa ako tatanggi di ba? Yeah, excited na ako sa saturday. Webes na ngayon.

Hehe. At least alam kong sa araw na yun, magiging bonding namin yun ni Adrian.

Iniisip ko palang kinikilig na ako. Shemay!

*

Chelsea POV

Dito na kami sa room. Grabe busog na busog ako.

"Nobody?"

"Yes Kamahalan?" Umupo na ako sa upuan ko habang nakatingin sa likod. Sa pwesto nina Kyle.

"Punta tayong mall mamayang out natin."

"Nge?"

"It's an order. Alipin kita."

Ayan na naman. Lagi ng si alipin. "Fine." Sagot ko nalang.

"Plus talent fee sa sweldo mo bukas."

Kyaaa! Pera na naman nasa isip ko. "Okay." Nakangiting sagot ko.

Basta sa pera eh. Haha. Bad Chelsea.

"Crush."

Napatingin ako sa katabi ko. Si Adrian. "Uy?"

Tsup!

"Adrian! Ba't mo ginawa yun?" Gulat kong tanong kasi hinalikan ako sa pisngi bigla.

Napansin ko nakatingin sya kay Kyle sa likod. Aish. Nang-iinggit na naman yan.

"NOBODY!" Napa-straight ako ng upo dahil sa sigaw ni Kyle.

"Bakit po Kamahalan?" Tanong ko. Si Adrian kasi eh.

Sumenyas lang sya na lumapit ako dun sa kaniya. Hanla bakit?

"Bakit Kyle?"

"Sabi ko lumapit ka dito. Walang tanong-tanong."

Sungit talaga nitong si Kyle. Aish. Wala akong nagawa kung hindi tumayo at lumapit sa kaniya. "Ano po ba yun?"

Tumayo lang siya. Bale kaharap ko na sya.

Tsup!

"Ahhhhh! Hinalikan ni Prince Kyle si Chelsea. My god!"

"Katapusan na talaga ng mundo."

"Ang landi talaga niyang babae na yan."

"Inakit niya ang prince natin!"

Yan narinig ko bago pa ako makapag-react. "Bakit mo ginawa yun?" Sigaw ko kay Kyle. Ramdam ko yung pamumula ng pisngi ko.

My God. For the 4th time, nahalikan nya ako sa lips. Langya ka Kyle. Pasalamat ka di ako masyadong maka-react dito sa room.

Ngumisi lang sakin si Kyle. Mabilis akong bumalik sa upuan dahil hiyang-hiya ako. "Is he a good kisser?"

"Anong klaseng tanong naman yan Janna?"

Tumawa lang sya. "Para kang nakakita ng multo. Hirap ng daming suitors 'no?"

"Aish. Kasi naman Janna. Ayoko ng ganito." Sabi ko.

"Masanay ka na. Minsan lang mag-effort yang si Kyle. Kilala mo naman ugali nyan diba. May mga pagbabago na siya mula ng ligawan ka niya.".

Tama si Janna pero mali pa din ginawa niya. Ayt. Lagot ka sakin mamaya pag-uwi. Akala mo, palalagpasin ko 'to? magpipigil muna ako. Andito pa sa room eh.

"Crush, bakit ka niya nahalikan sa lips?" Napatingin naman ako kay Adrian.

Hanla. Puppy eyes. "Eh.."

"Pa-kiss din ako."

WTF. Ipinanganak po ako sa mundo para mamuhay ng malaya hindi para halik-halikan lang. "Tigilan mo nga ako Adrian. Aish." nakakapagsungit talaga ako ng wagas.

"Talo ka na Adrian!" Sigaw ni Kyle mula sa likod.

Lumingon ako at tiningnan siya ng masama. Kung may lazer lang ang mata ko, kanina pa paktay si Kyle sa titig ko.

"Peace!" Sabi ni Kyle sakin.

"Manahimik ka dyan Kamahalan dahil lagot ka sakin mamaya." Banta ko sa kaniya.

"Ha-ha! Excited na ako." Ngumiti pa si Kyle.

Excited ka pa ha? Takte! Lagot ka talaga sakin. Kakalbuhin kitang lalaki ka.

Kahit kelan hindi ko 'to matakot. Ayt! Lintik naman talaga.

Buti dumating na prof. Malapit na akong maloka sa dalawa promise!

Klase

Klase

Vacant ng 1 hour bago yung last subject. Grabe wala akong naintindihan. Masyadong na-occupy ng dalawa kong mababait na manliligaw ang isip ko. Sasakalin ko na yang mga yan mamaya. Promise! Tsk.

"Nobody."

Ayan na naman. Tinatawag na naman ako. Tumingin lang ako. Di ako nagsalita.

"Mwah!"

Pffft. Langya. Nag-flying kiss si Kyle sakin. Ang putek! "Kyaaaaa! Kainis ka Kyle!" Diko na napigilang mag-react.

Kainis siya.

Pero at the same time kinikilig naman ako. Ano ba yan.

Ano ng nangyayari sakin?

Oh my Lord, help me.

"Nobody."

"Bakit na naman ba Kyle?" Sigaw ko. Kanina pa 'to. Tsk.

"Ikuha mo ako ng coke in can sa tambayan."

Hanep tong si Kyle pagkatapos akong pakiligin bigla akong uutusan ng matindi? Aish. Pasalamat ka alipin mo ako.

Tumayo nako para pumuntang tambayan.

Napapaisip na ako sa mangyayari mamaya.

Bakit kaya kami pupuntang mall? Si Kyle talaga. Aish. Pero at least may talent fee yun. Ayiii!

Bahala na kung ano mangyari mamaya. Bahala yang si Kyle. Pero lagot pa din yan sakin. Hmp.

Psh.

Chapter 50 ?

Chelsea POV

Hay salamat. Out na din. Kanina pa'ko na-boboring. Hehe.

Konsensya: Excited kalang kasi mag-mall kayo ni Kyle..

Hindi ah! Hanla. Malay ko nga bakit gusto ni Kyle pumunta sa mall mamaya eh.

"Chelsea, una na ako. I know naman may lakad kayo ni Kyle." Nakangiting paalam sakin ni Janna.

Ngumiti lang ako at tumango. "Asuxual. Ingat ka Janna." Sabi ko.

"Janna! Sabay na tayo. Tutal di ko naman masasabayan si crush dahil kay Kyle. Kinakanya na naman masyado si crush." Sabi ni Adrian. Ngumiti naman si Janna.

Tumingin sakin si Adrian. "Sige na crush. Una na kami ni Janna. Ingat ka kay Kyle." Sabi niya.

Pagkasabi nun, tumakbo na sila ni Janna. Hila-hila pa niya si Janna. Minsan napapaisip ako, bagay sila. Hehe.

Walang hard feelings kasi diba parang friends lang din tingin ko kay Adrian.

"Nobody tara na."

Tinatawag na'ko ni Kamahalan. Aish. "Opo." Magalang kong sagot. Pero kunwari lang. Haha.

Lakad na kami. Siyempre nakasunod lang ako kay Kamahalan. Ayoko nga sabayan, mamaya mag-hysterical pa ang mga fans nyan. Haha.

"Bilisan mo nga nobody."

Psh. "Mabilis akong maglakad. Ang laki lang talaga ng hakbang mo." Katwiran ko.

Kasi naman diba, mas malaki talaga humakbang mga lalaki sa babae.

"Tch." Yan lang narinig kong sabi nya. Tch. Tch. Puro ganyan.

Sa wakas nakarating na din kami dito sa parking lot. Pero may napansin ako. "Iba yata kotse mo?" Tanong ko.

"Nagpabili ako kahapon kay Butler. Sawa na ako sa kotse ko eh."

Ganon ba talaga ang mayayaman? Pag pinagsawaan na ang isang bagay, anytime na gustuhin nilang bumili, bibili sila? Psh. Aksayado sa pera.

Teka may naalala ako.

Yey! Sweldo ko pala ngayon at sabado bukas. Makapag-liwaliw nga bukas.

"Get in." utos niya.

Sumakay naman ako agad. Alam niyo na, baka mamaya masigawan pako ng mokong na yan.

He started the car engine and played some music.

??Oh, kiss me beneath the milky twilight
Lead me out on the moonlit floor
Lift your open hand
Strike up the band and make the fireflies dance
Silver moon's sparkling
So kiss me??

Ano ba naman yang kantang yan.

"Kiss me.."

Napatingin agad ako kay Kyle. "A-Anong kiss me?" nauutal kong tanong.

"Hay! Nobody wag ka ngang assuming! Sumasabay lang ako sa kanta. Tch."

Okay ako na pahiya. Kasi parang na-trauma na ako sa kiss, kiss na yan eh. Psh.

After 123456789 years, sa wakas nakarating kaming mall.

Lakad

Lakad

Lakad

Aish. Ang bilis maglakad nitong si Kyle. Nang-iiwan. "Hoy Kyle!" tawag ko sa kaniya.

Lumingon naman siya agad. "O bakit?"

"Nagmamadali ka ba? Baka pwede mong bagal-bagalan lakad mo, rush hour?" inis na sabi ko.

"Tch." Tumigil naman siya at hinintay ako. Ngayon magkasabay na kami. Ahehe. Parang couple lang. Chos!

"San pala tayo pupunta Kamahalan?" tanong ko. Kasi wala akong idea bakit kami andito ngayon sa mall.

"Manunuod tayo ng sine."

Ah manunuod lang pala ng sine.

Teka, manunuod ng sine???

KAMI????

"Tayo?" tanong ko kay Kyle.

"Hindi, ako lang."

Akala ko pa naman kasama ako. Aish, hindi ko pa naman na-e-experience na manuod sa sine. "Eh bakit sinama mo pa ako dito?"

"Malamang kasama kita manuod."

Ano daw? "Eh sabi mo ikaw lang manunuod??"

Tiningnan ako ng masama ni Kyle. "Di ba matalino ka? Bakit ba kailangan mo pa akong tanungin kung kasama kang manuod? Natural, kaya nga kita sinama eh. Aish, para san pa yang katalinuhan mo kung wala ka namang common sense?"

Ako na walang common sense. Sorry naman. Makapagsalita talaga tong si Kyle eh. Aish!

Pero, kasama daw ako. Ayiiii!

Excited-MUCH.

Nakarating kami ito sa sinehan. Ang dami namang tao. Karamihan, estudyante. Aish, mga nagbulakbol yan malamang.

"Dito ka lang, bibili lang ako ng ticket." Sabi niya.

Tumango lang ako. Syempre talagang di ako umaalis dito sa tayo ko. Mamaya, mawala pako, maghanapan pa kami ni Kyle.

Ano kayang panonoorin namin. Hmm. Tingin ako sa mga posters sa paligid.

Hanla, ayoko niyon! Nakita ko yung poster, "Insidious 2"

Hala, ayoko niyan. Nakakatakot yan. Sana naman wag yan yung piliin ni Kyle.

"Tara bili tayo ng pop corn at drinks." Napatingin ako kay Kyle. Nakabili na pala siya ng ticket.

Lakad na kami dito sa bilihan ng snack. "2 large pop corn and 2 large coke." Sabi ni Kyle dun sa bantay sa snacks.

Ayan na nabigay na. inabot sakin ni Kyle tong isang pop corn at drinks.

"Tara na."

I froze.

"Bakit?" nagtatakang tanong ni Kyle.

"Eh, pwede ba malaman muna kung anong panonoorin natin?" parang nanginginig na ako. Kasi naman ayoko talaga ng horror.

"Tch. Alam kong takot ka sa horror. Malamang hindi horror. Riddick 'to. Action." Sabi niya.

Nakahinga naman ako ng maluwag. Buti naman..

"Tara na."

"Okay."

Lumakad na kami papasok. Grabe ang dilim pala dito sa loob? Dito kami umupo sa may taas para daw di masyado malapit sa screen.

Grabe laking TV nito ah. At sosyal, may patungan ng drinks yung upuan. Napangiti naman ako kasi naranasan ko 'to for the first time.

Di pa simula ang movie. Parang mga trailer palang yung pinapakita sa big screen.

"Ah Kyle, bakit mo pala naisipang mag-sine ngayon?" tanong ko. E bigla kasi nag-yaya eh.

"Date."

"Date? Ah, 7 ngayon. Friday."

Si Kyle, biglang nagpokerface.

Parang sama pa ng tingin.

"Matalino ka ba talaga?" tanong niya.

Grabe 'tong si Kyle. Nandidilat mata. Ano bang ginawa ko. "Bakit ba?"

"HINDI KO TINATANONG KUNG ANONG DATE NGAYON! SABI KO DATE 'TO! DATE NATIN! Aish."

"SSSSSSSSSSSHHHH.." chorus ng mga nasa loob ng sinehan.

Kasi naman si Kyle, makasigaw naman wagas!

Date daw pala kami? Date? As in date? "Hoy, hoy.."

"Ano, may angal ka?"

Tumungo ako. "Wala po Kamahalan."

Aish tong si Kyle magyayaya mag-date wala man lang ka-sweet sweet. Di ba dapat, pag yayayain palang sweet na? Eh etong si Kyle walang modo eh. Ang sabi nya lang samahan siya sa mall. Yun pala date na.

Kainis.

*

Kyle POV

Itong si nobody, malapit ko ng batukan. Bakit ba pagdating sakin, wala yang common sense? Aish.

Natural date 'to. Kaya ko nga sya niyaya mag-sine, anong tingin nya dito, meeting lang ganun?

Magsisimula na yata yung movie. Tumahimik nako. Napasulyap ako saglit kay nobody.

Nakasandal siya sa upuan. Why is she so innocent and naive?

Yung mukha niya naaaninag ko dahil sa light na galing sa big screen.

She's really beautiful and have a good heart. Kaya siguro nagustuhan ko siya. Isa pa, minsan gusto ko yung pag-pout niya sakin, it really feels like she's asking me to kiss her. And damn! I really can't resist her charisma.

Maganda na, may karisma, mabait, matalino..

Ano pa bang hahanapin ko sa isang babae kung yang mga ugaling yan nakita ko na kay nobody?

Kahit hindi yan sobrang sexy, gusto ko pa din siya. Ibang-iba siya sa lahat ng babaeng nakasalumuha ko mula dati.

Kahit sa first love ko, magkaiba silang dalawa. Magkaibang-magkaiba.

Ano ba naman tong si nobody, basta basta nalang tumitingin sakin. Nahuli tuloy akong nakatitig sa kaniya.

Honestly. Di ko naman gusto manuod ng movie, mas gusto ko siyang titigan saka gusto ko lang talaga sya makasama ng kami lang. Yung walang asungot.

Kung iniisip nyo na si Adrian yung tinutukoy kong asungot, tama kayo.

"Kyle bakit? Simula na oh.." sabi ni nobody na tinuturo pa yung screen.

"Manuod ka nalang. Wag mo akong pakialamanan."

Ayan na naman yung simangot niya. Mas lalo tuloy siyang nagiging cute sa paningin ko. Tch. Masyado talaga yata akong hooked kay nobody.

Tumingin na ako sa screen.

Kain popcorn

Kain pop corn

Inom

Nilapag ko muna yung pop corn ko dito sa katabi kong upuan. Bakante eh. "Nobody.."

"Hm.." sabi niya na hindi inaalis ang mata sa screen.

Sumimangot ako. Aish di man lang tumingin.

"Nobody.." ulit ko.

This time, tumingin na siya. "Bakit ba?" parang iritable niyang tanong.

"Gwapo ba ako?"

Wala akong maisip itanong eh.

Nobody gave me her confused look. "Huh?"

"Sabi ko kung gwapo ba ako.." ulit ko.

"Oo, bakit ba?"

Gwapo daw ako. Haha.

"Eh sinong mas gwapo sa amin ni Adrian?" tanong ko ulit.

Syempre kahit alam ko namang napakalaki ng lamang ko kay Adrian, gusto ko pa din tanungin.

"Pareho lang."

"Ano?"

"Bakit ba? Pareho lang naman kayong gwapo ni Adrian eh."

"Ulitin mo nga sinabi mo.." banta ko. Hindi ako papayag na pareho lang kami. Mas gwapo ako dun.

*

Chelsea POV

Naguguluhan ako dito kay Kyle. Itanong ba naman sino mas gwapo sa kanila ni Adrian. E pareho lang naman talaga eh.

"Ulitin mo nga sinabi mo.."

Sabi niya. Aish. Ano ba naman tong si Kyle. Kaya kami andito sa sinehan, para manuod. Hindi para lang alamin niya kung sino mas gwapo sa kanila ni Adrian.

Baliw talaga 'tong mokong na'to.

"Pareho nga kayong gwapo ni Adrian." Ulit ko.

Problema ba nito?

"Ah ganon?"

Magre-react pa sana ako kaso..

Naramdaman ko na lang na lumapat na yung labi niya sa labi ko.

Kyaa! Gusto ko siyang itulak pero wala. Wala akong lakas na gawin yun. Naramdaman ko yung paggalaw ng labi niya. Hindi ko alam kung paano siya tutugunin pero..

Napagalaw ang labi ko.

Hinayaan ko siya sa ginagawa niya. Para akong na-hypnotized.

While we are kissing, I can smell his masculine scent. Ugh, Kyle. Ang bango mo.

Grabe. Shock na parang ewan ako. Hindi ito ang first, ang second, o ang third pa na kiss niya pero ang lakas pa din ng epekto sakin. Para talaga akong na-hi-hipnotismo.

Then the kiss ended after almost 10 second..

Para akong timang na nakatulala pa din kay Kyle. Hindi ko alam paano ako magre-react until he spoke.

"Inuulit ko, sinong mas gwapo samin ni Adrian?"

Walang isip-isip. "IKAW..."

"Sasagot ka din pala ng matino eh. Gusto pa mahalikan eh."

Yun ang nagpagising sa realidad ko. "Anong sabi mo Kyle?"

"Wala. Sige na. Manuod ka na nga lang. Istorbo ka. Tch."

Aba, aba. Ako pa naging istorbo. Aish Kyle hindi ko na alam gagawin sayo. Hirap mo espilengin!

Kainis talaga.

Hay!

Chapter 51 ?

Chelsea POV

Natapos na din sa wakas ang movie. Hindi ko man lang masyado naintindihan dahil nagulo ang sistema at isip ko dahil kiss na ginawa ni Kyle.

Nakakarami na talaga yan sakin promise.

Lakad na kami palabas ng sinehan. Grabe lang. Nawindang ako sa nangyari sa sinehan na yun.

Kasalanan ko din naman kasi tumugon ako sa halik niya. Hindi man lang ako umalma. Aish.

Nakakahiya.

"Hoy nobody saan mo gusto pumunta pa?" Tanong ni Kyle.

"Kahit saan." Sagot ko.

Kahit naman saan go ako eh. "Isip ka dali."

Nag-isip naman ako. Minsan lang humingi ng suggestion 'tong si Kyle. "Gusto ko sana bumili ng pocketbook eh. Dati kasi nanghihiram lang ako sa kapitbahay namin."

"Anong pocketbook?"

"Tagalog yun. Mga love story." Sabi ko. Dati kasi habang nagbabantay ako ng karenderya, nakukuha ko pang magbasa ng pocketbook kasi pampatanggal boredom din.

"Okay."

Wow naman. Pumayag si Kyle? Hehe. Lakad kami papunta sa Precious Page boutique. Dami pocketbook dun eh.

Kuha lang ako ng kuha. Mga 10 siguro binili ko. Para pag bored ako, may mabasa naman ako.

Sa dami ng nabili ko, napatingin ako sa nasa pinakaibabaw nung mga nabili ko. Binasa ko yung title.

"When Two Hearts Feel The Same Way"

Maganda kaya 'to?

Yung writer, si Pinky Jemiel. Mabasa nga agad mamaya. Hehe.

(A/N: Mawalang galang na po. Nagpo-promote lang ako. Haha, my novel under PHR)

Okay na. Punta na ako sa counter. Dudukutin ko na sana wallet ko.

"Ako na magbabayad." Presinta ni Kyle.

"Hanla. Ako na. May sweldo naman ako mamaya eh." Sabi ko.

Kasi diba friday ngayon. Kaya makukuha ko na sahod ko kay Kyle na 25K. Nyaha.

"Tch. Hindi na." Sabi nya saka naglapag ng 500peso sa counter.

Wala na ako nagawa, kinuha na nung cashier eh. Hehe. May sukli pa.

Okay na. "Ano pang gusto mong puntahan o bilhin?" Tanong ulit ni Kyle.

Bait yata ni Kyle ngayon ah. Lubusin ko na. Haha.

"Gusto kong kumain sana ng cake. Hehe." Nag-crave ako bigla. Ewan ko kung bakit.

"Okay. Let's go to Contis."

"Ha? Anong contis? Yung artista, si Paolo Contis?"

"Aish nobody ewan ko sayo! Bilihan yun ng cake. Bilisan mo nga dyan."

Sorry naman po.

Ignorante lang. Hakhak.

Ayun iniwan na naman ako ni Kyle. Hinabol ko nalang sya para magkasabay naman kami. Hehe

Nakarating na man kami agad dito sa contis. Wow lang, daming cake. Naglalaway na'ko grabe. Haha.

"Ano gusto mong flavor ng cake?" tanong ni Kyle saka kami umupo.

"Kahit ano."

"Wala ka ng alam isagot kung hindi kahit ano. Tch. Dyan ka lang. o-order na ako." Paalam niya.

Ahehe sory naman. Malay ko ba dyan. Haha. Kahit naman ano kinakain ko. Hindi kaya ako choosy. Basta sa pagkain! Go. Go lang

Bumalik na dito si Kyle sa mesa kasunod ang waiter. Buti mabilis. Hehe, sabagay wala masyadong tao.

"Anong flavor yan?' Tanong ko sa kaniya nang makaupo siya sa harap ko.

"Mango Bravo."

"Masarap yan?" tanong ko

"Malamang lasang mango,"

Husay mo kausap Kyle. Grabe ka sa kapilosopohan mo. Aish.

Sumimangot lang ako at sinimulan ng tumikim nug cake.

Wow, sarap nga. Ahehe, parang di ko mapigilang kumain ng kumain. Sarap kaya talaga.

"What can you say about the cake?" tanong n Kyle.

"Lasang mango." Pabalang na sagot ko. Haha simangot siya eh. Ikaw lang ba may karapatang mamilosopo? Haha. Gusto ko tuloy matawa sa itsura ng mukha ni Kyle. Pinipigilan ko lang dahil once na tumawa ako, lagot ako Kyle malamang.

Tumungo nalang ako at tinuon ang pansin sa cake.

"Nobody.."

"Hm.." sabi ko habang nakatungo pa din.

"Nobody.."

Aish. Tumunghay na ako. "Bakit ba?"

"Ahh!" sigaw ni Kyle. Bale isususbo niya sakin yung cake na nasa kutsara na ginamit niya din.

Shy ako.

Shemay!

"Eat." Ulit ni Kyle habang nginunguso yung kutsarang may cake.

Nagdidilim na naman ang awra niya. "Eh Kyle.."

"Pag di mo 'to kinain, ikaw kakainin ko."

"ANO?"

Langya napasigaw ako sa sinabi niya. Langyang Kyle yan.

"Wala, sabi ko pag di mo 'to kinain, hahalikan kita dyan."

May choice pa ba? Kinain ko nalang yung cake na nasa kutsara niya.

Grabe, indirect kiss din yun ah. Di ko ma-imagine. Kahit si Adrian naranasan ko na din na gumamit kami ng iisang kutsara lang. Parang mag-gf/bf lang gumagawa nun. Grabecious lang .

Tumungo na ulit ako pagkainom ng water. Nakakahiya kasi tong si Kyle. Aish. Naman. Daig pa namin mag-jowa nito eh.

"Nobody.."

"Oh?"

Malamang susubuan na naman ako niyan. Aish.

"Subuan mo naman ako,"

"Ano ba naman yan Kyle." Reklamo ko. Kasi naman eh,

"It's an order. Alipin pa din kita." Sabi niya.

Gusto ko nang pektusan si Kyle promise! Pasalamat ka Kyle nakakapagpigil pa ako.

Nag-scoop ako ng malaking part ng cake. Haha. "Oh. "Sabi ko kay Kyle

"Ang laki naman niyan.."

"Reklamo ka? Pasalamat ka sinusubuan pa kita dyan." pagtataray ko.

"Tch."

Wala rin naman syang nagawa. Kinain nya din. Haha. Nakakatawa itsura ni Kyle.

"Asdfghjkl."

Ano daw? Adik 'tong si Kyle. Nagsasalita puno ang bibig.

Pinagmasdan ko lang sya. Haha. Sama ng tingin sakin ni Kamahalan. Kala mo ha. Uminom na sya ng tubig.

"Papatayin mo ba ako?" Sabi nya.

"Agad-agad?"

"Kung nabulunan ako? Ha?" Nakasimangot na sabi nya. Ewan ko sayo.

Binilisan ko na kumain. Tutal paubos na din naman yung cake. Kasi 'tong si Kyle daming alam. Kainis.

After nga dito. Mayaya nalang si Kyle mamili sa department store. Kung papayag. Pero pag hindi, edi wag. Ako nalang. Haha.

Chapter 52 ?

Chelsea POV

As usual. Dito pa din kami sa mall. Kaaalis lang namin sa Contis. Gusto ko ng magsabi kay Kyle na gusto kong magtingin-tingin sa department store. Siyempre makaranas man lang mamili diba?

“Kyle..”

Lumingon siya. “Oh?” Nauuna kasi siyang maglakad sakin.

“May pupuntahan pa ba tayo?” I asked him. Kasi naman kasi..

“Oo, bakit ba?” iritable niyang tanong. Grabe talaga ‘tong si Kyle, mood swings talaga oh..

“Gusto ko sanang pumuntang department store para magtingin-tingin..”

“Cut it out. Ayoko. Pupunta tayong quantum. Sa videoke room.” Sabi niya saka nauna na namang maglakad.

Kahit kelan walang modo talaga. Aish, bakit naman kami pupunta sa videoke room? Para kumanta? Eh hello, baka humiwalay kaluluwa niya sa katawan niya ‘pag narining niya ang pagbirit ko.

Wala naman akong nagawa kung hindi ang sumunod kay Kyle. Asa ka naman dyan. Aish, bukas na lang ako maggagala dito sa mall. Kala niya ha.

QUANTUM

Dami namang tao dito kahit pagabi na. Karamihan din estudyante. Mga bulakbol. Aish, estudyante nga din pala kami ni Kyle. Hehe peace!

“Hoy nobody, bilisan mo nga dyan.” Pash bastos talaga ‘tong si Kyle. Yan lang kilala kong manliligaw na walang modo. Aish. Paano ko niyang sasagutin kung ganyan siya sakin? Ang sungit-sungit. Kainis.

Binilisan ko na pagsunod sa kaniya dito sa videoke room. Grabe, parang kinabahan ako. Syempre dalawa lang kaming magkukulong dyan. Haha. Bad Chelsea, my mind is turning into green. Ayt.

“Pasok..” utos ni Kyle sungit.

Pumasok nalang ako. Hindi na ako nagsalita. Alam niyo naman napapala ko dyan pag sumasagot ako. Nasisigawan ako ng wagas. Saraop ding sakalin eh. Psh.

Naupo ako. Ang lambot ng couch. Ahehe, napatingin ako sa song book. Kumakanta pala si Kyle? Akalain mo yun? At mukhang mahilig siyang pumunta sa mga ganito.

Naupo na rin si Kyle dito sa tabi ko. “Pili ka na ng kanta.” Sabi niya.

Naramdaman ko yung pamumula ng pisngi ko. Its OMG. Tinatanong niya ako ng kanta. Kakantahin niya para sakin. How sweet naman Kyle..

“E-Eh Kyle, anong klaseng kanta ba?” tanong ko.

Kinikilig naman ako, shemay! Never ko pa na-experience makantahan ng isang lalaki, and lucky sa gwapo pang si Kyle.

Acheche!

“Ewan ko sa’yo. Ikaw naman ang kakanta eh.”

Pigilan niyo ko, susuntukin ko na 'tong si Kyle. Ang langya naman. Kinikilig na’ko dito oh! Tapos yan sasabihin nya? Ako pala pakakantahin niya. Aish. Sweet mo talaga KYLE!

“Hindi ako marunong kumanta.” Sabi ko. Eh yun naman totoo eh. Diba nasabi ko na, mala-Anne Curtis yung quality ng boses ko? Kaya nga hindi ako sumali sa The Voice eh.

“Basta kumanta ka. It’s an order nobody. You forgot again, you’re my slave.” Sabi niya habang prenteng nakaupo habang nakatingin din sa iphone niya. May katext yata ang mokong.

“Hindi nga kasi ako marunong kumanta.” Ulit ko. Kasi mamaya, lalo lang yan magalit pag narinig niya boses ko eh.

“When i said you'll sing, you'll sing. Okay?” ma-awtoridad na sabi niya. grabe talaga ‘tong si Kyle.

Bahala ka nga. I bet, you will regret this. Akala mo nakakatuwa ka na sa pag-uutos mo sakin kahit mga bagay na diko kaya ha. Tingnan lang natin.

Pumili na akong kanita saka tumayo. “This song is dedicated for you Kamahalan.”

Diniin ko pa talaga ang salitang kamahalan. Pffft. Aba’t ngumiti pa siya? Tingnan lang natin.

?Listen to the song here in my heart
A melody I start but can't complete
Listen to the sound from deep within
It's only beginning to find release?

Medyo kalma pa. kasi mababa pa yung intro eh. Si Kyle nakatingin lang sakin pero pasulyap-sulyap din sa iphone niya.

?Oh, the time has come for my dreams to be heard
They will not be pushed aside and turned
Into your own all 'cause you won't
Listen?

Ayan na, medyo tumataas na. Tingnan lang natin kung pakantahin mo pa ako ulit.

?Listen, I am alone at a crossroads
I'm not at home in my own home
And I've tried and tried to say what's on mind
You should have known?

?Oh, now I'm done believing you
You don't know what I'm feeling

I'm more than what you made of me
I followed---??

“STOP IT! DAMN IT!”

Napatigil naman ako dahil sa hysterical na sigaw ni Kyle. Haha sabi sayo maganda boses ko eh. Sa kabaligtaran. Ha-ha.

“What kind of voice do you have?” galit na tanong sakin ni Kyle. Para na nga siyang natutulig dahil hawak hawak pa din niya ang tenga niya.

“Diba sinabi ko naman sayo na hindi ako marunong kumanta?” pinaalalahanan ko na siya kanina saka siya naman mapilit na kumanta ako eh. Bakit ba?

“Marunong kang kumanta! Ang problema, yung boses mo mismo! Ang pangit!”

Ano daw? Pangit? Makalait ‘tong si Kyle ha. Ako talaga napupuno na promise! Papatulan ko na talaga ‘tong lalaking ‘to.

“Edi panget! Ikaw naman dyan mapilit! Aish. Uuwi na nga ako. Bahala ka sa buhay mo Kyle!” sabi ko saka sinakbit na ang bag ko. Akma na akong lalabas ng videoke room ng..

“Please, stay.”

Kyle is hugging me from my back. Bigla na naman akong na-freeze. Why is he acting like this?

*

Kyle POV

I hugged her when she tried to leave. Ayokong umalis siya. I need someone to be with me. Kaya nga gusto ko siyang kumanta para maaliw ako. Kanina okay lang pero hindi ko inaasahan ang text na natanggap ko kanina.

From: 09*******
I’m at the airport. See you in a while. Mandy.

After two years, bigla siyang babalik dito? Why? Isa pa, bakit alam pa din niya ang contact number ko? Nung mabasa ko ang pangalan niya, naramdaman ko lahat ng sakit na iniwan niya sa puso ko.

I really love her at naramdaman kong mahal ko pa din siya. Nagtataka nga ako kasi I thought I’m learning to love nobody.. pero mali pala ako. Gusto ko lang siguro siya.

Dahil si Mandy..

Siya pa din yung laman ng puso ko.

Well, honestly, Mandy was my ex-girlfriend. First love perhaps. Childhood friend ko kasi kaya sanay na sanay na ako sa presensya niya. We were so close until we've became couple. But 2 years ago, may nag-offer sa kaniya ng modeling career in New York. She left me without any words aside from, *"I don’t*

love you anymore."

She hurts me really hard. Halos magkanda-gago-gago ang buhay ko noon nung umalis siya. Nagmakaawa pa ako sa kaniya sa airport na wag umalis but she didn't listen to me. Umalis siya para sa pangarap niya.

Maiintindihan ko naman yun. Pwede namang kami pa rin eh kahit andun siya, pero ayaw niya dahil para sa kaniya, magiging sagabal lang ako.

Ang sakit lang eh. Hindi pa ako nakakamove-on. Siya nga ang dahilan bakit ako nagkaganito. Bakit naging sira-ulo ako at pusong bato.

Para saan pa at ipaalam niyang nagbalik na siya? Hindi ko alam ang gagawin ko. Hindi ko alam ang gagawin ko 'pag nakaharap ko na ulit siya.

"Hoy Kyle, problema mo ba?

"WALA! KUMANTA KA NA NGA LANG!" sigaw ko nalang para maitago ang lungkot. Si Mandy lang ang tanging babaeng nagpaiyak sakin. At ngayon, pakiramdam ko, anytime tutulo na naman ang luha ko. And shit, it's because of her again! Damn!

*

Chelsea POV

Biglang nag-iba yung awra ni Kyle, na-bother tuloy ako. Parang may something sa kaniya eh. Ayoko namang mag-usisa. Baka sabihin pa niya pakialamera ako.

"Eh Kyle, baka this time, mabasag na eardrums mo pag kumanta pa ako." Biro ko para naman ma-cheer-up siya.

"Fine. Let's go home." Sabi niya saka tumayo. Hanla nagalit yata.

Tumawa ako. "Nagbibiro lang ako. Ito namang si Kamahalan hindi na mabiro. Eto na kakanta na ako---"

"I SAID LET'S GO HOME!!" sigaw niya na ikinasindak ko.

Mabilis siyang lumabas. Sumunod lang ako. Galit yung itsura niya,

Hanla, bakit??

Chapter 53 ?

Chelsea POV

Kakaiba na yung nararamdaman ko kay Kyle. May something talaga sa kaniya na hindi ko ma-figure-out.

Oo sanay na ako sa paninigaw niya. Pero yung kanina sa videoke room, iba yung pagsigaw niya dun.

May problema ba siya? Napangitan ba talaga siya sa boses ko kaya sya nagkaganun? Aish. Pati tuloy ako namo-mroblema.

We're on our way home. Tahimik lang kami dito sa kotse niya. Napapasulyap ako sa kaniya ng kaunti. And I can see it, may bumabagabag sa kaniya.

Maya-maya nakarating din kami dito sa building.

Mabilis akong bumaba. Paano ba naman. Pagbaba ni Kyle dire-diretso niya papasok ng building. Walang sali-salita. Hinabol ko siya.

Whoo! Buti kaabot ako sa elevator. Kaming dalawa lang ang sakay.

"Kyle.."

No response.

Pinilit kong maging energetic. "Grabe ka Kyle, basta mo nalang ako iniwan sa kotse mo. Aish." Cool na sabi ko.

Still, no response.

Ano bang gagawin ko. Bakit ayan na naman yang cold treatment nya? May nagawa ba akong mali? Hindi ko na talaga maintindihan si Kyle. Promise! Minsan, ang sungit. Minsan, ang bait. Minsan, sweet. Minsan naman madaling magalit. Minsan, naninigaw. Minsan, smiling face. Minsan, nakasimangot at ang pinaka-ayaw ko, minsan napaka-cold niya.

Apektado ako.

Tinggg!

Dito na kami sa floor namin. Pilit ko siyang sinabayan hanggang sa makarating kami dito sa may unit namin.

"Ah Ky---"

Boogsh

Wala na. Naputol ko na sasabihin ko. Dire-diretso kasi siyang pumasok sa unit niya at pinagsarhan ako ng pinto.

Nalulungkot ako sa totoo lang.

Malamya akong pumasok sa unit ko. Parang nawalan ako bigla ng energy.

Pagpasok ko, umupo muna ako dito sa sofa.

Tenenenenen!

Hindi ko inaasahan ang magtetext sakin pero natuwa naman ako.

From: Kamahalan
Labas ka.

Magso-sorry ba sya? Okay na ba sya? Dali-dali akong tumayo at binuksan ang pinto.

There he is. Kyle standing in front of me. Pero ngi-ngiti palang sana ako ng mag-abot siya sakin ng sobre tapos pumasok na ulit sya sa unit niya. No words again from him.

Akala ko magso-sorry siya. Sinipat ko yung sobre. Sweldo ko pala.

Pumasok na ulit ako sa unit ko. Diretso na sa kwarto. Nagbihis at naghilamos.

Ang lungkot ng gabi ko promise.

Kinuha ko muna laptop ko at nag-open ng Facebook.

Mag-status ako.

Chelsea Torres Ano bang nangyari sa kaniya? I can't help myself to worry :(
Like • Comment • Share

Twitter naman.

Hindi ko expected na makakabasa ng tweet ni Kyle.

Kyle Shin-Woo @KyleSWattpad
Damn her.

Hanla. Ako ba tinutukoy niya? Hanla. Wala naman akong matandaang ginawa ko.

Ayoko na. Pinatay ko na laptop ko. Kakausapin ko si Kyle. Di ko kayang manahimik ng ganyan siya.

Bumaba ako at kumatok sa unit ni Kyle.

Walang nagbubukas.

Katok ulit. Mas malakas.

This time, nagbukas na din. "K-Kyle.."

"Pwede ba wag kang istorbo?" Seryosong sabi niya sakin.

"Eh, Kyle gusto ko lang naman malaman kung okay ka lang."

"Paki mo? Just leave me alone."

Kasunod nun ang malakas na pagsara ng pinto niya.

Hindi ko na alam ang nangyayari sa kaniya. Syempre apektado ako kasi ako yung kasama niya kanina.

Aish. Bagsak ang dalawang balikat ko na pumasok ulit ng unit ko. Dumapa ako sa couch at nag-muni-muni.

*

Kyle POV

Bakit ba ang kulit niya? Hindi ko sinasadyang sungitan siya pero gusto ko munang mapag-isa.

Sobrang apektado ako sa pagbabalik ni Mandy. Siguro dahil ramdam ko yung galit at hinanakit ko sa kaniya dahil sa pang-iiwan sakin.

Ayokong magsalita, ayokong makisalamuha muna. Ayoko. Baka madamay lang sila sa galit ko kay Mandy.

I feel sorry for nobody. Hindi ko sinasadyang ganon ang pakikitungo ko sa kaniya. I just can't accept the fact that she's back.

Tenenenenen!

From: 09*******
**Hi Kyle. I'm on a hotel. Hope to see you anytime. I really miss you.

Damn her! Saan siya kumuha ng lakas ng loob para itext ako ng ganyan? Nakalimutan na ba niya ang ginawa niya sakin? Damn her. Damn her!

Nasabunot ko ang sarili kong buhok saka tumungga ng beer.

Hindi ko alam kung paano haharapin si Mandy. Hindi ko alam.

--

Kinaumagahan..

Chelsea POV

Ang sakit ng katawan ko.

Dito pala ako nakatulog sa couch? Grabe, kaya pala sakit ng katawan ko.

Bumangon na ako para magluto ng breakfast. Hilamos muna ako.

Then pumunta ako dito sa kusina para tumingin kung anong lulutuin ko.

"Aha! Tocino at itlog. Para tocilog! Hehe. Magsaing na din ako."

Bzzzzzt..

Si Kyle kaya yun?

Mabilis akong pumunta sa pinto at pinagbuksan ang nag-buzz.

"Good morning crush."

Si Adrian pala. "Good morning din."

"Are you okay?"

Kumunot yung noo ko. "Oo naman. Why?"

"Yung about sa post mo kagabi sa facebook. Si Kyle ba?"

Sumeryoso yung mukha ni Adrian.

"Ah, eh.."

"Ako na bahalang kumausap sa kaniya. Wag mo nalang isipin muna yun, okay?" Pagkasabi niya ginulo-gulo pa niya buhok ko.

Ginawa pa akong aso. "Okay. Thanks."

"Sige na. May lakad pa ako."

I smiled at him. "Okay. Ingat."

Sumenyas lang sya saka umalis na. Napatingin ako sa unit ni Kyle.

Nag aalala pa din ako sa kaniya. I sighed bago pumasok na ng unit ko heading to kitchen.

Aabalahin ko na lang ang sarili ko.

*

Adrian POV

Papunta ako sa bar. Nagtext kasi si Lance na pumunta ako dun. Aga-aga daw nambulabog si Kyle at nagpapakalasing dun.

Ano bang problema nun? Pati si nobody apektado. Parang naiisip ko na baka nahulog na ang loob ni crush kay Kyle dahil sobra yung pag-aalala niya.

Maya-maya nakarating na ako dito sa bar. Nakita ko agad si Lance kasama si Kyle na nag-iinom nga.

"Problem?" Bungad ko kay Kyle nang makalapit ako sa kanila.

Tumabi ako kay Lance para kaharap namin si Kyle.

Lumagok muna siya ng alak. "She's back." Mapait na sabi niya.

"Who?"

Kinalbit ako ni Lance. "Si Mandy."

Bumalik na si Mandy? Para saan? Wag niyang sabihing nagparamdam pa siya kay Kyle?

Kahit babae yun, papatulan ko yan. Since highschool bestfriend ko na yang si Kyle at nasaksihan ko lahat. Kung paano siya sumaya, nagalit, umiyak at nagkanda-letse-letse ang buhay niya ng dahil kay Mandy.

Magsasalita pa sana ako ng mauna ng magsalita si Kyle. "Anong gusto nyang palabasin? Anong gusto niyang ipamukha sakin? Na porket bumalik na siya, makakalimutan ko na ang mga ginawa niya sakin? Damn her!"

Naaawa ako kay Kyle. I set aside muna yung about kay nobody. Ngayon, kailangan niya ako bilang kaibigan. "Kyle hayaan mo lang sya."

"Paano ko siya hahayaan? She kept on texting me. That she wanted to see me, that she miss me.. Shit!"

Lasing na si Kyle. Naglalabas na ng sama ng loob eh. Grabe lang yang si Mandy.

I will try to talk to Mandy. Ayoko ng guluhin pa niya ang kaibigan ko.

*

Chelsea POV

Dahil boring saturday. Magpapakasasa muna ako sa mall.

11am na. Maliligo na ako para sa mall na din mag-lunch.

After 123456789 years, ready na ako. Nag-short lang ako ang simple tees. At syempre ang aking doll shoes.

Wallet, check!
Iphone, check!
ATM, check!
Cash, check!

Ready to go. Ibubukas ko na sana ang pinto ko ng may marinig ako muna sa labas kaya napaurong ako. Nakinig muna ako.

"Damn you Kyle! Tama na yan. Let's go inside. Magpahinga ka na!"

Alam ko boses yun ni Adrian. Ano bang nangyayari kay Kyle?

"I want to see her! I want to talk to her!" Sigaw naman ni Kyle. Alam na alam ko din ang boses nya.

"Kyle, kung gusto mong kausapin si Mandy, magpahinga ka muna. Mas makakabuti kung kakausapin mo siya ng matino ka at hindi ganyang lasing!"

Sino yung Mandy? Yun ba dahilan ba't nagkakaganon si Kyle? At naglasing siya ng ganito kaaga?

"I think I still love her. Damn myself!"

This time di ko namalayang may tumulong luha mula sa mga mata ko after hearing those words.

He still love her? That Mandy? Eh bakit ganun si Kyle? He looked upset.

Akala ko ba gusto niya ako. Diba nililigawan niya ako? Tapos may mahal pala siyang iba eh.

Suddenly, a fake smile flashed on my lips. Kailangan kong sumaya. Ayoko mag-isip about dyan. Ayokong isipin ang katotohanang may mahal na iba si Kyle.

Ilang minuto na ang lumipas at wala ng ingay sa labas kaya dali-dali akong lumabas at bumaba sa building.

I will enjoy this day!

ALONE

-

Sa mall..

Nag-dial ako ng number ni Janna para sana makasama ko siya dito sa mall.

Ayoko kasing maisip yung narinig ko kanina.

[Hello?]

"Janna, busy ka ba? Yayain sana kita dito sa mall."

[Naku best, diba pupunta ako sa unit ni Adrian, nagpapagawa siya ng cookies.]

Oo nga pala. Alangan namang manggulo ako sa kanina. "Ganun ba, eh okay! Enjoy nalang kayo."

[Okay. Take care Chelsea.]

toot toot

No choice. Mag-isa lang ako.

Kakain nalang muna ako. Aha, greenwich ako. Pagpasok ko counter agad. Gusto kong kumain ng

madaming-madami.

"Miss, Overload D." Sabi ko tapos nagbayad na. Naghanap ako ng vacant seat.

Bubusugin ko sarili ko.

Para akong tulala na ewan. Apektado lang kasi talaga ako kay Kyle. Bakit kaso nahulog na loob ko sa kaniya? Edi sana hindi ako nasasaktan ngayon.

Hay.

Eto na pala order. Kain na ako.

Yumyum..

"Excuse me Miss may kasama ka?"

Napatunghay ako sa nangsalita. At shemay! Ang gwapo.

"Ah, wala naman. Bakit?"

"Can I share with you in this table? Wala na kasing vacant."

Napatingin naman ako sa paligid. Wala na ngang vacant. Dami kasing tao. Saturday kasi. "O-Okay."

He smiled then seat in front of me. Ang awkward lang kasi naman ang gwapo niya.

May lahi yata 'to eh.

Tinuon ko nalang pansin ko sa pagkain ko.

Tenenenenen!

From: Adrian
Crush. Wag ka ng mag-alala kay Kyle. Ako na bahala sa kaniya.

Naalala ko na naman mga narinig ko kanina. Hays.

“You looked so sad."

"Huh?"

Si pogi kinakausap ako.

"Mukhang malungkot ka. Hindi bagay sa'yo. It's better if you'll smile."

Nge? Close tayo pogi? Pero medyo gumaan pakiramdam ko. Iba talaga pag may kausap ka kesa alone.

"Ah, wala. Wala 'to. He-he." I tried to smile.

"Go on. Eat a lot." Nakangiting sabi nya. Di na ako sumagot. Kumain nalang ako.

I finished eating. Tatayo na sana ako.

"Miss.."

Lumingon ako kay pogi. "Do you need someone?"

Sa tanong nyang yun bigla akong nanghina. Oo kailangan ko ng kaibigan. Kailangan ko ng makakasama ngayon para makalimutan yung narinig ko kanina.

Wala sa sariling tumango ako.

"Okay. I can be that someone." Nakangiting sabi niya.

Super jolly naman ng lalaking 'to. "Where do you want to go?" Tanong niya.

"Quantum." Sabi ko. Gusto kong maglaro ng maglaro hanggang makalimutan ko yung nagba-bother sa isip ko.

Naglalakad na kami palabas ng greenwich ng tumigil siya. "My fault. Hindi man lang ako nagpakilala."

Napangiti naman ako. Oo nga. Sasama ako sa kaniya pero di namin alam pangalan ng isa't isa. "I'm Chelsea nga pala."

I can see na mabait siyang tao. Kahit ngayon ko lang sya nakilala, ayos lang. I really need someone.

"I'm James."

Chapter 54 ?

Chelsea POV

I can't imagine myself na sumama sa lalaking hindi ko naman kilala. Unfortunately, pangalan niya lang ang alam ko.

Pero wala eh. Kailangan ko talaga ng 'someone' at nakikita ko naman sa kaniya na mabuti siyang tao. Sa gwapong yun?

Kadadating lang namin dito sa quantum. Maglalaro ako ng maglalaro para makalimutan ko na yung narinig ko kanina.

"Hey Chelsea. Anong gusto mong unahin nating laruin?" Nakangiting tanong ni James.

His face is so angelic. Para silang magka-ugali ni Adrian. Ang pagkakaiba lang, mukhang anghel talaga 'tong si James pero may something eh. May pagkakahawig siya kay Lance. Ewan ko ba.

"Basketball." Matipid kong sagot. Siya na nga pala yung nag-offer na bumili ng tokens. Adik lang ang dami niyang binili. Hehe.

"Okay."

Grabe lang. Napakagaan ng pakiramdam ko sa kaniya. It really feels comfortable playing with him. Nagtatawanan kami habang naglalaro ng basketball as if matagal na kaming magkakilala. Nakakatuwa lang.

Maya maya napagod din kami. Nagkakatinginan nalang kami tapos bigla nalang matatawa.

Ang sarap niya kasama totoo lang. "Ano? Saan naman tayo?" Tanong ulit ni James.

"Try na natin lahat hanggang maubos token natin. Hehe." Nakangiting sabi ko sa kaniya.

He smirked at me then pull my hand. Kung saan saan kami naglaro hanggang sa maubos ang token namin.

"Napagod ako dun." Hinihingal na sabi ko.

I smiled when he suddenly gave me a bottle of water. "Drink this first."

Tinanggap ko naman iyon at ininom. Nakakatuwa talaga 'tong si James. "Buti pa foodcourt nalang tayo muna."

Sumang-ayon ako. Napagod talaga ako sa paglalaro eh. Saka parang naku-curious na'ko kay James. Syempre gusto ko rin syang makilala. Pangalan lang ba naman alam ko.

Tumango ako. "Tara." Masiglang sabi ko. Sabay kaming naglakad.

Naalala ko naman bigla si Kyle. Kahit kelan di nya ako sinasabayan ng lakad sa mall samantalang etong si James talagang kasabay ko.

Dito na kami sa foodcourt. Upo na kami. "What do you want to eat?" Tanong nya.

Parang napapagastos ng bongga sakin 'tong si James. Bakit ba ang bait nya?

"Eh kakakain lang ng lunch---"

"Snack natin." Putol nya sa sasabihin ko.

"Kahit ano naman kinakain ko." Sabi ko. Parang nahihiya na ako sa kaniya. Kasi ang galante naman kasi.

"Okay ako na bahala ha. Wait me here."

Nung pagkaalis ni James pinagmasdan ko siyang nakatalikod. Bakit kaya ang bait ng lalaking 'yun sakin. Nakakatuwa naman kasi may friend akong bago. Coincidence pa.

Tenenenenen!

From: Adrian
Crush. Where are you?

Hanla. Hinahanap na ako ni Adrian. Baka tapos na sila ni Janna mag-bake ng cookies. Eh, ayoko sabihin kasi..

To: Adrian
Nagpapahangin lang. See you later nalang.

Gusto ko munang lumayo sa kanila kahit sandali. Naaalala ko lang kasi si Kyle. Ayoko namang magtanong dahil ayokong manghimasok sa private life nila.

"Chelsea!"

Napatunghay ako agad sa masiglang boses na yun

James smiling at me while holding a lot of siomai on a plastic ang drinks. Nilapag nya yun sa table. "Wait may kukunin pa'ko."

Di nako nakapagsalita. Nakaalis na siya. Wala pang isang minuto bumalik na siya hawak-hawak ang one liter of ice cream. Maubos kaya namin? Haha. Pero ayos na din. Foodtrip.

Para 'tong si Adrian yung ugali talaga. I smiled.

"See, mas bagay sayo ang nakangiti."

Ramdam ko ang pamumula ng pisngi ko sa sinabing yun ni James. Ewan ko ba. Nahihiya lang talaga ako 'pag pinupuri ako.

Nag-start na kaming kumain. Napansin ko yung pagiging maasikaso niya.

"Chelsea, tell me about yourself."

Ano bang masama kung mag-kwento ako ng tungkol sakin diba? Magaan kaya pakiramdam ko kay

James.

"Ah, ulila na'ko. Wala din akong kapatid." Panimula ko.

"Really? How come you can still survive without your family?" Nakita ko yung sadness sa masingkit niyang mata.

"Ah, madami akong sidelines. Personal maid din ako nung classmate ko sa school. Kaya ayun."

Si Kyle yung tinutukoy ko. Alangan namang sabihin ko kay James na alipin ako diba? Ang halay kaya.

"Classmate mo?"

"Oo."

"So it means mayaman yung classmate mo na yun?"

"Oo, as in mayaman. Hehe." Sumubo ako ng siomai. Ang sarap pala nito.

"Buti nakakapag-aral kapa tapos suma-sideline kapa?"

Ang sarap kausap nitong si James promise! Kasi siya yung tao na makikitahan mo nung expression na handa siyang makinig sayo.

"Scholar ako sa school. At on-call maid lang naman ako. Pag may iuutos lang siya. Ganun." Sabi ko which is totoo. Diba pag ma-trip-an lang naman ni Kyle ako inuutusan.

"Ah. I see. Saan ka pala nag-aaral?"

Hindi rin siya matanong 'no?

"Sa Shin-Woo University. Malapit lang yun dito."

"Sa Shin-Woo ka nag-aaral??" Parang gulat na gulat pa siya.

Napakamot ako ng bahagya sa buhok ko. "Ah, eh oo."

"Dun din ako papasok eh!" Masiglang sabi niya.

Ano daw?

"Dun ka din papasok? Eh James, halos kalahating buwan na ang pasukan."

"Transferee ako. Madali akong natanggap dahil may koneksyon." Sabi niya. "So it means, magiging schoolmate tayo?"

Napangiti naman ako. What a coincidence naman. Talagang transferee sya? Nakakunot yung noo ko kasi ewan!

"You're confused." Sabi nya.

Ang daming alam nito. "Mind reader ka ba?"

Kasi naman nahuhulaan nya kung ano yung emotion ko.

"Hindi." Natawa pa siya. "Observer lang ako."

"Eh bakit ka pala transferee?" Tanong ko. Wala, curious na ako talaga eh.

"Kauuwi ko lang dito sa Pilipinas kagabi from Korea. Wala talaga pa akong kaibigan dito sa pinas kasi sa Korea ako lumaki. Second time ko lang ngayon na nakapunta dito."

"Talaga? Ibig sabihin korean ka?" Tanong ko. Syempre galing korea eh.

"Yup. My mother is a korean and my father is a filipino."

"Wow naman.."

Kaya pala ang gwapo niya. Acheche!

"Eh paano yan? May kamag-anak ka dito?"

"Nope. I don't have. I'm just living in a condo. Yung half-brother ko yung nag-refer sakin na dun tumira since ako lang ang umuwi dito sa Pilipinas."

Half-brother?

"May half-brother ka?"

Tumango siya. "Yeah. Kapatid ko siya sa ama. Halos magkasing-edad lang kami. Pero okay naman kami. Hindi nga lang kami ganon ka-close. Kaya nga sinabi ko kay Papa na hindi ako dun tutuloy sa bahay nila."

Ah, may mga ganun pala talaga. Yung half-half na kapatid. Ahehe. Akala ko sa teleserye lang may ganun eh.

Binuksan niya yung ice cream. "Kainin na natin 'to habang nagku-kwentuhan tayo. Ang sarap mo palang kausap." Nakangiting sabi ni James.

Napangiti naman ako. At least hindi na kami super stranger. Kahit papaano may mga alam na kami sa isa't isa.

"Ano palang course na kinuha mo?" Tanong ko saka tinikman yung ice cream.

"Business Management. Dun din pala sa Shin-Woo nag-aaral yung half-brother ko. Hindi ko lang alam yung course niya."

"Hala, edi magkaklase pala tayo? Business Management din ako eh."

Grabe parang biglang nagliwanag yung paligid. Natuwa talaga ako sa nalaman ko. Coincidence talaga?

"Talaga? Destiny yata tayo eh?" He smirked at me.

Wag kang ganyan James. Baka patulan kita! Joke lang. Hindi ako ganun. Sadyang ang gwapo lang talaga ni James.

"Palabiro ka talaga." Sabi ko.

He just smiled at me. "Can we be friends?"

"Ah, eh sure! Kanina pa nga kita tinuturing na friend. Salamat pala sa pagsama sakin kanina sa quantum ha?"

I’m sincere. Kahit papaano ay gumaan ang pakiramdam ko kasama siya. Eh nahila ko lang yan sa greenwich eh.

"That's not a big deal. It's okay."

Oo nga pala. May tatanong pala ako. "Buti tuwid ka mag-tagalog. Diba lumaki ka sa korea?"

"My mom loves philippines so much kaya sinanay niya kami sa tagalog. At minsan pag nagkikita kami ni Papa, gusto nya din talaga, tagalog kami mag-uusap."

"So it means hindi nyo kasama Papa niyo?"

Umiling sya. "No. We are only his second family. Mas legal pa yung sa half-brother ko."

Tumango-tango ako. "Ibig sabihin pala, sa monday papasok ka na?"

A big smile flashed on his kissable lips. "Yeah. And I'm excited dahil kaklase pala kita. At least may kaibigan na'ko."

Ngumiti lang ako at kumain ulit ng ice cream.

"Chelsea okay lang ba sa'yo na maging friends tayo sa school?"

"Oo naman! Ipapakilala din kita sa bestfriend ko at kaibigan. Dalawa lang naman friend ko sa school. Hehe."

"Really?"

Parang di pa sya makapaniwala sa nalaman niya. Hehe. Kung alam niya lang kung gaano ako binubully sa school. Haha.

Tenenenenen!

From: Adrian
Crush. Asan ka na? Uwi ka na. Pa-gabi na oh.

Hanla. Nagwoworry na si Adrian sakin.

Alanganin akong tumingin kay James. Eh kasi naman masarap sana sya ka-kwentuhan kaso tama si Adrian, gumagabi na.

Alam kong nag-aalala yun sakin.

"May problema ba Chelsea?"

Mind reader talaga 'tong gwapong itey.

"Ah eh oo. Uwi na sana ako. Pagabi na din kasi."

Tumawa siya. Lalo siyang naging mukhang anghel sa paningin ko. Shemay!

"Sure. Gusto mo hatid na kita? I have my car? Kabibili lang kanina."

Sobrang gwapo nya talaga at bait. "Eh hindi na. Mag-taxi nalang ako."

Syempre may hiya pa ako. Sinamahan na nga nya ako. Siya pa nanlibre ng snack.

"Sure ka?"

Yung itsura niya parang ayaw pa pumayag na mag-taxi nalang ako.

Tumango ako. "Oo. See you nalang sa monday ha?"

"Sure." Sabi niya.

Tsup!

Nagtatakbo na siya palayo sakin habang kumakaway. Ako, tulala. Hinalikan ako sa pisngi?

Shemay naman? Bakit ba lapitin ako sa lalaking mahilig manghalik?

Walanjo!

Chapter 55 ?

Chelsea POV

“Eto manong.” Inabot ko na yung abyad ko kay manong taxi bago ako bumaba. Saktong 100 peso eh.

Ngayon ko mas na-realize kung gaano ka-gastos ang mag-taxi sa pang-araw-araw.

Dito na rin ako sa wakas sa building. Didiretso na sana ako sa elevator nang mapansin ko si Adrian na nakatambay sa reception area. Malamang kanila 'tong building eh.

“Crush!” dali-dali siyang lumapit sakin. Alam niyo yung ngiting parang sinasabing, “At last!”

“Oy Adrian. Bakit ka andyan?”

Tsup!

Nakakahalata na talaga ako. Kyaaaa!! Ano ba ako? Poon para halik-halikan lang nila? Oo nila! TATLO na sila ngayon na basta nalang nang-hahalik. Asih.

“Sorry crush. Masyado lang akong nag-alala sa'yo. Akala ko kung san ka na napunta eh.”

Kitang-kita naman sa itsura ni Adrian na worry talaga siya sakin. Eh napatingin ako sa wrist watch ko, 7pm palang eh. “Aga pa naman eh.”

Pinirot niya ako sa pisngi. “Ouch!” napahawak tuloy ako sa kawawa kong pisngi.

“Kahit na po medyo maaga pa, mag-isa ka lang kaya nag-aalala ako. Tara na nga sa taas.”

Hinila na ako ni Adrian dito sa elevator. Kahit kelan talaga 'to. Naalala ko si James.

Shemay! Ang gwapo talaga nun. Hehe. Dagdag pogi points pa ang pagka-bait niya at ang sarap niya kasama.

poke poke

Pinindot-pindot ni Adrian yung pisngi ko. Eh kasi may sinasabi pala siya. Hindi ko naririnig. Haha, busy ako sa pag-iisip kay James. Sorry naman. Masaya lang ako na may new friend na ako at kaklase pa namin. Yehey! Excited na akong mag-lunes.

“Ang lalim ng iniisip mo. Si kyle ba?”

Sumeryoso yung mukha ni Adrian.

Umiling ako. “Hindi.”

“Pagpasensyahan mo na si Kyle sa ngayon. May problema lang siya.”

Kumunot yung noo ko. Ah, yun ba yung na-mo-mroblema siya dahil mahal pa din nya yung Mandy? Wow ha, nakalimutan ko na sana dahil sa kakaisip kay James pero ngayon. Ayan na naman,. Pinaalala pa. Aish.

Ting!!

“Crush, gusto mo samahan muna kita sa unit mo?”

Ayoko. Baka kasi hindi ko lang mapigilan ang sarili kong magtanong ng tungkol kay Kyle. “Ah, Adrian hindi na. Tutulog na din sana ako eh.”

“Aga pa crush. Wala naman tayong pasok bukas. Sunday kaya.”

“Napagod kasi ako. Alam mo na kung saan-saan ako nakagala kanina.” pagkukunwari ko. Gusto ko rin munang mapag-isa.

“Ah, okay. Sweetdreams nalang crush.” he smiled at me and pat my head.

Andito na pala kami sa harap ng unit ko. “Goodnight.” sabi ko kay Adrian bago pumasok ng unit ko.

Pasalampak akong humiga sa kama ko. Parang pagod na pagod ako. Kasama kasi ang emotion kaya siguro parang hinang-hina ako.

Pero pag naiisip ko si James, gumagaan ang pakiramdam ko. Masarap talaga siyang kausap. Super light pa ng feeling pag kasama mo siya. Harmless ika nga.

Nagmuni-muni muna ako..

zzzzZZZZZZZZZZZZzzz..

-

Sunday..

Kyle POV

“What do you want?” masungit na sabi ko sa babaeng dahilan ng pagiging miserable ko noon.

Kararating ko lang dito sa mansyon at nagulat ako na narito siya. Bakit ba siya pinatuloy ni Butler? Aish.

"Kyle let me explain..”

Bakit pa ba niya kailangang guluhin ang buhay ko? Kung tutuusin, ngayong tinitingnan ko siya, parang hindi na siya yung Mandy na minahal ko. Simple lang yun at walang arte sa katawan. Pero ngayon, ang laki na ng pinagbago. Sopistikada, naka-make-up, maiksi ang suot na dress. Para siyang pupunta sa fashion show. Kung sabagay model nga naman.

“Ano pang dapat mong i-explain?” patuloy na tanong ko. Galit ako sa kaniya at hindi niya ako masisisi kung bakit ako nagkakaganito.

Mabilis siyang lumapit sakin at niyakap ako. Nagpumiglas ako.

Wow. As in. napahawak ako sa bandang dibdib ko. Bakit ganon? Bakit wala yung feeling na, bumibilis yung tibok ng puso, yung parang may butterflies sa stomach ko? Yung feeling na in love?

Mahal ko pa nga ba si Mandy?

Parang bigla-bigla hindi na ako sigurado. Parang ngayong nakaharap ko siya, nawala yung sakit at pagmamahal ko. Tanging galit na lang natira.

“Don't even dare to touch me again.” banta ko sa kaniya.

She suddenly cried in front of me. Pero bakit ganon? Wala akong makapang pag-aalala sa kaniya? Dati, makita ko lang ang kaunting luha sa pisngi niya, nag-iinit na yung dugo ko sa nagpa-iyak sa kaniya. But now? Bakit parang wala akong pakialam sa kaniya? Bakit parang wala man lang akong nararamdaman kahit awa?

“Kyle, I'm begging. Please listen to me..”

Lumuhod siya na hindi ko inaasahang gagawin niya.

“Stand up. Hindi mo ako madadala sa pagluhod mo. Now, I will give you a chance to explain but don't expect me to love you again.”

Is it really me? Ito ba yung pino-problema ko kagabi? Na nasasaktan ako kasi pakirmdam ko mahal ko pa din siya? Damn! Bakit ngayon, wala akong makapang kahit konting pagmamahal sa kaniya? Para nga siyang normal na tao lang para sakin?

Is it possible na naka-move-on na ako sa kaniya?

“Okay Kyle. Just listen to me.'' sabi niya saka tumayo mula sa pagkakaluhod. Umupo kami dito sa couch sa living area. Magkatapat kami at hindi magkatabi.

Sinensyasan ko lang siya na magsimula na sa pag-e-explain.

“I was wrong to hurt you that time. Natakot lang ako Kyle na baka hindi matupad yung pangarap ko kung itutuloy natin ang relasyon natin. Alam mong pangarap ko talagang maging model. Pero ngayong nakamit ko na siya, handa na akong balikan ka. Andito na ako Kyle, mahal na mahal pa din kita. Halos dalawang taon ang tiniis ko. Please Kyle, come back to me..”

“I'm sorry but I can’t.”

“Bakit Kyle? Di ba ako pa din naman ang mahal mo?”

She still crying while speaking pero parang balewala lang sakin,.

“No.”

“Hindi Kyle. You still love me. I know that.”

“No Mandy, you're wrong. Oo siguro inakala ko na mahal pa kita pero mali pala ako. Ngayong nakaharap na kita? Ngayon ko na-realize na wala na akong nararamdama para sayo. Isa pa, hindi na ikaw yung dating Mandy na minahal ko.”

“Ako pa din si Mandy. Mahal mo ako Kyle.”

“Gusto ko lang ipaalam sayo na ang gusto ko sa isang babae ay yung simple. Yung simple at hindi

sopistikada. Yun yung dating Mandy na minahal ko.”

Matigas kong sabi. That's true. Hindi ko na yata siya kilala ngayon. Ibang-iba na. Hindi ko siya matatanggap kahit pa magmakaawa siya sakin.

“Kyle I'm begging you.”

“No Mandy. Please leave me alone and don't get near me again.”

“Bakit Kyle? May iba ka na ba? Ha?” medyo tumaas na yung boses niya.

Kagabi problemado ako. I even get drunk yesterday morning dahil kay Mandy at ngayon ma-re-realize ko lang na wala na pala akong nararamdaman para sa kaniya kung hindi galit.

I felt relieved dahil medyo gumaan ang pakiradaman ko. Nawala yung bumabagabag sa dibdib ko kahapon pa. Pag naiisip ko kasi si nobody, na-gi-guilty ako. Pati siya nadadamay sa galit ko kay Mandy. Babawi ako sa kaniya. Ngayon pa na na-realize ko ng wala na si Mandy dito sa puso ko.

Kailangan ko lang palang makaharap si Mandy para ma-realize ko 'to.

"Eh ano naman ngayon kung may iba nako?”

“So may iba ka na nga ha?”

“OO!” sigaw ko.

“Sino siya ha? May panama ba siya sakin? Mas sikat ba siya sakin? May laban ba siya sakin?”

Nag-init bigla ang dugo ko. Hindi na nga siya si Mandy na minahal ko.

“Oo! Lahat na nasayo! Lahat ng ayoko, nasayo ng lahat. At dun sa sinasabi mong IBA? May panama ba sayo? Now i'm telling you... she's hundred percent better than you.”

Then i walked out.

Chapter 56 ?

Chelsea POV

Mulat mata.

Inat-inat.

Umaga na pala. Napatingin naman ako sa suot kong damit. Ito pa din yung kagabi. Nakatulog na pala ako ng di man lang nakapag-palit.

Tamad akong bumangon at dumiretso sa CR para maghilamos at mag-wash. Papalit na din ako ng damit.

Nakakatamad naman ngayong araw na 'to. Grabe lang.

Natatamad akong magluto. Paano yan? Aish. Makakain na nga lang sa fast food sa may katapat ng building. May chowking dun eh.

No choice kasi gutom nako. Nagbihis nako ng maong short at tshirt lang.

Kukunin ko na yung wallet ko sa bag. Kalikot ako. May 25K pala akong cash. Nasa sobre pa din.

Kuha lang ako 5k para laman ng wallet ko tapos tinago ko na yung sobre sa drawer ko dito sa kwarto.

May lock naman eh.

Okay na. Wallet at iphone ko dala ko. Nag-powder lang ako at nag-pony ng buhok.

Got to go.

-

Sa chowking..

Kaupo na'ko dito sa mesa. Hinihintay ko order ko. Nag-order lang ako ng chao fan tapos siomai at tofu. Malamang mabusog nako nyon.

Pahikab-hikab pa'ko habang naghihintay. Aish.

"Chelsea?"

Agad akong napatunghay nang marinig ko yung boses na tumawag sakin.

"James?"

"Sabi na nga ba ikaw yan eh. Bakit ka andito ng ganito kaaga?" Tanong ni James

Coincidence na naman ba ito? Ano ba, parang lagi kaming pinagtatagpo ng tadhana. Aish.

"Breakfast. Hindi na ako nakapagluto sa unit ko kasi natatamad ako. He-he." Sabi ko.

"You have your unit?"

Naupo si James sa harap ko. Parang sinasaliksik ako. Adik 'to.

Pero grabe ang gwapo pa din niya kahit mukha siyang bagong gising. Hehe. Naka-shorts lang kasi siya tapos white tshirt then flip flops.

"Oo dun oh. Sa Buenavista Building." Sabi ko habang tinuturo ko pa yung building. Tapat lang kasi nitong chowking kaya kita kasi glass wall naman.

"Dun ka? May unit ka dun? Sa burenavista building? Dyan oh, dyan sa white na building na yan?"

Paulit-ulit lang James?

"Oo nga. Dyan nga."

"Destiny talaga tayo!" Masiglang sabi ni James.

"Huh?"

"Dyan din ako nakatira eh?"

"IKAW? Dyan ka nakatira?"

Totoo? Baka nananaginip lang ako? Maaga pa, baka antok lang ako.

Paanong dyan din siya sa building na yan? Langya. Coincidence pa dib ba yun?

"Oo nga. Dun ako sa katabing unit ng kaibigan ng half-brother ko." Sabi niya.

"Dyan din ba nakatira half-brother mo?" Tanong ko. Grabe na-a-amaze na ako sa mga nalalaman ko. Grabe 'tong si James.

"Excuse me Ma'am, here's your order."

Panira naman tong si kuya waiter. Ahehe. Masyado na akong nagugulantang sa mga sinasabi ni James eh.

Pagka-alis ng waiter, di ko muna tinuon pansin ko sa pagkain. Nakatingin pa din ako kay James. "Ano na? Dyan ba nakatira half-brother mo?"

"Hindi."

"Huh? Eh paanong..?"

Naguguluhan ako.

"Kasi yung kaibigan ng half-brother ko ang may-ari nyang building tapos yung dalawa sa kaibigan niya, may unit dyan. Kaya nga dyan nya ko ni-refer na kumuha ng unit. "

Loading...

Kaibigan ng half-brother niya ang may-ari ng building na yan?

Eh kina Adrian yan eh?

"Teka, teka. Ano bang pangalan ng half-brother mo?"

Medyo kinukutuban na ako. Hindi ko alam kung bakit.

"Si-"

Krrrriiinnnnng!

Adrian calling..

"Ay teka, sagutin ko lang 'to."

"Sige, order lang ako tapos dito ako uupo sa table mo." Paalam niya.

Sumenyas na lang ako bago pinindot ang answer button.

"Hello?"

[Asan ka?]

"Ah, eh kumakain lang ng breakfast."

[Saan yan? Pupuntahan kita? Kanina pa ako nagba-buzz sa pinto mo. Wala ka pala.]

"Ah, eh.."

Sasabihin ko ba? Eh kasama ko si James. Baka kung ano isipin ni Adrian?

[Ano?]

Parang naiinip na siya. "Dito sa chowking sa tapat."

Wala na. Di ko na kaya magsinungaling.

[Okay. Hintayin mo ako dyan.]

toot toot

Hanla? Eh kasama ko si James. Hayaan na nga, ipapakilala ko nalang sila sa isa't isa. Saka naalala ko yung sinabi ni James na kaibigan nung half-brother niya yung may-ari ng building which is Adrian. Baka magkakilala sila.

Tumingin ako sa gawi ni James. Nakapila pa siya. Aish. Bakit ba ako kinakabahan?

"Crush."

Ang bilis naman ni Adrian? Hanla. Bigla akong lalong kinabahan. Daig pa nito si Flash eh.

“U-Uy.." Nauutal kong sabi.

Lumapit sya sa table ko. Mukhang bagong gising din pero gwapo pa din.

Talaga naman o. Aga-aga, puro gwapo nasisilayan ko. Shemay!

"Mag-isa ka la---"

"Chelsea tapos na'ko mag-order. Ah who is he?"

Hindi kilala ni James si Adrian?

"Eh crush, sino 'to? Kasama mo ba sya?'

Hindi din kilala ni Adrian si James? Kala ko ba..

"I'm James. Chelsea's new friend." Nakangiting sabi ni James. Friendly naman kasi si James.

"Nice to meet you pare. Adrian here." Sabi naman ni Adrian saka sila nag-shake hands.

Whoah! Nagkasundo?

Umupo si James sa harap ko. Si Adrian napansin ko medyo masama tingin niya kay James.

"Waiting pa ako sa order ko." Sabi ni James.

Ako naman malapit na mabali leeg dahil papalit-palit ang tingin ko sa kanilang dalawa. Si James ngiting-ngiti at si Adrian nakasimangot. Hanla.

Nagulat ako ng maupo si Adrian sa tabi ko. Bale pang-apat na tao kasi itong table na inupuan ko.

"So, new friends? Kelan pa?" Daig pa ni Adrian ang mga talk show host.

"A-ah eh, kahapon?" Nauutal ko pa ding sagot.

"Kahapon lang?"

Tumango ako. Pero napatingin ako kay James nung magsalita siya.

"Oo p're kahapon lang. Sa mall. Actually coincidence lang pagkikita namin ngayon at nalaman kong dyan din pala siya nakatira sa building na yan."

James pointed the building owned by Adrian's family.

Si Adrian nanlaki na naman mata. Uso yan ngayon.

"Dyan ka din nakatira? Kelan pa?" Tanong ni Adrian. Palipat-lipat alng tingin ko sa kanila.

"Kahapon ng umaga. My brother refered that building to me. Close friend nya kasi yung may-ari niyan."

Lalong nandilat ang mata ni Adrian. "Ako?"

"Ha?" Naguguluhan si James.

Ako eto muntangang nakaabang sa mga sasabihin nila.

"Ako ang may-ari ng building na tinuro mo na yan at dyan din ako nakatira. Sinong brother mo?"

"Actually half brother ko lang siya. Si---"

"Sir excuse me, here's your order."

Gusto ko ng pukpukin ng tray si kuya waiter. Ayun na eh. Sasabihin na. Panira naman. Aish. Nang maka-alis yung waiter, tutok ulit yung tingin ko sa dalawa.

"Ano, sino yung half-brother mo?" Tanong ni Adrian. Para ngang iritable na eh.

"Si Lance Abellano."

Si Lance yung half-brother niya? Bakit parang hindi man lang sya kilala nina Adrian? Eh close friend mga yun.

"Half-brother mo si Lance?" Ulit ni Adrian.

Tumango lang si James at ngumiti. "Yup."

Grabe, di ko expected na may kapatid na ganito si Lance? Eh magkabaliktaran sila ng ugali eh? Psh.

Kaya pala magkahawig sila.

Coincidence ba ang lahat ng nangyayari? Hanla. O tama yung sabi ni James na, destiny daw kami?

Ewan ko.

*

James POV

Gusto kong matawa sa reaction nina Chelsea and Adrian yata yung pangalan nitong katabi ni Chelsea.

Ano naman kung kapatid ko si Lance? Ano bang meron.

"Bakit ba parang gulat na gulat kayo?"

"Kaibigan ko si Lance. Matalik na kaibigan at wala siyang nabanggit na may half-brother siya. Ang alam ko lang na kapatid nya ay si Fancy." Sabi nitong si Adrian.

Ah edi sya nga may-ari ng building na yun. Hindi naman kami close ni Lance pero okay yung pakikitungo namin sa isa't isa.

"Hindi naman kami close. At sa Korea ako lumaki. Kakarating ko lang dito nung isang gabi." Paliwanag ko.

Ang liit nga naman ng mundo.

But one thing really caught my attention. Yung ilang beses na coincidence namin ni Chelsea.

Kinailangan niya ng someone, andun ako. Business Management course niya, ganon din ako. Sa Shin-Woo Univ sya nag-aaral, dun din ako nag-transfer. At ngayon, iisang building ang tinitirhan naming unit.

Coincidence ba o destiny?

Mukhang ma-e-enjoy ko ang pag-stay ko dito sa Pilipinas dahil andyan si Chelsea.

She's pretty, cute, so innocent, angelic face and very simple. Ang sarap niya kasama at kausap. Hindi ako naiilang sa kaniya o kung ano pa man dahil komportable ako sa kaniya at natutuwa talaga ako sa kaniya. Wala siyang kaarte-arte sa katawan which I find it more interesting. Crush ko na nga siya eh. He-he!

Una ko pa lang siyang natitigan nun sa greenwich, kakaiba na yung naramdaman ko. Parang ang sarap niya lang panuorin. Ganon.

Ah basta. Masaya ako dahil kaibigan ko si Chelsea. At hindi ko alam kung anu ba'tong nabubuong pakiramdam sa dibdib ko.

Chapter 57 ?

Chelsea POV

We are walking towards the hallway. Ang intense lang ng feeling.

Alam nyo kung bakit?

Kasi naglalakad kami habang pinag-gigitnaan ako nina Adrian at James. Akalain mong ka-floor din namin siya?

Shemay naman. Si James ganda ng ngiti habang tinitingnan ako. Si Adrian naman, sama makatingin.

"Ah, eh. James dito na kami ni Adrian."

Andito na kasi kami sa may tapat ng unit namin ni Adrian.

Lumuwang yung ngiti ni James. "Eh dyan lang yung unit ko eh."

Paano ba naman, yung tinuturo niyang unit niya daw ay yung katabi ng kay Kyle. Bale katapat ng kay Adrian.

Sumobra na yung coincidence na nangyayari samin ni James. Di na kinakaya ng brain cells ko. Promise!

"Paanong dyan ang unit mo?" Gulat na gulat na tanong ni Adrian.

James smiled a bit. "Dahil yang unit na yan ang kinuha ni Lance. Katabi daw kasi niyan ay yung kaibigan niya."

Napaisip ako. So si Kyle yung tinutukoy niyang katabi niya na kaibigan ng half-brother niya.

Grabe lang talaga.

"Sige na. Pumasok ka na sa unit mo." Utos ni Adrian.

Hanla?

"Hindi Adrian. Mauna ka na kasi ihahatid ko pa si Chelsea sa unit nya." Nakangiting sagot ni James.

Parang sumama lalo ekspresyon ng mukha ni Adrian. "Eh ayan lang unit ni Chelsea. Ako na bahala sa kaniya. Sige na mauna ka na pumasok."

"Hindi, mauna ka na."

"James mauna ka na."

"Hindi Adrian ikaw na."

Ano 'to? Deja vu?

Parang Kyle at Adrian lang?

Psh. "Tumahimik nga kayong dalawa! Buti pa mauna na akong pumasok sa inyo. Bye."

Madali akong pumasok sa unit ko. Diko na nilingon yung dalawa. Ang kulit kasi. Aish. Nadagdagan tuloy sakit ng ulo ko. Grabe lang.

Hays. Diko din maintindihan ba't ganon naman si Adrian. Bakit masama tingin nya kay James? Eh ang bait-bait kaya nun saka friend ko na sya eh.

Isa pa, medyo naaawa ako sa kaniya kasi mag-isa lang pala sya dito. Tapos dipa sya ganun ka-pamilyar sa pilipinas. Tapos sabi nga nya di sila close ni Lance. Asa kapa kay Lance.

Naupo ako sa couch saka isinandal sandali ang ulo ko sa headrest.

Kkrrriiinnng!

Tumutunog iphone ko. Dinampot ko yun sa tabi ko na nakapataong sa couch kung saan ako nakaupo. Hindi ko na tiningnan kung sino tumatawag. Medyo masakit talaga ulo ko.

Pinindot ko na ang answer button nang hindi nakatingin. Nanatili akong nakasandal dito sa couch.

[Nobody.]

Napabalikwas ako mula sa pagkakasandal nang marinig ang boses na yun.

Yung boses ng taong dahilan ng kaguluhan sa isip ko. Ang taong naging dahilan ng pagiging malungkot ko.

Isang araw din syang hindi nagparamdam sakin. "A-Ah.."

Grabe parang wala naman ako masabi.

[Pumunta ka dito sa mansyon. Ngayon na.]

Hanla? Wala pala sya sa unit nya?

"Eh Kyle.."

[That's an order.]

toot toot

Hanla. Seryoso si Kyle. Dali dali akong nagpalit ng damit pagkatapos ay umalis na din.

Pagbaba ko ng building, buti nalang naka-para agad ako ng taxi.

Bakit kaya ang seryoso ni Kyle saka bakit andun na ulit sya sa mansyon?

Dahil pa din ba dun sa Mandy?

*

Kyle POV

Binaba ko na tawag ko kay nobody. She need to come here.

Nabubuwisit na ako sa kakulitan ni Mandy. Akalain mong andito na sya kaninang umaga at nagkomprontahan na kami tapos ngayon bumalik na naman?

Akala ba niya natutuwa ako sa ginagawa niya? Bwisit na bwisit na'ko na nakikita sya but on the other side, natutuwa din ako. Dahil ngayong nakikita ko siya, doon ko mas na-re-realize na wala na pala akong nararamdaman para sa kaniya.

"Mandy you can go." Muling pagtataboy ko sa kaniya. Kanina ko pa yan pinapaalis. Anong klase siyang babae? Sikat na model na siya abroad tapos dito, hinahabol-habol nya lang ako?

Wala na bang napatol na lalaki sa kaniya para habulin nya ko? Hindi na nakakatuwa. Buti sana kung mahal ko pa sya.

"No. Hangga't hindi mo naihaharap sa'kin ang babaeng kapalit ko diyan sa puso mo, hindi ako aalis."

Yan. Yan ang kanina pa niya paulit-uli na sinasagot sa'kin. Kaya nga tinawagan ko na si nobody.

"Young master, andyan na po sya." Sumilay ang ngiti sa labi ko pagkasabi nyon ni Butler.

Napatingin ako sa gawi ni nobody na naglalakad na papalapit sa'min. Nakatingin lang sya sa direksyon ko. Suddenly, I felt something in my heart. I missed her. I really do. Na-miss ko din syang sigaw-sigawan. He-he.

*

Chelsea POV

Medyo kinakabahan ako habang papalapit kay Kyle. Kasi naman alam kong may private problem sya kaya, alam nyo na. Apektado ako.

Nang makalapit ako sa kaniya, I see him smiling at me. "Buti mabilis ka?"

"Takot ko nalang sayo." Nakasimangot na sagot ko. Tumingin ako sa ibang direksyon dahil ayokong nagtititingin sa mukha ni Kyle.

Lalo akong na-i-inlove. Shemay!

Pero sa pagtingin ko sa ibang direksiyon, isang bulto ng babae ang nahagip ng tingin ko. A beautiful woman who were so sexy. She looks like a model. Elegante siyang tingnan pero parang mataray?

Magsasalita na sana ako ng hawakan ni Kyle ang kamay ko.

Means, holding hands kami ngayon habang papalapit sa babaeng nakaupo sa garden.

Teka, sino ba yan? Hindi ako pumalag sa pagkakahawak ng kamay sakin ni Kyle.

Syempre, pabor sakin. Haha!

Wag nga. Diba, inlove na'ko kay Kyle. Psh.

"Here she is. Pwede ka ng umalis."

Napatingin ako kay Kyle dahil sa sinabi nyang iyon bago ako napatingin sa babaeng nasa harapan namin ngayon ni Kyle.

Napansin ko ang kakaibang tingin sakin nung babae. Mula ulo hanggang paa. Aba..

Ngumisi ang babae. "You must be kidding Kyle." Sabi nung girl-la-loo.

Umiling si Kyle. "No I'm not."

Palipat-lipat tingin ko sa kanilang dalawa. Diko kasi sila ma-gets. Hello, OP po ako.

Tumawa yung babae. Pero yung klase ng pagtawa niya, elegante pa din. Samantalang ako pag tumawa, hagalpak, may paghampas pa sa kung sinong katabi ko. Haha.

"So yan talaga siya Kyle? Hindi ko alam na pumapatol ka na pala sa mga katulong? Is she your maid? Your personal maid or whatsoever?"

Nag-init ang tainga ko. Bakit ba ako napagkakamalang maid? Dahil ba di ako marunong mag-ayos ha? Porket hindi ako ganoon kaganda magdala ng damit? Wag niya akong pupulaan, makakatikim sakin 'to.

Pigilan nyo ko.

"Shut up." Si Kyle.

"I'm just telling the truth Kyle. Hindi ko in-expect na ganyang mga klaseng babae na pala ang type mo. What a pity. Bumaba na talaga ang level mo? Naalala ko pa naman na sabi mo, hundred percent syang mas better sa'kin." Tumawa na naman yung babae.

Wala na. Diko na kayang magpigil. "Excuse me lang ha? Kahiya-hiya man pero andito lang ako. Ako na pinag-uusapan niyo. And how there you to talk about me? Hindi mo pa ako kilala pero ang dami mo ng sinasabi. Ako mukhang maid? Eh ikaw? Mukha kang stepmother na mangkukulam. Grabe, sino ka ba?"

Napansin ko ang pagdilat ng mata nung babae. At si Kyle halata kong nagpipigil ng tawa.

"How dare you to say that I'm look like a stepmother? Like, duh! Sikat na model ako all over the world. At ako lang naman ang babaeng minahal ng lubos ni Kyle noon, Mandy Aguilar."

Oh. So siya pala si Mandy. "Teka, sabi mo sikat ka all over the world?" Tiningnan ko siya mula ulo mukhang paa. Chos! Hanggang paa pala. "Parang di naman. Eh hindi nga kita kilala. Kung sikat ka, dapat kilala kita. At oo, muka ka ng stepmom dahil sa kapal ng make-up mo. Saka tingnan mo nga yung suot mo, para kang hostess."

Sorry. Diko na talaga napipigilan. At ngayon pa na ito pala si Mandy? Kala niya papatalo ako sa kaniya ha.

Honestly, maganda naman siya. Lalo na siguro kung hindi naka-make-up at hindi masama ang ugali.

Pero nagtataka ako, bakit parang tinataboy siya ni Kyle? Eh diba mahal pa niya itong babae na 'to?

"Hindi ka lang in. Duh! You don't have any idea about fashion para punahin ang suot ko? Hello?"

"Hello ka din. Hindi bagay sa'yo suot mo. Hindi ka naman makinis. Tingnan mo nga yang tuhod mo, di pantay ang pagka-puti sa binti mo. Eeewww!"

Ganado akong mang-asar promise! Hindi naman napigil si Kyle eh. Natatawa pa nga. Syempre lubusin ko na. Ngayon ko nalang ulit napatawa si Kyle.

"You're unbelievable! Arrrgggh!" Nag-martsa na paalis si Mandy.

"Hahahahahahahahahah."

Hala baliw si Kyle. Lakas tumawa. Kumunot noo ko.

"Hahahahaahahahahahaha."

Nababaliw na talaga.

"Grabe ka talaga nobody. Hahahahahaha."

Still, nakasimangot pa din ako. "Anong nakakatawa? Baliw. Pinapunta mo ba ako dito para laitin ako ng babaeng yun?"

This time, he stopped laughing. "I'm sorry. Natuwa lang ako kasi naitaboy mo siya. At dun sa sinabi mo. Hindi kita pinapunta dito para hayaan kang laitin ka niya. Pinapunta kita dito para ipakita kay Mandy na may iba na ako."

Ah, may iba na sya.

MAY IBA NA?

Sino?

Ako?

"Anong ibig mong sabihin?" Naguguluhan ako sa mga pahayag nitong si Kyle.

"Alam mo, matalino ka talaga pero wala kang common sense. Aish."

Aba, para pa siyang nainis. "Eh, sa di ko na-gets eh!"

"Ganito kasi yun. Mandy is my ex-girlfriend. She dumped me for her dreams at ngayong nagbalik na siya sa pinas after two years, she's begging me to come back to her. Pero ayoko dahil wala na akong nararamdmaan para sa kaniya. Alam mo kung bakit?"

"Bakit?" Tanong ko.

"Dahil may iba na'ko. May iba ng laman ang puso ko at gusto kong ipakita yun sa kaniya para hindi na nya ko kulitin."

OMG. Kyle is smiling at me. A very sweet smile. Pero..

"Eh sino na nga yung iba na sinasabi mo?"

Si Kyle sumama na naman tingin sa akin.

Bakit?

"Aish. Ang slow mo talaga! Ikaw yung tinutukoy ko. Kaya nga ikaw ang iniharap ko sa kaniya 'di ba? Hay nobody, masisiraan ako ng tuktok sayo."

Ah, ako pala yung tinutukoy niya.

Ano? Ako?

"K-Kyle.."

"I love you."

"KYAAAAAAAAA!"

"Ouch, ouch! Nobody ano ba."

Eh kasi nahihiya ako. Kaya ayun di ko naman sinasadyang paghahampasin siya ng hanging bag ko.

Kasi bakit napaka-straight-forward nya?

Hiya talaga ako. "Aalis na nga ako."

"At bakit ha, nobody?"

Nakatalikod nako sa kaniya. Grabe, ramdam ko pamumula ng pisngi ko. Banaman kasi. Nag-i love you pa. Kaaa. Baka di ako makatulog mamaya nito eh.

"Basta uuwi na'ko." Sabi ko. I start walking pero mabagal lang. Haha para maabutan niya ako.

Ayeee!

Haha.

"Nobody!"

Hindi pa din ako lumingon.

"Nobody!"

Bahala ka dyan sumigaw ng sumigaw.

"Pag hindi ka tumigil sa paglalakad, susunggaban kita dyan at hahalikan kita, makita mo."

Automatic akong napatigil. Ano ba naman manakot 'tong si Kyle. Grabe lang. Isang araw siyang di nagparamdam tapos ngayon sobra siya kung guluhin ang mundo at puso ko.

Shemay naman!

Kinikilig pa ako

Ano bang nangyayari sa'yo Chelsea?

OMG

In an instance, I can feel his breath towards my neck. Anong ginagawa nya? "K-Kyle.."

"Psh. Masyado kang apektado sa presensya ko. Do you already love me?"

Nasa tono ng pananalita niya ang pang-aasar.

"Ahhhhhhhhhh! Kainis ka!"

Wala na. Nagtatakbo nako. Kasi. Apektado naman talaga ako sa kaniya.

Naman.

Chapter 58 ?

Chelsea POV

Monday

Back to school na naman.

Grabe lang. Parang feeling ko ang haba ng weekend ko dahil ang daming nangyari. Kasi naman eh. Bakit kasi... Aish! Makapasok na nga.

Paglabas ko ng pinto ng unit ko..

“Kyle bakit ka andito?”

Nagulat ako dahil andito si Kyle. Syempre, honestly inagahan ko talaga ngayon kasi iniiwasan ko sina James at Adrian. Alam kong magtatalo na naman yung mga yun ngayon kaya eto papasok ako kahit ang aga pa. Pero bakit ang aga din ni Kyle? Naramdaman niya yung balak ko?

“Sinusundo ka. Papasok na tayo.”

Nagbalik na talaga si Kyle?

“Pero Kyle..”

Bastos talaga nito. Paano ba naman. Basta nalang hinila ang bag ko at nauna ng maglakad.

Pero infairness, kinilig ako. I find it sweet, kyaaaa! Haha.

Napangiti tuloy ako sa kasumunod na kay Kyle.

--

Sa school..

“Oh my golly! Pinagdala siya ni Prince Kyle ng bag?”

“I can't breath!”

“Sila na ba?”

“Hindi talaga sila bagay eh.”

“I'm going to collapse!”

“Paano na tayo?”

Aish. Etong mga babae 'to sa halip na mag-aral, walang ginawa kung hindi ang mamuna ng iba. Aish.

Napatingin ako kay Kyle. Cool na cool pa din siya habang naglalakad. Ang light nga ng awra niya

ngayon eh.

Nakarating na kami dito sa room. Wala pa masyadong estudyante. Kasi naman aga nga namin diba? Naupo na ako sa upuan ko. Si Kyle naman diretso sa upuan niya sa likod.

“Kyle yung bag ko, akina.” sabi ko.

Hindi siya sumagot, sa halip ay tumayo sya at lumapit sakin bitbit ang bag ko.

Ang awkward. Kasi naman tumabi siya sakin. Nakaharap pa siya at..

NAKANGITI?

Kyaaa! Wag kang ganyan Kyle. Baka bumigay na'ko. Waaah.

“Nobody..”

Nagiging magugulatin talaga ako pag si Kyle ang tumatawag sakin. Kya!

Hindi ako sumagot sa halip, nginuso ko sa kaniya ang ilan naming kaklase na nakatingin samin. Kasi, ang awkwad talaga eh. Mga tsismosa kasi mga yan.

“HOY KAYO? TIGILAN NIYO ANG PAGTINGIN SA AMIN KUNG AYAW NIYONG DUKUTIN KO ANG MGA MATA NIYO!”

Seriously Kyle? Kailangan harsh? Pero effective naman. Haha. Kaniya-kaniyang tanggal ang tingin samin. Naiilang kasi talaga ako. Baka kung anong isipin nila.

“Nobody..”

Ayan na naman yung goosebumps pag naririnig ko yung tawag niya.

“Ha?” nag-aalangan kong sagot. Di pa nga ako makatingin ng diretso kay Kyle.

“I love you.”

“AAAAAAAAHHHHHHHHHHHHAsdfghjkl.”

Napatigil yung moment ko ng pagsigaw. Si kyle tinakpan ang bibig ko gamit ang kamay niya. Shemay, ang bango ng kamay niya. Chos!

“HMMMMMM!” pinipilit ko kumawala sa pagkakahawak ni Kyle. Kasi naman. Sino bang hindi mapapasigaw. Kasi...

Kasi....

Kasi kinikilig ako ng HARD.

Shemay!

“Ang sabi ko I love you. Dapat, I love you too ang sagot mo at hindi sigaw.” kalmadong sabi ni Kyle habang takip pa din niya ang bibig ko.

“HMMMMM!”

He smiled bago niya ako binitawan. “Hay!” nakahinga din. Naman kasi Kyle! Bakit ka ganyan.

Tiningnan ko siya ng masama. “Bak---”

Tsup!

“KYAAAAAA!!!”

"Aray naman nobody!”

Kasi hinampas ko siya. Kasi naman. Bakit niya ako hinalikan? Kahit dampi lang yun, sa labi pa din yun. Kyaaa!

Ano ba yan. Balik na talaga si Kyle sa dati? Nangungulit na siya? At parang mas lumala pa nga.

Awtomatiko akong napatingin sa paligid. Buti nalang hindi sila nakatingin. Waaaah.

Ang PDA ni Kyle.

“Sinasapian ka ba Kyle?”

Kasi naman nakangiti pa din siya sakin tapos basta. Waaah. Ano bang nangyayari dyan.

"Oo, sinasapian ako. Kaya nga ako nauulol. Ulol sa pagmamahal sayo..”

Banat ba yun Kyle? Parang diko na-gets.

“CHELSEA!!!!!”

Napatingin ako sa pinto. At shemay! Isang masarap na ulam ang papalapit sakin. Si James pala. Haha. Akala ko ulam. Kasi, YUMMY!

Hanla niyakap ako.

Napatingin ako kay Kyle sa tabi ko.

Hala nag-aapoy na siya.

“WHO THE HELL ARE YOU?”

Hanla. Sumigaw si Kyle.

“James.” nakangiting sagot ni James. Langya nakangiti pa ang mokong. Para tuloy siyang nang-aasar.

“AT ANO KA NYA?” tanong ni Kyle na tinuturo ako.

Nasa harap kasi namin siya, nakatayo.

“New friend ni Chelsea.” nakangiti pa ding sagot ni James.

“NEW FRIEND KA LANG PALA PERO KUNG MAKAYAKAP KA AKALA MO CLOSE NA KAYO?”

Highblood si Kyle.

Palipat-lipat nalang tingin ko sa kanila. Ang mga itsura nila, ewan! Si Kyle nanlilisik na mata sa galit tapos si James, nakangiti pa din.

Smiling face talaga yan. Kabaligtaran ni Lance.

Parang naguluhan si James kaya tumingin sakin. “Boyfriend mo siya?”

“OO!!” sigaw ni Kyle.

Hanla. “Hindi, hindi ko siya boyfriend.” tanggi ko. Kasi hindi naman talaga.

Nakangiti pa din si James.

“NOBODY!”

Paktay ako. Sama ng tingin sakin.

“BAKIT KA BA NANDITO??” Lumipat ang tingin niya kay James.

Grabe kanina pa sumisigaw yang si Kyle.

“Transferee ako dito.”

“PAANO KA NAKAPASOK DITO??”

“Connection.” cool na sagot ni James.

“Eh.. Kyle..”

“HINDI KITA KINAKAUSAP NOBODY!”

Sabi ko nga. Kasi naman sasabihin ko sana na kapatid yan ni Lance. Makasigaw kasi tong si Kyle, wagas eh!

“CONNECTION HUH?”

Tumango lang si James habang nakangiti pa din. Maloloka na ako sa mga 'to.

“James?”

Nagliwanag ako nang marinig ang boses na yun. Si Lance.

“Bro!” lumapit kay Lance si James at niyakap.

Itsura ni Kyle 'di maipinta.

Kanina ko pa sana gusto sabihin na kapatid siya ni Lance kaso..

“LANCE ABELLANO, KAPATID MO YAN??”

“Half-brother.” matipid na sagot ni Lance.

“PAGSABIHAN MO YANG KAPATID MO AT IPALIWANAG MONG MABUTI SA KANIYA KUNG SINO AKO!” pagkasigaw niyan ni Kyle diretso labas sa room.

Highblood talaga. Ano bang ginawang masama ni James?

Napansin kong sabay na pumunta sina Lance at James sa likod. “Dito ka na maupo sa tabi ko.” sabi ni Lance kay James.

Napadako ang tingin ko sa pinto ng dumating si Adrian. Papalapit na siya sakin kasi diba katabi ko sya sa upuan nang...

“WAG MONG SABIHING DITO KA DIN SA ROOM NA 'TO???”

Uso sigawan ngayon. Promise! Si Adrian, napapasigaw na din eh.

“Yup!” masiglang sagot ni James.

“LANCE! PAGSABIHAN MO YANG KAPATID MO!!”

Hanla. Lumabas din si Adrian ng room pagkasabi niyon.

Earth, what's happening on you?

Bakit highblood sila?

Napatungo tuloy ako. Di na ako makatingin sa paligid.

“What's their problem?”

Narinig kong tanong ni James.

“Naki-epal ka din kasi sa pinag-aagawan nila.” seryosong sagot ni Lance mula sa likuran ko.

Anong ibig niyang sabihin?

Diko po gets. Sorry.

Bahala nga sila. Aish!

Chapter 59 ?

Chelsea POV

Napapaisip pa din ako sa sinabi kanina ni Lance. Yung sagot niya kay James. Ano ba kasi yun?

Nagka-klase kami at malapit ng mag-break-time. Boring nga kasi lumilipad yung isip ko. Nung bumalik si Adrian at Kyle dito sa room, tahimik nalang sila. Di nga ako kinausap o pinansin

Krrrrrrrrrrrrrgggggg!

Breaktime na.

Wala nga pala si Janna. May one-week trip daw sa Italy kasama ang parents niya. Buti pa siya.

Alone tuloy ako.

Ayusin ko na gamit ko. Iniisip ko pa kung saan ako magbe-breaktime. Two hours kasi.

“Chelsea! Tara sabay na tayo mag-breaktime. Where do you want to eat? I'll treat you.”

Si James talaga napaka-smiling-face. Hirap tuloy tanggihan eh.

“NOBODY SA TAMBAYAN.”

Wala na. Nauna na si Kyle. As if naman kaya ko yang tanggihan. Ano ba yun.

“Crush, sa tambayan nalang.” sabi ni Adrian saka nauna na ring lumabas ng room kasabay si Lance.

“Eh, James may kasabay na'ko mag-breaktime eh.” nag-aalangan kong sabi.

“Dun ba sa sinasabi nilang tambayan?”

Hanla. “Eh, oo.”

“Sige. Tara na, sasama na lang ako.”

“Hala, di pwede. Exclusive lang kasi yun for tigers.” sabi ko. Kasi mamaya baka lamunin ako ng buo ni Kyle pag sinama ko si James dun.

“Lance is there right? Pwede naman siguro ako?”

Sabagay. Andun nga pala si Lance. Siguro nga pwede siya dun. “Sige na nga.” I said smiling at him.

Sarap niya talaga kausap. Ang gaan sa loob. Hehe nakangiti kasi palagi.

*

Kyle POV

Highblood talaga ako.

Kararating lang namin dito sa tambayan. Kawalang-gana. Ganda-ganda ng umaga ko kanina, sisirain ng kumag na yun.

“Hoy Lance, saan ba pinaglihi kapatid mo?”

“Malay ko.”

Nice talk Lance. Sarap niyo pag-untuging magkapatid. Hindi ko nga akalaing may half-brother pala yang si Lance. Saka nagtataka pa din ako paano sila nagkakilala ni nobody. Sa dinami-dami ng babae oh. At ito namang si nobody, sayang-saya.

Napatingin ako sa pinto nang bahagya iyong bumukas. Sumilip si nobody. “Kyle..”

Kumunot noo ko. “Oh?”

Lumuwag yung pagkakabukas ng pinto. “Okay lang ba kung dito din siya mag-breaktime?”

“ANO??????????”
“ANO??????????”

Nagkasabay pa kami ni Adrian. Bakit ba parang close na sila agad? Bwisit na yan.

“Eh, kapatid naman siya ni Lance kaya welcome naman siguro siya dito?”

Tingnan mo 'tong si nobody. Talagang gumagawa ng paraan para makasama yang kumag na yan. Aish. Pasalamat siya kapatid siya ni Lance, kung hindi patatalsikin ko talaga yan dito sa Shin-Woo.

“BAHALA KA. BASTA LUMAPIT KA NA DITO SAKIN.”

Lapit naman siya agad sakin. Sindak pa din pala eh. Haha. “Kuha mo akong cake sa ref tapos subuan mo ako.” utos ko sa kaniya.

“Kyle naman may kasama ako oh..”

Tinuro niya yung kumag na yun na ngayon ay nakaupo sa tabi ni Lance. Ngiting-ngiti pa. Di malaman kung nananadya eh. Suntukin ko kaya yan?

“WALA AKONG PAKIALAM. GAWIN MO INUUTOS KO.”

“OPO.”

Susunod din pala eh.

“Sinong nagbigay sayo ng karapatan na tumabi sakin?” paano ba naman ang kumag na kapatid ni Lance umupo dito sa tabi ko sa couch.

Aba. Umiinit ang dugo ko.

“Sa'yo ba 'tong couch?”

Damn it. Makakasuntok talaga ako.

*

Chelsea POV

“Sa'yo ba 'tong couch?”

Hanla. Anong sabi ni James?

Bago pa mag-react ng bonggang-bongga si Kyle, inunahan ko na. “Ah, eh James sa kaniya yang couch. Actually pati itong room na'to, sa kaniya.” sabi ko.

Kasi natatakot ako. Nakakatakot magalit yang si Kyle.

“Oh, really? Fine." tumango-tango pa siya. "By the way Chelsea sa canteen nalang ako. Kita nalang tayo sa room. Okay?” nakangiting sabi ni James saka umalis.

Na-guilty ako. Kasi naman nasabi ko dati sa kaniya na pwede kaming magkasama dito sa skul eh. Si Kyle kasi eh....

Humarap ako kay Kyle pagkaalis ni James. Si Lance, as usual, wala namang pakialam.

“Bakit mo ginawa yun?”

“Affected ka?”

“Oo kasi kaibigan ko siya!'

“Kaibigan lang talaga ha?”

“Oo nga sabi! Bakit ba ganyan ka?”

“Masyado siyang ma-papel.”

“Inano ka ba niya?”

“Wala ka na dun. Pwede ba nobody, lumayo ka nga sa kumag na yun.”

Sino ka para utusan ako? “At bakit ko gagawin yun?”

“Dahil yun ang utos ko.”

Nakakapang-init ng ulo 'tong si Kyle. “Mali naman Kyle. Ano bang masama kung kasama ko siya?”

“Basta, sinabi ko na wag ka ng lalapit sa kaniya.”

Ay nako. “Alam mo Kyle, lahat ng bagay pwde mong iutos sakin pero yung lumayo sa kaibigan? Hindi mo yun maii-utos sakin!”

Naiinis na ako sa kaniya. Bakit ba sya ganun kasi.

“Alipin kita kaya susundin mo ako.”

“AYOKO.” pagmamatigas ko.

“It's an order nobody.”

“I don't care basta diko siya lalayuan. Mabait si James.”

“Hindi mo siya kailangang purihin sa harap ko.”

Huminga ako ng malalim. Mukhang magkakaaway na naman kasi ni Kyle. Hays.

“Aalis na ako. Basta sabi ko sayo hindi mo ako mauutusang layuan siya.”

Akmang alis nako nang mapatigil ako sa sinabi ni Kyle.

“DAMN! I'M JEALOUS!”

Lumingon ako. “Ano?”

“You heard it right. I'm jealous kaya gusto kong lumayo ka sa kaniya.”

Kanina naiinis ako pero ngayon... ngayon bigla akong...

Kyaaaaa!!!!!!!!!!

Kinikilig ako.

Selos daw si Kyle.

“Wala ka namang dapat pag-selosan sa kaniya. He's only my friend.”

Sumimangot si Kyle. “Friend nga pero nagagawa ka na niyang hawak-hawakan at yakapin. Ibitin ko kaya siya sa punong mangga ng patiwarik?”

“Sobra ka naman Kyle.”

Infairness, nawala talaga ang inis ko kay Kyle.

“Basta lalayuan mo na siya.”

Ayan nanaman. “Hindi pwede kasi ako palang kaibigan niya dito. Pero Kyle wala ka namang dapat pagselosan.”

“Bakit?”

“DAHIL IKAW ANG GUSTO KO.”

Did I say that? Hanla?

I ran as fast as I could palabas ng tambayan. Hindi ko alam san ako papunta. Ang gusto ko lang ay makalayo kay Kyle.

Shemay! Bakit ko nasabi yun?

Bad mouth.

Hanla. Anong mukha ihaharap ko sa kaniya? Waaaaaaaaaaaaaah.

Nakakahiya!!!

Help me people!

Chapter 60 ?

Chelsea POV

Hinga malalim

Woooh!

Nakalabas din ng room. Pauwi na'ko ngayon. Tinakasan ko silang lahat. Kasi naman. Ayoko sabayan si Kyle.

Waaaa. Buti na nga lang nagkaroon sila ng urgent practice kanina kasama ang tigers.

At least di niya ko nagulo kanina sa klase. Kadaldalan ko nga lang si James kanina eh.

Pero tinakasan ko din sya. Haha. Ayoko makasabay kahit sino sa kanila.

Masyado naman na kasi ako nakukuyog. Waaa. Bakit kasi ako? Hindi naman ako ganoon kaganda eh.

Nag ordinary bus nalang ako pauwi. Mahal kaya taxi. Hehe. Kailangan ko pa din magtipid 'no.

Muni-muni ako habang andito sa bus. Maya-maya, may nakatabi ako.

"James?"

Eto talagang si James parang may powers. Talagang nasundan pa din nya ako?

"Hi."

Nasundan pa din ako. "H-Hello."

"Bakit di mo ako hinintay?"

"Eh kasi naman nagmamadali ako." Pagsisinungaling ko.

"Bakit naman?"

"May mga gagawin pa akong assignments natin."

He smiled at me. "Ang sipag mo talaga. Maganda ka na nga, mabait pa, palangiti, matalino, masarap kausap, masarap kasama tapos ang sipag mo pa."

Kyaaa. James, utang na loob wag mo akong puriin ng ganyan.

"He-he." Yan lang naisagot ko. Kasi naman eh.

"Nasayo na lahat ng gusto ko sa isang babae."

"H-Ha?"

Anong ibig niyang sabihin?

"Wala. Tara na nga baba, ayan na building natin oh."

Hinila na ako pababa ni James. Hawak pa nya kamay ko

Hanubayan!

Nawawala na ako sa sarili ko. Kaloka talaga pag may mga nakakasalamuha kang gwapo.

Andito na kami sa may harap ng building.

"Kailangan talaga magka-holding hands pa kayo?"

Tingin sa kamay

Hanla. Sa sobrang pag-iisip ko di ko nahila kamay ko kay James. Hinila ko agad.

Waaah. Si Kyle nanlilisik mata. Bakit ba andito yan sa harap ng building?

"E-Eh.."

"No need to explain." Sabi niya sakin at lumipat ang tingin kay James. "Ikaw, pwede ka ng umalis."

Hindi pa pala alam ni Kyle na dito din nakatira si James. And worst, sa tabi pa ng unit nya.

James smiled at Kyle. "Dito din ako nakatira."

"Nananadya ka na ba? Sinusundan mo ba si nobody??"

"Actually coincidence lang. Si Lance ang kumuha ng unit ko dito. Ang galing nga eh. Para kaming destiny."

Hanla. Nag-uusok na ilong ni Kyle.

Napasinghap ako nang tingnan ako ni Kyle ng masama. "Pumunta ka sa unit ko pagkabihis mo. Mag-uusap tayo."

Pagkasabi nyon umalis na si Kyle. Nauna ng umakyat sa unit nya.

Hindi tuloy ako makakilos sa kinatatayuan ko. Mag-uusap daw kami. Hala. Lagot ako.

"Bakit parang takot ka sa kaniya?"

Napatingin naman ako kay James dahil sa tanong nya. "Ah, eh. Siya yung amo ko na sinasabi ko. Diba personal maid ako?"

"Oh. So siya pala yung amo mo."

"Inulit mo lang sinabi ko eh."

"He-he. Pinapatawa lang kita. Tara, akyat na tayo."

Ayan na naman yang paghila nya sakin. Aish.

Dito na kami sa floor namin at..

"Kyle ba't andyan ka sa labas?"

Nakasandal kasi siya sa may pinto niya.

"Talagang hinahatid mo pa si nobody sa unit nya? Kelan pa 'to?"

Hanla. Galit na naman.

"Yeah. Hinahatid ko siya. Tutal dito din naman ako sa floor na 'to."

"ANO?"

Sumingit ako. "Eh Kyle dyan sa katabi mo."

"ANO?"

"She's right." Sabi ni James.

"Nobody bilisan mo! Mag-uusap tayo ng masinsinan!" Sigaw ni Kyle sakin.

"Teka lang brad, hindi naman yata tamang sigaw-sigawan mo si Chelsea. Kung makapag-demand ka. Hindi ka naman niya boyfriend para ituring mo siyang ganyan."

Hanla. First time kong nakita si James ng seryoso. Saka hala, ano yang sinasabi nya kay Kyle.

Napansin kong naiinis na din si Kyle.

Paktay.

"Ano bang pakialam mo?"

"May pakialam ako dahil kaibigan ko si Chelsea. Hindi ko hahayaang ganyanin mo pa siya. Sigaw-sigawan? Mali yun brad. Ang babae, ginagalang."

Seryoso talaga si James.

Hinawakan ko si James sa braso niya. "James.."

"Masyado kang ma-papel? Wala kang karapatang pagsabihan ako. Sino ka sa akala mo?" Sabi ni Kyle.

"Ako? Ako lang naman ang taong po-protekta kay Chelsea. Ako ang taong handa siyang alagaan lalo na sa taong katulad mo."

Cool pa din yung pagkakasabi ni James nun pero seryoso sya. Nag-aaway na ba sila?

What to do?

"Eh Kyle, pasok ka na sa uni-"

"HINDI KITA KINAKAUSAP!"

Bentang-benta ako sa sigaw ni Kyle.

Napatungo nalang ako. Pero..

"Kasasabi ko lang na mali ang sigawan siya!"

Si James hawak na ang damit ni Kyle sa may leeg. Kumbaga parang handa nang manuntok.

Waaahh. Hinila ko si James. "James tama na.."

Itinulak ni Kyle si James. "Wala kang karapatang hawakan ako. Gusto mo ba ng away ha!"

Natatakot nako. Totoong away na yata 'to.

"Tama na yan." Pagmamakaawa ko. Humarang ako sa gitna nila.

"James, sige na pasok ka na sa unit mo. Ako na bahala dito."

"Pero Chelsea.."

"Please?" Natatakot na talaga ako sa kanilang dalawa

Mukhang napapayag ko naman si James pero tumingin muna sya ng masama kay Kyle. "Once na maging girlfriend ko na si Chelsea, hinding-hindi ko hahayaang lumapit ka sa kaniya. Tandaan mo yan."

Anong sabi ni James? Ayun pumasok na sa unit nya.

Humarap ako kay Kyle.

"Kyle.."

"Shut up!"

Hanla. Pumasok na din sya sa unit niya. Ang lakas pa ng lagabag ng pinto.

Waaah. Galit din sya sakin?

Nanlulumo akong pumasok sa unit ko. Naupo ako sa couch at nagtext.

To: Kamahalan
Pupunta pa ba ako dyan sa unit mo?

Eh kasi highblood na si Kyle. Bakit ba nagawa yun ni James? At anong sinasabi niya na pag ako naging girlfriend na niya? Eh di nga yun nanliligaw. Hanla naman.

Mukhang seryosong away na ang mayroon sa kanila ni Kyle.

Teneneneneen!

From: Kamahalan
Go to hell with that dumb ass man!

Bakit ganon text ni Kyle? Galit nga sya? Bakit ganoon, eto na naman yung kirot sa dibdib ko.

Nangigilid na din luha ko. Agad ko ding pinunasan at nagpasyang puntahan si Kyle. Bahala na kahit sigaw-sigawan nya ako. Natatakot akong bumalik na naman sya sa pagiging cold sakin.

Pinindot ko yung door buzzer.

Maya-maya, nagbukas yun. "K-Kyle.."

"Bilisan mo!"

Sinigawan na naman ako. Dali-dali akong pumasok sa unit niya.

I feel so uneasy. Di ko alam paano magsisimula. Hindi ko alam ano sasabihin.

"Linisin mo buong unit ko."

"Akala ko mag-uusap tayo Kyle?"

"Nagbago na isip ko. Diba alipin lang kita? Maglinis ka na!"

Pagkasabi nun tinalikuran na nya ako. Wow. It hurts.

Bakit ganito parang may makirot talaga sa dibdib ko. Alipin LANG daw ako. So wala na yung, panliligaw nya? Yung I love you niya?

Bumalik na ba sa old Kyle?

Ang sakit lang.

Sa halip na maglinis ako, "Aalis na ako. Hindi ako maglilinis ng unit mo."

Seryoso kong sabi. This time, talagang seryoso ako dahil nasasaktan ako sa pinapakita ni Kyle. Hindi ko na ma-gets yung ugali niya.

Kanina ko nga lang din na-realize. Ang babae ginagalang at hindi sinisigaw-sigawan. Tama si James. Bakit ba ganun si Kyle sakin? Akala ko ba gusto nya ko?

"Alipin kita kaya susunod ka." Matigas nyang sabi. Prenteng nakaupo siya sa couch nya habang nakatutok ang tingin sa TV screen.

"Oo nga. Alipin mo lang ako. Alam ko naman. Pero ayokong sundin ka ngayon. Tutal nasa usapan naman na pag di ako sumunod, ako magbibigay ng 5K. Sige bibigyan nalang kita." Sarkastikong sabi ko.

Wala eh. Parang umabot na ako sa point na napupuno na ako. Na nare-realize ko na ang ginagawang mali sakin ni Kyle. Bakit ko ba yan nagustuhan kahit ganyan ugali niya?

Hindi ko na alam kung paniniwalaan ko pa ang sinabi nya na gusto nya ako. Na mahal nya ako.

"Hindi. Gagawin mo ang utos ko." Pagmamatigas ni Kyle.

Wala na. Diko na napigilang maiyak. Kaya nga sana gusto ko na umalis dito sa unit niya.

"Anong arte yan?"

Wow. Arte lang 'to sa tingin niya? Wow talaga.

"Tulad nga ng sabi mo, arte lang 'to. Sige lilinisin ko na unit mo." Walang emosyong sabi ko saka nagsimula ng mag-imis-imis ng kalat.

Minsan lang ako magalit pero wagas. Sobra na si Kyle. Malamang di nya ko talaga gusto. Nahamon lang siguro ni Adrian dati yung pride nya kaya sya nakipag-kompetensya.

Okay fine Kyle. Mula ngayon, ako na mismo ang lalayo sayo. Lalapit lang ako pag uutusan mo ako. sabi mo nga, ALIPIN LANG AKO.

After 123456789 years. Natapos ako maglinis. Tahimik lang kami pareho at walang pansinan.

"Aalis na ako. Tapos na." Wala pa ding emosyong sabi ko.

Akma nakong magbubukas ng pinto para lumabas pero..

"Ano bang problema mo?"

Ayan na naman luha ko. Bakit ba napakababaw ng luha ko pagdating kay Kyle? Dahil ba mahal ko na sya? Shemay na pag-ibig yan.

Hindi ako lumilingon. "Ikaw Kyle. Anong problema mo."

"Ako pa may problema? Damn it. Umalis ka na nga!"

Fine. Sabi mo eh. Aalis talaga ako. Pati dyan sa buhay mo.

Hindi na ako nagsalita. Lumabas na ako ng unit nya.

Pagpasok ko sa unit ko napadapa ako sa couch ko at hindi inaasahang tuluyan na akong maiyak.

Ang sakit-sakit. Bakit ba hindi ko maintindihan si Kyle. Kung dati nakakaya ko pa yung mood swings niya, ngayon parang hindi na. Ayoko na. Ayoko ng intindihin sya. Mula ngayon, yung kontrata nalang ang mag-uugnay samin. At itong nararamdaman ko para sa kaniya? Pipigilan ko na.

*

Adrian POV

Kanina pa'ko tumatawag kay crush pero di niya sinasagot.

Totoo lang, ayoko na syang kulitin pagkatapos kong marinig ang sinabi nya kanina sa tambayan.

Malinaw nyang sinabi na si Kyle ang gusto nya. Bakit pa ako mangungulit sa kaniya kahit alam kong wala na akong pag-asa?

Andito nako sa floor namin. Hindi ko alam pero nang mapatingin ako sa pinto ng unit ni crush, parang

may naghihila sakin na pumunta dun. Tutal alam ko yung passcode ng pinto nya.

Ewan ko pero wala. Pumasok ako sa unit niya.

Si crush nakadapa sa couch niya..at..

Umiiyak?

Yung hikbi nya rinig na rinig ko. Agad akong lumapit sa kaniya at hinagod ang likod niya.

Halata namang nagulat siya dahil napabalikwas sya ng bangon. "Crush, what happened?"

Nag-aalala ako. Ayokong nakikita syang umiiyak. Nakatingin lang sya sakin habang patuloy syang umiiyak.

Niyakap ko sya at inalo. "Sshhh.."

"A-Adrian.."

"Anong problema? Shhh.. Tahan na.."

"S-Si kyle.."

Si Kyle pala dahilan. Ano na namang ginawa nya kay crush?

"Anong ginawa nya sayo?"

She cleared her throat and faced me. "Bakit ko pa siya nagustuhan Adrian? Bakit hindi ko na maintindihan si Kyle? Bakit sabi niya gusto nya ko, mahal niya ko pero di nya ko nirerespeto, he keep on shouting on me. At palagi nyang pinagdidiinan na alipin niya lang ako. Ewan ko pero nasasaktan ako Adrian.."

Damn him. Humanda ka sakin Kyle. Kanina lang naiisipan ko ng mag-give-way sayo dahil ikaw ang gusto ni crush pero kung sasaktan mo lang sya at hindi mo kayang panindigan ang nararamdaman mo kay crush, pasensya nalang pero pipilitin kong mahalin ako ni crush.

"Tahan na. Okay? Wag mo ng isipin ang gagong yun. I'm here. Stop thinking about him. Masasaktan kalang."

Hindi ko inaasahan ang gagawin ni crush.

She kissed me. Not just a smack. She's still kissing me. At wala akong nagawa kundi tugunin siya.

I can see her crying while kissing me. Ramdam ko yung sakit na nararamdaman nya. Kilala ko si Kyle at ganoon talaga ugali niya. Hindi ko akalaing hindi nya kayang magbago para kay crush.

Gusto kong itigil ang halik na nagaganap samin ni nobody. Mali dahil para akong nagte-take advantage. Alam ko na ang mga taong nasa ganitong stage, yung sobrang nasasaktan sila, hindi nila alam ginagawa nila.

Pero hindi ko kayang tanggihan si crush. She keep on kissing me habang palalim ng palalim.

Maya-maya tumigil na siya sa paghalik sakin but she's still staring at me. "Sana ikaw nalang minahal ko.."

I kissed her torridly and stop. Tama na yun. "Take a rest. Dito lang ako sa tabi mo."

Para namang natauhan siya. "Adrian sorry.."

"Shh, no need to say sorry. It's okay. Let's go."

Binuhat ko na siya at wala naman akong narinig na pagtutol mula sa kaniya. Dinala ko siya sa kwarto niya at inihiga sa kama.

Umupo ako sa gilid ng kama niya at hinawi ang ilang hibla ng buhok na humarang sa mukha niya. May luha pa ding umaagos mula sa mata niya.

"Tahan ka na. Dito lang ako. Sleep tight." I said then kissed her on her forehead.

Nagpunas naman siya ng luha nya saka ngumiti sakin. "Thank you Adrian."

Iyon ang huling sinabi niya bago siya tuluyang nakatulog. I kept on staring at her.

Bakit nga ba kasi si Kyle ang minahal mo? Andito naman ako.

Napahawak ako sa labi ko. It's my first time to kiss her on her lips. Ninanakawan ko man sya ng halik, sa pisngi lang.

Mabuti nalang magaling akong magpigil. Kung hindi baka hindi ko na napigilan ang sarili ko at sinamantala ko yung kahinaan nya.

But no. I love her. Oo mahal ko na si Chelsea kaya nga willing na'kong mag-let-go. Kaso gagong Kyle na yun hindi kayang alagaan si Chelsea. Sorry nalang sa kaniya pero mas dodoblehin ko pa ang effort ko para mapasakin na ang atensyon ni chelsea.

Anong klaseng pagmamahal ang nararamdaman niya para kay Chelsea kung di naman nya kayang panindigan? O baka naman PRIDE nya lang yun at hindi nya talaga mahal si Chelsea?

Damn you Kyle. Kaibigan kita pero hindi ko na ito-tolerate ang trato mo kay Chelsea dahil nasasaktan na sya.

Aagawin ko siya sa'yo kahit hindi pa kayo.

Tandaan mo yan Kyle.

*

Kyle POV

Naiinis ako sa sarili ko. Bakit ba hindi ko kayang kontrolin ang temp ko?

Ewan ko pero once na uminit ang ulo ko, maninigaw at maninigaw talaga ako.

Hindi ko naman ginustong masigawan si nobody kanina. Hindi na nga ako mapakali dahil kanina, kakaiba si nobody. Napansin ko pa na umiiyak siya habang naglilinis nitong unit ko.

Sino bang di magagalit? I already told her na nagseselos ako sa James na yun pero lumalapit pa din sya. Nakita ko pa silang magkahawak ng kamay kanina at parang okay lang sa kaniya.

Damn it! Kinakain na ako ng selos ko.

I really love her. I love nobody pero sana naman layuan niya ang lalaking yun.

Ngayon pa na binantaan pa ako na pag naging girldfriend niya si nobody, ilalayo sya sakin?

Damn him.

Ako ang gusto ni nobody. Wala ng iba.

Bilang isang lalaki, pride ko yung natatapakan. Yung makita silang magkasabay umuwi? Tapos ako, tinatakasan nyang si nobody? Galing.

Kaya talagang hindi ko na sinasadyang masigawan siya kanina.

Nagi-guilty tuloy ako at gusto ko syang puntahan sa unit nya.

Itext ko kaya?

Tch. Hindi na ako mapakali. Tatawagan ko nalang.

Calling Nobody..

Buti sinagot. Di ko na sya hinintay sumagot. Naunan na ako.

"Hoy nobody, mag-uusap tayo pumunta ka na dito sa unit ko."

[...]

Walang nasagot? Pakana nitong nobody na'yan.

"It's an order nobody! Baka nakakalimutan mo alipin pa din kita."

[Stop calling her.]

toot toot

Sino yun? Bakit boses ng lalaki?

Nag-dial ulit ako pero nakapatay na yung cellphone ni nobody. Sino ang hudas na yun?

Malabong si James. Parang boses yun ni Adrian.

Nasa unit sya ni nobody? O magkasama sila ngayon?

Masisiraan na ako ng ulo. Tinawagan ko si Adrian.

"Nasaan kayo ni nobody. Alam kong kasama mo siya."

Mainit na nga ulo ko kay James, dumagdag na naman tong si Adrian.

[Nasa malayong lugar. She needs some fresh air. Kaya wag ka ng mag-abalang tawagan siya. Diba alipin mo lang siya? Kaya wala ka ng pakialam sa kaniya.]

toot toot

Ano daw? Ano bang ibig sabihin ni Adrian? Masyado syang seryoso. At saan naman sila pumunta?

Damn it!

*

Adrian POV

Oo Kyle. Nasa malayong lugar kami. Actually on the way kami ni crush papunta sa private resort namin sa batangas.

Hindi na nga namalayan ni crush dahil tulog na tulog sya. Binuhat ko lang sya hanggang sa parking lot ng building at sinakay sa kotse. Hanga din ako sa lalim ng tulog niya. Di man lang nagising.

Gusto kong kahit papaano, ma-refresh ang isip niya. A-absent muna kami bukas. Tatawag nalang ako sa prof namin.

Gusto kong mapasaya sya kahit isang araw lang. Yung ako lang at hindi nya iisipin ang gagong Kyle na yun.

Alas 10 na ng gabi at masaya akong nagmamaneho ng kotse ko habang sumusulyap kay crush na natutulog pa din sa passenger seat. She looks like an angel. A good one.

Doon na lang kami mamimili ng pagkain. And I will assure that I can make her happy.

Crush, ilalayo muna kita ky Kyle kahit isang araw lang.

Sa akin muna atensyon mo.

Sa akin lang.

Chapter 61 ?

Chelsea POV

Mulat mata.

Grabe bakit sakit ng mata ko. Parang namamaga. Aish. Nag-iiyak nga pala ako kagabi.

Hanla. Teka, anong oras na? Late nako. Babangon na ako nang may mapansin ako.

Kaninong kwarto 'to? Napansin ko cellphone ko na nakapatong sa side table.

524 missed calls
213 message

Seriously? Asan ba ako?

9 na ng umaga. Di na ako makakapasok. Late na talaga. Pero asan ba talaga ako?

Tiningnan ko yung missed calls. Lahat galing kay Kyle at isang unregistered number.

I checked the messages.

From: Kamahalan
Where the hell are you?

From: Kamahalan
Are you with Adrian? Damn. Where are you?

From: Kamahalan
Bakit hindi kayo pumasok? Damn it, answer my calls!

From: 09*******
Chelsea. Si James 'to. Ninakaw ko lang number mo sa record mo sa school. Asan ka?

Loko si James. Talagang ninakaw? Di ko na binasa ibang text. Naalala ko. Masama nga pala loob ko kay Kyle.

Ano bang nangyari kagabi?

Isip..

Isip..

Nag-flashback sa isip ko yung nangyari kagabi and..

Is that real?

I kissed Adrian?

My golly!

tok tok

Kumunot noo ko kasi wala akong idea sinuman yan. At hindi ko pa din alam kung nananaginip pa ba ako dahil nasa ibang kwarto ako.

Bumukas ang pinto.

"A-Adrian?"

Si Adrian nakangiti habang dala yung tray ng food. Waaah. Naaalala ko yung kagabi.

Shemay! Nakakahiya.

"Gising ka na pala. Pinaluto kita ng breakfast. It's better kung dito mo nalang kainin." He said.

Bumangon ako saka naupo lang sa kama. "Pero Adrian, asan ba ako?"

"Batangas."

Ah. Batangas pala.

"ANO? BATANGAS?"

Tumango si Adrian. Shemay. Paano ako napunta dito sa Batangas?

"P-Pero paanong.."

"Dinala kita dito. Masyado kang depress kagabi. You should take some rest."

Kagabi..

Kagabi..

Kagabi..

Waa! Naaalala ko yung kiss. Kakahiya. Sana hindi na maalala yun si Adrian. Nakakahiya talaga ako.

"Pero paano yung klase natin?" Tanong ko.

"Tumawag na ako sa profs natin and I informed them na may mahalaga tayong lakad."

Grabe lang. Ganun ba kadaling magpaalam sa mga prof ng shin-woo? Kung sabagay, si Janna nga paalis-alis lang eh.

"Pero Adrian di mo na dapat 'to ginawa. Naabala kapa tuloy."

Bakit kasi sobrang bait ni Adrian? Kahit nadulas na ako sa harap nila na si Kyle ang gusto ko, andito pa din sya sa tabi ko. Napaka-swerte ng magiging girlfriend niya. He is every women's perfect boyfriend.

Kung mahal ko lang siya, sana sinagot ko na sya. Pero hindi eh. Ayokong maging unfair at ayokong magsinungaling about my feelings.

"It's better if you eat this." Inayos niya yung pagkain sa mini table. Ang sasarap. Grabe. Tapos hinandog pa ni Adrian. Effort.

"Adrian." I paused for a second. "Thank you."

"Ilang beses ko na yan narinig. Pwede bang tama na? Too much is irritating. Lahat ng ginagawa ko para sa'yo, kagustuhan ko yun. But you know, someday, I wish na I love you na yung sasabihin mo sakin at hindi thank you."

"Adrian.."

"Eat this. Just call me if you're done para makapamasyal na tayo. One day lang 'to kaya dapat nating sulitin." Nakangiting paalam ni Adrian saka ako iniwan dito sa kwarto.

Grabe lang.

Ang bait niya, super!

*

Kyle POV

Damn it!

Ilang missed calls na ang nagawa ko pero wala, walang sumasagot.

Damn it!

Nasaan ba kasi ang babaeng yun? Kasama pa yata nga nya si Adrian.

Andito ako sa room at napansin ko si James na hindi rin mapakali. Mukhang wala din syang alam sa pag-absent ni nobody.

Sinubukan ko ulit tawagan si nobody. But this time, nagliwanag ang mukha ko nang may sumagot na sa kabilang linya.

"Asan ka ba nobody? Kanina pa ako tawag ng tawag sa'yo."

[Kung wala ka naman pong iuutos, wag mo akong tatawagan. At oo nga pala, busy ako ngayon. Bukas mo nalang ako utusan. Bye.]

toot toot

WTF?

Ano yun? Bakit ang cold at ang seryoso naman yata ng nobody na yun?

Masisiraan na ako ng tuktok. Isang bagay lang ang naisip kong gawin.

I stood up and get the prof's attention.

"Yes, Mr. Shin-Woo?"

"May I know where is Mr. Buenavista and Miss Torres?"

Hindi nagsasalita ang prof.

"You will tell me or I will kick you out?"

Sino sila sa akala nila? Wala akong sinasanto.

"They're having their one day vacation in Batangas. I think it's Mr. Buenavista's private resort."

Pagkasabi nya nun dali-dali akong lumabas ng room. Alam ko yun. Nakapunta na kami dun dati. Anong pakana naman ni Adrian at nagpunta sila dun?

Shit.

*

Chelsea POV

Andito kami ni Adrian sa tabi ng dagat. Nagulat nga ako kanina. Nasa beach pala kami. Hehe akala ko simpleng bahay lang.

Honestly natuwa ako sa ginawa ni Adrian. Yung ilayo muna ako sa depression. Tama ka, si Kyle yung depression na yun. Yun ang tinatawag na Kyle Syndrome.

Natawa na nga lang ako habang kinukwento kanina ni Adrian na tulog na tulog ako kagabi kaya hindi ko namalayan na binuhat nya ko sa kotse nya hanggang makarating dito.

Napaisip din ako. Kung nagkataon pala, madali akong maki-kidnapped pag tulog ako. Haha

"Chelsea.."

Waaa. Kinakabahan ako sa tawag ni adrian. Kasi naman naaalala ko yung kagabi. Shemay!

Tumingin ako kay Adrian na nakaupo sa tabi ko. "Hm?"

"Do you want to swim?"

Bigla akong nakaramdam ng excitement. Syempre gusto ko. Hindi pa kaya ako nakakapag-swimming sa dagat. Kawawa ako 'no? Wala eh. Mahirap lang talaga.

"Sige, sige!"

Tatayo palang ako ng bigla akong buhatin ni Adrian. "Waaah! Adrian, ibaba mo ako! "

Tumatawa lang si Adrian. Tumatakbo na siya papuntang dagat habang buhat ako. "Waaah!"

Langya. Si Adrian hilig nyan mang-buhat. Di ako marunong lumangoy.

Magpupumiglas pa sana ulit ako kaso wala na. Andito na kami sa tubig.

At basta nalang ako nilaglag ni Adrian. "Waaah! Nalulunod ako! Waaah! Di ako marunong lumangoy! Help! Help!"

"Crush. Hanggang bewang lang yung tubig." Kalmadong sabi ni Adrian.

Okay. Ako na napahiya. Kasi kinabahan lang ako. Di ako talaga marunong mag-langoy. Swear!

Tumayo ako sa tubig. Tama si Adrian. Hanggang bewang ko nga lang. Kakahiya naman talaga.

"Akala ko malulunod ka talaga eh.."

Sumimangot ako. "Hindi mo man lang nga ako tinulungan."

"Hinihintay ko talagang mawalan ka ng malay para mai-mouth-to-mouth-resuscitation kita. Haha."

"Sama mo."

Nagulat ako ng yakapin niya ako. "Joke lang. Alam ko naman kasing dika malulunod. Isa pa, hindi talaga kita dadalhin sa malalim."

"Talaga? Bakit?"

"Kasi baka malunod ka sa pagmamahal ko."

Sige lang Adrian, banat pa. Pero sweet ha. Haha.

"Tara na nga maglangoy!"

"Okay!"

*

Third Person POV

Adrian and Chelsea played around the water. Nagwiwisikan sila ng tubig, naghahabulan pero di sila umaalis sa hanggang bewang na level ng water.

Masaya si Chelsea. Dahil dito, she can forget Kyle kahit isang araw lang.

Pakiramdam niya, na-re-refreshen ang sarili niya. Hindi nya akalaing masarap sa pakiramdam ang lumayo muna pansamantala sa taong nagiging dahilan ng pag-iyak niya.

Naiisip nga niya, hindi pa sila ni Kyle pero nasasaktan na sya nito. Paano pa kaya pag naging sila na?

Naiintindihan niya kung nagseselos man si Kyle. Pero hindi naman tama ang trato nito sa kaniya. Si Adrian, hindi niya ito kayang layuan dahil para sa kaniya, ito ang the best male bestfriend she can have. Lagi itong nasa tabi niya, for better or for worse. Lagi siya nitong pinapangiti at ito rin ang knight in shining armor. Hindi niya pwedeng layuan ang taong nagiging shoulder to lean on niya.

Si James. New friend pero napasaya siya nito sa oras na kailangan niya ng karamay. He's willing to protect her at lagi siya nitong binibigyan ng good vibes. Bakit nya lalayuan ang taong nakakapagpasaya rin at naging mabuti sa kaniya?

Kahit kadalasan, nagtatalo sila masaya pa rin siya na nakilala niya ang mga ito. Kaya hindi issue ang pagseselos ni Kyle. Hindi dahilan ang pagseselos niya para sigaw-sigawan siya at i-trato ng ganun.

"Natulala ka na dyan." Puna ni Adrian kay Chelsea.

Chelsea smiled at Adrian. "Thank you talaga."

"Sabi ko tama na ang thank you na yan. Hahalikan na kita dyan, sige ka!"

Chelsea felt embarassed when she heard the word, "*hahalikan*". She remembered how dumb she was last night to kissed Adrian.

Niyakap ni Adrian si Chelsea mula sa likod na ikinagulat ni Chelsea. And then she was shocked when she heard what he said.

"I'll make you fall in love with me.."

What the...

*

Kyle POV

Nakarating na ako dito sa beach resort nina Adrian. Pumunta akong dagat, baka sakaling andun sila.

Di ako nagkamali. I saw them in the water. Naka-back hug si Adrian kay nobody. And damn! Hinahayaan niya lang gawin yun ni Adrian?

Argh! I can feel it again. I'm jealous!

Lalapit na sana ako ng marinig ko ang sinabi ni Adrian kay nobody. Hindi kasi nila ako napapansin. Nakatalikod sila sa pwesto ko.

"I'll make you fall in love with me.."

Anong ginagawa ni Adrian? Wala. Kinain na naman ako ng selos ko. Akin si nobody. Akin lang.

Tumakbo ako papalapit sa kanila at ikinalas si Adrian kay nobody.

"Gago ka!" The next thing I did, I punched him.

Natumba siya sa may tubig. "Damn you Kyle!" Sigaw nya sakin.

"Ano ba!" Pumagitna samin si nobody. "Kyle, bakit ka nandito?"

Wow. "Bakit? Naiistorbo ko ba kayo ha?" Sarkastiko kong sabi. Damn it, I'm really jealous!

"Oo! Naiistorbo mo kami!" Sigaw niya.

It hurts. "Talaga lang? Bakit, may balak na ba si Adrian na i-tanan ka? At pumayag ka agad?"

Shit lang! Galit na galit ako. Selos na selos ako.

PAKK!

Napahawak ako sa pisngi ko dahil sa sampal na iyon ni nobody. "Anong karapatan mong sabihin yan? Wala ka na bang matinong magagawa kung hindi ang manakit ng ibang tao ha?"

Napansin ko yung galit sa mga mata ni nobody. "I'm jealous nobody! You told me na ako ang gusto mo pero ano 'to? Anong ginagawa mo? Nananadya ka na ba? Ha? Pinagseselos mo ba talaga ako? Kasi kung oo, tangna! Selos na selos na'ko!"

"Ganun ba tingin mo sakin? Ha? Oo nga, sinabi ko ikaw ang gusto ko! Ikaw naman talaga ang gusto ko. Mahal na nga yata kita eh. Kaso ikaw yung problema eh! Gusto kong pigilan ang nararamdaman ko sayo! Alam mo kung bakit? Kasi sobrang sakit sakin ang mahalin ka!"

"What did you say?"

"Can't you understand Kyle? You're hurting me! You told me you like me. You even told me you love me pero anong pinapakita mo? You kept on shouting me! You kept on hurting me! At alam mo yung pinakamasakit? Yung ipagkalandakan mo sakin na alipin mo lang ako!! Kaya pwede ba Kyle? Kung hindi mo kayang panindigan ang nararamdaman mo, itigil mo nalang. Mag-isip kang mabuti dahil baka hindi yan pagmamahal at pride lang. Galit ako sa sarili ko dahil ikaw pa ang minahal ko. Ikaw pa na walang puso!"

Yeah. It was a hurtful confession. I looked at her walking away from me. Kasalanan ko ba? I'm just jealous. Oo dati, wala akong puso. Gago ako at walang kwenta pero nung nakilala ko si nobody, unti-unting nabuo ang puso ko.

I love her. At hindi yun pride lang.

Hindi ko namalayang may luha na palang tumutulo sa pisngi ko. Wow.

It's gay. Pero nasaktan ako sa sinabi niya.

"If you love her, gagawin mo lahat ng bagay na makapagpapasaya sa kaniya kahit simpleng effort lang. Mababaw lang ang kasiyahan ni Chelsea. And as a friend, please stop hurting her. Treat her well kung ayaw mong mawala siya ng tuluyan sayo. Remember, andito kami ni James handang agawin sa'yo si Chelsea. So Kyle, may the best man wins. At kapag nakita ko ng worth it ka na para kay Chelsea, I will let her go. Pero sa ngayon, hindi ko pa yan magagawa. Change for the better Kyle." He tapped me on my shoulder then walked away.

Lalo akong napaluha sa sinabing yun ni Adrian. Napasabunot ako sa buhok ko at napaluhod sa tubig. Now I realized my fault. It's my fault. It's really my fault.

Hayaan mo nobody, I'll make it up to you. Gagawin ko ang lahat para bumalik ka sakin, hindi bilang alipin kundi bilang girlfriend na.

*

Chelsea POV

Bakit ba ganon si Kyle? Bakit kailangan pa niyang sumunod dito? Para lang bigyan ako ng sakit?

Kainis!

Nasasaktan na ako.

Sobra.

I already love him pero parang pinagsisisihan kong naramdaman ko 'to.

Sa tuwing nakikita ko si Kyle, nasasaktan ako. Damn his jealousy! Siya nga yung gusto ko eh! Sya nga yung mahal ko diba! Siya, siya, siya! Bakit pa nya kailangan magselos?

Hay. Ang hirap.

--

Kinabukasan..

Maaga akong nagising para pumasok. Gabi na kami nakauwi kagabi ni Adrian galing batangas. Pagdating ko, diretso tulog na lang din.

Masaya naman ako kahit papaano dahil nakabonding ko si Adrian. Kumain na nga lang kami ng kumain ni Adrian. Nag-bonfire pa kaming dalawa.

Si Kyle, alam ko umuwi din sya pagkatapos ng confrontation namin. Bahala na sya. Ayoko muna syang isipin ngayon.

“Good morning Chelsea. Na-miss kita."

Makayakap talaga 'tong si James. Siya kasi nabungaran ko pagbukas ko ng pinto ng unit ko. "Good morning din."

"Sabay na tayo?"

Eh. Sabi ni Adrian sabay kami ngayon eh. Paktay.

Awtomatiko akong napatingin sa pintuan ni Adrian ng bumukas yun. He's smiling at me. "Goodmorning. Let's go?"

"Teka, teka. Ako naunang magyaya kay Chelsea." Singit ni James.

Ayan na naman.

"Sa akin sasabay si Chelsea. Kagabi ko pa sya niyaya kaya nauna ako." Katwiran ni Adrian.

Tumingin sakin si James. "Sa akin ka sasabay diba?"

Hanla naman. "Eh.."

"Tara na."

Wala na. Hinila na ako ni Adrian.

"Hoy! Sa akin sasabay si Chelsea!" Sigaw ni James habang humahabol samin ni Adrian.

Grabe 'tong dalawang 'to.

"Hoy!" Patuloy na sigaw ni James.

Si Adrian, di namamansin. Tuloy ang paghila sakin. Aish.

--

Sa school..

Pagbaba namin ni Adrian sa kotse niya, kasunod si James. Oo, magkasunod lang kotse nila. Adik eh.

Napansin ko yung kakaibang tingin sakin ng mga students. Dahil ba may kasabay akong dalawang gwapo? Aish. Lagi nalang ganyan mga yan. Kainis.

Maya maya. Paakyat na sana kami ng may sumalubong samin na isang student at may inabot na card.

Tiningnan ko.

"Not that way. To open field."

Ha? Ano yun? Open field? Dun yun sa may malaking ground dito sa school kung saan ginaganap yung malakihang parties.

"Open field daw?"

Kumunot noo ni Adrian. "Kanino ba galing yan? Wag mong pansinin yan. Baka nanti-trip lang yan."

Oo nga. Baka trip lang. Dumiretso na kami sa room.

Pag-upo ko, napansin ko wala pa masyadong students pati kanina sa hallway.

Napansin ko yung card na nakadikit sa desk ko.

"Ang kulit mo talaga. Sabi ko sa open field."

Hanla? Ano ba yan? "Adrian, tingnan mo oh.." Tinuro ko yung card.

"Let's go to open field para malaman natin."

Hinila na naman ako ni Adrian and asuxual kasunod din si James.

Malapit na kami sa open field ng may nag-abot ulit ng card.

"Good thing you followed me."

Ano ba talaga yun? Curious na ako.

Pagdating namin sa open field..

Bakit ang daming students dito? Kyaaaaa. May program ba?

Mas lumapit pa kami sa may big stage. Maya-maya, pumainlanglang yung sounds.

?? I crave your touch,
I crave your lips,
I miss so much,
the excitement of your kiss,
and since your gone,
my heart won't behave,
its your love that I still crave. ??

Hanggang sa may lumabas na parang mga cheering squad. May mga hawak silang cardboard na may letter pero di ko mabasa kasi nagsasayaw pa sila.

?? *It may look like I'm happy,*
people who know me,
they know I'm not doing so well.
I heard that you been dating,
and though I been waiting,
I had found you and no one else.
And just the thought of never waking up with, you again,
always turned me inside out,
how could, we let it end,
And even there is no more us to save??

Namangha ako kasi ang galing nila. Hanggang sa tumigil sila at nag-form ng line.

WILL U BE MY GIRLFRIEND NOBODY?

"Wi..ll..u..be....m..y..girl..friend..no..bo...dy?"

Ano yun?

Ako ba yung tinutukoy nyan? Waaah?

As in ako ba?

Hindi pa ako nakakabawi sa pagka-shocked nang lumabas na sa stage si Kyle.

Kyaaaa! Si Kyle, naka-tuxedo pa. Super formal. May hawak siyang mike.

"Goodmorning everyone!" Panimula ni Kyle.

Ako, eto nganga! Di pa din expected na totoo 'to. Na nangyayari 'to.

"Ako si Kyle Shin-Woo ay nangangako na hindi na ulit hahayaang umiyak si Chelsea Torres at hindi na siya muling sasaktan. Nandito ako sa harap niyong lahat para masaksihan niyo ang proposal ko kay Chelsea Torres."

Hanla. Nakatingin sakin si Kyle. May dalawang lumapit sakin at inakay ako paakyat ng stage.

Kyaa. Nahihiya ako pero nanghihina ang tuhod ko. Kyle bakit mo 'to ginagawa.

Andito na ako sa stage. He hold my hand and face me. "Chelsea Torres, will you be my girlfriend? I promise not to shout at you again, I promise to make you happy every single day. I promise to be the best man for you. I promise to change for the better just for you. Sorry sa lahat ng nagawa ko. Sorry dahil nasaktan kita. Sorry dahil pinaiyak kita. Sorry dahil hindi ko inisip yung nararamdaman mo. Sorry kung seloso kao. Sorry kong mahilig ako manigaw. Sorry wala akong puso. But today, seeing you in front of me? It was like, you complete me."

Wala na. Bigay na ako. Diko kayang tanggihan ang ganitong klaseng proposal lalo na't si Kyle. Si Kyle yan. Si Kyle na minamahal ko. Si Kyle na walang puso pero mahal ako. Si Kyle na walang modo pero nag-aalala sakin. In instant, nawala yung inis, galit at hinanakit ko kay Kyle. Napalitan yun ng..

Shemay! KILIG.

Ganito pala pag mahal mo yung isang tao, gumawa lang siya ng effort, madali mo siyang mapapatawag, madaling mabubura yung sakit ni binigay niya before. I didn't expect this kind of situation. Promise!

I smiled between my tears. It was overwhelming proposal. Ni minsan diko 'to pinangarap. Yung simpleng "*mahal kita*" ayos na yun.

"K-Kyle.."

"Kakasabi ko lang na hindi na kita hahayaang umiyak. Please stop crying? Baka sugurin na naman ako nina Adrian at James." He smiled at me then hug me.

Masigabong palakpakan at hiyawan ang maririnig sa crowd.

Nang humiwalay si Kyle sa pagkakayakap sakin, "What's your answer?"

I heaved a sighed and stared at him. "Yes."

Kailangan ko ba siyang tanggihan? Hindi ko kayang gawin yun. Dahil mahal ko si Kyle.. mahal ko siya.

"AhhhhhHhhhhhhhhh!!" Hiyawan ng crowd.

"Really?"

Nasabi ko na eh. "Hindi Kyle, joke lang yun."

Hindi nya pinansin ang sinabi ko sa halip, niyakap niya ako ng mahigpit and one thing na hindi ko akalaing gagawin niya sa harap ng crowd..

Tsup!

He kissed me on my lips. It was just a seconds pero sapat na yun para maramdaman kong sincere talaga siya.

Ngayon, tinanggap ko na sya bilang boyfriend ko. Pero, kamahalan ko pa din siya. He-he. Ang bilis ng pangyayari pero nakakatuwa.

Sana maging masaya kami. Sana walang umepal. Sana....

The End

Syempre JOKE lang yun.

Hinila nalang ako basta ni Kyle patakbo hanggang makarating sa parking lot. Hindi ko man lang nalingunan sina Adrian at James. Hanla.

Sumakay kami ni Kyle sa kotse niya at pinaharurot ang takbo. "Saan tayo pupunta?"

Kasi di pa din ako makapaniwala sa nangyayari. Di pa din ako makapaniwalang boyfriend ko na sya.

"Honeymoon."

"Kyaaaaa! Bastos ka Kyle! Ibaba mo ako. Hindi ako sasama sayo!"

"Nobody, gusto mo bang masigawan ulit kita? Please, tumahimik ka na lang and rest for a while. We're going to a place called paradise."

Kasunod niyon ang pagtakip ni Kyle ng panyo sa ilong ko.

BLACKOUT.

Chapter 62 ?

Chelsea POV

Mulat mata.

Argh. Sakit ng ulo ko. Ano bang nangyari sakin?

Tumingin ako sa paligid.

Hanla. Asan na naman ako? Kaninong kwarto 'to? Kahapon ganun din nangyari sakin ah. Nagising ako sa hindi pamilyar na kwarto.

Isip, isip..

"KYAAAAAAAAAAAAAAA!!!!"

Oh my God!

Is that real? Yung flashback sa nangyari? Yung naalala ko?

Boyfriend ko na si Kyle?

Waaaaaahhh!

Ecckkkkk..

Wag ka. Bukas yan ng pinto.

"Bakit ka ba sumisigaw dyan? Akala ko kung napano ka na."

Si..

Si Kyle.

Waaahh! So totoo nga yun. Yung proposal niya. Yung, yung..

Yung sinagot ko na sya? Waaaaa!

Speechless ako.

Di pa din ako makapaniwalang boyfriend ko na nga si Kyle.

Hanla.

What to do, what to do?

Ayan na nakalapit na sakin si Kyle. He sat on the bed kaya napabalikwas ako ng upo. "Eh.."

OwMayGad!

"You're blushing.."

Si Kyle nakangiti at malumanay magsalita?

Waaah.

"A-Ano bang nangyayari sa'yo kyle? Bakit ang bait mo?" Wala eh. Wala akong masabi.

"Because I love you."

Shemay!

"Eh.."

"Girlfriend na kita baka nakakalimutan mo." Sabi niya.

"K-Kasi Kyle.."

"Wag mong subukang bawiin yun kung ayaw mong i-tanan kita."

"AHHHHhhhhhhhhh!"

"Ouch! Aray naman nobody! Ang hilig mo manghampas!"

Bakit ba ganyan si Kyle. Nahihiya nga 'ko. Waah.

“You look worried."

Paano ako hindi magiging worried eh, ni wala akong idea about boyfriend/girlfriend. Wala pa nga akong karanasan dun eh. Ano bang ginagawa ng isang girlfriend?

"W-Wala.."

"Tsk. Boyfriend mo na'ko. May karapatan akong alamin lahat ng bumabagabag sayo."

Waah. Kyle why so sweet? Ganyan ba talaga pag boyfriend? Nakakapanibago.

"Eh kasi.."

He held my hand. Daig ko pa ang na-kuryente dahil sa paghawak ng kamay ni Kyle sa kamay ko.

"What? Tell me."

He looks so sincere. "Kyle.. Di ko alam yung gawain ng isang girlfriend. Baka.. Baka hindi ko mapanindigan yung pagiging girlfriend sayo.."

Totoo naman eh. Nakaka-bother din kaya yun. Mahal ko si Kyle at masaya naman ako na boyfriend ko na sya. Nakaka-overwhelmed nga kasi ang gwapo ng boyfriend ko.

Ngumiti siya ng nakakaloko. "Wag mo ng problemahin yan. Isa lang naman ang gawain ng girlfriend.."

"Ano yun?"

"Ang halikan ang boyfriend niya."

Pagkasabi niya nun, naramdaman ko ang labi niya na nakalapat na sa labi ko. Agad-agad? Yun ba talaga gawain ng girlfriend? Taga-halik? Waaa.

Hindi ko alam paano ako mag-re-react. Hindi ako sanay. Ang hinahalikan ko ngayon, boyfriend ko kaya wala akong karapatang tumanggi, right? Waaah.

Ngayon ko lang na-realize na ang lambot pala ng labi niya. Nakaka-adik. He keep on kissing me. I'm doing my best to response to his kisses. Kahit di ako marunong, nakakasunod pa din ako.

That moment he stop kissing me, parang tumututol ang puso ko. Parang sinisigaw na, "Isa pa!"

Nakatitig lang ako sa mukha ni Kyle. Siya din. "Nobody.."

"Hmm?"

"Sorry for everything. I promise to be the best boyfriend in the world. I love you."

Sasagutin ko ba yung sinabi nya?

Nyay! Di ako sanay. Awkward

"Thank you Kyle. Pero di mo naman kailangang maging best boyfriend. Ang mahalaga, mahal mo'ko at napapasaya mo ako." I said.

Napansin ko yung kislap sa mga mata niya. "You're really great. You always make me smile. I love you."

Ngumiti ako. "Eh Kyle asan pala tayo?"

Napansin ko na sumimangot siya. Hindi sya nagsasaita.

"Kyle?"

"Nakadalawang I love you na ako, di mo man lang sinasagot."

Hanla. Kailangan ba yun? Waah. Pano ba? "Eh, eh.."

"I love you."

Paulit-ulit Kyle? I heaved a deep sigh. "I love you too."

A wide smile formed on his lips. "You made my day. Tara."

"Teka, nasan nga tayo?"

"Cruise."

"Cruise? Tom cruise? Ano yun?"

"Hanggang ngayon wala ka pa ding common sense."

"Kyle naman.."

"We're on a cruise ship. Pag-aari ng pamilya ko. It's a private cruise ship kaya tayo lang ang andito na guest."

Cruise ship?

As in ship?

Waaah? "Totoo Kyle? Patingin sa labas!" Na-excite ako bigla. Kasi naman never ko pa na-try sa ganito. Pang-mayaman lang 'to eh.

He's smiling again. Ang gaan sa pakiramdam na makita syang nakangiti kesa yung seryoso at masungit. Hehe. Ang gwapo niya tuloy lalo. Waah.

Kinikilig ako.

Inakay ako ni Kyle palabas ng kwarto. Kwarto pala 'to sa ship mismo. Hehe. Sosyal.

Paglabas namin halos mapanganga ako ng makita ko ang dagat. Yung mga iba't ibang kulay ng ilaw sa gilid ng dagat at yung malalaking building na nakapalibot sa pwesto namin.

"Wow.."

"Amazed?" Nakangiting tanong ni Kyle sakin.

Mabilis akong tumango. "Super. Thank you Kyle. First time ko 'to."

"Ang dami ko ng nabibigay na first time sa'yo.."

"Kyle naman eh.."

"Why? Wala naman akong sinasabi?"

"Ewan ko sayo!"

Pinagmasdan kong mabuti yung paligid. Ang sarap sa pakiramdam nung lamig. Kasi gabi na pala ngayon. So it means, tagal ko ding nakatulog kanina. Oo nga paka ba't ako nakatulog kanina?

"Uy Kyle.."

"Hm.."

"Paano ako nakatulog kanina?" Tanong ko.

"Edi pinaamoy kita ng pampatulog."

Pranka talaga. Di man lang tinaggi. Walang ka-thrill-thrill.

"Bakit kailangan mo pa akong patulugin?"

"Hindi pa kasi ready dito. Ayoko namang mabulyaso yung pinagpuyatan ko. Napuyat ako kagabi para sa

plano ko. Kanina sa school, ina-nounce ko na walang klase kasi magiging girlfriend na kita. Itatalaga ko yung special holiday. Yung araw na naging tayo, ngayon."

Special holiday? Adik 'tong si kyle. "Eh nagpuyat ka kagabi?"

"Yup. Nag-buno pa ako ng lakas ng loob. Minemorize ko pa yung mga sinabi ko sayo kanina. Pinag-praktis ko pa yung cheering squad at pinaggawa ko pa yung mga cardboard. Pati yung sa school, kaya nga aga ko ding pumuntang school kanina."

Nagawa yun ni Kyle dahil sakin? Kyaw!

"Eh, thank you sa effort."

"No problem. Basta nobody, I'm reminding you, kapag napapansin mong naninigaw na naman ako sa'yo, just kiss me for me to shut up. Gets ko na yun. Di na'ko sisigaw kapag hinalikan mo'ko."

Seryoso niyan si Kyle. "Loko ka pala. Edi lagi mokong sisigawan para mahalikan kita! Sus! Style mo!"

He cupped my face and smiled. "Nakaka-adik kasi ang kiss mo.."

"Tigilan mo nga ako Kyle." Nagba-blush na naman ako. Waaah.

"Sungit mo." Reklamo niya saka tumingin na din sa paligid.

May naalala pala ako. "Eh Kyle ano tawagan natin?"

Kahiya. Pero diba yung mga magjowa, may tawagan?

"Tawagan?"

"Tulad nung bhe, hon, my loves, mahal, buko, pizza pie, honey pie, chicharon, baboy, mga ganun.."

"Ayoko."

"You're so mean! Gusto ko may tawagan tayo."

Masama bang gustuhin ko na may tawagan kami? Eh kasi..

"Nobody is enough. Just call me Kyle."

"Gusto ko nga may tawagan!" Kasi paano mo masasabing mag-jowa na talaga kami tapos wala kaming tawagan.

"Nobody, no need! Okay?"

Sumimangot ako. “Gusto ko nga kasi may tawagan eh.” Pangungulit ko.

“Nobody, wag ka ng makulit.”

Lalo akong sumimangot. “BAKIT? KINAKAHIYA MO BA NA GIRLFRIEND MO AKO KAYA AYAW MO NG TAWAGAN?”

“Hindi ganun nobody..”

“Ewan ko sa’yo Kyle! Ayaw mo kasi ng may makakarinig ng endearment natin if ever kaya ayaw mong may tawagan. Aish. Bahala ka na nga!”

Tumakbo na ako papasok. Ayoko ng kausapin si Kyle. Kainis. First time ko na nga lang magka-boyfriend, wala pang tawagan. Psh.

Yung iba nga kahit naglolokohan lang, kahit may ka-third-party, may kabit, may tawagan pa din. Kami pa na seryoso sa isa't isa? Kainis 'yang Kyle na yan. Gusto ko pa namang tawagan namin, gummy bear. Hakhak, cute no? Pangarap ko yun dati pa.

Teka nga, kelan pa’ko naging demanding?

Ayyyyy! Ewan ko sayo KYLE! Hindi kita kakausapin, kala mo.

Hmp!

Chapter 63 ?

Kyle POV

Hindi ko alam bakit nagalit si nobody.

Eh ayun pumasok sa loob. Ayoko naman kasi talaga ng tawagan. It's corny for me.

Bakit ba kailangan pa nun?

Pag naiisip ko yung sinabi niyang mga tawagan like buko, bhe.. At kung anu-ano pa, ayoko talaga!

Huminga ako ng malalim. Galit si nobody. Gagawin ko nga pala lahat ng gusto niya. Aish. Ano namang magiging tawagan namin if ever

Aish.

Kami nga ni Mandy dati, wala ding tawagan.

Wala nakong nagawa. Susundan ko na sa loob si nobody. Ayokong masira 'tong gabi namin.

Hinanap ko siya sa entertainment room, sa dining area pero wala. Baka nasa kwarto.

Pagbukas ko ng pinto, hindi ako nagkamali. Aba, may kausap pa sa phone? Hindi ko muna sya tinawag. Pinakinggan ko muna sila.

"Eh gusto ko kasi may tawagan kami. Kaso ayaw niya."

Kulit talaga. Sino ba yung kausap nya.

"Kahit na. First boyfriend ko siya tapos hindi man lang nya mapagbigyan ang gusto ko. Kinakahiya nya ako."

Hindi ko siya kinakahiya. Ay nako.

"Ewan ko ba! Basta gusto ko talaga may tawagan kami eh para sweet diba? Kesa naman nobody lang tawag nya sakin."

Suko nako. Sige na papayag nako.

"Ano.. Ano kasi gusto ko.. Gummy Bear!"

Gummy bear ang gusto nya? Langya.

"Ano ka ba! Maganda kaya."

Papayag ba ako?

"Eh sige na James. Thank you ha."

Si James kausap niya? Tch.

"Bye."

Natapos na yung tawag kaya tuluyan nakong pumasok sa kwarto. "Nobody.."

Aba, sinimangutan lang ako. Hindi ako pinapansin. "Sinong kausap mo?"

Kailangan ko pa din itanong kahit narinig ko na. Damn bakit ba parang nagseselos ako.

"Wala." Sagot nya.

"Nobody galit ka ba?" Tanong ko. Tumabi ako sa kaniya. Nakaupo kasi sya sa kama. I pinched her cheeks.

"Ano ba! Dun ka na nga sa labas."

Sungit. "Nobody wag ng masungit." Sabi ko.

"Ewan sayo."

Tch. Galit talaga. "Sorry na."

"Umalis ka na nga sabi. Matutulog nako." Sabi nya.

"Di pa nga natin na-e-enjoy ang cruise eh. Let's have dinner." Yaya ko sa kaniya.

"Ayoko."

Kulit. "It's an order nobody!" Napapasigaw na naman ako eh.

"Naninigaw ka na naman." Sabi nya.

"Ba't di mo ako hinalikan?"

"Ahhh! Kakainis ka."

"Aray naman!"

Hilig nito manghampas. Sisgaw lang may hampas pa. Ang hirap pala suyuin nito.

"Sige na. Hindi ako gutom. Ikaw nalang kumain."

Style nito paawa effect.

"Oh, sige na. Anong gusto mong tawagan?" Tanong ko. Wala eh, no choice na'ko kundi pumayag.

Nagliwanag yung mukha niya. "Payag ka na?"

Tumango ako. Ngayon ngiting-ngiti naman siya. Aish nobody. Pasalamat ka mahal kita.

"Gusto ko tawagan natin, gummy bear!"

Yun ba talaga? "Eh, sige sige."

"Yehey! Thank you gummy bear!"

Langya. Niyakap pa ako dahil sa pagpayag ko. Aish. Pero gumaan pakiramdam ko ang makita siyang nakangiti. "Kiss me."

Akala niya ha. Haha.

*

Chelsea POV

"Kiss me."

Hanla. Napatigil ako sa pagse-celebrate dahil sa sinabi ni Kyle. Hanla. Kiss daw. Hiya ako.

"Eh.."

"Pumayag akong gummy bear ang tawagan natin. Bilang kapalit, kiss mo ako."

Waaa. Kyle naman. Hiya ako pag ako yung ki-kiss. Dapat kasi sya nalang.

"Gummy bear.."

"Kiss me."

"Eh.. Gummy bear ikaw nalang.."

"No. I want you to kiss me."

Waah. Ano ba. Pano ba. Kasi..

Tsup!

"Yun lang yun? Hindi ko man lang naramdaman." Reklamo ni Kyle.

Kasi naman. Na-kiss ko na sya eh. "Okay na yun."

"No. It's not."

He's kissing me right now. Kyaaa! Kyle bakit ka ganyan. Tinugon ko nalang yung halik niya.

Ilang segundo din yung lumipas bago naghiwalay yung mga labi namin. "Okay na. Let's go eat.

Hanubayan. Parang wala lang kay Kyle? Waa. Parang natural nalang yun sa kaniya ah. Ibig sabihin ba nun kailangan namin mag-kiss lagi? Waaa.

Parang ayoko ng ganun.

Pero..

Sige na nga. Haha.

*

Adrian POV

Andito kami sa condo ko. Kasama ko sina Lance at James.

Ano pa bang gagawin namin? E'di mag-shot. Nasawi kami ni James sa pag-ibig eh.

"Gusto ko talagang matawa kay Chelsea. Gummy bear ba naman gustong itawag kay Kyle. Ha-ha." Lasing na si James.

Tinawagan kasi yan kanina ni crush. Naglabas ng sama ng loob. Ayaw daw kasi ni Kyle na may tawagan sila.

I missed Chelsea. Akala ko pa naman magagawa ko yung sinabi ko sa kaniya, I'll make her fall in love with me. Mukhang natakot si Kyle sa banta ko.

Si Lance andito problemado din. "Oy Lance sabihin mo na kasi yung problema mo." Sabi ko.

"Gusto nyo talagang malaman? I'm getting married."

"ANO?"
"ANO?"

Sabay pa kami ni James. Si Lance ikakasal? "Seriously?"

Tumango siya saka lumagok ng alak. "Dadating na siya next month. Ang aking fiance. At magta-transfer sya sa SWU."

"Paano nangyari yun bro?" Tanong ni James.

"Arranged marriage."

Yun lang. Arranged marriage pala ang nangyari. Ewan ko lang kung mapagtyagaan yan ng magiging fiance niya. Si Lance pa na ubod ng cold at sungit?

"Hayaan mo na yun Lance. Inom lang. Lahat tayo problemado." Sabi ko.

Medyo lasing na din ako. Pero gayunpaman, kahit pa sina Kyle at Chelsea na, andito pa din ako para sa kaniya. Shoulder to cry on.

"Basta ako! Maghihintay pa din ako kay Chelsea. Ha-ha. Magbe-break din sila!" Lasing na talaga yang si James.

"Layuan niyo na si Chelsea." Sabi ni Lance.

"Hindi!"
"Hindi!"

Sabay na naman kami ni James sumagot.

"Tch."

"Basta ako, andito pa din para sa kaniya. Hindi ko kailangang lumayo. Bilang matalik na kaibigan, dito pa din ako sa tabi nya. Anytime." Sabi ko.

"Ako din! Bilang loyal na kaibigan, sa tabi lang nya ko. Diko hahayaang saktan siya ni Kyle." -James

"..."

Wala na. Lasheng na talaga kami.

*

Mandy POV

Hello people! Akala niyo nawala na ako 'no? Anung tingin nyo sakin? Basta basta na lang nagpapatalo?

I heard the news about Kyle and that maid. So Chelsea Torres pala ang pangalan ng babaeng yun.

Sa tingin nila sasaya sila? No way. I will do everything para mabawi kung ano yung sakin. Si Kyle, akin lang sya.

Gagawin ko lahat. Hindi ako papayag na maging masaya sila tapos ako, nagluluksa dito? Never!

Ihanda mo na ang sarili mo Chelsea. Magpakasaya ka na dahil one of these days, mawawala din sayo si Kyle.

*

Chelsea POV

Katapos lang namin kumain ni Kyle. Andito kami sa kwarto. Naglalaro.

Hulaan nyo ano laro namin?

Ahehe.

"Paper, scissor, stone!"

Waaa. Talo na naman ako.

Tsup!

Pag kasi talo ako, iki-kiss nya ako sa lips. Pag naman natalo ko siya, pipingutin ko siya sa tenga.

Hindi pa'ko nananalo. Nakailan na yang si Kyle.

"Dinadaya mo naman ako eh!" Reklamo ko.

"Sa tingin mo paano mo dadayain ang larong 'to? Game na nga."

"Ayoko na."

"Nagtatampo na naman ang girlfriend ko."

Ni-back-hug ako ni Kyle habang nakaupo kami dito sa kama. Waaa.

Ramdam ko yung hininga niya sa may tenga ko. Kasi..

"H-Hindi ah." Sabi ko. Pilit kong pinapakalma ang sarili. Shit lang. Nagwawala na ang mga internal organs ko sa kilig.

Ang sarap ng feeling ng ganito.

"I love you." He whispered.

Hiya na naman ako. "I love you too." Sagot ko. Kasi dapat na din akong masanay diba? Na ganun pag nag-iloveyou siya dapat ko ding sagutin syempre.

"That's my girl." Mas hinigpitan pa niya yung pagyakap sakin.

Medyo naiilang nako. He-he. Hindi ako sanay na ganito kabait at ka-sweet si Kyle pero masaya ako.

Masaya ako na boyfriend ko siya. Kasi mahal ko siya. Mahal ko si Kyle.

"Baby ko.."

Bakit ganun tawag nya sakin?

Speechless.

"Let's make a baby."

KYAAAAAAAAAAA!!!!!!

BLAG

Nagtatakbo ako sa labas. Di ko keri pinagsasabi ni Kyle. Wooh!

Hinga malalim.

Waaaa! Ang bastos ni Kyle!

Manyak!

Chapter 64 ?

Chelsea POV

Ang saya ko. Para akong nasa cloud nine. On the way na kami pauwi ni Kyle. Masyado na ding gabi.

Hindi kami dun natulog sa cruise. Ayoko. Masama na. Baka pagsamantalahan pa'ko ni Kyle.

Ang bad ni Kyle. Pag naaalala ko yung sinabi niya kanina, waaah! Ang manyak niya. Ayoko munang maglalapit kay Kyle na kaming dalawa lang. Shemay!

Delikado ang perlas ng sinilangan. Haha.

"Baby ko.."

Kyaaa! Ayan na naman. Yan na yung tinatawag niya sakin sa halip na gummy bear pero..

"Pa-kiss."

"Gummy bear naman!" Suway ko. Namumuro na yan. Nakakarami na ng kiss. Adik na yan grabe.

"Tch. Kiss lang eh."

"Mag-drive ka na nga lang. Ikaw gummy bear, nagiging manyak ka na."

"ANO? Ako manyak? Oy may karapatan na'ko sayo. Boyfriend mo na ako!"

Aba naman. "Ewan sa'yo Kyle."

Tumingin ako sa bintana ng kotse. Napatingin nalang ako kay Kyle nang itigil niya sa gilid yung kotse nya.

"Bakit mo tinigil?" Nakakunot-noong tanong ko.

"Kiss mo'ko."

"Kyle naman!"

"Hindi tayo aalis dito hangga't di mo ko kini-kiss."

Hanla naman si Kyle. Bakit ba ganyan na yan? Waaa. Naman.

"Kyle naman eh.."

"I'm waiting."

May choice pa ba ako? Yang si Kyle nakakahalata na 'ko dyan talaga eh.

I kissed him on his lips. More than a second din ang itinagal nun before I stop kissing him.

"Nakaka-adik talaga." Sabi ni Kyle.

Nagba-blush na naman ako. "Ano, tara na? Paandarin mo na ulit kotse." Sabi ko.

"Wait. May gusto lang muna akong sabihing agreement bago 'ko 'to paandarin."

"Ano namang agreement yan?"

"I want you to kiss me always. Pag mag-mi-meet tayo paglabas mo ng condo mo papasok ng school, basta everytime na magkikita tayo and maghihiwalay, we will kiss."

Mukhang kiss na yang si kyle. Pero yang sinasabi nyang agreement, it's kind'a sweet. "Okay fine."

"Great!"

Pinaharurot na niya ang kotse. Nakahiga din ng maluwag. Si kyle para kasing sinasapian eh. Napaka-sweet at napaka-bait niya.

Pero bet ko yun.

-

Sa condo..

Dito na ako sa may pinto ko pero etong si Kyle nakahawak pa din sa kamay ko. Ayaw pa ako papasukin. Adik na yang si Kyle.

Maaga pa tayo papasok bukas gummy bear. Let's sleep na." Sabi ko.

Si Kyle makatingin, akala mo nang-aakit eh. "Dito na ako tulog sa unit mo baby ko.."

Talagang yan na ang endearment niya. "Kyaa! Wag ka ngang ganyan gummy bear. Sige na, pumasok ka na sa unit mo." Tinutulak ko na sya gamit ang isang kamay ko. Hawak pa din kasi nya yung isa pang kamay ko.

"Pinagtatabuyan mo na ba ako?"

"Di naman sa ganun gummy bear."

"Tch. Gusto ko ngang tabi tayo matulog eh."

"Kyaaa! Wag ka ngang ganyan Kyle."

“Sungit. Sige na pumasok ka na. Ako kasabay mo pumasok bukas. Baka paglabas ko bukas ng unit ko, may dalawa ng asungot na naka-abang ha."

Si Kyle talaga, seloso.

"Oo. Sayo ako sasabay gummy bear. He-he. Wag ka na magagalit kina James at Adrian. Alam naman na nilang tayo na eh. Friends nalang kami."

"Oo na. Basta ayokong hinahawakan ka nila. Kahit akbay o kahit kalbit lang, di pwede."

Lupit nitong si Kyle talaga.

"Oo napo gummy bear. Sige na. Goodnight na." Sabi ko.

"Okay. I love you." He said then give me a peck on my lips.

Lakas pa din ng impact ng mga salita ni Kyle sakin. Lalo na ang kiss niya. Shemay!

"Eh, I love you too." Sagot ko. Nag-aalangan pa'kong ngumiti. Hiya pa din kasi ako sa pagki-kiss namin. Kay Kyle parang natural nalang eh.

"Sige na pumasok ka na ng unit mo. Pag tumagal kapa ng ilang segundo dito sa harap ko, baka di na kita papasukin jan sa unit mo."

Dali-dali akong pumasok ng unit ko at mabilis na sinara ang pinto. Grabe talaga yung si Kyle

Nayakap ko ang sarili ko. Grabe, kinikilig talaga ako kay Kyle. Promise!

*

Kyle POV

Kakapasok ko lang dito sa unit ko. Ang sarap sa pakiramadam yung mapasaya ko si nobody.

Mahal ko talaga sya. Nagtataka nga ako sa sarili ko kung saan ko nakuha yung pagiging sweet kay nobody. Siguro dahil talagang mahal na mahal ko na sya.

Ayoko siyang mawala sakin. Ayoko dahil hindi ko yata kakayanin. Yung makita ko nga lang sya sa piling ng ibang lalaki, halos pumatay nako ng tao sa selos eh. Gagawin ko lahat ng pwedeng makapagpasaya sa kaniya. At ipapangako kong magiging mabait nako.

Hindi na ako yung Kyle na walang puso. May puso na ako. Puso na nagmamahal kay nobody.

I grabbed my phone and type a message for nobody before going to sleep.

*

Chelsea POV

Nakahiga na ako ngayon sa kama ko. Naiisip ko pa din yung moment namin ni Kyle.

Tulad ng kanina, kinikilig pa din ako. Shemay!

Tenenenenen!

Oh may nagtext sakin. Kinuha ko agad iphone ko na nakapatong sa side table.

From: Kamahalan
Goodnight baby ko. I love you. See you tomorrow. I miss you.

"KYYYAAAAAAAA!!!!!!!!!!!!!"

Nagpapagulung-gulong nako dito sa kama ko dahil sa kilig. Omo! Ang sweet ni Kyle! Waaaah!!!!!

I calmed myself bago siya replyan. Hinga malalim. Kalma lang. Kalma.

To: Kamahalan
Goodnight din gummy bear. I love you too. Miss din kita. See you tomorow :)

SENT!

Nayakap ko ang iphone ko. Kilig talaga ako! Di ko expected na magiging ganyan ka-sweet si Kyle bilang boyfriend. Ang swerte ko sa kaniya! Ayee!

Nga pala. Papalitan ko na pangalan ni Kyle dito sa iphone ko. Hindi na '*Kamahalan*', papalitan ko na siya ng '*Gummy Bear'*

Kyaaaa!

Grabe. Makatulog na nga. Tomorrow is another day...with my Gummy Bear! Hayahay!

ZzzzzzZzzzz..

Chapter 65 ?

Chelsea POV

Umaga

Ready for school! Ano na kayang meron dun. Labas nako sa unit ko.

"Goodmorning baby ko."

Si Kyle nasa labas na pala. Hiya ako. "Goodmorning din gummy bear."

He kissed me on my lips pero smack lang. "Let's go?"

Tumango lang ako. Pero hindi ko inaasahang hahawakan niya ang kamay ko habang naglalakad kami.

Shemay! Kinikilig ako. Holding hands while walking ang peg.

Sa school..

"Kyaaa! Tingnan niyo, tingnan niyo!"

"Holding hands talaga! So seryoso si Prince Kyle sa ginawa niyang proposal kahapon?"

"Hindi pa din ako makapaniwala."

"End of the world."

Mga babaeng 'to. Lagi nalang may nasasabi. Kainis. Pero..

Kasi magkahawak pa din kami ni Kyle ng kamay habang naglalakad papuntang room namin. Kilig kaya. Hehe.

Pagpasok namin ng room, bumitaw nako kay Kyle tapos umupo sa upuan ko.

"Adrian, alis."

Harsh nitong si Kyle promise. Diba katabi ko si Adrian? Mukha ngang ewan si Adrian.

"Goodmorning crush. Lipat na ako sa likod mo. Pinaaalis na ako ng boyfriend mo. Ingat ka dyan. Manyak yan." Sabi ni Adrian saka lumipat sa likuran, dun sa dating ipuan ni Kyle.

"Gago!" Sigaw ni Kyle.

Psh. If I know, totoo namang manyak yang si Kyle. Aish.

"Goodmorning class."

Andito na prof. "Goodmorning Ma'am."

Nagle-lesson na yung prof. Napatingin ako kay Kyle. Aba, tulog?

Niyugyog ko siya. "Gummy bear." Bulong ko.

"Hmmm?"

"Wag ka ngang matulog dyan. Makinig ka sa prof." Sabi ko.

"Inaantok pa'ko baby ko."

Lagi talagang may '*baby ko'.*

"Eh, sige na. Makinig ka sa prof." Pilit ko.

"Hayaan mo muna ako. Idlip lang ako."

Kainis na'tong si Kyle. Dapat magbago na sya. Dapat matuto syang makinig sa prof. Para sa kaniya naman yun eh. "Please gummy bear. Wag ka ngang matulog kasi eh."

Tumunghay siya. "Tch. Bakit ba ang kulit mo? Pag sinabi kong iidlip ako, hayaan moko."

Nagalit si Kyle. Umub-ob ulit siya.

Mali ba yun? Napapansin ko sa sarili ko, pagdating kay Kyle nagiging sensitive ako, nagiging matampuhin. Kasi girlfriend niya ako. Diba dapat niya ako sundin? Masama ba yung ginawa ko?

Bahala ka na nga. Di kita pakikialaman.

After 123456789 years, natapos ang klase. Breaktime na.

Hindi ko muna iimikin si Kyle. Medyo hindi ko nagustuhan yung sinabi niya kanina. Sya pa yung nagalit. Hay.

Inaayos ko na yung gamit ko.

"Baby ko tara na sa tambayan."

"....."

Hindi talaga ako mang-iimik. Tapos na'ko mag-ayos. Tumingin ako sa likod. "James, sabay tayo mag-breaktime sa canteen."

"Sure."

"Nobody!"

Kitams? Nobody na ulit tawag nya sakin. Kainis siya. Hay.

Hindi ko pa rin siya pinansin. Lumapit ako kay James. "Lika na." Sabi ko.

Paalis na kami kaso nahawakan ni Kyle kamay ko. "Diba sabi ko sa tambayan? Bakit mo niyayaya yang lalaki na yan?"

Hinablot ko lang yung kamay ko tapos lumakad na ulit.

"Nobody!"

Maka-nobody ka dyan. Ewan sayo. Inis na inis nako sayo.

Palabas na kami ng room ng mapatigil ako sa sigaw ni Kyle.

"Bahala ka nga sa buhay mo! I told you inaantok ako pero makulit ka. Tapos ikaw pa ngayon ganyan? Magagalit ka sakin? Hindi mo ako papansinin? Then fine!"

Mas mabilis pa siya sa alas-kwatro na lumabas ng room. Nilampasan nga ako eh.

Ano ba yun. Reverse psychology? Siya pa yung nagalit ngayon? Wala ba akong karapatang magtampo?

"Tara na James." Iritado kong sabi saka naglakad.

Kainis. Kainis. Kainis. Kainis. Kainis. Kainis.

Ang sungit-sungit na naman niya. Akala ko tuluy-tuloy na yung pagiging sweet niya. Hays. Bahala talaga ako sa buhay ko. Naupo nako dito sa isa sa table sa canteen habang si James umo-order.

"Kalma lang."

Napatingin ako kay James. "Kainis kasi."

"Ganyan talaga. Lover's quarrel."

Sumimangot ako. "Basta bahala na siya. Wag na nga natin pag-usapan yun. Tara na kain."

Kumain ako ng kumain. Spaghetti, pizza, at kung anu-ano pa. Hays. Nakakagigil ka Kyle! Kainis!

*

Kyle POV

"What's wrong with that?"

Ano bang mali ko? Si nobody pa ang nagalit sakin? Siya nga 'tong di makaintindi na inaantok ako.

"Kyle mali pa din yung sagutin mo siya ng pabalang kanina. Ng pa-galit. Concern lang yun sayo." Sabi ni Adrian.

"Concern? Kung concern siya sakin, hahayaan nya ko matulog."

"Tch. You don't understand what I mean Kyle. She's concern about you. Gusto niya makinig ka sa lesson para may matutunan ka. Alam mo kung gaano kasipag mag-aral si Chelsea. Sino bang timang ang natutulog sa classroom?"

Hindi ko akalaing kay Adrian pa ako magsasabi ng sama ng loob samantalang karibal ko yan.

"Ewan ko. Bahala siya. Tapos hindi niya ako iimikin at yung James na yun pa ang yayayain niyang mag-

breaktime? Magsama sila."

"You're jealous men!" Sigaw ni Ken.

"Shut up."

Hay. Ano bang gagawin ko. Bakit ba parang ang tampuhin yata ni nobody? Nagpapaka-sweet nga ako tapos gagalitin naman niya 'ko. Natawag ko na naman tuloy siyang nobody.

Ano bang gagawin ko? Bahala sya. Hindi ko siya susuyuin. Wala akong mali. Wala.

*

Chelsea POV

Bumalik na kami dito sa room. Medyo sumama loob ko kasi nakita ko si Kyle dun na nakaupo sa likuran. Si Adrian na ulit katabi ko.

Mali naman si kyle pero ako yung apektado. Parang kasalanan ko talaga. Ewan ko. Nasasaktan ako sa pagganyan ni Kyle.

Tumingin siya sakin pero di niya ko pinansin hanggang makaupo na'ko dito sa upuan ko.

Tahimik lang ako. Nakakapagtampo na talaga yang si Kyle. Una, siya yung nagalit. Pangalawa, nobody na tawag nya ulit sakin at pangatlo, di na nya ko pinapansin.

Hay.

Nakinig nalang ako sa prof. Hindi ako lumilingon kay Kyle. Hindi ko din kinakausap si Adrian. Tahimik lang ako.

Pero pag talaga naiisip ko yung nagalit siya kanina, nasasaktan ako. Ako pa yung lumabas na mali.

Wala feeling ko maiiyak na ako.

Kasi..

Concern lang naman ako sa kaniya. Gusto ko pag tinawag siya ng prof, may maisagot siya. Hindi yung tatakutin niya lang yung prof para di sya tawagin.

Gusto ko magbago siya pati in terms of study.

Diko na matiis. Babagsak na luha ko.

I raise my hand and get the prof's attention. "May I go out Ma'am?"

Tumango naman yung prof. Dali-dali ako tumayo at lumabas ng room.

Pagpasok ko sa isang cubicle dito sa CR. Wala na.

Tumulo na luha ko. Naiinis ako kay Kyle. Hindi naman ako iyakin eh. Nasasaktan lang ako. Diba nga sensitive ako pagdating kay Kyle? Ayokong sinisigawan nya ko. Ayokong nagagalit sya sakin at ayokong pinamumukha pa niya sakin na ako yung mali.

Tapos sabi pa nya bahala na'ko sa buhay ko. Ibig sabihin ba nun wala na siyang pakialam sakin?

Tenenenenenen!

Kumunot noo ko. Sino nagtext?

From: Adrian
I know you're crying. Tahan na. Bumalik ka na dito sa room. Wag kang mag-alala. Kung di ka man isabay ni Kyle pauwi mamaya, sa'kin ka sasabay.

Lalo akong naiyak sa text ni Adrian. Alam niyang umiiyak ako. Buti pa siya. Alam niya kung kelan ako nasasaktan. Alam niya kung kelan ako okay. Si Kyle, walang pakialam sakin. Wala siyang pakialam sa nararamdaman ko.

Sabihin nyo ng mababaw ako pero sensitive talaga ako. Apektado ako sa mga sinasabi ni Kyle sakin.

Tumahan na'ko at nagpunas ng luha. Labas na'ko ng cubicle. I looked at the mirror. Medyo halata pa na umiyak ako. Hanla. Pero medyo lang naman. Hindi nalang ako titingin kay Kyle.

*

Adrian POV

Nag-aalala ako kay crush. I know she's hurt. Kanina ko pa napapansin na malalim ang iniisip niya after breaktime. Si Kyle naman kasi, nagagalit na naman.

Si crush naman ang tama at si Kyle ang mali. For Pete sake, she's only concerned about him pero minasama niya.

Swerte na nga nya kay crush eh. Hay si Kyle talaga. Pag ako nabwisit, aagawin ko si crush sa kaniya eh.

Napatingin na'ko sa pinto. Andyan na si cush. Halata namang umiyak siya. Namumula-mula pa yung ilong niya. Diretso lang sya dito sa upuan.

"Are you okay?" Bulong ko sa kaniya.

She smiled pero halata namang fake smile. I know she's sad. "I'm okay. Thank you."

Napansin ko na itinuon na ulit niya ang pansin sa prof pero mapapansin na may dinadamdam talaga siya. Gagong Kyle yan.

*

Kyle POV

I tried not to talk with nobody. Bahala siya kasi sya naman yung mali. Siya yung unang hindi namansin kaya siya dapat ang maunang mamansin.

Napatingin ako sa may pinto ng bumalik na si nobody galing CR. Napansin ko namumula yung ilong niya saka parang..

Umiyak ba sya?

Pero bakit naman yan iiyak? Aish. Ako naman nakokonsensya ngayon? Bwisit. Ako ba iniyakan niya? Ayoko pa namang nakikitang umiiyak si nobody. Ayoko.

I sighed. Hahayaan ko muna siya. Hindi ko muna siya papansinin. Inuulit ko, siya naman may kasalanan. Hindi ako.

*

Chelsea POV

Uwian na. Binabagalan ko talaga mag-ayos ng gamit. Syempre umaasa pa din naman ako na papansinin ako ni Kyle at sabay kaming uuwi.

"Kyle uuwi ka na ba?"

Narinig kong tanong ni Lance.

"No. Magpa-practice muna ako ng basketball. Hindi ako naka-practice kahapon eh." Sagot ni Kyle.

Ibig sabihin hindi nga kami sabay?

Ayan na ulit ba ang cold na Kyle? Seriously, siya talaga ang galit imbes na ako? Imbes na suyuin nya ako?

"Eh Kyle paano si crush?"

Naman bakit pa tinanong ni Adrian yun.

"She can manage herself." Pagkasabi nun naramdaman kong umalis na si Kyle palabas ng room kasabay si Lance.

Nalulungkot na naman ako. Siya talaga yung galit. Hay. Sama ng loob ko.

Nanggigilid na naman luha ko. Aish bakit pa kasi ako apektado kay Kyle! Hay!

"Shhh.. Let's go home." Sabi ni Adrian.

"Sabay na ako sa inyo." Sabi ni James.

Hindi na ako nagsalita. Sumama nalang ako sa kanila. Para akong nanghihina. Pinag-awayan lang naman namin yung pinipilit ko siyang wag matulog. Kasi mali yun. Maling-mali tapos sya pa nagalit. Siya pa cold ngayon.

Fine. Kung yun gusto niya. Talo lang ako kasi sensitive ako eh. Umiyak na ako eh. Hay.

-

Sa condo..

"Crush, okay kalang ba talaga?"

"Chelsea, sabihin mo lang kung di ka okay."

Nginitian ko sina Adrian at James. Kahit may tampuhan kami ni Kyle, andito pa din sila. "Okay na'ko. Thanks sa inyo. Sige na pasok na'ko sa unit ko." Paalam ko.

"Sige."

"Okay."

Sabay nilang sagot. Pagpasok ko ng unit ko, nag-isip ako anong pwedeng iluto. Medyo gutom na'ko. Di ako nakakain ng maayos nung lunch kanina kasi iniisip ko pa din si Kyle. Di rin nya kasi ako niyaya mag-lunch kanina.

Magso-sorry na ba ako kay Kyle kahit hindi naman ako yung mali? Hay. Yung lalaking yun napakama-pride talaga eh. Hays.

Ting!

Yayayain ko nalang pala mag-food trip sina James at Adrian para din diko muna alalahanin si Kyle. Hmp. Bahala sya.

Nami-miss ko na ang mokong na yun. Parang kaninang umaga lang, ang sweet-sweet. Haysss.

Nagtext ako kina James at Adrian.

To: Adrian ; James
Guys. Punta kayo dito sa unit ko. Food trip tayo :) ngayon na.

Wala pang 5minutes..

Bzzzzttt..

Bilis ah. Hehe

Pagbukas ko ng pinto, si Adrian.

"Buti naisipan mo magyaya mag-food trip. I know gusto mo ng makakasama ngayon." Sincere na sabi ni Adrian.

Bait niya talaga ni Adrian. Para yang mind reader talaga.

Wala pang 10 seconds dumating naman si James. "Hi Chelsea."

"NIYAYA KA DIN??"
"NIYAYA KA DIN??"

Sabay nilang sigaw sabay turo-turo pa ang isa't isa. Kahit kelan talaga ang dalawang 'to. Pero ang cute nila. Hehe.

"Pasok na kayo." Sabi ko.

Nagsinghalan pa yung dalawa bago sumunod sakin dito sa loob ng unit ko.

Diko na napansin may dala palang food sina Adrian at James. Ai Adrian may dalang ice cream. Siguro stock nya sa ref niya. Si James naman may dalang madaming chips.

"Ang saya naman mag-food-trip. First time kong makapasok dito sa unit mo Chelsea." Sabi ni James.

I smiled bago kinuha yung mga foods na pwede naming kainin. May mga chocolates pa'kong stock sa ref eh. Saka mga drinks.

"Ako, hindi lang sampung beses ng nakapasok dito." Sabi ni Adrian.

"Paki ko naman." Sabi ni James

Away na naman sila. Aish. Pero at least, natutuwa ako. Diko naiisip yung tampuhan namin ni Kyle.

"Kain na!" Sigaw ni James. "Mas maganda, tanungan tayo para naman may mapag-usapan tayo." He suggested.

"Oo nga! Sige sige." Sagot ko.

"Geh lang." Sagot ni Adrian

"Ako muna magtatanong. Chelsea sinong first crush mo sa SWU?"

Makatanong naman 'tong si James. Pero laro lang naman 'to saka anu naman kung aminin ko. Crush lang naman. "Eh, si Adrian. He-he. Siya kasi yung kauna-unahang lalaking naging mabait sakin sa SWU." Sagot ko. Medyo hiya pako.

"Ako pala crush mo?" Halatang nagulat si Adrian. "Sana sinabi mo agad. Edi sana tayo na ngayon."

Tumawa si James. "Asa ka men."

"Ikaw naman magtanong Chelsea." Sabi ni James.

"Hm, tingin niyo bagay kami ni Kyle?" Ewan ko bakit ganun tanong ko. Si Kyle pa din laman ng isip ko.

"Hindi."
"Hindi."

Sabay nilang sagot.

"Bakit naman hindi?"

"Dahil mas bagay tayo."
"Dahil mas bagay tayo."

Ano 'to choir? Sabay lagi? Dalawang 'to talaga.

"Kumain na nga lang kayong dalawa."

"Chelsea oh!"
"Crush oh!"

Sabay pa sila. Kaharap ko ngayon, dalawang kutsarang ice cream.

Kinain ko nalang pareho. Baka sabihin pa nila bias ako. Psh.

Napansin ko sabay pa silang nagtext sa cellphones nila.

Parang mga ewan. Weirdo. Kumain nalang ako ng mga chips. Yum yum.

Yumyum

Sarap naman nitong cheetos.

Bzzzzztt..

Hanla? Sino naman kaya yun?

"Guys, wait lang. May tao yata sa labas."

Di ko narinig yung sagot nung dalawa.

Inopen ko pinto.

Literal na nanlaki ang mga mata ko.

*

Kyle POV

Katapos lang namin mag-practice. Badtrip. Si Adrian, hindi sumama sa practice. Malamang yun kasabay ni nobody pauwi.

Kanina pako di maka-concentrate sa practice dahil kinakain na naman ako ng selos ko. Yung isipin ko na si Adrian ang kasabay ni nobody pauwi?

Kasalanan ko nga. Diko siya sinabay pauwi eh. Kaya alam ko wala akong karapatang magalit.

Diko na kayang tiisin si nobody. Magso-sorry na ba ako? Lintik na pride kasi 'to.

"Mag-sorry ka na bago pa kayo magkalabuan at mauwi sa break-up."

Si Lance basta-basta nalang nagsasalita. At ayun, nilampasan pako. Langya.

Pero may punto siya. Magso-sorry nako. Ayoko mawala sakin si nobody. Nami-miss ko na sya.

Maya maya andito nako sa building. Nagtext muna ako kina Adrian at James. Tatanong ko si nobody. Baka mamaya hindi umuwi eh. At baka mamaya kasama nila.

Tenenenenen!

Magkasunod yung reply nung dalawa .

From: Adrian
Kasama namin si Chelsea dito sa unit niya, nagsasaya kami kasi wala ka. Bwahhaha.

From: James
Sa unit ni Chelsea. Kasama ko sila ni Adrian. We’re having a good time.

Tangina. Bakit nila kasama si nobody? At..at..

Nagsasaya sila? Having a good time?

Amputek!

Nagbuzzer agad ako sa unit ni nobody. Nagbukas naman agad yun.

Itsura ni nobody parang nakakita ng multo. Hindi muna ako nagsalita. Nagulat ba siya dahil andito ako? Maaabala ko sila? Aish. Selos ako.

“K-KYLE?”

“Totoo bang kasama mo dyan sina Adrian at James?”

Malay ko ba kung ginu-goodtime lang ako nung dalawa. Aish, selos na selos na’ko. Pero honestly na-miss ko si nobody.

Tumango siya pero yung mata niya dilat na dilat pa din. “Oo.”

"Bakit mo sila kasama?” panimula ko habang dire-diretso papasok ng unit ni nobody.

Ayun ang dalawa, tuwang-tuwa habang kumakain. “Alis nga kayo!” sigaw ko.

Takbuhan yung dalawa palabas ng unit.

“Bye Chelsea!”
“Bye Crush!”

Mga ulol! Bwisit. Bakit sila andito. Nawala lang ako, sinamantala na nila. “Bakit mo sila pinaalis?”

Napansin ko parang cold yung tingin sakin ni nobody. Aish. Tampo pa din? Lumapit ako sa kaniya at niyakap siya.

“Baby ko. Sorry na. Ako mali. Sorry. I love you.”

I heard her sob. Tss. Umiiyak. “Shhhh... baby ko tahan na. Di na ako galit.”

“K-Kasi..K-kasi..”

"Shhh.. tama na.” kumalas ako sa pagkakayakap sa kaniya. Aish. Gusto kong suntukin ang sarili ko ngayong nakikita ko siyang umiiyak sa harap ko. Pinahid ko yung luha niya. “I love you.”

Ngumiti na siya and that makes my heart beat so fast. “I love you too. Concern lang naman ako sa’yo..”

“Tama na yun. Okay? tapos na yun. The issue is, bakit andito yung dalawang kumag na yun? Aish. Alam mo namang seloso ako.”

“Ikaw kasi eh..”

“Tch. Sa susunod wag mo ng uulitin yun okay? Wag mo na sila papupuntahin dito ng wala ako. Aish! Nagseselos na naman ako.”

“Sorry na din gummy bear.”

I smiled at her and kissed her on her lips.

“Bati na tayo?” she asked.

“Yeah. Bati na tayo.”

“Thank you gummy bear.”

I smiled and hugged her again.

“Now that we’re okay, and we’re alone, let’s have a baby?” I whispered.

“KKKYYYYAAAAAAAAAAAAAAA!!!!”

"Aray!”

Hinampas na naman ako. Nagbibiro lang naman ako.

“BASTOS KA KYLE!” sabi niya habang nagtatakbo sa may kusina.

Joke lang naman e. Tangna.

Chapter 66 ?

Chelsea POV

"Wag kang lalapit sa'kin!" Sigaw ko kay Kyle.

Naman kasi ang bastos bastos. Bukam-bibig na yang 'let's make a baby' ganyan. Psh.

"Baby ko. I'm just kidding okay?" Sabi niya habang papalapit sakin dito sa kusina.

"Talaga?" Medyo kumakalma ako. "Hindi mo'ko pagsasamantalahan?"

"Hahahahahahahahahahah!"

"Ano namang nakakatawa?" Sarkastiko kong tanong.

"Wala. Masyado mong sineseryoso ang mga ganung bagay. For Pete sake, bata pa tayo at hindi pa tayo mag-asawa para gumawa ng baby. Ikaw lang ang baby ko. Okay?"

Naramdaman ko nalang ang pag-back-hug sakin ni Kyle habang sinasabi yan. He's so sweet. Kumalma naman ako dahil sa mga sinabi niya. Sweet talaga ng boyfriend ko. "Oo na. Akala ko sineseryoso mo yung ganung bagay eh."

Iniharap ako ni kyle sa kaniya. "Ano tingin mo sakin, manyak?"

"Oo." Mabilis kong sagot. Hehe. Totoo naman eh.

"Tch. Ganyan ba talaga tingin mo sakin?"

Hanla. Parang naiinis na ulit si Kyle. Niyakap ko siya. "Joke lang. Syempre hindi. Hindi ka manyak." Sabi ko.

"Hindi naman talaga ako manyak pero kung gusto mo ng magka-baby tayo, aba! Magpapakamanyak ako para sayo baby ko."

"KYAAAAAAA!!!!!!!!!!"

"Ouch! Aray naman!"

Pinaghahampas ko siya. Kasi naman si Kyle. Ambastos talaga nyan. Ayy.

"Tama na nga. Let's go sa living room. Bonding nalang tayo." Yaya ni Kyle.

Sus. Ayun nauna na pumunta ng living room. Psh. Manyak ng boyfriend ko.

Umupo kami dito sa sofa.

"Baby ko, tingnan mo 'tong post ko sa twitter. Basahin mo din mga comment." Sabi ni Kyle saka inabot sakin yung iphone niya.

Tiningan ko naman agad.

Kyle Shin-Woo **@KyleSWattpad** Girlfriend ko na si @ChelseaTWattpad. Walang eepal. I love you baby ko.

Makapost talaga 'tong si Kyle.

Nagbasa ako ng comments. Karamihan against samin ni Kyle. Hay gwapo kasi ng boyfriend ko. "Oh, gummy bear."

"Nabasa mo na lahat?" Tanong niya habang kumakain ng chips.

"Ayoko na lahatin. Nakakasawa. Puro kesyo mas bagay kayo, maghihiwalay din tayo, di tayo bagay. Ayt! Kainis lang."

He pinched me on my cheeks. "Wala naman silang magagawa dahil ikaw ang gusto at mahal ko baby ko." He smiled.

Ang gwapo ni gummy bear ko. Shemay! Lalo akong nai-inlove sa kaniya, promise!

"You're now staring at me." Puna niya.

"Ang gwapo mo kasi."

"I know. Pero wag mo masyadong ipahalata sakin na gwapong-gwapo ka sakin." Biro niya.

Mayabang din minsan yang si Kyle eh. Pero kahit ganun, mahal ko yan at napapasaya niya ako.

May sasabihin pa sana ako kay Kyle kaso pagharap ko sa kaniya..

Tsup!

He just gave me a peck on my lips. Magnanakaw ng halik talaga. Aish. "Adik ka na."

"Yeah. I admit it." Mabilis niyang sagot.

Ang pranka lang talaga ni gummy bear. Diretsuhan eh. I pinched his nose. Wala lang, ang tangos ng bongga eh.

"Ouch! Bakit ilong ko pa." Sabi nya habang hawak hawak ilong nya.

"Eh, ang tangos eh." Sabi ko.

"Tch. Don't tell me nangigigil ka nasakin?"

"Kyle naman eh!"

"Just kidding." He said then inakbayan nya ako at nilapit ako ng bongga sa kaniya. "I love you." He whispered.

I smiled and looked at him. "I love you too."

Pareho na kaming nakasandal dito sa head rest ng sofa. Parang bigla akong napagod. Aish. Makapikit muna para maka-idlip.

Zzzzzzz..

*

Kyle POV

Nagsasalita pa ako di ko alam nakatulog na pala ang baby ko habang nakasandal sakin.

Sabagay. Anong oras na din. Tinitigan ko siya. Hindi sya nakakasawang tingnan. Ang sarap nyang panoorin.

Kasi habang tinitingnan ko siya, nakikita ko ang future ko.

Kinilig ako bigla. Shit lang, nababading na ako.

Napansin ko na mukhang masarap yung tulog ni nobody kaya naisipan kong buhatin nalang sya para ilipat sa kama niya.

Hindi man lang sya nagising na binuhat ko siya. Hanggang sa nakarating na kami dito sa kwarto, tulog na tulog pa din.

Pagkahiga ko sa kaniya sa kama, naupo ako sa gilid saka siya tinitigan ulit. "I love you baby ko." I whispered. Napaka-inosente talaga ng mukha niya. Kaya nga mahal ko yan. Di ko kayang mawala sakin ang babaeng nasa harapan ko ngayon.

Kahit minsan nasisigawan ko siya, kahit nasusungitan ko siya at minsan nagiging cold ako sa kaniya, mahal ko pa din yan. Mahal na mahal.

Ibang-iba yung pagmamahal ko kay nobody ngayon kesa kay Mandy noon. I smiled while staring at her angelic face. Itong babae na'to, itong baliw na'to, itong walang common sense minsan, itong mahilig manghampas at manigaw, ito yung babaeng gugustuhin kong makasama habang buhay.

I sighed. Gusto ko nang umalis para pumunta na sa unit ko pero parang diko kayang umalis sa tabi niya.

Fine.

I decided to sleep here. Tumabi ako kay nobody saka siya niyakap. Then I kissed her.

"Goodnight baby ko."

Zzzzzzzz...

Chapter 67 ?

Chelsea POV

Hindi ko alam kung nananaginip lang ako o namamalikmata. Para kasing may humahalik sakin kaya ako naalimpungatan.

"Kyaaaaaaa!!!!!!!"

"Aray naman baby ko."

Sorry naman. Kasi naman, kasi naman pagmulat ko ng mata ko, si Kyle yung nabungaran ko.

Nakangiti pa siya. At.. At nasa ibabaw ko siya.

Waaaaaahhhhh!

"Bakit ka andito? At..saka.. Saka bakit ka ba nasa ibabaw ko?" Natatarantang tanong ko kay Kyle. Andun siya sa sahig. Nahulog. Haha nasipa ko kasi. Sorry talaga.

"Ano ka ba? Ang hilig mo manghampas tapos ngayon naninipa ka na. Aish. Gusto lang kita titigan. Wala akong ginawang masama okay? I only kissed you. At dito na din ako nakatulog kagabi." Paliwanag niya.

I sighed. Buti pala wala naman siyang ginawang masama. Baka mamaya pagsamantalahan ako ni Kyle eh. Waaa. Di pako handa.

"Bumangon ka na nga dyan. Papasok pa tayo." Sabi niya habang nagkakamot sa ulo.

Bumangon na'ko. "Opo."

"Tch. Punta na akong unit ko. Pagluto mo ako almusal. Pagkaligo at pagkabihis ko, pupunta na'ko ulit dito mamaya ha." Bilin niya.

"Opo gummy bear." Grabe lang. Like a boss. Hehe.

Lumapit siya sakin at mabilis akong hinalikan. "I love you."

Hiya pa din ako. Hehe. Masasanay din ako. "I love you too." Sabi ko saka kami sabay na bumaba na. Nihatid ko pa sya sa pinto.

"See you later."

Tumango ako. Saka sinara na ang pinto nang makalabas si Kyle.

Kailangan ko pa pala maghanda ng pagkain.

*

Mandy POV

All cleared. Okay na ang plano. Haha. Tulad ng sabi ko, nasa akin ang huling halakhak. Sisiguraduhin kong babalik sakin si Kyle.

At ikaw Chelsea, iiwan ka niya.

"Hey Mandy."

"Philip." Sabi ko. Andito ako sa restaurant at nakipagkita ako sa isang old friend dahil kailangan ko ng tulong niya.

Gagawin ko lahat masira lang si Chelsea kay Kyle. Para in the end, sakin babalik si Kyle. Dahil naniniwala ako, ako pa din ang laman ng puso niya. Ako lang. Galit lang siya dahil sa pang-iiwan ko dati.

Totoo lang, mas na-hooked ako ngayon kay Kyle. Hindi naman yan ganyan ka-gwapo dati. Ngayon, full grown man na sya at makalaglag panty ang ka-gwapuhan niya. Una siyang naging akin kaya babawiin ko na sya ngayon.

*

Chelsea POV

Malapit na mag-uwian. Nakakapagod ang buong araw kasi puro lectures. Hindi nga kami masyado nagpansinan ni Kyle ksi sabi ko sa kaniya gusto ko mag-focus muna sa lessons. Oo nga pala, yung Mr. And Ms. Shin-Woo di na natuloy. Nagkaroon daw kasi ng problema sa admin. Hindi na'ko nag-usisa kasi diko din naman talaga gusto sumali dun.

Pero kanina magkasabay naman kami magbreaktime at maglunch. Tulad ng dati, ganun pa din kami. Mas sweet lang sya ngayon.

Ngayon ko nga mas na-realize na ang sarap maging boyfriend si Kyle. Lalo ko tuloy siyang minamahal. Kontento na ako sa kaniya. Swerte pa din ako dahil minahal ako ng isang gwapo, mayaman at sikat na si Kyle Shin-Woo.

Nabalewala na nga yung kontrata namin bilang slave niya. Wala na din sa isip namin yun. Masaya na kami sa kung anung samahan meron kami. Ako, masaya talaga.

Krrrrrnnnnngggg!

Uwian na. Yahoo!

"Baby ko 'lika na."

Sweet talaga ng boyfriend ko.

"Okay."

Hanla. Oo nga pala may long quizzez kami bukas. Hindi muna ako papaabala kay Kyle mamaya.

Hindi ako pwedeng bumagsak. Yung scholar ko baka ma-apektuhan pa. Kahit alam kong kaya yun ayusin ni Kyle dahil kanila naman yung school, ayoko pa ding umasa sa kaniya. Ayokong matawag na gold digger. Hindi ko gagamitin ang pangalan ni Kyle para sa sarili ko.

Andito na kami sa kotse ni Kyle. "Gummy bear, okay lang ba na wag ka muna umuwi sa unit mo mamaya? Dun ka muna sa mansyon nyo?" Sabi ko.

Eh kasi alam kong kukulitin ako nyan pag magkalapit lang kami eh.

"Bakit naman?"

"Eh madami tayong long quiz bukas. Kailangan kong mag-aral. Kailangang ko munang mapag-isa gummy bear."

"Sasamahan nalang kita sa unit mo. Promise, behave lang ako."

"Eh, maiilang pa din ako gummy bear. Mas makaka-concentrate ako sa pagre-review kung solo lang ako. Okay lang ba? Bukas, magkikita naman tayo eh."

Parang nag-isip muna ng malalim si Kyle. "Fine. Pero bukas ng umaga, susunduin pa din kita."

"Oo naman gummy bear. Mamayang gabi lang naman ako magiging busy. Okay ba?"

"Okay. Hahatid nalang muna kita sa building bago ako umuwi sa mansyon." Sabi nya habang nagda-drive.

"Eh gummy bear, mag-aral ka din ha?"

"Di na kailangan. Matalino na ako."

Sige Kyle ikaw na matalino. "Oo nalang."

Tahimik nalang kami hanggang sa makarating sa building. "Baby ko, di na kita hatid sa unit mo. Baka di ko matiis eh, baka di nako umalis. Ingat ka. I'll call you later okay?"

I nod. "Opo gummy bear. Ingat ka din sa pagda-drive."

He smiled and lean on me. "I love you." He said then kissed me.

It was quick but I felt his love for me. "I love you too."

Kumaway nako sa kaniya. Ayun wala na. Umalis na si kyle. Akyat nako sa unit ko.

Pagpasok ko sa unit ko, diretso agad ako sa kwarto para magpalit ng pambahay na damit saka kinuha ko mga books and lectures ko para mapag-aralan ko.

Sa salas ko nalang ako mag-aaral. Kumuha ako ng chips at drinks para habang nag-aaral.

Aral.

Aral

Aral

Aral

Krinnnnggg..

Hanla. Si Kyle yata natawag. I pick up my phone without looking on the screen. "Hello?"

[Hi Chelsea.]

Sino yun? Boses babae. Tiningnan ko saglit yung screen ng iphone ko. Number lang pala.

"Sino 'to?"

[Mandy.]

Bakit siya tumawag sakin? At paano nya nalaman num ko?

"Anong kailangan mo?"

Malay ko ba kung ano kailangan nyan sakin. Eh diba inaway ko yan.

[I'm sorry about last time. Hindi ko sinasadyang makapagsalita ng masama. I'm just too angry kaya ganun.]

Wow. May puso pala 'tong si Mandy.

"Okay." Okay na yun. Mabait namanako. Nag-sorry na sya.

[Can we meet?]

Hanla. "Busy kasi ako."

[Just a minute. Sa retaurant lang malapit sa SWU. If it's okay. Gusto ko lang mag-apologize in person. Pabalik na kasi ako sa US bukas kaya ayoko namang mag-iwan dito ng kagalit.]

Nag-isip ako. Aalis na pala siya. Hm. Dapat ba ako makipagkita sa kaniya? Sabagay, saglit lang naman daw saka nagso-sorry na naman siya. "Okay. Text mo nalang sakin name ng restaurant." Sabi ko.

[Okay. See you later.]

toot toot

Mabuti na rin nga sigurong magka-ayos kami ni Mandy. Kahit papaano, naging ex pa din siya ni Kyle. Tumayo na ako at mag-aayos saglit ng sarili.

--

Sa restaurant..

Hinanap ko si Mandy. Tinext nya kasi kanina kung saan restaurant.

Oo nga pala. Sinabi nya din na wag ko na daw sabihin kay Kyle na magkikita kami kasi baka daw magalit lang si Kyle. Kaya ayun, diko nga sinabi.

Wala pa namang ilang saglit, nakita ko din agad siya. Lumapit ako. Nakakapanibago nga kasi nakangiti sya sakin.

"Hi Chelsea." Bati ni Mindy.

Naupo ako sa tapat niya. "Hello."

"I really want to apologize. I'm sorry."

I smiled. "Okay lang yun. Wala na sakin yun." Sabi ko.

She gave me her wide smile. "Mabait ka pala. Inom muna tayo ng juice." Alok nya.

Napatingin naman ako sa baso ng juice sa harap ko. Wow ready. May juice agad. Hehe.

Uminom na si Mandy ng juice. "Drink it." Sabi nya.

Wala naman masama kung uminom diba. Okay na naman kami ni Mandy. I drink the juice. Masarap ha. Ano kayang flavor nito.

Sarap ng lasa. Hehe.

Teka parang nahihilo yata ako?

ALL WENT BLACK.

Chapter 68 ?

Chelsea POV

Aww. Sakit ng ulo ko. Kakagising ko lang.

Pero teka? Asan ako?

Nang magmulat ako ng mata ko, nakita ko si Mandy. "Mandy?"

"Hey Chelsea. Nawalan ka ng malay. May sakit ka ba?" Tanong nya.

Napansin ko nasa kwartong puro puti lang ang nakikita ko. "Asan ako?"

"Hospital. Hindi ko kasi alam gagawin sayo. Bigla kana lang nawalan ng malay."

Ano bang nangyari sakin. Aish. "Eh anong oras na?"

"11pm."

Hanla. Gabi na. Bakit ba'ko nawalan ng malay?

Dali-dali akong bumangon. "I need to go. Kailangan ko ng umuwi." Sabi ko saka nagmamadaling lumabas ng hospital.

Narinig ko pa yung sigaw ni Mandy bago ako makasakay ng taxi pero diko nalang pinansin. Hanla. Di pa ako masyadong nakaka-review. Paktay ako.

Shocks! Yung iphone ko. Kinuha ko iphone ko sa bulsa ng pantalon ko.

521 missed calls
216 message

Paktay ako kay Kyle.

Tiningnan ko ang message.

From: Gummy Bear
Where are you?

From: Adrian
Crush, asan ka? Nag-aalala na kami dito.

From: James
Chelsea, san ka nagpunta? Wala ka dito sa unit mo. We are worried about you.

From: Gummy Bear
Kanina pa ako tumatawag bakit di mo sinasagot?

From: Gummy Bear
Wala ka sa unit mo. Saan ka ba nagpunta?

From: Gummy Bear
Damn! Please answer my damn calls!

Hanla! Pumunta si Kyle sa unit ko? Hanla talaga. Anong sasabihin ko? Hindi ko pwedeng sabihin na nagkita kami ni Mandy. Magagalit yun lalo.

Bahala na.

*

Kyle POV

Kanina pa'ko nag-aalala kay nobody. Pati si Adrian binulabog ko na para mabuksan ang pinto ng unit ni nobody pero wala pala siya dito.

Andito ako sa salas ng unit nya. Hinihintay siya kasama sina Adrian at James

Baka mamaya kung ano ng nangyaring masama sa kaniya. Kanina pa din ako tumatawag pero di niya sinasagot.

May sumagot pala. Isang beses. Boses lalaki. He just told me, '*Don't disturb us*.'

Who the hell is he? Kaya nga gusto ko ng makita si nobody. Ano bang pinaggagagawa nun? Kala ko ba magre-review sya?

Hindi ako mapakali lalo na dun sa lalaking sumagot ng tawag ko. Niloloko ba ako ni nobody? Hindi naman siguro.

Nobody, asan ka na ba. Hihintayin ko siya at hindi ako aalis dito hangga't wala siya.

"Adrian, James pwede na kayo umuwi sa unit nyo. Ako na bahala kay nobody." Sabi ko sa dalawa.

"Gusto ko din sana maghintay." Sabi ni Adrian.

"No need. Ako na bahala. Balitaan ko naman agad kayo pag dumating na sya." Pagpipilit ko.

We have something to talk about ng kami lang.

"Okay." Sabi ni James.

"Text mo nalang ako 'pag dumating na siya." Paalala ni Adrian.

Tumango lang ako sa kanila at sinundan sila ng tingin palabas ng unit ni nobody.

Damn! Hanggang ngayon di pa din sinasagot tawag ko. Nobody, san ka na bang lupalop ng mundo napunta?

*

Chelsea POV

Diko kayang sagutin text at tawag ni Kyle. Natatakot ako. Siguradong galit yun.

Eto na. Bababa nako ng taxi. Binayaran ko na si manong saka patakbo ng pumasok ng building.

Dali dali akong sumakay ng elevator at patakbong tinungo yung unit ko.

Hingal.

Pagbukas ko.

"KYLE??"

Hanla. Seryoso si Kyle. "Saan ka galing?" Tanong nya.

Isip. Isip. "Sa..Sa.."

"SAAN!?"

Paktay. Sumisigaw na si Kyle. "Sa bahay nila Janna. Kadadating lang kasi nya galing Italy kaya pinuntahan ko siya. Eh sa pakikipagkuwentuhan, nawala sa isip ko yung oras. Sorry Kyle."

"Are you sure?"

Paktay. Hindi yata naniniwala. Eh kasi hindi talaga umuwi si Janna.

Tumango ako ng alanganin. "O-Oo! Oo!"

Seryoso pa din si Kyle pero pansin ko parang may something sa kaniya. "May kasama ba kayong lalaki kanina?"

"Ha? Wala." Wala naman kami kasamang lalaki ni Mandy kanina eh.

"Sabi mo eh. Pero bakit di mo sinasagot ang tawag at text ko?"

Seryoso pa din nyan si Kyle. Galit yan. Hanla. "Eh naka-silent kasi kaya diko napansin." Palusot ko.

Aish. Hirap ng may nililihim. Kainis! Hindi pa naman ako magaling magsinungaling.

"Talaga lang huh?" Sarkastiko nyang sabi. Paktay.

Napansin kong may pinindot si Kyle sa iphone niya.

Krrriiiinnnngggg..

Yung iphone ko tumunog.

"Silent pala huh?"

Paktay na naman. Huli ako. Ano ba yan. "E-Eh, hindi ko lang siguro naririnig dahil sa pagkkwentuhan namin ni Janna." Pinilit kong papaniwalain sya sa palusot ko.

Shemay. Galit si Kyle.

"Nobody niloloko mo ba ako?"

Hanla. "Hindi Kyle. Hindi."

"Sabi mo yan ha? Sige na matulog ka na. May pasok pa bukas. Dito nako tutulog sa sofa mo."

Cold si Kyle. Paktay talaga.

"G-Goodnight gummy bear." Pinasigla ko yung boses ko.

"K."

Galit nga. Ayun dina ko pinansin. Nahiga na sa sofa at pumikit. Hanla talaga. Ayoko pa namang nagiging cold si Kyle.

Anong gagawin ko. Puro kasinungalingan nalang nasabi ko ngayon sa kaniya. Dapat pala sinabi ko nalang totoo eh.

Aish. Umakyat nako sa kwarto ko at nag-review nalang. Di naman ako antok. Haba na rin ng itinulog ko kanina nung nawala ako ng malay.

Bukas ko na susuyuin si Kyle.

*

Mandy POV

Success!!

Clap, clap. Napakagaling ko talaga. Gusto kong matawa sa reaksyon kanina ng Chelsea na yun. Tarantang-taranta siyang umuwi.

flashback

"Wala na siyang malay. Let's go." Pinabuhat ko sa driver ko si Chelsea nang mawalan sya ng malay.

Dinala ko siya sa condo ni Philip. Sinalubong naman agad ako ni Philip kaya naipasok agad sa loob si Chelsea.

Nang mailapag na ng driver ko si Chelsea sa kama ni Philip, pinalabas ko na siya. "Manong hintayin mo nalang ako sa sasakyan."

Tumalima naman agad ang driver ko. "Let's start this. Baka magising pa 'to." Sabi ko kay Philip.

Tumango lang siya kaya sinimulan ko ng hubaran si Chelsea. Bra nya lang ang natira. Then naka-wardrobe si Philp. Humiga siya sa tabi ni Chelsea.

And,

Click!

I'll take them a picture. Pagkatapos ay kinuha ko ang lipstick ko sa bag.

Nilagyan ko ng lipstick si Chelsea. Naglagay din ako sa sarili ko at binigyan ng kiss marks si Philip sa pisngi at sa dibdib. Then,

Click!

Okay. Ang galing ko. Then last take of picture, Philip kissed Chelsea pero smack lang then..

Click!

"Okay na. Perfect shot!" Sigaw ko.

"Siguraduhin mo lang na hindi ako madadamay dito Mandy." Sabi ni Philip.

"Don't worry honey. Ako bahala sa'yo."

Binihisan ko na ulit si Chelsea at binura yung lipstick niya.

Ayon sa plano, dadalhin namin siya sa hospital na pagmamay-ari ng kaibigan ko para kunwari, nawalan lang ng malay si Chelsea.

Pero bago namin sya dalhin sa ospital, I remembered something.

Kinapa ko yung phone ni Chelsea. Nakapa ko naman. Kinuha ko yun at poof!

I deleted our text conversation and also the call history para walang ebidensya.

Ako pa ba?

"Let's go." Yaya ko kay Philip. Dalhin na namin sya sa ospital.

We're on our way nang tumunog ang phone ni Chelsea. Nakita ko..

Gummy Bear calling..

Si Kyle siguro. How cheap naman ng tawagan nila.

"Philip. Answer this. Tell him not to disturb you." Utos ko kay Philip saka inabot yung phone.

"Don't disturb us." Sabi ni Philip sa kabilang linya tapos inagaw ko na at pinutol ang tawag. Binalik ko na ulit sa bulsa ni Chelsea. That's enough.

end of flashback

Ewan ko nalang kung di ka hiwalayan ni Kyle. Katapusan na ng kasiyahan mo Chelsea Torres.

--

Chelsea POV

Pagbaba ko sa salas naabutan ko si Kyle. Kabihis na. Hinihintay nalang yata ako.

"Goodmorning gummy bear!" Bati ko sa kaniya with my super wide smile.

"Let's go." Hanla? Di man lang sinagot yung greet ko. Cold and galit talaga si Kyle. Hays.

Sumunod lang ako kay Kyle. Di nya din ako hinahawakan. Nang makasakay na kami dito sa kotse niya, hindi din nya ako inalalayan.

Hanla naman.

Andar yung kotse nya. Di pa din sya naimik. Pinilit kong pasiglahin yung boses ko kahit nalulungkot na'ko.

"Gummy bear, handa ka na sa quizzes mamaya?" Tanong ko.

"...."

Hanla. No response.

"Ah, gummy bear masama ba pakiramdam mo?"

"..."

No response again.

"Eh gummy bear, sabay tayo lunch mamaya ha?" I smiled at him kahit di siya nakatingin.

"Could you please shut up?"

Nasigawan na naman ako. Ouch naman.

Nalulungkot talaga ako.

Hay. Tumahimik nako. Badtrip talaga si Kyle eh. Ayokong sabayan pagka-badtrip nya. Bigla tuloy ako nagsisi dahil di ako naging honest sa kaniya kagabi.

Pagbaba namin dito sa kotse, wala. Ayun iniwan nya ko. Parang sa tambayan ang punta nya.

Galit talaga sya. Naglakad nalo papuntang room. Nakakapanghina naman. Aish. Miss ko na ka-sweet-an ng gummy bear ko. Nasasaktan ako kasi sinisigawan nya ko na naman at hindi pinapansin.

Huhu.

--

Kyle POV

Ayoko munang pansinin si nobody. Naiinis ako. Halata namang nagsisinungaling siya. Kagabi taranta sya sa pagsagot sakin.

Saan ba talaga sya galing? Kinuha ko pa number ni Janna kay Adrian. At alam nyo bang nalaman ko na nasa Italy pa din siya?

Bakit kailangang magsinungaling ni nobody? Bakit? Ano ba talaga ginawa niya? Bawal bang malaman ko?

Dito nako dumiretso sa tambayan. Wala akong ganang um-attend ng klase.

Iniisip ko pa din yung kagabi. Iniisip ko ano bang ginawa talaga ni nobody. Di ako mapakali eh. Ni hindi nga ako nakatulog ng ayos kagabi. Yung boses ng lalaki, sino ba yun?

Krrrinnnnnggg..

Si Butler tumatawag.

"Hello."

[Sir may mail po kayong natanggap.]

Mail? Saan naman galing? "Anong klaseng mail?"

[Hindi ko po alam young master pero malaki ang envelope.]

"Okay."

toot toot

I ended the call. Bigla akong na-curious sa mail na yun? Sa buong buhay ko ngayon palang ako nakatanggap ng mail dahil ang dumadating lang naman sa bahay ay kung anu-anong bill ko.

Hindi ko alam pero parang may nagtulak sakin na umuwi sa mansyon upang tingnan yung mail. Ewan ko.

Maya-maya nakarating din ako dito sa mansyon. "Where's the mail?" Salubong ko kay butler.

Inabot naman nya sakin yung brown envelope. Kumunot noo ko. Naupo muna ako sa sofa saka binuksan ang envelop.

The moment I saw the thing inside the envelope, may world turned to nothing.

Hindi ko inaasahan ang makikita ko. Malinaw na malinaw.

Pictures. Tatlong picture na nakapagpabagsak ng dalawang balikat ko. Ang nakapagpagigil sakin. Ang nakapagpagalit sakin.

Sa isang iglap ay parang nabigyan ng kasagutan ang mga katanungang nasa isip ko.

"WHO THE HELL IS HE???"

Chapter 69 ?

Chelsea POV

Asan kaya si Kyle. Lunch na pero wala siya. Tinanong ko si Adrian, wala naman daw sa tambayan nila.

Nag-aalala tuloy ako. Ano na kayang nangyari dun. Galit pa naman sakin yun. Kasi 'tong bibig ko, sinungaling eh. Aish.

Krrrriiiinnnngggg..

Napatingin ako sa iphone ko.

Gummy Bear calling..

Bigla akong kinabahan. Hanla.

I answered the call. "Hello."

[Pumunta ka dito sa mansyon. Ngayon na. No more excuses.]

"Per---"

toot toot

Hanla. Binabaan ako. Bakit ganoon? Parang kinabahan ako bigla. Parang feeling ko may mangyayaring di maganda? Anu bayan.

Dali-dali akong nag-ayos ng gamit ko. Aabsent nako. Kelangan kong puntahan si Kyle. Seryoso sya. Hindi ko sya pwedeng suwayin.

Buti nalang naka-para agad ako ng taxi paglabas ko ng school. Ilang minutes lang naman papunta kina Kyle.

After ilang minutes andito na rin ako sa mansyon nila. Pagkabayad ko kay manong driver, tumakbo na ako papasok ng gate nina Kyle. Sinalubong naman ako ni Butler at sinabi saking dumiretso ako sa kwarto ni Kyle.

Akyat.

Takbo.

Bzzzzttttt..

Syempre kailangan ko pa din mag-buzzer kahit girlfriend na niya ako.

Nagulat ako ng pagbuksan ako ni Kyle ng pinto. "Gummy bear.."

"Come in." seryosong sabi niya. Ramdam ko yung cold treatment niya.

Umupo ako sa couch. "Gummy bear, may problema ba?" tanong ko sa kaniya.

Naglakad siya papalapit sa kinauupuan ko saka may inihagis na pictures sa center table.

Ako ang nasa picture.

Teka..

Hinawakan ko ang picture. Hindi ko 'to alam . Kelan nangyari 'to?

"NOW TELL ME WHO THE HELL IS THAT GUY?!" sigaw ni Kyle na ikinasindak ko.

I looked at him and i see his eyes burning. "Kyle.."

"WHAT?"

"Hindi ko 'to alam.."

He gave me his fake smile. "Really? Pati ba naman yan itatanggi mo pa? Damn it nobody! Kitang-kita na! Niloloko mo ako!"

Hindi ko alam ang gagawin. Natatakot ako kay Kyle. Naiiyak na ako. Wala akong alam sa picture na ito, hindi ko nga kilala ang lalaking ito at kelan 'to nangyari. Paano to nangyari.

"Kyle hindi ko talaga alam 'to.."

BOOGSSHH

Itinaob ni Kyle yung center table. Basag ang salamin. "MAGALING KA DING MAGSINUNGALING 'NO? NILOLOKO MO AKO! SHIT LANG DAHIL WALA AKONG KAALAM-ALAM! GINAGAWA MO LANG PALA AKONG TANGA!"

Naiyak na'ko. Diko na kinakaya ang galit ni Kyle. Takot na takot ako. Nanlilisik na yung mga mata niya sakin. "Kyle maniwala ka sakin. Di ko alam yan."

"THEN WHAT? NA IMBENTO LANG 'TO? FOR PETE SAKE AYAN NA ANG PICTURE! MALINAW NA MALINAW, IKAW YAN! IKAW!!"

Napapahagulhol nako ng konti. Ayaw maniwala ni Kyle. "Kyle diko talaga alam. Hindi kita niloloko. Diko yan kilala. Baka...baka setup lang yan."

Tama. Nakipagkita ako kay Mandy at baka sinet-up niya lang ako kaya ako nawalan ng malay. Tama.

"AKO PA GAGAGUHIN MO?"

"Kyle makinig ka. Si Mandy, sinet-up niya lang 'to."

"SHIT LANG NOBODY! WAG KA NG MANDAMAY NG IBA DITO!"

"Maniwala ka sakin Kyle. Ipapakita ko ang text niya sakin kahapon na magkita kami. Nagkita kami at nawalan ako ng malay bigla. Wala akong alam. Kyle maniwala ka.." umiiyak ako habang kinakalikot iphone ko.

Shit bakit wala ito yung text ni Mandy. I checked my call logs, wala rin yung number ni Mandy. Set-up

ako sigurado ako. Yung juice! Tama, yung juice na pinainom sakin ni Mandy, yun dahilan bat ako nawalan ng malay. Sinadya niya yun.

"Where?"

"Eh, Kyle wala na. Diko alam paano nawala.."

"TALAGANG SUSUBUKAN MO PANG MAGSINUNGALING? IDADAMAY MO PA SI MANDY? SHIT LANG! SHIT! ALAM KONG NAGSISINUNGALING KA. KAGABI, SINABI MO NA GALING KA KAY JANNA! SHIT LANG! NASA ITALY PA DIN SI JANNA AT WALA DITO SA PINAS! GINAGAWA MO TALAGA AKONG TANGA!"

"Kyle, baka binura ni Mandy yung text niya at call history para walang ebidensya pero sigurado ako siya may gawa nito. Set-up 'to. Maniwala ka sakin Kyle. Sasabihin ko sana sayo kahapon na magkikita kami ni Mandy pero pinakiusapan niya ako na wag sabihin sayo. Kaya nagawa kong magsinungaling. Sabi niya mag-a-apologize lang siay. Hindi ko alam na may plano pala siya. Maniwala ka sakin. Nagawa ko lang magsinungaling dahil dun. Pero yang picture na yan? Wala akong alam dyan. Si Mandy lang ang may kagagawan niyan. NAwalan ako ng amlay kagabi pagka-inom ko nung pinainom niyang juice at paggising ko gabing-gabi na kaya nga late na late na ako nakauwi kagabi. Maniwala ka sakin Kyle. I love you. I love you Kyle." Tumayo ako at akma siyang hahawakan nang..

PAKKKK

He just slapped me. Hindi ko akalaing magagawa ni Kyle yun. Hindi. Humahagulhol na ako sa pag-iyak. "Kyle.. please maniwala ka sakin. Di kita niloloko. Mahal kita Kyle. Ayokong magalit ka. Ayoko.."

"DAMN YOU! HINDI NA KITA KAILANGAN. HINDI KO KAILANGAN NG ISANG MALANDING TULAD MO! YOUR SUCH A WHORE! NANDIDIRI AKO SA'YO CHELSEA TORRES. UMALIS KA NA SA HARAP KO."

WOW. WHORE. MALANDI. Yan na ang description sakin ni Kyle? Masakit. Sobra.

Pero hindi ko matanggap na nangyayari io. Wala akong ginawang masama. Mahal ko si Kyle. Ayoko siyang amwala. Ayokong iwan niya ako.

"Kyle, maniwala ka please. Lahat gagawin ko para patunayan na wala yang picture na yan. Hindi ko kilala ang lalaking yan at alam kong walang nangyari samin. Hindi ako whore, hindi ako malandi Kyle. Mahal na mahal kita Kyle.."

I can't stop crying. Diko kayang mawala si Kyle. MArtir na kung martir. Tanga na kung tanga pero ayoko talagang mawala si Kyle kahit nasasaktan na ako sa pinagsasasabi niya.

"LEAVE ME ALONE. AYOKO NANG MAKITA PA ANG PAGMUMUKHA MO."

Lumuhod ako sa harap ni Kyle. Diko na pinansin ang ilang bubog ng salamin ng center table na nabasag kanina. Hindi ko kayang mawala si Kyle. Ngayon pa na mahal na mahal ko na siya? Na nasanay na ako sa piling niya? Hindi ko kaya.

"UMALIS KA NA!"

"Kyle.. please maniwala ka sakin. Mahal na mahal kita Kyle. Kyle.."

"SHIT LANG CHELSEA! UMALIS KA NA. HINDING-HINDI NA KITA MATATANGGAP PA. SINAYANG MO LANG ANG PAGMAMAHAL KO SAYO. SERYOSO AKO SAYO. MINAHAL KITA NG TOTOO PERO GINAGO MO LANG AKO. WALA AKONG KAALA-ALAM NA PUMATOL AKO SA POKPOK NA TULAD MO."

IT HURTS A LOT. Ang ipagsigawan niyAng pokpok ako, malandi ako dahil sa picture na nakita niya? bakit hindi siya maniwala sakin? Bakit ba nagsinungaling pa'ko? HinDi ko akalaing dadating sa point na 'to

Hinihiwalayan na ako ni Kyle. Hindi ko kaya.

'Kyle maawa ka.. mahal na mahal kita."

"MAAWA? IKAW? KAKAAWAAN KO? SHIT LANG CHELSEA!"

Nakaluhod pa din ako sa harap ni Kyle. Kahit medyo mahapdi na yung tuhod ko dahil sa bubog, wala akong paki. "Kyle wag mo akong hiwalayan. Wag mo akong iwan Kyle. Mahal na mahal kita Kyle. Diko kayang mawala ka. Please Kyle."

"AT ANONG GUSTO MO? PATULOY AKONG MAGPAKATANGA SAYO? HINDI NA AKO MAGTATAKA KUNG BAKIT PINAPANSIN MO PA DIN SINA ADRIAN AT JAMES. DAHIL MALANDI KA. HINDI KA NA BA NAKUNTENTO SA ISANG LALAKI HA?? KULANG PA BA AKO?"

Ang sakit sakt na ng mga sinasabi ni Kyle pero binabalewala ko yun. Mahal na mahal ko si Kyle. Ayokong iwan niya ako.

"Hindi Kyle. Mali ka. Please paniwalaan mo ako. Ikaw lang ang gusto ko. Ikaw lang ang mahal ko. Ikaw lang ang boyfriend ko at please Kyle hindi kita niloloko."

"DAMN IT! UMALIS KA NA NGA!"

He pushed me away pero ayoko. Hindi ko kayang umalis sa kwartong 'to ng hindi kami ayos ni Kyle. Maniniwala siya sakin, maniniwala siya,

"No. Hindi ako aalis Kyle. Maniwala ka sakin. I love you. I love you.."

"GET OUT OF MY ROOM BAGO PA KITA IPATALSIK SA GUARD." Banta niya.

Umiling ako. Hindi ko mapaigilan ang pag-iyak ko habang nakaluhod pa din. "Hindi ako aalis. Hindi ako aalis hangga't di tayo okay. Mahal mo ako Kyle. Mahal kita. Hindi mo ako iiwan."

"TANGA KA BA? HIWALAY NA TAYO. WALA NA TAYO AT WAG KA NG AASA PANG BABALIKAN KITA. AYOKO NG MAKITA ANG PAGMUMUKHA MO. UMALIS KA NA!!!!!!!!!"

Napakislot ako sa sigaw ni Kyle. Galit na galit siya.

God, tulungan mo ako, wala akong kasalanan. Mahal ko si Kyle.

Tumayo na ako. Siguro kailangan ko munang palamigin ang ulo ni Kyle. Mamaya okay na ulit kami. Mamaya sweet na ulit siya sakin. Alam ko yun. Mahal ako ni Kyle, di nya ko iiwan.

"G..ummy bear, aalis ako pero babalik ako mamaya pag hindi na mainit ulo mo. Mahal na mahal kita

Kyle. Alam ko naniniwala ka sa'kin. Hindi mo ako iiwan. Hindi mo ako hihiwalayan, alam ko sinasabi mo lang yan dahil galit ka. I love you gummy bear." I said habang umiiyak ako.

Walang emosyon si Kyle. Hindi niya ako tinitingnan. "GET OUT. AT WAG NA WAG MO NG BABALAKIN PANG PUMUNTA DITO." Cold na sabi niya.

I hug him kahit pumalag siya. "I love you gummy bear.."

"GET OUT!!!!!!"

That's my turn to go. Palalamigin ko muna ang ulo ni Kyle.

Parang wala sa sariling lumabas ako ng mansyon at pumara ng taxi, "Ma'am saan po tayo? Duguan na yung tuhod niyo. Ano ho bang nagyari."

Parang wala sa sariling napatingin ako sa tuhod ko. Duguan nga pala gawa siguro ng bubog. Pero bakit ganon, wala akong maramdamang sakit? Ang tanging sakit lang na nararamdaman ko ay andito sa puso ko. Ang sakit sakit na ipagtabuyan ako ni Kyle.

Sinabi ko yung adress ng building kung saan naroon ang unit ko. Natutulala ako. Ang sakit sakit ng mga sinabi ni Kyle.

Hihiwalayan na niya ako. Hindi ko kaya

Hindi ko kaya kung mawawala si Kyle sakin ngayon pang mahal na mahal ko na siya. Mahal na mahal. Siya lang ang lalaking laman ng puso at isip ko. Walang iba.

"Dito na po ma'am."

Inabot ko ang bayad sa taxi driver at wala sa sariling naglakad papasok ng building.

"Chelsea? Chelsea what happen to you!" sinalubong ako ni Adrian.

I can't speak. I just want to cry.

"Your crying. Ano bang nangyari? Si kyle asan na? Bakit duguan yang tuhod mo. Halika nga."

Hinila ako ni Adrian sa elevator paakyat sa unit namin. Hinila din niya ako papasok sa unit niya. pinaupo niya ako sa sofa. I still cried. Walang ibang tumatabo sa isip ko kundi si Kyle.

Napansin ko na sinsisimulan ng gamutin ni Adian ang sugat sa tuhod ko pero wala akong pakiramdam. I cried and cried and cried..

"Chelsea tell me what happened?" nag-aalalang tanong ni Adrian

Pinahid ko ang luha ko at kinaya kong ikwento ang lahat kay Adrian. Pati yung kay Mandy.

"DAMN IT! Sinabi yun ni kyle sayo?"

"Please Adrian wag kang magallit kay Kyle."

"Wag magalit pagkatapso ng mga sinabi niya? Makitid talaga ang utak ng isang yun. Hindi ba niya naisip na ginawa lang yun ni Mandy para siraan ka sa kaniya? Shit lang!"

"Please Adrian, kahit anong mangyari, wag mong aawayin si Kyle wala siyang kasalanan please." Pagmamakaawa ko habang umiiyak.

"Sa tingin mo hindi ko aawayin si Kyle pagkatapos kitang makita ngayon ng ganyan ang itsura? Ha Chelsea? He hurts you! Pinaiyak ka nya at hindi pinaniwalaan. Damn him!"

I grabbed his arm."Please Adrian.."

Ayokong magalit siya kay Kyle. Galit si Kyle dahil sa picture na nakita niya, hindi niya sinasadya yung mga nasabi niya. Mahal pa din nya ako at alam kong di niya itutuloy na iwan ako. Hindi niya ako iiwan. Mahal ako ni Kyle.

"Damn it chelsea! Hindi ko alam magagawa ko kay Kyle pero wag kang mag-alala. Ako ang bahala sa Mandy na yan. Gagawin ko ang lahat para malinis ang pangalan mo. I believe in you."

Lalo akong naiyak. Buti pa si Adrian, naniniwala sakin.

I smiled with tears on my eyes. "Thank you Adrian. Please, ayokong mawala sakin si Kyle.."

"Kahit masakit sakin, gagawin ko dahil mahal mo siya. At dahil hindi ko kayang makita kang ganyan. Gagawin ko ang lahat malinis lang ang pangalan mo."

"Thank you Adrian.."

--

Kyle POV

Shit lang. Mahal na mahal ko si Chelsea pero ginago niya lang ako. At idadamay pa niya si Mandy? Ni wala siyang ebidensya.

Ano yun gumagawa na naman siya ng kasinungalingan para pagtakpan ang ginagawa niyang masama?

Shit lang dahil pinaglaruan niya ako. Mahal na mahal ko na sya eh pero ganito ang gagawin niya. Kailanman hinding-hindi ko na siya matatanggap.

She's such a whore! I can't believe this! Na sa likod ng inosente niyang mukha, may tinatago din pala siyang baho.

Kanina, lahat ng sinabi ko kay Chelsea, i mean it. Galit man ako o hindi, hindi na magbabago ang desisyon ko. Hiwalay na kami at hindi ko na gugustuhin pang makita siya. Dahil masasaktan lang ako.

Nagmahal ako ng maling babae. Damn it.

Niloko niya ako. Damn her!

Hinding-hindi ko siya mapapatawad.

Pero ayos ha. Ang galing niyang umarte. Ang galing niyang umarte na inosente siya. Ang galing niyang umarte kanina na nasasaktan siya. Shit lang talaga. Ang galing niya! Sobra

Now, asahan mo CHELSEA TORRES, wala ka ng babalikang KYLE SHIN-WOO dahil tapos na ang ugnayan natin. Hindi ko kailangang maniwala sa lahat ng kasinugalingn mo. At wala na akong balak pang makinig sa mga paliwanag mo.

Gagawin ko ang lahat malimutan ka lang. Sisiguraduhin kong mawawala ang pagmamahal ko sayo.

Our relationship is now ended.

Chapter 70 ?

Chelsea POV

Kagigising ko lang. Ang sakit ng mata ko kasi namaga yata kakaiyak ko kahapon. Diko na pala namalayang nakatulog nako nung ginamot ni Adrian sugat ko.

Paano ko nalaman?

May iniwan syang note.

Chelsea,
Please take a rest. Nakatulog kana kahapon habang ginagamot ko ang sugat mo. Ako na ang bahala kay Mandy. Take care

-Adrian

Tiningnan ko agad iphone ko.

19 message recieved
15 missed calls

Hanla. Sana si Kyle 'to.

From: James
Na-kwento na sa'kin ni Adrian nangyari. Don't worry kami na bahala kay Mandy. Si Kyle masasapak ko yun. Ingat ka dyan.

From: Adrian
Pinaggawa kita ng breakfast kaninang umaga. Eat it okay?

Kung anu-ano pang text galing kina Adrian at James. Wala man lang kahit isa galing kay Kyle.

Naiiyak na naman ako. Pero teka ba't kaya daming missed call ni Adrian.

Krrrriiinnnnnngggg!!

Adrian calling...

I answered the call. "Hello?"

[Chelsea si Kyle..]

Kinabahan ako bigla. "Ano yun Adrian. Ano nangyari."

[Aalis sya papuntang Korea. 10am ang flight niya.]

Hanla. Napatingin bigla ako sa relo ko. 9am na. Hanla. "Sige Adrian pupunta na akong airport."

[Bilisan mo. Sorry hindi kita nasundo. Sobrang traffic. Andito kami ni James sa airport.]

"Okay. Bilisan ko na. Bye.

Daig ko pa si flash sa bilis. Nagpalit lang ako ng tokong at shirt. Then wallet ko. Takbo nako palabas ng unit ko. Ni hindi nako nagsuklay. Basta ko nalang tinali ang buhok ko.

Bakit aalis si Kyle. Iiwan ba nya ko? Hindi. Baka may kailangan lang sya ayusin. Hindi nya ako iiwan. Hindi. Mahal nya ko.

Pumara na'ko ng taxi at sinabi kong hatid ako airport. Maya maya napansin ko yung traffic. Hanla. Tiningnan ko relo ko.

9:30 na. Ang bilis ng oras. Waaa. Di pwede kelangan ko maabutan si Kyle.

Medyo malapit na din sa airport. Traffc lang talaga kaya bumaba na ako ng taxi. No choice. Tatakbuhin ko na.

Pagkabayad ko kay manong, tumakbo ako hangga't makakaya ko.

After 123456789 hours narating ko ang airport. Hingal na hingal ako.

"Chelsea!" Si Adrian sinalubong ako.

"Si Kyle?"

"Ayun." Tinuro nya si Kyle na nakatayo habang nagpapaalam na kina Lance at ibang tigers.

Nang makalapit ako. "Kyle..."

"Mga brad, aalis na'ko." Sabi ni Kyle. Di man lang nya ako pinansin.

Hinawakan ko sya sa braso niya. "Kyle bakit ka aalis? Kyle.."

Nagpumiglas siya at tinanggal ang kamay ko na nakahawak sa braso nya.

"Kyle mahal na mahal kita. Bakit ka aalis. Bakit hindi mo man lang sinabi sakin? May mahalaga ka bang lakad? Babalik ka agad diba?" Umiiyak na ako dito. Wala akong pakialam kung nagtitinginan na ang ibang tao.

Hindi pa din nagsasalita si Kyle. Aalis na sya.

"Kyle.." Hinawakan ko ulit siya sa braso pero inalis ulit nita. Nagpatuloy siya sa paglalakad.

Niyakap ko siya mula sa likod. "Kyle wag mo akong iiwan. Please. Kyle mahal kita. Hindi ko kaya kapag nawala ka. Please Kyle wag kang umalis."

I cried a lot. Hagulhol na nga.

"Go, get a life. Wag mo na akong pakikialaman dahil tapos na tayo." Cold na sabi ni Kyle habang nakatalikod saka tinanggal yung kamay kong nakayakap sa kaniya.

He walks away. Natulala ako. Hindi ako makagalaw sa kinatatayuan ko hanggang sa makita kong nakapasok na si Kyle.

"Kyle! Kyle!" Tumakbi ako pasunod pero pinigilan na ako ng guards dahil bawal na dun pumasok.

"Kyle! Wag mo akong iwan! Kyle! Nagmamakaawa ako kyle.. Kyle.."

Hindi nya ko pinansin. Hinayaan nya lang ako. Iyak na ako ng iyak dito. Hanggang sa wala ng anino ni Kyle na makikita dito. Naiyak ako lalo hanggang sa maramdaman ko ang pag-alo sakin ni Adrian.

"Chelsea tama na. Let's go.."

"Iniwan na ako ni Kyle. Hindi na ba ako mahal ni Kyle? Adrian sabi mo ikaw bahala kay Mandy. Sabi mo aalamin mo totoo pero bakit.. Ba..kit umalis si Kyle."

"Ssshhhh.."

"Mahal na mahal ko si Kyle. Diko kaya. Dalhin nyo ko sa kaniya. Sabihin nyo sakin.. Babalik siya agad diba? Babalikan pa nya ako. Mahal nya ako. Ka..hit, kahit sinisigawan nya ako at sinusungitan? Mahal na mahal ko pa din sya. Mahal na mahal ko si Kyle.."

I cried and cried and cried.

--

Adrian POV

Awang-awa ako kay Chelsea. Iyak siya ng iyak dito. Hindi pa kami maka-alis dito sa airport. Gago kasing Kyle. Gusto ko na ngang suntukin kanina.

Sinimulan ko na ipa-imbestiga si Mandy. Pumunta din ako kay Kyle kanina para kunin yung picture ni Chelsea at nung lalaking hukluban na pinapa-hunting ko na din.

Biglaan nga lang umalis si Kyle. Ang pagkakasabi nya kanina, one year syang magbabakasyon muna sa korea. Pwede naman nyang gawin yun, kanila naman yung school.

Naaawa na ako kay Chelsea. Masyado na nyang mahal si Kyle.

Inalalayan kong tumayo si Chelsea. Tinulungan ako ni James. "Let's go home."

Umiling si Chelsea. "Ba..balik si Kyle. Babalik siya.."

She's still crying that makes my heart breaks. Ayokong nakikita syang nasasaktan.

Sana ako nalang ang minahal mo Chelsea.

Dahil kung ako, maniniwala ako sayo. Magtitiwala ako sayo. Hindi ako tulad ni Kyle na inuuna ang galit at init ng ulo.

"Babalik siya pero kailangan mo munang magpahinga. Let's go." Sabi ko nalang para makauwi na.

"Babalik siya?"

"Yeah. Kaya sa condo nalang tayo maghintay. Okay?"

Tumango naman si Chelsea. Hudyat na para alalayan namin syang maglakad papunta sa sasakyan namin.

--

Sa condo..

"Chelsea. Kainin mo 'to."

Gabi na at hindi pa rin kumakain si Chelsea. Nagkukulong lang siya dito sa unit nya.

Umiling na naman sya tulad ng kanina. Masyado talaga syang nasaktan sa pag-alis ni Kyle.

"Adrian, tingnan mo 'to." Napatingin ako sa inabot na iPad ni James.

May post pala sa facebook si Chelsea.

Chelsea Torres Kyle Shin-Woo mahal na mahal kita. Alam ko babalik ka. Ikaw lang ang lalaking minahal ko. Ikaw lang ang laman ng puso at isip ko. Hindi ko kakayanin pag tuluyan mo akong iwan. Babalik ka. Babalik ka gummy bear ko. I love you. I love you gummy bear.
825 likes • 625 comments • Share

"Naaawa na ako kay Chelsea." Sabi ni Adrian.

"Gago kasi si Kyle." Sagot ko. Ayun si Chelsea. Tulala lang sa may salas. Andito kasi kami ni James sa kitchen. Pinagluto namin sya ng pagkain pero kahit konting tikim, wala.

Awang-awa nako sa kaniya. Napapabayaan na agad nya ang sarili niya.

--

Kyle POV

Aminado ako. Nasaktan ako nang makita ko si Chelsea kanina sa airport. I hate seeing her crying pero niloko niya ako. Ginago nya ako. Hindi ko sya mapapatawad.

I'm on the plane flying to Korea. Kailangan ko munang lumayo kahit 1 year lang. Pagbalik ko, sisiguraduhin kong wala ng Chelsea Torres na nandito sa puso ko.

Ngayon lang ako nagmahal ulit ng totoo pero ginago lang ako. Diko matanggap. Diko kayang makita sya sa araw-araw dahil mahal na mahal ko siya.

Chelsea Torres, hintayin mong makabalik ako after one year, ipagmamalaki ko sayong hindi na kita mahal nun. Hindi na.

--

Chelsea POV

One week later..

Wala akong gana sa lahat. Wala akong gana. Pumapasok ako pero tahimik lang ako. Ilag din ang lahat sakin dahil sigurado namang alam nila ang nangyari.

"Chelsea let's go shopping!"

Nga pala. Andito na ulit si Janna. Ilang araw na nya akong niyayayang mag-shopping pero tumanggi ako. Ayoko.

"Janna, si Adrian nalang yayain mo. Gusto ko ng umuwi." Sabi ko saka tumayo na.

Nang makarating ako sa unit ko, asuxual nagkulong na naman ako.

Wala akong magawa pero ayokong lumabas. Binuksan ko nalang ang iPad ko at nag-check ng facebook.

Oo halos maging stalker na'ko ni Kyle sa facebook. Inaabangan ko kung may mga post siya o message sakin. Yung iphone ko? Ayun naka-tengga lang. Balewala na din kasi walang Kyle na tumatawag man lang

I browsed the facebook at napatigil ako sa pag-scroll ng makakita ako ng status ni Kyle.

Kyle Shin-Woo I will do everything to forget her. She's not worth it. There's a lot of girls here. I better choose one. Haha.
3251 likes • 1259 comments • Share

After one week, ito yung unang post nya tapos ganito pa kasakit? Masaya na ba siya agad na wala na kami? Na iniwan na niya ako?

Oo. Ang sakit sakit. Ang sakit na iwan ka ng taong mahal na mahal mo. Yung tipong, wala ka namang ginawang masama pero masama ang tingin nya sayo.

Adrian told me na 1 year si Kyle sa Korea. After 1 year, mahal pa kaya nya ako? Papansinin pa kaya nya ko?

Nah. Gagawin ko ang lahat para magka-ayos kami ni Kyle. Gagawin ko lahat pagbalik niya.

One year lang Chelsea. Konting tiis lang. Magkikita ulit kayo ni Kyle.

Paghahandaan ko ang pagbabalik nya. 1 year, saglit lang yun. Hihintayin ko sya at lalo ko siyang mamahalin

Pagbalik niya, ipaparamdam ko sa kaniya kung gaano ko siya kamahal. Gagawin ko lahat para maniwala siya sakin. Kahit magmukha pa akong tanga sa harap niya. Wala eh, masyado ko siyang mahal.

Mahal na mahal ko si Kyle.

In 1 year, alam kong malilinis nina Adrian at James ang pangalan ko. They hired some private

investigators. Malalaman din ni Kyle ang totoo pagbalik niya.

At pagbalik niya, maniniwala na sya sakin. Babalik na yung sweet na Kyle at yung may mood swings na Kyle.

1 year lang.

Hindi ako basta basta susuko.

I will wait for him.

I will wait.

Dahil MAHAL NA MAHAL KO SIYA.

-- THE END --

AUTHOR'S NOTE

NEXT:

MPMMN 2: Still In Love

(Check out my library or my works).

TAKE NOTE

If you love the ***tigers***, then I want you to know that they have their own stories, too:

You may check it through search engine or just look at MY WORKS.

Kyle Shinwoo - MPMMN 2: Still in love
MPMMN 3: Together Forever

Adrian Buenavista - Secretly Loving You
Lance Abellano - Marry You
Luke Palermo - Casanova'a Love Game
Oliver Ynarez - One Night Stand
Ken Sarmiento - Single Dad
Drei Hong - Take A Chance
Kit Javier - Wrong Number
Lyndon Martinez - Love Fool
Cavill Lopez - P.S. I love You
Jerome Lee - Love Struck